His Fearless Leigh

by helliza

Completed


Fearless
written by

Table of Contents

1. 1
2. 2
3. 3
4. 4
5. 5
6. 6
7. 7
8. 8
9. 9
10. 10
11. 11
12. 12
13. 13
14. 14
15. 15
16. 16
17. Please Read:)
18. 17
19. 18
20. 19
21. 20
22. 21
23. 22
24. 23
25. 24
26. 25
27. 26
28. 27
29. 28
30. 29

31. 30
32. 31
33. 32
34. 33.
35. 34.
36. 35.
37. 36. Wakas

1

The Challenge

Naiinip na akong humikab habang nakatalungko sa mesa, napapapikit pa. Absent ang professor ko sa subject na ito, kaya kanya-kanya ng ginagawa ang mga kaklase ko. Ako? Wala. Naiinip lang.

Napaka-ordinaryo ng araw na ito. Walang espesyal na nangyayari. Walang kompetisyong lalabanan. Walang kaaway na aasarin o hahamonin.

Bumuntong-hininga ako at pumikit.

“Are you Leigh?”

Iminulat ko ang mata ko nang may bumanggit ng pangalan ko.

“Fearless Leigh, ikaw ba’yon?”

Isang estudyanteng may kulay kalawang na buhok ang nakatayo sa harap ng upuan ng classmate kong si Dan.

Mabilis na umiling si Dan at itinuro ako. Hindi ko siya masisi—itsura pa lang ng nagtatanong, nakakatakot na. Mukhang may masama pang balak. Lalo na’t may tatlo pa siyang kasama.

Tiningnan ako ng lalaki, tapos binalingan ulit si Dan. Hinawakan ang kuwelyo nito at hinila patayo.

“Pinagloloko mo ba ako?”

Mabilis na umiling si Dan. “H-hindi po! S-siya talaga si Leigh!”

Umayos ako ng upo. “May kailangan ka?”

Tumingin ulit siya sa akin. “Ikaw ba si Leigh?”

“The last time I checked, Leigh pa rin pangalan ko. May kailangan ka?”

Natawa siya. Hindi naman ako nagpapatawa.

Lumapit siya sa upuan ko, naupo sa mesa, at itinaas ang isang paa sa kabilang upuan.

“I don’t believe it. Ikaw si Fearless Leigh? Babae pala?”

Tumaas lang ang kilay ko.

“This is going to be exciting,” bulong niya, sabay lapit ng mukha sa mukha ko.

“I’m Rico Lenario. Andito ako para yayain kang magkarera. Pero ngayong alam kong babae ka... mukhang mas masarap kang syotain.”

Lakas pala ng loob ng mokong.

Ngumiti ako ng matamis. “Pwede ba, pakilayo yang mukha mo? Hindi ka pa yata nagto-toothbrush. Ang baho, pre.”

Nanlaki ang mata niya. May mga estudyanteng napatawa.

“You’ve got guts, huh? Don’t you know who I am?”

“Nope.”

“Ako lang naman ang kapatid ni Bernard. Yung tinalo mo sa car racing last month.”

“Bernard? Ah, yung natalo ko ng 20k?”

“Exactly. Andito ako para iganti siya. I’ll defeat you. At dahil babae ka pala... sisiguraduhin kong magiging akin ka.”

Tumawa ako ng malakas habang tumatayo.

“That’s good to hear. Naiinip na rin ako.” Sinuot ko ang bag ko. “Let’s go. Huwag na nating patagalin.”

Bamboo Field

Leigh Shane Rozul. That’s me. Twenty-three years old, third-year Architecture student.
Fearless Leigh—iyan ang bansag sa akin ng ilan. Bakit?
Kahit babae ako, wala akong kinakatakutan. Lahat ng delikadong laro o kompetisyon, sa loob man ng university o sa labas, sinasalihan ko. Mas delikado, mas gusto ko.

Sabi ng bestfriend kong si Jonalyn, wala raw akong takot. Which is true. Literally. As far as I can remember, wala pang bagay ang nagparamdam sa akin ng takot. Abnormal daw ako, pang-aasar niya na tinatawanan ko lang.

Slim pero strong. Five feet ang height. Shoulder-length ang buhok. Maganda raw ako, ayon kay Jonalyn—lalo na kung mag-aayos. Pero malayo sa isip ko ang mga ganyang bagay. Mas gusto ko ang mag-compete, lumaban, o mag-design ng bahay.
Nakakapasok lang ako sa parlor kapag hinihila ako ni Jonalyn.

Fearless. Dahil diyan, marami akong nagiging kaaway—lalo na 'yung mga taong natalo ko. Kaya hindi na bago sa akin ang lapitan at hamunin. At hindi ko tinatanggihan. Bakit? Pera rin 'yon. Tatanggihan ko pa ba?

Sa Bamboo Field kami humantong.
Madalas gamitin ang lugar na ito bilang race track dahil sa paliko-likong daan at mga kawayang nagsisilbing obstacle. Ilang beses na akong nagkarera dito kaya kabisado ko na ang pasikot-sikot.

Habang hindi pa nagsisimula, pinupunasan ko ang motor na gagamitin ko.

Maya-maya, lumapit sa akin si Eizen—kambal ni Jonalyn at kaibigan ko rin. Kausap niya si Rico kanina.

“I can’t believe na makikipagkarera ka sa kanya. Tuso ang isang’yon. Ang gusto niya, pag natalo ka,

sasama ka raw sa kanya ‘all the way.’”

Tumaas ang isang kilay ko at tinignan si Rico na nakatingin sa amin. May pakindat pa ang gago.

Kadiri.

“Don’t worry, Zen. Sa tingin mo papatalo ako sa kanya?”

Sumakay na ako sa motor at binuksan ito para painitin.

Wala nang nagawa si Eizen kundi tingnan ako.
Kung sa tapang lang, alam niya—wala akong inaatrasan. Kahit ang ibig sabihin niyon ay malagay sa panganib ang buhay ko.

Hindi iilang beses na muntik na akong mamatay sa mga pinaggagawa ko.

Hindi siya sigurado kung may death wish daw ba ako o sadyang baliw lang. Tinatawanan ko na lang siya kapag may eksena kaming ganon. Parehas na parehas sila ng kambal niya.

Well, iyon naman ang gustong-gusto ko.
Para sa akin, mas mapanganib, mas nakaka-excite.

Pumuwesto na kami ni Rico sa starting line. Isang nakakaasar na tawa ang binigay niya sa akin.

“Pagtapos nito, girlfriend na kita.”

“After this, may pera na ako,” sagot ko.

Humarurot kami nang sumenyas ng “GO” si Eizen.

Nauna ng ilang metro si Rico, pero hindi ko’yon kinabahala.

Bagkus, para akong tanga na ngumiti, dinadama ang hangin na tumatama sa mukha ko.
I really love racing. Gustong-gusto ko ang excitement na dala nito.

Naka-ikot na si Rico sa malaking puno ng akasya na turning point ng karera. Pabalik na siya sa starting line at papasalubong na sa akin.

“You’re going to be mine!” sigaw pa niya, sinundan ng nakakalokong tawa.

Ngisi ang sinagot ko, tapos unti-unti kong binilisan.

Papaikot na ako sa akasya nang makita ko *siya*.

Nakatayo lang siya sa ilalim ng puno. Nakatingin sa akin.
At nang magtama ang mga mata namin, biglang bumilis ang tibok ng puso ko—mas mabilis pa kaysa sa excitement ng karera.

Tibok na ngayon ko lang naramdaman.

Kumunot ang noo ng mysterious guy habang nakatingin sa akin.

At nang mapatapat ako sa kanya, sa hindi malamang dahilan, dumikit ang kaliwang braso ko sa kanang braso niya.

I felt a tingling sensation—kasabay ng tunog na *click*.

What the fudge was that?
Lumingon ako nang makaliko. Wala na siya doon.

Laman pa rin siya ng isip ko. Ni hindi ko namalayan na naunahan ko na si Rico.

I was on autopilot. Bihasa akong umiwas sa mga kawayan na nakaharang. Ginagawa ko'yon habang ang nasa isip ko ay ang lalaking nasa puno.

862018Tbu 21:32

~???

2

The Bracelet

Pabagsak kong hiniga ang katawan ko sa papag.

Itinaas ko ang kamay ko para tingnan ang bracelet na suot ko.
Kanina pa ako nagtatangkang tanggalin ito, pero kahit anong hila at kalikot ko, ayaw talaga. Kaya ayan—suot ko pa rin hanggang ngayon.

Nang magsawa ako sa kakatingin, bumangon ako at pumunta sa cabinet kong mas matanda pa yata sa akin. Kumuha ako ng damit na pamalit.

Eksaktong nakapili na ako nang maramdaman ko ulit ang kakaibang pakiramdam na iyon…

Parang may kuryente sa paligid.

Isinara ko ang cabinet.

And there—sa salamin—nakita ko na naman siya.
Ang lalaking pinakagwapo sa lahat ng lalaking nakita ko.

OA much, Leigh. Pinakagwapo talaga?

Bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi dahil sigurado akong multo siya, kundi dahil sa paraan ng pagtitig niya sa akin.

“May kailangan ka ba sa’kin?” tanong ko.

Kumunot ang noo ng gwapong multo.
“Nakikita mo ako?”

Grabe. Ang boses—bagay na bagay sa mukha.

“Obviously.”

“And you’re not scared?”

Tumawa ako. “Sa gwapo mong’yan, dapat ba akong matakot?”

Biglang sumungit ang mukha niya.
“Tsss. Ibalik mo sa’kin ang bracelet ko.”

Napatingin ako sa bracelet.
“Sa’yo’to? Kanina ko pa nga sinusubukang tanggalin, ayaw talaga.”

Lumapit ako sa kanya at itinaas ang kamay ko.
Mas gwapo siya sa malapitan.

Lalo siyang kumunot ang noo.
“Abnormal ka ba? Hindi ka ba talaga natatakot sa’kin?”

Nagkibit-balikat ako. “Siguro nga abnormal ako.”

Hinawakan niya ako sa braso at hinila papalapit.
Nagulat ako.

What the fudge!
Ang bilis ng tibok ng puso ko.
Nagdikit ang katawan namin. Naglapit ang mga mukha.

“What the fuck is going on?! Bakit nahahawakan kita? Bakit napunta sa’yo ang bracelet ko gayong suot ko’yan? At bakit hindi ako makalayo sa’yo?!”

Whoa. High blood agad si ghost.

Pero may napansin ako.

“Bakit di mo na lang idagdag sa tanong mo kung bakit ang init ng katawan mo? Diba dapat malamig ang multo?”

Ay, putek. Dapat wala ngang katawan ang multo. Kaluluwa na’yon, diba?
Packing tape. Nalilito na ako.

Natigilan siya. Parang narealize niyang masyado kaming magkalapit.

Nagdoble ang tibok ng puso ko nang mapasulyap ako sa labi niya.

“Hey.”
Sigaw ko, sabay tulak niya sa akin na parang napaso.

Kung hindi ako nasalo ng kama, baka sa sahig ako bumagsak.

“Makatulak, wagas,” reklamo ko.

Tiningnan niya ako ng matalim.

“Who are you?” tanong ko.

“Why do you ask?”

Suplado talaga.

“Duh. Kanina pa kaya kita kinakausap. Gusto mo, tawagin na lang kitang ‘Poging Multo’?”

“Shut up.”

“Sungit mo naman.”

Umayos ako ng higa sa kama. Di na ako magpapalit ng pantulog.

“Kung ayaw mong sabihin ang pangalan mo, bahala ka. Matutulog na ako, Mr. Ghost. At itong bracelet mo, hindi matanggal. Don’t worry, try ko ulit bukas.”

“Don’t you dare sleep on me.”

Pinanlakihan ko siya ng mata.
“Hoy, mister. Kung ikaw hindi inaantok, ako I’m already sleepy na. Di ko feel makipagkuwentuhan sa’yo. So good night, handsome ghost.”

Tumalikod ako sa kanya.

Sa totoo lang, hindi pa ako antok na antok.
Ayaw ko lang siyang titigan.
Nag-iiba kasi ang tibok ng puso ko kapag tinitingnan ko siya.

Ramdam ko ang mga titig niya sa akin.
Weird, pero nagtatayuan ang balahibo ko.

Niyakap ko ang paborito kong unan at mariing ipinikit ang mga mata.
Surprisingly, nakatulog agad ako.

Ewan ko ba.
The presence of this handsome ghost makes me feel… comfortable.
Safe.

Mornings and Memories

Kinabukasan, pagmulat ng mata ko, siya agad ang hinanap ko.

At hindi ko mapigilang ma-disappoint nang hindi ko makita ang gwapo niyang mukha.

“Loka-loka ka talaga, Leigh,” sabi ko sa sarili.

Alas singko pa lang ng umaga.

Oras na ng bangon ko. Maaga ba? Sanay na ako.
Ako kasi ang naglilinis, nag-iigib, nagluluto, at naglalaba dito.

Nine pa ang pasok ko, kaya natatapos ko naman lahat ng gawaing bahay.

Bago mag-alas otso, isa-isa nang naglabasan ang mga kasama ko sa bahay.

Una si Claudette, ang half-sister ko, kasunod ang kambal niyang si Clyde. Nine years old na sila, parehong nag-aaral.

Sumunod si Tita Aurelia, ang stepmom ko, at ang papa kong si Danilo, na naka-wheelchair.

“Morning, Ate!” bati ng kambal.

Natawa ako. Kambal talaga—laging sabay.

“Good morning, CC,” sagot ko, gamit ang tawag ko sa kanila.

“Morning, Tita. Papa.”

“Naku, diba sabi ko sa’yo ako na ang bahala sa gawaing bahay, Leigh,” sabi ni Tita.

Inilapag ko ang sinangag sa mesa.
“Okay lang po, Tita.”

Tahimik lang si Papa habang kumakain.

Bakit nga ba naka-wheelchair si Papa?
Naputulan siya ng paa dahil sa diabetes. May sakit din siya sa puso.

Mula nang mamatay si Mama, hindi na niya ako kinausap.
That was eleven years ago.

Hindi ako sigurado, pero pakiramdam ko… ako ang sinisisi niya sa pagkamatay ni Mama.

Wala naman akong sama ng loob. Wala ring tampo.
Parang nakasanayan ko na.
Baka nga mailang pa ako kung bigla niya akong kausapin.

Hindi ko rin kasi maalala ang nangyari.
Sabi nila, magkasama raw kami ni Mama nang mamatay siya.
Dahil sa trauma, nabura raw sa isip ko ang lahat.
Sabi pa ng psychiatrist, baka iyon din ang dahilan kung bakit hindi ako nakakaramdam ng takot.

“Nag-grocery na rin po ako, Ta.”
Naglabas ako ng pera at iniabot sa kanya.

“Pang-baon nila CC, at pambili ng gamot ni Papa.”

“Naku, diba kabibigay mo lang sa’kin nung isang araw?”

“’Yung isa po galing sa sahod ko. Ito po, galing sa karera.”

Ako ang breadwinner ng pamilya.
Nagta-trabaho ako bilang service crew sa isang fast food sa bayan.
Kaya panay ang patol ko sa karera—pandagdag sa gastos.
Although… may isa pa akong trabaho na hindi nila alam.

“Nagkarera ka na naman? Sabi ko sa’yo tigilan mo na’yan. Mapapahamak ka sa ginagawa mong’yan, bata ka.”

Napatawa ako.

Kahit stepmom ko lang si Tita, hindi niya ako itinuring na iba.
Mas magulang pa siya kaysa kay Papa.

“Hindi po’yan, Ta,” sabi ko na lang.
Buti na lang kinausap siya ni Papa, kaya hindi na ako nasermonan.

Pagkatapos ng agahan, nag-ayos na ako para pumasok.

Wala pang trenta minutos, tapos na ako.

Hindi naman ako mahilig mag-ayos.
Pulbo at suklay, okay na ako.

Jeans, sport sando na may polo sa ibabaw, at converse shoes—iyan ang usual ko.
Si Jonalyn ang may forte sa make-up at fashion.

Naglalakad na ako sa loob ng Dawnson University, paakyat ng second floor ng Architecture Building, nang makarinig ako ng ingay mula sa isang classroom na dapat ay walang tao.

Pero obviously, may tao. May naririnig nga akong boses, diba?

“B-bitawan mo ako, Erick…”

Impit na iyak’yon.

At dahil likas akong chismosa…

Sinilip ko kung anong nangyayari sa loob.

Isang mukhang manikang babae ang nakita kong hawak-hawak ng isang lalaking kasing panget yata ni Shrek.

Okay, fine. Pintasera ako.

“You have no one now, Clarissa. Wala na si Tyrrone. Sa tingin mo may magtatanggol pa sa’yo? Sa akin ka na.”

Ang feeling naman nitong lalaking’to.
Ang ganda kaya ng babae para maging syota niya.

“In your dreams, Erick. Kahit wala na si Tyrrone, hindi ako lalapit at lalong hindi tatakbo sa’yo.”

Lalo pang hinila ni Erick si Clarissa papalapit, aktong hahalikan.

“Tingnan natin.”

Nanlaki ang mga mata ni Clarissa nang makita ang paglapit ng mukha ni Erick.
Nangilid ang luha niya at nagpumiglas.

Kahit ako, baka maiyak. Mukha kasing mabaho ang hininga ni Erick na’yan.

Wala sana akong balak makialam—kung hindi lang may kung sinong nagtulak sa akin papasok.

Lumagabog ang upuan na nabangga ko. Kasabay no’n, parang may kuryenteng dumaloy sa katawan ko.

Napatingin sa akin ang dalawa.
Si Erick, naiinis.

Si Clarissa, nanghihingi ng tulong.

“Hi. Tuloy niyo lang’yan, wala akong balak makialam. Sige, bye.”
Kumaway pa ako at tumalikod—pero napahinto nang makita si Poging Multo na nakatayo sa pintuan, matalim ang tingin sa akin.

“Help her.”

Tumaas ang kilay ko. Aba, parang hari kung mag-utos.

Umiling ako. Aktong lalabas na ako nang bigla niya akong itulak—malakas na ngayon—at tumama ang katawan ko kay Erick.

“What the—sino ka ba? Gusto mong masaktan?”

“Ha? Ah, eh… wala lang. Napadaan lang.”

Hinanap ko ang multong nagtulak sa akin.

“Tingnan mo’tong multo na’to. Bigla na lang nawawala pagkatapos manulak,” bulong ko.

“Anong binubulong mo diyan? Pwede ba, get lost. Naiistorbo mo kami.”

“Kaya pala ayaw niyang magpahalik sa’yo—ang baho ng hininga mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Erick.
Natawa tuloy ako lalo.

“Gusto mong masaktan, ha?”
Tumaas ang kamay niya para sampalin ako.

Pero mas mabilis ako.
Isang suntok ang pinakawalan ko.

Napaupo siya.

“Sa susunod, pag-ayaw—’wag pilitin, kuya. Diba naituro sa’yo’yan ng magulang mo?”

Binalingan ko si Clarissa na umiiyak.

“Tara na, Miss.”
Hinila ko siya palabas.

Nararamdaman ko ang pasugod na si Erick.
Kumilos din ako para salubungin siya ng suntok.

Tumalsik ulit si Erick.

Pero hindi ako ang may gawa no’n.
Ni hindi pa nga lumapat ang kamay ko sa panget niyang mukha.

Kaninong kamao?

Sa supladong multo—ngayon ay nakahawak sa bewang ko.
Iniwas niya ako sa suntok ni Erick na sana'y tumama sa mukha ko.

Nakaporma pa ang kamao niya, tulad ng kamao ko na nakaumang pa rin.

Nakatingin siya sa akin, nanlalaki ang mga mata.

Habang ako…

Dugdug… dug… dugdug…

May sakit na yata ako sa puso.
Bakit ba parang nakukuryente ako?
Bakit ganito kabilis ang tibok ng puso ko?

"Okay ka lang, Miss?" tanong ni Clarissa.

Napatingin ako sa kanya.
"Ha? O-oo."

Tinignan ko si Erick—nakabulagta na, tulog.

"In fairness, malakas sumuntok'tong multong'to."

Speaking of multo—nawala na naman siya.

"Tara na, Miss. Alis na tayo. Baka magising pa si Shrek."

Nauna akong lumabas, deretso sa hagdan.

"Miss, sandali."

"Yeah?"

"Salamat."

"Naku,'wag ka sa akin magpasalamat."
Saka pabulong kong dinagdag, "Dun ka sa multong suplado na'yon magpasalamat."

"No, thank you. Kung hindi dahil—"

"No, it's okay. No need to be thankful. Kasi sa susunod, magpapabayad na ako."
Nakangiti kong sabi. "Sige, bye."

"Wait, Miss. Anong pangalan mo?"

Huminto ako sa pag-akyat ng hagdan.

"Leigh."

"I'm Clarissa Santañes. Nice to meet you."

“Maganda talaga siya,” naibulong ko nang ngumiti siya.

Tumango ako at kumaway bago nagpatuloy sa pag-akyat.

--

Papasok na ako sa classroom nang may kamay na biglang humila at kumaladkad sa akin.

“Hey!”

Ayan na naman’yong kuryente.

Buti na lang, wala nang tao sa corridor.
Kung meron, para akong tanga—nakalawit ang kamay, parang kinakaladkad ang sarili.

Well, technically… kinakaladkad talaga ako.
Ng gwapong multo na ito.

Sinubukan kong hilahin ang kamay ko, pero lalo lang humigpit ang kapit niya.

“Hoy, ano bang problema mo?”

Hindi siya sumagot. Deretso lang sa paglalakad.

Rooftop.

Dito ako dinala ng supladong multo—ngayon ay nakatalikod sa akin.

“Hoy, Mr. Ghost. Ano bang kailangan mo?”

“Be her bodyguard.”

“Ha?”

“Be Clarissa’s bodyguard.”

Tinignan ko siya ng tingin na nagsasabing *nakakaloko ka*

“Pati ba multo nagti-take na ng drugs? Lakas ng tama mo, pre. Bahala ka diyan. May klase pa ako.”

Tinalikuran ko na siya.
Taragis lang. Ang lakas ng tama niya.

Hindi naman ako nakalayo.
Hinila na naman niya ako—tinulak pa, pasandal sa pader.

Nakulong ako sa mga bisig niya.
Malapit na malapit ang mukha niya sa mukha ko.

“You will do it whether you like it or not.”

Napakurap-kurap ako nang lumapit pa lalo ang mukha niya.

“Or you will be my… sex slave.”

What?

Nabibingi na yata ako.
Tama ba ang dinig ko?

Bago pa ma-process ng utak ko ang sinabi niya, naramdaman ko na lang ang paglapat ng mainit na bagay sa mga labi ko.

What the fudge?!

Hinahalikan ba ako ng gwapong multo na’to?/

3

First Kiss Gone Wrong

Hindi ako makagalaw. Ni ang pagkurap, hindi ko magawa.

Nakalapat lang ang mga labi niya sa akin. Tulad ko, mulat din ang mga mata niya—nakatingin sa akin.

Yung kuryente, mas lalong kumalat sa buong katawan ko.

Bakit niya ako hinahalikan?
Bakit parang lalabas ang puso ko sa sobrang kaba?

“Impossible,” he said, bahagyang inilayo ang mukha niya.

“How can this be? How is such a thing happening?”
Patuloy siyang nakatitig sa akin.
“Bakit hindi na lang si Clarissa? Bakit ikaw pa?”

Kumunot ang noo ko sa narinig.

Mabilis ko siyang tinulak.

“You! How dare you! First kiss ko’yon!”

Nyemas. Napapa-English pa tuloy ako.

“Do that again at sisiguraduhin kong may paglalagyan ka. Double dead ang kakahantungan mo!” banta ko.

Siya naman ang kumunot ang noo.

“Be her bodyguard para hindi ko na ulit gawin’yon.”
Sumulyap siya sa labi ko.

Tinakpan ko agad ng kamay ko.

“Ayoko!”

Sa gulat ko, hinapit niya ako sa bewang at hinila papalapit.

“Then I’ll kiss you every time I get the chance. I’ll seduce you until you give in.
Alam mo bang hindi ako makalayo sa’yo ng higit sa sampung metro?
Sa di ko rin malaman na dahilan, nahahawakan mo ako—at nahahawakan kita.
And while holding you, I can touch things and people too.
Like what happened a while ago—nasuntok ko ang mukha ng gagong Erick na’yon.
So you see, I need you. I need you to keep Clarissa safe. Kaya pumayag ka na.”

Pilit ko siyang tinutulak, pero gawa yata sa bakal ang katawan niya. Hindi ako makawala.

“Ugh, bitawan mo nga ako. Pumapayag na ako!”

“Talaga?”

“Oo! Kaya bitawan mo na ako. May sasabihin ako—hindi ako makapag-concentrate kapag ganyan ka kalapit.”

Binitawan naman niya ako.

I clutched my chest at huminga ng malalim para pakalmahin ang puso ko.

“Magiging bodyguard niya ako. But you need to pay me.
Wala nang libre sa mundong ito—kahit pa sa multong katulad mo.”

“Okay,” simpleng sagot niya.

Wala. Baliw na talaga’tong multo na’to.
Okay daw. Paano niya ako babayaran, eh multo nga siya.

“Wow, pare. Lakas talaga ng tama mo.
Babayaran mo ako? Talaga lang ha? Saan ka kukuha ng pera, aber?”

Ayan na naman. Nagsimula na naman siyang lumapit.

Putek. Baka bigla na lang ako mangisay dito—inatake na sa puso.

“Ano na naman?” singhal ko sa kanya nang sige pa rin siya sa paglapit.

“Kapag sinabi kong babayaran kita, babayaran kita.”

Tuluyan na naman siyang nakalapit sa akin.

“Oo na… oo na.”
Nyemas naman.
Itinukod ko ang kamay ko sa dibdib niya.

Syete. Ang tigas ng dibdib.

Hindi pa rin siya lumayo. Pinagmasdan lang ako.

Bumalik tuloy sa isip ko’yong halik kanina.

“I’m Tyrrone Jigs Elmundo. Twenty-five years old.
You can search me para malaman mo na hindi ako basta-bastang tao.”

Search? Bakit di na lang siya ang magsabi sa akin?

Syempre, hindi ko na sinatinig’yon.
Paano ba naman—kung makatitig, wagas.

Nakatingala ako sa kanya.
Well, six-footer yata siya.

At dahil ako ay isang hamak na five feet lamang…

Nakatingala talaga ako.

“Who are you? Nagtataka ako sa’yo.
You’re talking to a ghost now, pero ni hindi kita nakitaan ng takot.
You’re weird.”

Ako pa daw weird? Sarap sapakin ng multo na’to.

Tinulak ko siya ulit. Hindi pa rin nagpatinag.

“Pwede ba? Uso ang space. Baka gusto mo akong bigyan.”

“No. I like it here.
Hindi ko maintindihan kung bakit—kapag nagdidikit tayo—I feel so alive.”

My breath hitched nang idikit pa niya lalo ang katawan niya sa akin.

Oh my, oh my.
Baka ako naman ang mamatay—dahil sa atake sa puso.

“Naman, layo ka. Di na ako makahinga.”
Kakaloka’tong multo na’to, ha.

Bigla siyang tumawa, saka lumayo.

Sipain ko na kaya’to kahit mas malaki sa akin.
Ginawa pa akong clown.

“Your face is like a tomato. It’s so red.”

Sinimangutan ko siya.
Ginulo ko ang straight, shoulder-length hair ko sa inis.

“Ewan ko sa’yo.
I’m Leigh Shane Rozul. Twenty-three years old.
Anak-mahirap at laking-mahirap.
Pumapayag na akong maging bodyguard ni Clarissa ngayon—basta siguraduhin mo lang na babayaran mo ako.”

Tinalikuran ko siya.
“Gotta go. Late na ako sa klase—dahil sa isang multo diyan na walang kunsiderasyon at nanghila.”

Buti na lang, hindi siya sumunod.
Baka mag-cardiac arrest na ako.

Hinawakan ko ang mga labi ko.

Wala na ang first kiss ko.
Ka-badtrip na multo!

Shadows in the Trees

Killer's POV

Nanginginig ako.

Nanginginig ako sa antisipasyon ng maaaring mangyari.

Pinagmasdan ko siya.

Look at her—so beautiful and young.
Sa ilang taon kong pagpatay, ang mga sariwang dalaga ang pinakamasarap paglaruan… at patayin.

Tumawa siya sa sinabi ng kaibigan niya.
Lalong na-emphasize ng ngiti niya ang ganda ng mukha niya.

Excited na ako.
Excited na akong sirain ang mukhang'yan.
Excited na akong makita ang takot sa mga mata niya.

Nang makalabas siya ng gate, pinaandar ko ang sasakyan.

Nabangga pa ng kamay ko ang bag na naglalaman ng mga gamit ko.

I can't wait to smell the blood na tatapon sa kanya.
I can't wait to see the fear in her eyes…
I can't wait.

Leigh's POV

Tyrrone Jigs Elmundo.
Twenty-five years old. CEO ng Elmundo Empire.
Pag-aari niya ang isa sa pinakamagandang resort dito sa Mulawin.

A bachelor na pinapangarap ng mga babae.
A billionaire at a young age.
A genius in business—lahat ng pasukin niyang negosyo, lumalago.

But sadly, nawala siya.
Nawala raw sa gitna ng dagat.
Sinasabing patay na.

Ngayon, ang kapatid niyang si Keisha Anne ang namamahala sa mga iniwan niya.
Kaedad ko lang siya, pero kaya na niyang patakbuhin ang isang business empire.

Wow. Genius ang magkapatid na'to.

Nasa computer room ako ng Dawnson University, nagsi-search tungkol kay Tyrrone.
Buong araw na siyang hindi nagpapakita sa akin.

In fairness, bigatin nga talaga'yong supladong'yon.
Yeah. Gwapong suplado na multo.

Tinignan ko rin kung sino si Clarissa Santañes.
Kababata niya pala.
Anak ng isang sikat na fashion designer, at ang ama naman ay isang kilalang abogado.

May relasyon kaya silang dalawa?

"Nagtanong ka pa. Di ba obvious? Kinuha ka pa nga niyang bodyguard para maprotektahan siya."

May girlfriend pala siya… eh bakit nanghahalik ng iba?

"Leigh!"

Nai-off ko agad ang browser nang biglang sumulpot si Jonalyn sa tabi ko.

"O," sabi ko.

"Anong 'O'? Nanalo ka sa pustahan,'di ba? Asan na? Bumili ka na ba ng bagong damit? Nagpagupit ka na ba?"

Jonalyn Kaye Alonzo.
Kambal ni Eizen Kurt Alonzo.
Ubod ng kikay.
At ang misyon sa buhay: siguraduhing nagpapa-parlor ako, may bagong damit, at nag-aayos ng sarili.

Wala talagang magawa sa buhay ang babaeng'to.

"Binigay ko na sa pamilya ko, Jon," sagot ko, habang hinahanda ang tenga ko sa napipintong sermon.

"What?! Lahat? Loko-loka ka talaga! Ni hindi ka man lang nagtira para sa sarili mo. Look at your hair—dry na!"

Hay, see? Bakit ba ako nagkaroon ng kaibigang ganito?

Hindi ko na siya pinansin. Tumayo ako at lumabas ng classroom.

"…Paano ka maliligawan niyan, ha? Hoy, saan ka pupunta?"
Sumunod siya nang makita niyang naglakad na ako palabas.

"Uuwi na. Kailangan kong umuwi ng maaga. Maglalaba pa ako."

Diretso lang ako sa lakad hanggang sa makarating sa gate.

"Leigh, ni hindi mo man lang ako pinapakinggan!"

"Eh, hindi naman kasi mahalaga'yang sinasabi mo—aray!"
Nyemas. Binatukan ako.

"Anong hindi mahalaga?! Hoy, Leigh Shane Rozul, babae ka!
As in girl! At importante sa atin ang magpaganda at alagaan ang sarili.

Palibhasa puro ka competition, puro ka laro.
Aba, Leigh, konti na lang, iisipin ko na lalaki ka na nagpapanggap lang na babae!”

Ngumiwi ako sa litanya niya.

“Oo na, oo na. Sa Sunday na lang.”

Ano pa bang magagawa ko kundi pumayag?

“Really? Wait—baka i-talk-shit mo na naman ako.”

“Promise, hindi,” sabi ko.

May sasabihin pa sana siya nang bigla kaming makarinig ng isang tili.

Awtomatiko, kumilos ang mga paa ko papunta roon.

“Hoy, Leigh! Wait! Saan ka pupunta? Baka delikado diyan!”
Narinig ko ang sigaw ni Jonalyn, pero hindi ko na siya pinansin.

Alas-singko pa lang ng hapon, pero sa Tres Wood kung saan nanggaling ang tili, bahagyang madilim na. Mayayabong kasi ang mga dahon sa bahaging iyon ng kagubatan.

Lumiko ako sa Ada’s River—ang ilog na dumadaloy sa loob ng Tres Wood at umiikot sa limang magkakalapit na bayan.

Nakita ko agad ang isang babae at lalaki na nakaupo sa damuhan sa gilid ng ilog.

Umiiyak ang babae. Namumutla ang lalaki.

“Anong nangyari?” tanong ko nang makalapit ako sa kanila.

Sigurado akong mga schoolmates ko sila.
At sigurado rin akong magdyowa sila.
Base sa ayos ng babae, mukhang may ginagawa silang milagro… at naabala lang ng kung ano.

“D-du’n… m-may tao…”
Halata ang takot sa tinig ng lalaki habang itinuturo ang isang bahagi ng ilog.

Kumilos ako papunta roon.

Una kong nakita ang kamay—may mga sugat, parang dulot ng tali.
Nakakabit pa ito sa pulso.

Sumunod ang hubad na dibdib.

Umakyat ang tingin ko sa mukha…

Hanggang sa magtama ang mga mata namin.

Mga matang wala nang buhay—pero nababakas pa rin ang takot na pinagdaanan.

~?????

4

4.

S**he been tortured sigurado ako duon.**

Sa pwesto ko kitang-kita ko ang mga hiwa ng kutsilyo sa katawan nya, wala rin syang daliri lahat pinutol at ang mukha nya...ang mukha nya may paso ng sigarilyo at mga hiwa.
Nakabuka ang bibig nito na para bang sumigaw pa ito ng sumigaw dahil sa sakit, kitang kita ko sa pwesto ko na pinutol ang dila nito...na binunutan ito ng ngipin.

Humakbang ako papalapit dito nang may pumulupot na braso sa bewang ko, kasabay ng pagtakip ng kamay sa mga mata ko.

"Are you out of your mind! Tinitigan mo na nga, lalapitan mo pa, gusto mo bang di makatulog!"

Nang makita ko ang bangkay, ni hindi man lang ako nakaramdam ng takot o kaba ang puso ko normal lang ang pag tibok at tanging kuryusidad lang ang nararamdan ko.

Pero ngayon habang nakadikit ang likod ko sa dibdib ni Tyrrone, habang nararamdaman ko ang pahapyaw na pagdampi ng labi at hininga nya sa tenga ko nuon lang nagkaruon ng reaksyon ang puso ko.

Bumilis na naman ang tibok nito at nag-uumpisa na naman na magtayuan ang balahibo ko sa batok at braso.

Naramdaman ko ang pag-atras namin.

Hinawakan ko ang kamay nya na nakatakip sa mga mata ko.

"Ano ba! Wala akong makita." sabi ko nang pabulong hindi ako makapagsalita ng malakas dahil nasa di kalayuan ang magkasintahan baka akalain pa na baliw ako.

Bumalandra ang mukha nya sa harap ko ng matanggal ko ang kamay nya. Mukha naman nya ang humarang sa bangkay na nasa harap ko.

"Hindi mo ba alam ang ibig sabihin kapag tinakpan ang mata mo? Huwag mong tignan o bawal kang tumingin? Tanga ka ba?" galit na sabi nito.

Makatanga itong multong ito ang sarap bigwasan.

"Tss. Ano naman ang bawal tignan dyan sa harap ko aber?"

"Anong klaseng babae ka hindi ka man lang ba natatakot o naririmarim dyan sa nakikita mo?" sabi nya na takang-taka sa mga nakikitang reaksyon ko.

"Bakit naman ako matatakot patay na sya kahit titigan ko sya ng matagal di na sya babangon para masaktan ako, pangalawa bat ako mandidiri sa itsura nya? Ganon din naman ang itsura ng lamang loob ko. Naawa pa nga ako, hindi ako nandidiri kasi matinding paghihirap at sakit ang dinanas nya!"

Opps lilinawin ko lang hindi ako galit, ang hinahon nga ng boses ko eh. Exclamation point iyan para intense at maintindihan nya ako.

Hindi naman sya nagsalita kaagad bagkus tinitigan nya ako.
At heto na naman naiilang na naman ako sa mga titig nya.

"Kung naaawa ka pala, huwag mo nang titigan dahil walang maitutulong yan, tumawag ka ng pulis!" singhal nya sakin.

Sasagot pa sana ako ng bigla nya akong hilahin palayo sa bangkay.

Hinila nya ako hanggang sa makalapit kami sa magkasintahan na binibigyan ako ng weird na tingin.

"Yeah alam ko mukha akong tanga na kinakaladkad ang sarili ko. Hindi ko kasalanan iyon, kasalanan ng gwapong multo na ito na basta na lang nanghihila."

"Call the police now!" utos nya pa.

Naku kung wala lang talagang tao nakatikim na sya sakin.

Nang hindi ako sumunod kaagad sa utos nya binigyan nya ako ng matalim na tingin.

Magmamatigas pa sana ako kaso bigla nyang inilapit ang mukha sa mukha ko.

Syete naman o! Mahina ako sa ganyanan. Letsugas talaga itong multo na ito.

"Oo na oo na." I mouthed habang lumalayo rito.

Sinamaan ko sya ng tingin habang nagd-dial, nginisihan ba naman ako.

Pagkatapos kong makipag-usap sa pulis hinarap ko ang magsyota na natulala na yata sa nakita.

"Hey papunta na ang mga pulis rito, kung ako sa inyo aayusin ko na ang sarili ko dahil baka abutan pa kayo sa ganyang ayos."

Saka lang narealize ng dalawa na half naked sila.

Hiyang-hiya na nag-ayos sila ng sarili.

"Ah... Nakakatakot at nakakaawa naman sya no?" sabi sakin ng lalaki. Bakas ang takot na sinulyapan niya ang bangkay.

"Yeah." sagot ko, hindi ko makita ang bangkay dahil ang multong gwapo nakaharang parin sa point of vision ko.

Naka-cross arm sya habang malalim ang iniisip.

Bakit kaya ang gwapo nya parin kahit nakasimangot?

Bigla akong nag-iwas ng tingin ng tumingin.

"Ano yon sorry?" tanong ko sa babae na kinakausap na pala ako.

"Sabi ko ako si Grace Sales at sya ang boyfriend ko si Jeffrey Diaz."

"Ako si Leigh." maikling sagot ko pinagmamasdan at ino-obserbahan ang paligid.

"Leigh as in the fearless Leigh?" gulat na sagot ni Jeffrey.

Tumingin ako sa kanya at nagkibit-balikat.

Hahakbang sana ako papunta sa loob ng Tres Wood ng bigla na namang bumalandra sa harap ko si Tyrrone.

Nagbabanta ang mga mata.

"Tss." wala akong nagawa kundi magstay sa kinatatayuan ko.

"*Kainis itong multo na to daig pa ang bantay."*

"Oo sya nga si Fearless Leigh tignan mo, hindi man lang natakot ng makita ang bangkay kanina."

:-| *Nagbulungan pa itong magsyota na ito naririnig ko naman*.

Kalahating oras pa ang lumipas bago dumating ang mga pulis.

Napamura ang mga ito ng makita ang bangkay.

Isinama naman kami ng isa pang pulis sa presinto para tanungin.

Her name is Bridgette Lee 20years old at nursing students dito rin sa Dawnson University.

Huli itong nakita kaninang umaga pasakay ng kotse nito. At dahil may klase naman at nagpaalam ito sa mga kaibigan nito na magr-research sa Book Haven Place ang pinakamalaking bookstores cum Library dito sa Mulawin at sa buong apat pa na bayan
hindi napansin na nawawala ito.

After two hours na interrogation pinaalis na kami.

Nanginginig sa nyerbyos si Grace at namumutla naman si Jeffrey. Sa dalawang oras kasi na interogasyon ilang beses na nagpahiwatig na maari silang gawin suspek, pinaikot-ikot din ni Inspector David Albarado ang mga tanong para mahuli kung nagsisinungaling sila.

Ako nahikab habang naglalakad kami palabas.

"Hindi ka man lang natakot kanina?" tanong sakin ni Grace.

Kalmado lang kasi sya kanina kahit pinaikot -ikot at pinaulit-ulit ang tanong, deretso at pare-parehas ang sagot nya.

"Why? Hindi naman ako ang pumatay sa kanya at wala naman akong ginawang kasalanan." Sagot ko umiikot ang tingin.

Asan kaya ang multo na iyon.

"Sabay ka na sa amin Leigh?" yaya ni Jeffrey ng nasa tapat na kami ng kotse nya.

Umiling ako. "Hindi na thank you. Malayo ang sa amin."

Magpupumilit pa sana sila ngunit tumalikod na ako.

"Bye ingat at advice lang guys, get a room please, para hindi kung ano-ano ang natutuklasan nyo." tumatawa kong sabi habang kumakaway ng patalikod.

"Ugh nakakahiya Jeff!" narinig kong sabi ni Grace nang papaliko na ako papuntang sakayan ng bus.

******

Laman ng isip ko ang itsura ng bangkay habang nakaupo dito sa bus sa tabi ng bintana.

Malaki ang galit ng taong gumawa niyon kay Bridgette Lee, base sa mga sugat at injury nito pinahirapan talaga ito ng todo.

Ang tanong, sino at bakit ginawa iyon sa kanya?

Pumikit ako at sinandal ang noo sa bintana.

Mag s-seven na hindi na ko makakapaglaba, lagot ako nito kay Jonalyn sigurado ako na iisipin nya na pinagtataguan ko sya.

Papaidlip na ako ng may mainit na kamay na yumugyog sa balikat ko.

"Ano ba!" pinalis ko ang kamay na iyon.

"Wake up!" pero makulit ang multong ito na sige ng pag-alog sakin.

"Ugh ano ba!" malakas na sabi ko at tingin kay Tyrrone.

Ang mga pasahero napatingin sakin nagtataka, bigla ba naman akong sumigaw habang matalim ang tingin ko sa bakanteng upuan na katabi ko ewan ko lang kung hindi ako mukhang tanga.

Tumikhim ako. "Sorry po binangungot lang." sabi ko sabay ngisi.

"Ano na naman problema mo?"
Tanong ko kay Tyrrone na katabi ko.

Kahit kelan talaga nalalaglag ang puso ko sa kagwapuhan nya.

"Follow her." sabi nya sabay turo sa bintana.

Umuulan na pala, iyon kaagad ang napansin ko ng tumingin ako sa labas.

Si Clarissa ang tinuturo nya may hawak na payong at naglalakad papuntang tabing dagat.

"Ang lakas ng tama ng girlfriend mo ngayon pa naisipang magbeach." Sabi ko na kinatalim ng tingin nya.

"She's not my girlfriend."

Wehh showbiz din sya eh no.

"Sundan mo dali." hinila at kiladkad nya ko patayo.

Bossy talaga itong Mamang ito palibhasa CEO.

"Para po!" sigaw ko.

May kalakasan na ang ulan pagbaba namin at dahil wala naman akong payong hinyaan ko na mabasa ako. Buti na lang water proof itong bag ko.

Binitawan nya na ako at nauuna sa paglalakad habang nakatingin kay Clarissa.

Sumimangot ako. Pagkatapos akong kaladkarin tatalikod naman sya sakin.

"*Iwanan kita dyan eh."*

Ay hindi ko nga pala sya pwedeng iwan hindi nga pala sya nakakalayo sakin, baka kapag umalis ako biglang sumabog sa galit, nakakatakot pa naman syang magalit nanghahalik.

Siguro mga 20 minutes na naglalakad si Clarissa bago huminto at pinanood ang dagat.

Nakakatakot ang mga alon parang galit na galit ang dagat idagdag pa na umuulan.

Sa pwesto ko kitang-kita ko ang lungkot sa mukha ni Clarissa.

Huminto kami hindi kalayuan sa pwesto nya, bahagya akong nagtago sa likod ng puno ng nyog.

"Ayos talaga ang trip ng Girlfriend mo boss." sabi ko. Hindi nya ako pinansin nakatitig lang sya kay Clarissa.

"*Well mukhang mababad ka sa ulan ng di oras Leigh."*
Nasabi ko sa sarili ko ng 15 minutes ay hindi parin umaalis duon si Clarissa.

Hindi ko na sya kinulit hindi naman ako manhid alam ko nangungulila sila sa isat-isa kaya hinayaan ko na.

Nakakapagtaka lang kasi nababasa din sya ng ulan di ba ang multo hindi na nababasa at ang daya bakit ako mukhang basang sisiw samantalang sya ang gwapo parin at packing tape naman ang masel nya bumabakat.

Isinandal ko na lang ang katawan ko sa puno ng nyog, matagal naman akong lamigin kaya okay lang ang problema lang baka sipunin ako ng di oras.

Pinikit ko ang mga mata ko, inaantok na ako talaga hayy.

"What the fuck!" napamulat ako ng marinig kong nagmura siya.

Nakatingin na sya sakin galit.

Problema nito.

"Where is your umbrella?"

"Wala ako non." sagot ko na inalis ang hilam sa mata ko.

"At bakit lumabas ka ng walang payong!"

Tignan mo tong gwapong multo na ito ang sarap lang batukan.

"Eh kasi po Mr. Tyrrone Jigs Elmundo kinaladkad nyo po ako remember? Sana kasi bossing nagtanong ka muna bago nyo ko hinila pababa di ba."

Natigilan sya sa sinabi ko.

O ano ka ngayon di natigilan ka.

Pero ako naman ang natigilan ng pasadahan nya ng tingin ang kabuoan ko.

Fudge Cake! Ngayon ko lang narealize na bumakat na pala ang itim kong bra sa puting sando ko na ngayon ay basang-basa na.

Syete! Nag-iinit ang pakiramdam ko sa titig na ginagawa nya.

Tinalikuran ko sya kunyari tinatanaw ko si Clarissa para maiwasan ko ang mga nakakatunaw nyang tingin.

Sa pagharap ko kay Clarissa nakita ko ang motorsiklo na di kalayuan sa kanya na tinatanaw sya.

Kumunot ang noo ko.

"Bossing may katagpo ba ang girlfriend mo rito?"

Naalis ang tingin sa akin ni Tyrrone at tulad ko rin kumunot din ang noo nya habang nakatingin sa motorsiklo na papalapit na sa babae.

"Shit!" sabay naming mura ni Tyrrone ng itaas ng sakay ng motor ang kamay nito.

Kitang-kita ko ang pagkislap ng kutsilyo na hawak ng nakasakay duon na naka bonnet din pala.

Di na ko nag-isip, tinakbo ko na ang kinalalagyan ni Clarissa.

Nahila ko sya palayo in time na gumuhit ang patalim sa ere.

"Ahh!" tili ni Clarissa ng tumilapon kami.

Si Tyrrone na nakasunod sakin mabilis na inalalayan ang pagbagsak namin nga lang ang bigat ni Clarissa lang ang nasalo nya ako sa buhanginan bumagsak ang isa kong kamay nakadantay sa braso nya kaya naman nahawakan nya si Clarissa.

"Fuck!" mura nya habang nakatingin sakin.

Hindi ko naman pinansin ang sakit ng likod ko, ang pansin ko ay nasa motor na pabalik na ulit.

Nuon ko lang din napansin na hindi lang bonnet ang suot nito nakamaskara pa ito ng smiley face ang kaibahan nga lang may bahid na dugo ang smiley.

"Wow." bulong ko ng itak naman ang nakita kong hawak niya at nang tignan ko ang bewang nya nakasabit duon ang ibat-ibang tools at baril.

Tumayo ako at hinawakan si Clarissa.

"Takbo!" sa kalsada sana ang takbo namin ngunit naharang na kami ng nakamotor.

Lumiko ako papasok sa kagubatan ng Tres Wood.

"A-anong nangyayari? S-sino iyon?" takot at pagtataka ang nasa boses ni Clarissa.

"Ako dapat ang magtanong nyan?" sagot ko na inalalayan sya sa pababang daan.

"Hindi ko sya kilala! B-bakit nya tayo sasaktan?"

Gusto ko sanang sabihin na."*Ikaw lang ang gustong saktan teh, hindi ako kasali."* Kaso baka bigla akong ihagis ni Tyrrone papunta duon sa humahabol sa amin, alalay na alalay pa naman niya si Clarissa habang tumatakbo.

Huminto ako sa pagtakbo ng wala na akong marinig na ingay na galing sa makina ng motor.

Sinenyasan ko Clarissa na huwag maingay.
Alerto kong inilibot ang tingin, nahihilam pa ako sa ulan.

Basa narin si Clarissa dahil nabitawan nya ang payong ng hilahin ko sya kanina.

Umalingawngaw ang tunog ng baril sa paligid.

Naramdaman ko ang pagdaan ng bala sa gilid ng kaliwa kong mukha bago tumama sa puno ng atis na nasa tabi ko.

Napatili si Clarissa ng bumagsak ang maliit na sanga.

Napatingin ako kay Tyrrone na nanlalaki ang mga mata habang nakatingin sakin.

Siguro kung gumalaw ako ng ilang sentimetro malamang sa mukha ko tatama ang bala at patay akong babagsak sa lupa.

Kung sila nawindang sa muntik ng mangyari sakin, ako ni hindi man lang nanginig o natakot.

Hinanap ng mga mata ko kung saan nanggaling ang putok.

Mabilis kong hinarang ang katawan ko kay Clarissa ng makita kong papalapit na ang lalaking nakamaskara, may hawak itong baril.

Si Tyrrone humarang naman sa harap ko.

"Anong ginagawa mo? Di ko sya makita." Wala akong pakialam kung marinig ako ni Clarissa o ng nakamaskara.

Iisipin pa ba nila na para akong baliw na kinakausap ang sarili ko?

Hindi sya umalis sa harap ko bagkus umatras pa nga sya sakin hanggang parehas na nya kaming matakpan ni Clarissa.

"How dare you to steal my toy!" sabi ng taong nakamaskara. Ang boses nya, garalgal at tila galing sa hukay.

Hindi ko rin ma-distinguish kung babae o lalaki sya.

"Toy?" taka kong tanong .

"Sya gusto ko syang laruan." itinuro nito si Clarissa na natatakot na sumiksik sa akin.

Naging matigas naman ang mukha ni Tyrrone.

"Bakit ang lakas ng tama ng mga tao ngayon?"sabi ko na narinig nila.

Itinutok ng nakamaskara ang baril sakin.

"Shit! Pwede bang tumahimik ka ka!" singhal ni Tyrrone na tinignan ako ng matalim.

Nagkibit-balikat na lang ako.

"Give me back my toy!"

Eh? Ang lakas talaga ng tama ng nakamaskarang ito.

"Anong toy? Ad-."

"Shit!

"Ahh!"

Napamura si Tyrrone at napasigaw naman si Clarissa ng magpaulan ng bala ang nakamaskara.

Kung hindi mabilis si Tyrrone na itulak ako malamang butas-butas na ang katawan ko.

Sadsad ako at padapang bumagsak sa lupa.

Puro putik at lupa na ang buong katawan ko.

Noon ko na realize na hindi biro ang sitwasyon namin.

"Ahh." tili ulit ni Clarissa ng makalapit dito ang taong nakamaskara at hawak-hawak na sya sa buhok.

Si Tyrrone nasa tabi ng dalaga at sinusuntok ang nakamaskara iyon nga lang bawat suntok at sipa nito tumatagos lang.

Mabilis na akong tumayo.

Sinipa ko ang baril na hawak ng nakamaskara nabitawan nito si Clarissa at bumaling sya sakin.

"Hindi ikaw ang gusto kong kalaro!" nagpakawala ng suntok ang nakamaskara na naiwasan ko, sipa naman ang binigay ko ngunit nasalo nya ang paa ko, umikot ako para makawala kasabay ng pagsuntok ko ulit.

Umatras sya ngunit di natumba.

Sa pagharap nya may hawak na syang martilyo.

Napakurap ako ang bilis nyang kumuha ng gamit, ihahampas sana iyon ng nakamaskara sakin ng maramdaman ko ang kamay ni Tyrrone na humawak sakin, sinangga nya ang martilyo na patama sa gilid ng ulo ko.

Gusto ko sanang makita kung ano ang reaksyon ng nakamaskara sigurado akong takang-taka sya kung bakit di man lang lumapat ang martilyo sa ulo ko.

Bago pa ako makapag react itinulak na ako ni Tyrrone.

"Takbo damn it!"

Takbo daw, eh di tumakbo madali naman akong kausap.

Hinila ko ulit si Clarissa na tulala na sa mga pangyayari.

Tinahak namin ang masukal na lugar ilan beses nga syang nadapa.

Ang lampa naman nitong babaeng to.

"P-pagod na ko." hingal na sabi niya, napaluhod pa.

"Tayo dyan kapag naabutan nya tayo matutulad ka kay Bridgette Lee na bangkay nang matatagpuan."

Sigurado akong di nya ako naintindihan base na rin sa pagkunot ng noo nya. Malamang di pa niya naririnig ang balita.

Si Tyrrone nakita kong natigilan at napatingin sakin.

Kibit-balikat ang sagot ko hula lang naman iyon na alam kong totoo, paano ko nalaman? Iyong mga sugat kasi ni Bridgette Lee tugmang-tugma sa mga gamit ng nakamaskara kanina.

"Shit! Fuck!"

Wagas talagang makamura itong multong to.

"Ano pang t-tinatanga mo dyan, help her baka maabutan kayo!" sigaw nya sakin.

Sinimangutan ko sya.

"Tara na Miss." narinig ko ang lagaslas ng mga dahon na sumasabay sa malakas na patak ng ulan.

"Damn! Pasanin mo na sya dali!"

Grabe talagang makautos itong lalaking ito.

Nagulat at impit na napatili si Clarissa ng pasanin ko sya.

"Anong ginagawa mo?"

"Sabi ng boss ko pasanin daw kita."

"Ha?"

"Wala kako papasanin na kita, para makauwi na ako."

Nagsimula na akong tumakbo, mas mahirap dahil may kabigatan ang babaeng pasan ko. At itong multo naman na ito. Panay ang hawak sakin para alalayan ako na tinatabig ko mas nahihirapan kasi akong kumilos sa ginagawa nya.

Ramdam ko ang pagsugat ng siit at mga matutulis na bato sa katawan ko na hindi ko pinapansin.

Gusto ko nang umuwi, waaa gusto ko nang matulog.

Hanggang sa makarating kami sa isang bakod na napapalibutan ng barb wire ang paligid.

Main road na ang kabila non at may pulis station sa di kalayuan. Kapag nakalampas kami sa bakod sigurado akong hindi na susunod ang nakamaskara.

Speaking of nakamaskara nakita ko syang lumabas sa mayayabong na halaman, wala na syang hawak na baril marahil hindi na niya nakita ng tumilapon.

"Akyat na Leigh!" sigaw ni Tyrrone.

Hindi na ako sumagot sa kanya, umakyat na ko.

"M-Miss andyan na sya!" natatarantang sabi ni Clarissa na nililingon ang nakamaskara na may hawak na naman na itak.

Dumaloy ang dugo sa mga kamay ko ng tumusok iyon sa barb wire. Ramdam ko rin ang kirot sa paa ko.

"Ahhh." tili ni Clarissa ng muntik na kaming mahagip ng itak ng iwasiwas iyon ng nakamaskara.

Nakarating na kami sa tuktok, tumalon ako na ikinatiling muli ni Clarissa.

Mataas ang bakod at sigurado akong pilay at bali ang aabutin ko mabigat pa naman ang dala ko.

Pumikit ako at hinintay ang pagbagsak ko.

Hanggang sa naramdaman ko ang pagbalot ng mainit na bagay sa katawan ko.

Bumagsak kami...sa ibabaw ni Tyrrone.

Nanlaki ang mga mata ko ng naglanding ang labi ko sa labi nya.

Letsugas! Tang milo!

Hindi ako kinakabahan sa nakamaskara pero sa halik ng gwapong multong ito daig ko pa ang nilindol.

Mukhang nagulat din sya sa mga pangyayari, nanlalaki rin ang mga mata eh.

Bahagya nya akong tinulak.

"Get off!" sigaw nya sakin.

Inalalayan ko si Clarissa na mukhang nawalan na ng malay.

Nang dumako ang tingin ko sa nakamaskara nakita ko syang nakatayo sa kabilang bakod.

Kitang-kita ko ang galit sa mga mata nya na nakalabas sa smiley nyang nakamaskara.

"Babawiin ko sya!" banta niya sabay bato ng maliit na kutsilyo sakin.

Hindi ako gumalaw para umilag. Si Tyrrone ang kumilos para iilag ako.

Nakatingin lang ako sa nakamaskara na papalayo, parang nakita ko na...nakita ko na ang mga matang iyon.

~???

5

5.

"**Maraming salamat sa pagligtas mo sa anak ko."**

Isang ngiti lang ang sinagot ko kay Mr. Gilbert Santañes.

Andito na kami sa Green Village sa loob ng Mansion ng mga Santañes.

Nang makatawid kami ng bakod at nawalan ng malay si Clarissa may napadaan na patrol cars, nakita nila kami at tinulungan.

Tinawagan ng isa sa mga ito si Mr. Santañes.

Masasabi kong malakas at makapangyarihan na tao si Mr. Santañes dahil hindi kami sa presinto dineretso kundi dito nga sa mansion sinabihan lang nya ang mga pulis na bukas na lang kami imbestigahan.

Sinabi ko sa kanya ang lahat ng nangyari kitang-kita ko ang pagbakas ng takot sa mukha ni Mr. Santañes habang nagk-kwento ako.

Nasa kwarto kami ng walang malay parin na si Clarissa.

Kung ang hinahanap nyo naman ang supladong multo, well nasa tabi sya ng kama nakatayo at nakatingin kay Clarissa.

"Natatakot ako para sa anak ko, base sa kwento mo babalikan pa sya ng nakamaskarang iyon, hindi ko alam kung paano ko sya mababantayan, wala na si Tyrrone wala nang magtatanggol sa kanya. Ayaw naman nya ng bodyguard."

"Ah Mr. Santañes regarding that, willing po akong bantayan si Clarissa." sabi ko.

"Ikaw?"

Tumango ako. "Don't worry po kaya ko syang ipagtanggol, itataya ko po ang buhay ko para sa kanya."

Napatingin sakin si Tyrrone.

"Hija huwag mo sanang mamasamain ang itatanong ko, kaya mo ba talagang ipagtanggol ang anak ko. Babae karin at mas matangkad pa si Clarissa ko sayo."

Ngumiti ako.

"I can sir at nasubukan nyo na, nakaya ko syang ipagtanggol kanina kung hindi parin kayo kumbinsido..." kumuha ako mula sa basa kong bag ng papel at ballpen nagsulat ako duon at pagkatapos ay inabot ko sa kanya. "Here po, you can call this number to vouch for me."

"D&A? If i am not mistaken ito ang kilalang Security and Trouble Shooting Agency hindi lang dito sa Pilipinas kundi sa ibang bansa?" sabi niya "Are you working for them? To The Santiago ?" admiration at

di pagkapaniwala ang nasa mukha ni Mr. Santañes habang nakatingin sakin.

I crossed my arms medyo nilalamig na dahil sa bahagya pa akong basa.

"You can find that out sir kapag tinawagan nyo ang number na yan."

Muling tinignan ni Mr. Santañes ang kapirasong papel na hawak nya.

Si Tyrrone naman sakin parin nakatingin.

Bat ganyan na naman sya makatingin. Kaloka talaga itong multo na 'to.

"Ms. Rozul bakit mo gagawin ito?"

Dah*il pinilit ako ng masungit, at kissing monster na gwapong multo na yan.*

*S*yempre hindi yan ang isasagot ko.

"Sabihin na lang ho natin na may utang akong dapat bayaran kay Mr. Tyrrone Jig Elmundo." sinadya kong diniinan ang words na utang nang ma-realize naman ng multong ito na mababaon sya ng maraming utang sakin.

"Kay Tyrrone?"

"Yes sir kay Mr. Elmundo may utang po ako sa kanya at nakita ko ang opurtunidad na ito para makabayad." sabi ko pa.

Kumunot ang noo ni Mr. Santañes sa pag-iisip tungkol sa mga sinabi ko.

Tumayo sya mula sa pakakaupo sa gilid ng kama ni Clarissa.

"I will think about it Ms. Rozul. Hayaan mo muna akong makausap ang superiors mo bago ako magdesisyon."

Nagkibit-balikat ako.

Okay lang naman, mahirap naman talagang magtiwala sa mga sinasabi ko.

"Kung ganon sir aalis na po ako. Masyado na po kasing late."

Ang totoo kanina pa ako antok na antok.

"It is okay na lumabas ka pa? Gabi na hindi ligtas na lumabas ka pa lalo na pagkatapos ng nangyari?"

Ngumiti ako bago naglakad sa pinto ng kwarto ni Clarissa na napipinturahan ng violet.

"Okay lang po ako, mas gusto ko pa ngang magpakita sya sakin. Na c-curious ako kung sino ang nasa likod ng maskara."

Mukha nabigla si Mr. Santañes sa sinabi ko bumakas ang pagkagulat sa mukha nya.

"Hindi ka man lang ba nanatakot?"

Ngumiti lang ako.

Takot. Hindi takot ang nararamdaman ko. Kuryosidad.

Pakiramdam ko talaga nakita ko na ang mga matang iyon.

"Kung napag-isipan nyo na po ang sinabi ko kanina after you call my boss, ibibigay po nila ang number kung saan ako kokontakin. Maraming salamat po Sir."

Nagpaalam na ako ulit sa kanya.

'Di ko na tinignan kung sumunod si Tyrrone, no choice naman sya dahil hindi sya makakalayo sakin.

Nasa labas na ako ng Mansion at naglalakad ng bigla nya akong hawakan.

"Ano?"

Nilingon ko sya.

:-| Tignan mo 'tong lalaking ito papahintuin ako sa paglalakad tapos ang gagawin titig sa mansion ng mga Santañes.

Hay inaantok pa naman na ako.

At dahil nakakaawa sya habang nakatingin sa mansion na parang batang inagawan ng laruan.

Imbes na maglakad ako pauwi naupo ako sa bench na nasa malapit.

Buti na lang di na umuulan.

Niyakap ko ang bag ko para kontra lamig, hello 11:00 na kaya.

I sighed.

Magiging napakahaba ng gabing ito.

*****

Tyrrone P.O.V

Hindi ko magawang makaalis, hindi ko magawang iwan si Clarissa pagkatapos ng mga nangyari kanina.

Kumuyom ang mga kamao ko nang maalala ko ang mga nangyari.

Nagagalit ako sa sarili ko.
Galit ako dahil hindi ko syang magawang ipagtanggol.

Hindi ko girlfriend si Clarissa, hindi ko alam kung ano ang nararamdaman ko sa kanya but i care for her.

Ayaw ko syang nakitang nasasaktan o nahihirapan kaya naman alagang-alaga ko sya ng magkasama pa kami.

Good thing may isang tao na nakakakita at nakakarinig sakin heck nakakahawak at nahahawakan ko rin at ang weird pa kapag hawak ko sya nahahawakan ko na din ang mga bagay o tao sa paligid ko.

Leigh. Leigh ang pangalan ng weird na babaeng iyon.

Speaking of that girl, hinanap ko sya dahil hindi parin kami nakakaalis rito.

Hindi rin ako makalayo sa kanya and that the really weird part.

Nakita ko naman sya nasa bench hindi kalayuan sa akin yakap nya ang bag nya at natutulog.

See weird talaga nya. Sinong babae ang makakatulog mag-isa sa bench pagkatapos ng mga nangyari.

Imbes mag-hysterical sya matakot at maging paranoid ayan sya papayapang natutulog.

Nang makita kong muntik na syang tamaan ng bala, na gahanip na lang ang layo nya sa kamatayan may naramdaman akong kakaiba.

Parang sasabog ang ulo ko. Sobrang takot, ang naramdaman ko.

Hindi ko gusto ang pakiramdam na iyon.

Hindi ko rin gusto ang reaksyon ng katawan ko kapag nagkakadikit kami.

I was electrified.

Napatingin ako sa mga labi nya.

Naalala ko ang ginawa kong paghalik sa kanya.

She had a rosy and pouty lips nang matikman ko iyon para akong naadik gusto kong ulit-ulitin.

Hindi naman sya kagandahan, malayo ang mukha nya sa maamong mukha ni Clarissa pero kagabi naubos ang oras ko sa pagtitig sa kanya. Hindi ko nga namalayan na umaga na.

She is 5" flat tama lang ang pangangatawan hindi payat at hindi rin mataba, morena ito hanggang balikat ang buhok na medyo kulot. Ang mga mata nya itim na itim.

Iyon ang unang nakatawag sa pansin ko, ang mga mata nya ng nangangarera sya.

Walang akong takot na nababasa duon, blanko walang emosyon. Tila sing-misteryo ng gabi ang dilim ng mga mata nya.
Kung hindi lang sya nakangiti at enjoy na enjoy sa pakikipagkarera iisipin ko na labag sa loob nya ang ginagawa.

Nagtataka rin ako sa kanya dahil hindi ko sya nakakitaan ng takot ng magpakita ako sa kanya, nang makita nya ang bangkay ni Bridgette Lee, nang hinahabol sila ng nakamaskara at lalo na ng muntik na syang mabaril. Imbes na takot o gulat nagiging blanko ang mga mata nya.

Fearless Leigh. Iyan ang naririnig kong tinatawag sa kanya ng mga estudyante kapag dumadaan sya.

Fearless Leigh dahil kahit kelan hindi daw sya nagpapakita ng takot, hindi sya umuurong sa mga hamon.

Kumunot ang noo ko.
Hindi ko gusto ang pakiramdam na sige lang ito ng sige sa mga sitwasyon siguro kung wala ako kanina hinarap nya ang nakamaskara ng mag-isa.

Protectiveness. Iyan ang damdamin na nararamdaman ko. Damdamin na ayaw kong maramdaman para sa kanya.

Nilapitan ko sya.

"Hey wake up!" Niyugyog ko ang balikat nya.
Nakailang yugyog ako pero di sya gumising.

Tss., tulog mantika.

Sa inis ko tinapik ko ng malakas ang pisngi nya.

"Ano ba! Wake-."

Ang kamay ko na nasa pisngi nya bigla kong nailipat sa kanyang noo.

"Shit!" napamura ako ng makapa kong mainit sya.

Saka lang ako naging aware na bahagya pa syang basa, na kanina pa sya basa!

"Damn it!" mura ko ulit. Kailangan na nilang makauwi at mapalitan sya ng damit.

"Leigh. Wake up. Hey wake up."

Umungol sya. "A-ano ba natutulog iyong tao." something stir inside me when i heard that husky voice of her.

"You need to wake up para makauwi ka na."

"Dito na ko matutulog. Puntahan mo na lang si Clarissa." she said in sleepy tone at sa labis na gulat ko nahiga nga sya sa bech.

Napasuklay ako sa buhok my mannerisms when i am frustrated.

Sandali ko syang tinignan bago ko sya pinangko.

Umungol sya pero hindi naman nagprotesta, bagkus siniksik lang nya ang mukha sa leeg ko and that was when something another weird thing happened.

I felt and i heard my heart beat.

My heart is fucking beating na imposibleng mangyari dahil nga isa akong multo.

Then why the hell its beating so hard?

Napatingin ako sa babaeng nasa sa mga bisig ko. Ang babaeng ito ba ang dahilan?

What the fuck is going on?I asked in the middle of the night.

Hindi pansin ang posibilidad na maaring may makakita sa amin... sa kanya na lumulutang sa ere.

*****

Helliza's note

Hi:-)

Last night i watched Sarah and Piolo's movie.

Sarah G. is really incredible singer. Si Piolo keri lang hehehe.

Iyong movie? Wahh ang sakit sa dibdib nahirapan nga akong isulat ang part na ito dahil parang gusto kong gawin drama Hahaha buti nairaos ko.

Status: Here in the bus on the way to work. Gutom na ko...

~???

6

Tyrrone’s P.O.V.

“Fuck!” napamura ako nang aksidenteng natabig ng paa ng pangko-pangko kong si Leigh ang vase na nasa sala nila.

Nasa bahay na kami, at sa kabila ng lahat ay nagawa ko siyang madala rito nang walang nakakakita sa kanya na lumulutang sa ere. Ngunit mukhang dito pa yata kami mahuhuli.

“Leigh? Ikaw na ba ’yan?” narinig kong boses ng babae na, kung hindi ako nagkakamali, ay ang madrasta niya.

“Leigh?”

“Shit!” mura ko ulit nang makarinig ako ng mga yabag na papalapit.

Binaba ko si Leigh, hinawakan siya sa bewang, at sinampal-sampal para magising.

Hindi ko pinansin ang pakiramdam na ayaw kong saktan siya.

“Hey, wake up.” Inalog ko siya.

Bigla siyang napatayo nang tuwid at napamulat.

“A-anong…?” paos at litong tanong niya.

“Leigh.”

“T-tita…”

“Ikaw na bata ka, ginabi ka na naman!”

Bahagya siyang lumayo sa akin, ngunit hindi ko hinayaang mangyari iyon.

Mainit ang katawan niya dahil sa lagnat, at sigurado akong matutumba siya kapag binitawan ko.

“May inasikaso lang ako, Tita,” sagot niya sa madrasta. Umubo siya—ubo na alam kong tuloy-tuloy na lalabas, ngunit pinigilan niya.

“Leigh, sinabi ko naman sa ’yo na hindi mo kailangan magtrabaho nang magtrabaho,” lumapit sa amin ang tita niya, medyo chubby at maikli ang buhok.

Umubo ulit si Leigh, itinago niya sa pagtikhim.

“Hindi naman ho, Tita. May pinuntahan lang akong kaibigan.”

Tumango-tango ang tita niya.

“Kumain ka na ba?”

Humigpit ang pagkakahawak ko sa kanya nang tumango siya.

“Sinungaling ka,” bulong ko sa tenga niya. Para siyang nakuryente, napaunat lalo ng tayo.

Problema nitong babaeng ’to?

“Ah… ehem, pasok na ako sa kwarto ko, Tita. Medyo inaantok na po ako,” sabi niya.

Pilit siyang kumawala sa pagkakahawak ko.

“’Pag ikaw natumba, hindi ko na kasalanan,” inis na sabi ko nang makawala siya.

Hindi niya ako pinansin. Lumapit siya sa tita niya at humalik sa pisngi.

“May sakit ka ba?” tanong ng madrasta niya, marahil ay naramdaman ang init ng katawan niya.

“Wala po, Tita,” mabilis niyang sagot, pagkatapos ay nagmamadali siyang pumasok sa loob ng kwarto.

Tiningnan ko ang madrasta niya, hinihintay na sundan siya sa loob para i-check.

Ngunit ang ginawa lang ng babae ay umiling, pagkatapos ay bumalik na sa sarili niyang kwarto.

Kumunot ang noo ko.

Hindi man lang ba niya titignan si Leigh?

Sumunod ako kay Leigh. Nadatnan ko siyang padapang nakahiga sa kama, patulog na ulit.

“Hey,” lumapit ako sa kanya. “Hindi ka man lang ba magpapalit ng damit?”

Imbes na sagutin ako, ibinaling niya ang mukha sa kabilang panig.

Nagsalubong tuluyan ang kilay ko.

“Tumayo ka na at magpalit ng damit. Medyo basa pa ’yang suot mo, for God’s sake!” Naupo ako sa gilid ng kama niya at inalog ulit siya.

“Go away,” malat niyang sabi sa mahinang tinig.

Napahagod ako sa buhok ko.

Ang sarap hubaran nitong babaeng ito!

Eh?

Shit, ano ba iniisip ko?

“Leigh Shane Rozul, kapag hindi ka pa bumangon diyan, ako mismo ang magbibihis sa ’yo!” banta ko, binuo pa ang buong pangalan niya.

Bigla siyang bumangon—narinig marahil sa tono ko na seryoso ako.

“Ikaw naman, bossing, masyadong mainipin.” Bumuway ang tayo niya, eksaktong lumapat ang paa sa sahig. Kung hindi sa mabilis kong pag-alalay, malamang lagpak siya.

Eksaktong paglapat ng katawan niya sa katawan ko, napaunat na naman siya.

“What the hell is your problem!”

*****
Leigh’s P.O.V.

Shemay talaga—bakit ba sa tuwing magdidikit kami, para akong nakukuryente? Ramdam na ramdam ko iyon kahit nahihilo ako.

“What the hell is your problem!” sigaw niya nang itulak ko siya. Patay, nagalit na naman.

“Wala naman, bossing,” napaubo ako.

“Just change your clothes, will you!”

Mabilis akong sumunod—mahirap na, baka itapon niya ako. Wala pa naman akong laban ngayon. Letsugas, bakit ngayon pa ako nagkasakit?

Kanina, ni hindi ko namalayan na nakarating kami rito. Binuhat niya kaya ako? Buti walang nakakita sa amin.

“Ano ba, tutunganga ka na lang ba diyan!”

Ang init talaga ng ulo nito.

Kumilos na ako. Kahit nahihilo, mabilis pa rin akong gumalaw. Hindi na ako lumabas ng kwarto—sa likod ng cabinet na lang ako nagpalit. Asa pa ako na sisilipan niya.

Luma, malaki, at maluwang na T-shirt ang pinalit ko, at shorts na hanggang tuhod ang pang-ibaba.

Nag-iba ang tibok ng puso ko nang magkasalubong ang mga mata namin paglabas ko mula sa likod ng cabinet. Wala akong mabasa sa mukha niya, pero pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan ko—pabalik-balik.

Patay-malisya akong umiwas ng tingin. Sa muli kong paghakbang, umatake na naman ang hilo ko.

Mabilis niya akong inalalayan, at sa gulat ko, pinangko niya ako at dinala sa kama.

Syete, ang sarap ng pakiramdam habang magkadikit kami. Para bang may tumali sa aming live wire—ramdam na ramdam ko ang kuryente at init na dumadaloy mula sa kanya papunta sa akin.

“Ang landi mo, Leigh. Umiikot na lahat-lahat yang paningin mo, pero ang landi mo pa rin.”

==
Nanginginig rin pala ako sa ginaw na ngayon ko lang naramdaman ng mapawi iyon ng magdikit kaming dalawa.

Ibinaba nya ako sa kama at kinumutan.

"You need to drink medicine." sabi nya na sinagot ko nang iling.

"Tulog lang ang katapat nito bosing." binalot ko pang lalo ang sarili ko sa kumot at pumikit.

"Ang tigas ng ulo mo!" di ko na sya pinansin dahil tuluyan ng nilamon ng antok ang diwa ko.
Pero bago iyon naramdaman ko pa ang pagbalot ng mainit na bagay sa katawan ko.

******
Nanginginig pala ako sa ginaw—ngayon ko lang naramdaman, at napawi iyon nang magdikit kami.

Ibinaba niya ako sa kama at kinumutan.

“You need to drink medicine,” sabi niya. Sinagot ko iyon ng iling.

“Tulog lang ang katapat nito, bossing.” Binalot ko pa lalo ang sarili ko sa kumot at pumikit.

“Ang tigas ng ulo mo!” Hindi ko na siya pinansin dahil tuluyan nang nilamon ng antok ang diwa ko. Pero bago iyon, naramdaman ko pa ang pagbalot ng isang mainit na bagay sa katawan ko.

Nagising ako na masakit ang ulo.

Pero hindi katulad kagabi—hindi na masama ang pakiramdam ko. Sabi ko sa inyo, tulog lang ang katapat nito.

Bumangon ako, kasabay noon ang pagbagsak ng medyo basa pang bimpo na nakalagay sa noo ko.

Eh? Bakit meron ako nito?

Saka ko lang din napansin ang suot ko.

Teka! Bakit iba na ang suot ko? Sa pagkakatanda ko, hindi ganito ang suot ko kagabi!

Naka-jacket na ako at pajama.

Napansin ko rin ang plato, baso na may tubig, at ilang gamot na nakapatong sa maliit kong cabinet na ginawa ko na ring mesa.

Bakit meron niyan diyan?

May narinig akong kumaluskos sa kabilang sulok ng maliit kong kwarto.

And there he is—the pinakagwapong multo na nakita ko.

Nakahalukipkip siya, nakasandal sa pader, habang matiim ang titig sa akin.

Ang laway ko, tumutulo na yata.

Nang magsimula siyang lumapit, ayan na naman ang kakaibang tibok ng puso ko.

Lumapit siya nang lumapit, hanggang nasa harap ko na siya.

Nabigla ako nang yumuko siya at inilapit ang mukha sa mukha ko.

“Huwag ka nang magkakasakit ulit,” he said, sa paos na boses na lalong nagpabilis ng kabog ng dibdib ko.

“Ang hirap mong alagaan.” Pagkasabi noon, bigla niyang pinitik ang noo ko sabay layo.

“Aray!” Napahawak ako roon.

“Kinuha kita para bantayan si Clarissa, hindi para magpaalaga sa ’kin,” inis na sabi niya.

Ano ’yun? Bakit nang marinig ko ang mga salitang iyon, parang may kumirot sa dibdib ko.

Hindi ko naman sinabi sa kanya na alagaan ako, ah.

Kabadtrip tong multo na ito.

Hindi ako umimik. Tumayo lang ako, kahit medyo may hilo pa akong nararamdaman.

“Saan ka pupunta?” tanong niya, sabay hawak sa braso ko.

“Maliligo na, para mabantayan ko na ang girlfriend n’yo, bossing.” Binawi ko ang braso ko. “At sa susunod, bossing, hindi n’yo naman kailangan na alagaan ako. Tulog lang ang kailangan ko… tulog lang po.” Sabi ko, sabay lakad at kuha ng tuwalya sa sampayan.

First time na may nag-alaga sa ’kin habang may sakit ako—tapos isusumbat pa.
Nakahawak na ang kamay ko sa seradura nang muli kong maramdaman ang kamay niya sa braso ko. Hinila niya ako paharap, at dahil hilo pa ako, bumuway ang tayo ko at napahilig sa kanya.

Umikot ang kamay niya sa bewang ko.

“Subukan mong maligo, lagot ka sa ’kin. Huwag kang tanga—kagagaling mo lang sa sakit, ni hindi ka pa nga magaling.”

Tiningala ko siya.

“Ha?”

Napailing siya.

“Maglinis ka lang, at huwag mong babasain ang sugat mo sa kamay at paa. Naiintindihan mo?”

Tss… Nalilito ako sa kanya.

“Fine,” sabi ko na lang. Hindi ko siya maintindihan, eh.

Pinisil niya ang panga ko—hindi naman masakit, hinarap lang niya ang mukha ko sa kanya dahil umiwas na naman ako ng tingin.

“Lagot ka talaga sa ’kin kapag nabasa ’yan at naligo ka,” banta niya.

“Oo na.” Nahihirapan na akong huminga dahil sa lapit niya.

Sa wakas, binitawan niya ako.

Pinatay ko ang kakaibang pakiramdam na sumisibol sa puso ko sa tila pag-aalala niya sa 'kin.

"Natatakot lang 'yan na walang magbantay sa Clarissa niya. Asa ka pa."

Hindi ko alam, pero bakit ba parang nalulungkot ako?

Isang buntong-hininga ang pinakawalan ko bago tuluyang lumabas ng kwarto.

*****

.Tyrrone's P.O.V.

Pinagmasdan ko siyang lumabas ng kwarto.

Pinigilan ko ang sarili kong pigilan siya.

May sakit pa siya—ramdam ko iyon nang magdikit kami kanina. Dapat nasa higaan lang siya, nagpapahinga. Dapat hindi ko siya hinayaang bumangon, katulad ng pagpigil ko kay Clarissa kapag gusto nitong pumasok.

Yeah, si Clarissa. Si Clarissa ang dahilan kung bakit hahayaan ko si Leigh.

Si Clarissa lang naman ang concern ko.

Walang magbabantay sa kanya.

At hindi ko papayagan na may mangyaring masama kay Clarissa.

But bakit gano'n? Bakit nang makita ko ang disappointment at sakit sa mukha ni Leigh, bigla akong nakaramdam ng guilt?

Naalala ko tuloy ang mga nangyari kagabi.

Mga pangyayaring nagpapagulo sa akin ngayon…

Flashback

"Damn it!"
Hindi ko alam kung pang-ilang mura ko na iyon.

Napasambunot ako sa buhok ko at tiningnan ang babaeng nanginginig na nakahiga sa kama.

Dalawang kumot na ang binalot ko kay Leigh, ngunit patuloy pa rin siyang nanginginig.

Putlang-putla siya at basang-basa ng pawis.

"Shit!" Nakabalot pa rin sa kumot nang pinangko ko siya.

Kailangan ko siyang palitan ng damit. At para mahawakan ko ang ipapalit, kailangan hawak ko rin siya.

Puro maong na pantalon at T-shirt ang laman ng cabinet niya.

“Anong klaseng babae ito, puro pantalon ang suot?”

Ibang-iba ang wardrobe niya kay Clarissa.

Si Clarissa, puro dress at pambabae ang damit—karamihan pink at violet.

Pero si Leigh, pantalon at T-shirt na nga, puro puti at itim pa.

Halos sa sulok ko na nakita ang nag-iisang dilaw niyang pajama at asul na jacket.

Maingat ko siyang ibinaba sa kama, at muli akong nasambunutan sa sarili ko dahil ngayon ang problema ko naman ay ang pagpapalit ng damit niya.

Kailangan maalis na ang suot niya dahil basa na iyon ng pawis.

“Ugh, bahala na.”

Sinimulan ko nang tanggalin ang pang-itaas niya.

Tiyan pa lang niya ang bumungad sa akin, nag-iiba na ang pakiramdam ko.

Lahat ng mura nasabi ko na nang maalis ko ang damit niya, at tanging bra na lang ang suot niya sa taas.

Mali man, matagal kong pinagmasdan ang dibdib niya—hindi iyon malaki, hindi rin maliit. Para bang eksaktong-eksakto ang sukat…

“Shit, stop it Tyrrone!” Napapikit ako ng mariin. “Mali ’yan. Tulog ang babaeng iyan at may sakit pa. Control yourself!”

Nang bahagyang gumaan ang pakiramdam ko, muli ko siyang binalingan at mabilis na binihisan.

Pagkatapos, tila napapaso, lumayo ako at sumandal sa dingding ng kwarto.

What the hell is happening?
I’m fucking dead, pero nakakaramdam pa rin ako ng ganito? At bakit sa kanya?

Kahit kay Clarissa, hindi ako ganito naapektuhan.

Nasuntok ko nang malakas ang dingding, at dahil multo ako, wala akong sakit na naramdaman.

Ilang minuto pa bago ako kumalma.

“She needs medicine, Tyrrone,” naisip ko nang makita kong nanginginig pa rin siya.

I sighed bago tuluyang lumapit sa kanya.

Hinawakan ko ang kamay niya at dahan-dahan na pinasan siya.

Malakas akong napaungol nang lumapat ang dibdib niya sa likod ko.

Kaya ang bagay na napakalma ko na, nabuhay na naman.

“Focus, Tyrrone. Daig mo pa ang teenager na bagong nagbibinata,” saway ko sa sarili ko.

Nakapasan siya sa likod ko nang lumabas kami ng kwarto. Una kong nakita ang gamot sa kusina—ibinulsa ko iyon.

Sunod kong hinanap ay pagkain at tubig.

Nilagang baboy ang nakita kong pagkain.

Sumasandok ako ng sabaw nang muntik na siyang malaglag—buti na lang nahawakan ko agad.

Pahirap talaga ang babaeng ito!

Nanigas pa ako sandali nang kumilos siya at siniksik ang mukha sa leeg ko.

I groaned. Gumaling lang talaga ang babaeng ito, hindi ko na hahayaan na magkasakit pa siya. Masyadong pahirap!

Nakatatlong pabalik-balik ako.

Sa pang-apat na balik, plangganita na may tubig naman ang bitbit ko.

Pinunasan ko siya nang makabalik kami sa kwarto, hanggang bumaba-baba ang lagnat niya.

Pagkatapos, pilit ko siyang ginising para makahigop ng sabaw at makainom ng gamot.

“Wake up.”

“Hmm…”

“Wake up, you need to drink medicine para bumaba ang lagnat mo.”

“A-ayoko,” half-asleep, half-awake niyang sabi.

Bumuntunghininga ako.

Hinawakan ko ang likod ng ulo niya at dahan-dahang inupo.

Pinasandal ko siya sa tagiliran ko at pinulupot ang kamay sa bewang niya para maalalayan.

“C’mon, babe, humigop ka muna ng sabaw,” bulong ko sa kanya—hindi ko namalayang tinawag ko siyang babe.

Nakailan higop siya bago umiling.

Pinainom ko siya ng gamot bago inalalayan na humiga.

Sunod kong ginamot ang mga sugat niya sa kamay at paa, sanhi ng barbed wire.

Tumitiim ang bagang ko habang ginagawa iyon.

Bakit ba hindi ko napansin na nasusugatan na siya kanina?

Sigurado akong masakit iyon—pasan-pasan pa niya si Clarissa kanina.

Gusto kong batukan ang sarili ko dahil hindi agad nagamot ang mga injury niya.

Madaling-araw, lumipas ang oras na nakatitig at nakabantay lang ako sa kanya.

Habang pinagmamasdan ko siya, bigla siyang umungol at nagsalita.

“H-huwag… Huwag ang Mama ko.” Ang boses niya, nagmamakaawa, natatakot.

Napatayo ako mula sa pagkakaupo sa sahig at napalapit sa kanya.

“M-mama… Mama!”

“Shhh… Shhh… it’s okay, babe.”

Nang mahawakan ko siya, bigla siyang yumakap nang mahigpit sa akin. Dahil hindi ko iyon inaasahan, napahiga ako sa tabi niya.

Nanginginig siya, pero sigurado ako na hindi dahil sa lamig iyon, kundi sa takot.

“Ang Mama ko… tulungan n’yo ang Mama ko!” iyon ang paulit-ulit niyang sinasabi.

“Shh… it’s okay… it’s going to be okay, babe.”

Halos nakahiga na siya sa ibabaw ko, ngunit hindi ko na pansin iyon. Takot na takot siya, pilit na nagsusumiksik sa akin, na para bang may pinagtataguan o tinatakbuhan.

Ni hindi ko nga napansin na hinila ko na siya sa ibabaw ko, hinaplos ang likod at buhok niya, hanggang sa kumalma siya.

Hindi ko na napansin lahat ng iyon…

Ang nasa isip ko lang: maalis ang takot na nararamdaman niya.
And the way she perfectly fit in my arms.

.

~???

7

Killer’s P.O.V.

Galit na galit ako! Inagaw niya ang laruan ko. Ang pinakaayoko sa lahat ay inaagawan ako ng laruan.

Ang babaeng iyon—ang babaeng deretsong tumitig sa mga mata ko nang walang takot. Pamilyar siya. Pamilyar sa akin ang mga mata niya.

Pero hindi ako papayag na tuluyan niyang maagaw ang laruan. Akin ang laruan na iyon.

At kapag ginusto ko, kukunin ko. Kapag laruan ko, akin lang!

Babawiin ko siya. Babawiin ko ang laruan ko!

At ang babaeng iyon… makikipaglaro ako sa kanya. Tignan ko lang kung makatagal siya sa laro ko.

*****
Leigh’s P.O.V.

“Ano na naman kaya ang problema ng gwapong multo na ito?” tanong ko sa sarili ko habang naglalakad papalabas ng street namin.

Nakatitig lang kasi siya sa ’kin.

Take note—nakakunot-noo pa siya.

“Where is your mother?”

“Ha?” Huminto ako sa tapat ng bus stop at tiningnan siya. Ako lang ang nakatayo doon kaya libreng-libre akong sumagot sa tanong niya.

“Where’s your mother?” ulit niya.

“Ah, si Mama ko… wala na. Patay na siya,” sagot ko habang tinatanaw ang bus kung paparating na.

“Paano siya namatay?”

Sa tanong niyang iyon, napabaling ang tingin ko sa kanya.

“Pinatay daw siya.”

“Pinatay? Paanong pinatay? Kasama ka ba nang mangyari iyon? Sino ang pumatay sa kanya?”

Bakit ang dami niyang tanong?

“Eh…” Kumamot ako sa batok.
“Hindi ko alam, bossing, eh. Sabi nila kasama daw ako ni Mama nang pinatay siya. Hindi ko rin alam kung bakit siya pinatay, at kung sino ang pumatay sa kanya. Hindi naman kasi nahuli.”

Ilang sandali siyang nanahimik.

Tumingin siya sa malayo.

“Eh bossing, bakit mo naitanong?”

Tiningnan niya ako. Hindi ko maintindihan—bakit nagagalit siya?

“Wala ka nang pakialam kung gusto kong magtanong. Mabuti pa, kumilos ka na diyan baka balikan si Clarissa ng sira-ulong killer na iyon.”

O ’di ba? Pag siya nagtanong, okay lang. Pero pag ako, magsusungit siya. Tss… lakas talaga ng tama niya.

“Ahchooo.” Napabahing ako. Hay, mauuwi yata sa sipon ang sakit ko. Kakainis, namamalat pa ako.

Bakit kasi ang lakas-lakas ng hangin ngayon—giniginaw tuloy ako.

Mula sa tagiliran ko, lumipat si Tyrrone sa harap ko. Literal na nasa harap ko siya—iyong dulo ng paa niya nakadikit na sa dulo ng paa ko.

Umatras ako, pero hinawakan niya ako sa bewang.

Dugdug… dugdug… dugdug…

“Hindi ko alam kung tanga ka o sadyang bobo lang! Alam mo naman na may sakit ka, lalabas ka pa ng bahay na naka-T-shirt at nakapantalon lang!” Hinaharangan ng katawan niya ang malakas na ihip ng hangin.

“Bossing, kalma naman. Ang aga-aga, high blood ka na.” Sinubukan ko siyang itulak dahil hindi ko na naman mapakisamahan ang tibok ng puso ko.

Hindi naman siya bumitaw.

Naman talaga!

“Bossing, bitaw na. Andyan na iyong bus.” Nginuso ko ang bus na paparating.

Dumako ang tingin niya sa mga labi ko, at sa di ko malaman na dahilan, iyong shade ng kulay ng mga mata niya naging darker.

“Syete… bakit ganyan siya makatitig?” Nanlaki ang mga mata ko nang lumapit ng ilang pulgada ang mukha niya sa mukha ko.

Juice na malamig… hahalikan niya ba ako? Kung hahalikan niya ako, hindi ako iiwas…

Ako na malandi, talaga.

Buti na lang tumunog ang cellphone ko.

Lumayo siya agad sa ’kin, tila ba nagising mula sa pagkakatulog. Galit ang mga tingin na binabato niya sa akin.

Bakit siya pa ang galit? Siya nga itong manghahalik.

Saved by the ring. Kung natuloy iyon, para akong tanga na nakatayo at nakikipaghalikan sa hangin.

Pero bakit nga ba galit ang mga titig niya?

Inilabas ko ang cellphone sa bulsa at sinagot iyon.

“Hello.” Hinimas ko ang braso kong nananayo ang balahibo dahil sa malamig na ihip ng hangin.

“Damn it!” narinig kong mura ng multo.

Hindi ko na lang siya pinansin. Importante itong kausap ko—ayaw kong pinaghihintay.

“Okay, pupunta ako ngayon diyan. Yeah, okay, bye.” Binaba ko ang tawag.

Huminto sa tapat ko ang bus, ngunit hindi ako sumakay doon.

Tumawid ulit ako sa kabilang kalsada.

“Saan ka pupunta?”

Hay, magtatanong lang siya, galit pa.

“Hindi muna tayo pupunta sa school. Pinapapunta ako ng boss ko sa kanya,” sagot ko habang naghihintay ng isa pang bus na maghahatid sa ’kin sa San Antonio, kung saan ang DQ.

Hindi naman siya umimik.

Bumuntunghininga ako.

Hay buhay, parang life.

***

“Ayan ang DQ na sinasabi mo?” Kunot-noo na tinignan ni Tyrrone ang lumang five-storey building sa harap niya.

Tinignan ko rin ang building. Isa nga iyong lumang gusali na may iba’t ibang establisyemento.

Kung hindi mo alam, iisipin mong isa lang iyong simpleng lumang commercial building.

Pero iyon ang headquarters ng D&A—ang lihim na trabaho.

Bibihira ang nakakaalam ng DQ. Kahit ang mga kliyente nila, iilan lamang ang nakakaalam, at piling-pili ang nakakapasok.

“Yeah,” sagot ko kay Tyrrone, pagkatapos ay humakbang na papasok.

“Hey, Leigh,” bati sa ’kin ni Landon na papalabas ng restaurant.

“Hi, Lan.” Lumapit siya sa ’kin at hinalikan ako sa noo.

Nakatalikod ako kay Tyrrone kaya hindi ko nakita ang pagkunot-noo niya.

“Karera ulit tayo,” yaya ni Landon.

“Next time, Lan. Pinapatawag ako ni A.”

“Oh. May project ka?” Project ang tawag namin sa mga misyon na binibigay sa amin.

“Yeah.”

“Okay, next time. See you around.” Muli siyang humalik sa noo.

“Okay, bye.”

Paglingon ko sa multong kasama ko, wala na siya sa likod ko.

Saan nagpunta ’yun? Umikot pa ako ng tingin para hanapin siya, pero wala eh.

Nagkibit-balikat na lang ako. Hindi naman makakalayo sa ’kin iyon.

Nagpatuloy ako sa paglalakad, nakasalubong ko pa ang ilang mga D&A—si Gelo, Callix, Gio Kent, at Faye.

Kung may matatawag akong pangalawang pamilya, ang D&A iyon. Pamilya ang turingan namin rito, at kailanman, kahit patayin ako, hindi ko ipagpapalit ang D&A.

Naglalakad na ako sa pasilyo papuntang opisina ni A nang sumulpot at magsalita ang multong kasama ko.

“Kung lahat ng lalaking makakasalubong mo ay hahalik sa noo mo, I am sure na amoy panis na laway ka na paglabas mo dito.”

“Ha?”

Pinagsasabi niya?

As usual, matalim na tingin na naman ang binigay niya sa ’kin.

Hindi na siya nagsalita, bagkus nauna pa siyang naglakad sa ’kin.

Napailing na lang ako. Kahit kailan talaga, ang sungit-sungit niya.

Lumagpas siya sa pinto ng opisina ni A, at hindi ko na pinagkaabalahang tawagin siya. Hindi naman siya makakalayo.

Tatlong katok ang ginawa ko bago buksan ang pinto.

Tili at tawanan ng mga bata ang sumalubong sa ’kin pagpasok ko, at hindi ko mapigilan ang ngiti nang makita ko ang pamilya na nasa harapan ko.

The Santiago Family.

Angela Fuentebella Santiago—ang babaeng asul ang mga mata na kapag una mong nakilala, iisipin mong isa siyang babaeng walang pakialam sa paligid. Pero isa siya sa pinakamabait na tao na nakilala ko.

Dylan Santiago—ang lalaking mabait pero masamang ginagalit, lalo na kapag tungkol kay Angela na asawa niya o sa mga anak nila. Galawin mo na ang lahat, huwag lang ang pamilya niya.

The Blue-Eyed Angel at The Dark King. The D&A. Ang mga boss ko, at ang dalawang taong ginagalang at kinakatakutan ng mga kaaway namin. Ngayon, masayang nakasalampak sa sahig at nakikipaglaro sa triplets nila.

Tatlong taon, super cute at bibong mga bata.

Si Ylac Vlue, na asul din ang mga mata tulad ng kay Angela. Angelique Ysa, ang only daughter—girl version ni Dylan. At si Dyke Anjelo, na kamukhang-kamukha ni Angela.

Larawan sila ng isang masayang pamilya—lalo na't ang kinakatakutan na mga pinuno nila ay nakasalampak sa sahig, tila mga isip-bata, na may hawak na laruan.

"They are so beautiful to look at," napatingin ako sa nagsalitang si Tyrrone, na nasa tabi ko na.

Marahan akong tumango bilang pagsang-ayon.

Napatingin si Vlue sa gawi ko.

"Tita Leigh!" sigaw ng bata bago nagtatakbo papunta sa 'kin.

"Baby Vlue!" sigaw ko rin, sabay luhod at yakap sa kanya.

Si Ysa at Dyke ay tumakbo rin papunta sa 'kin at sumama sa yakap ko kay Vlue.

Muntik pa akong tumihaya sa bigat nila, buti na lang mabilis si Tyrrone at naalalayan ako.

Pinaghahalikan ako ng triplets sa mukha, na ikinatawa ko.

"Babies, tama na 'yan. Nalulunod na si Tita Leigh n'yo," sabi ni Angela, na inaalalayan namang tumayo ni Dylan.

Naghahagikhikan na lumayo ang tatlo sa 'kin. Ito pa ang gusto ko sa mga batang ito—mabilis sumunod kapag sinasaway ng ina.

Huling kumalas sa yakap si Ysa, at muntik na naman akong matumba sa tanong niya…

"Tita, sino po iyang gwapong multo na kasama n'yo?"

Nanlaki talaga ang mata ko sa tanong niya. Naramdaman ko ang paninigas ni Tyrrone sa tabi ko.

"Baby, ano ba iyang sinasabi mo?" tanong ni Dylan, na nakalapit na at kinarga ang bata.

"'Di ba, Daddy, I see ghosts? Sinabi ko na sa inyo 'yun, di ba? Meron pong kasama si Tita. Gwapo nga po, nakahawak pa sa bewang niya."

Napatingin ako kay Tyrrone, na gulat na gulat. Pabigla niyang inalis ang kamay na nasa bewang ko.

Tumikhim ako.

“Hehehe… boss ko siya, baby. Nagpapatulong siya sa ’kin na bantayan ang girlfriend niya.”

Napaigtad ako nang biglang takpan ni Tyrrone ang bibig ko.

“Bakit sinasabi mo sa bata iyan?” galit na bulong niya sa ’kin.

Nagpilit naman akong alisin ang kamay niya sa bibig ko. Anong gusto niya, magsinungaling ako? I-deny siya sa bata eh nakikita nga siya. Naku, lokohin mo na ang lahat ng bata sa buong mundo, huwag lang ang Santiago Triplets—nagmana yata sa ka-genius-an ng ina.

Si Ysa, tawa nang tawa sa amin. Ayos na bata ito—manang-mana sa magulang, walang takot.

Naialis ko rin ang kamay niya sa bibig ko.

“Tita, puwede mo siyang maging boyfriend. Hihihi.”

Nanlaki ang mata ko at napakamot sa batok.

“Ah… eh…?”

Tumikhim si Dylan.

“Baby girl, don’t say that. Nahihiya si Tita mo,” nanunukso ang boses ni Dylan.

Ang weird ng pamilyang ito. Imbes na matakot dahil nakakakita ng kung ano-ano ang anak nila, aba, nakisali pa sa panunukso.

Natawa din si Angela.

“Ylan, mabuti pa dalhin mo muna ang mga bata sa playroom. Mag-uusap na kami ni Leigh.”

Tumango si Dylan.

“Come, kids, guluhin natin si Tito Gio n’yo.”

Binalingan niya si Angela.

“Sumunod ka kaagad sa ’min.” Lumapit siya sa asawa at hinalikan ito sa noo. Yumakap naman sandali si Angela sa kanya.

Ang sweet talaga ng couple na ’to.

Tinanguan siya ni Dylan bago lumabas kasama ang mga bata. Naiwan kami ni Angela… at si Tyrrone.

Itinuro ni Angela ang upuan sa harap ng mesa niya.

Naglakad ako at naupo roon.

Iba na ang expression ng mukha ni Angela. Emotionless na siya, malamig ang titig ng mga mata.

A-mode na siya ngayon.

“I received a certain call from Mr. Gilbert Santañes. Nag-volunteer ka raw na maging bodyguard ng anak niya. Is that true?”

Tumango ako.

“Tell me, dahil ba sa multong kasama mo kaya nag-volunteer ka?”

Tinignan ko si Tyrrone na nakatayo sa gilid ko.

“What’s wrong with you people? Parang normal lang sa inyo na pag-usapan ang isang multo na tulad ko,” sabi niya, na hindi ko pinansin.

Tinanguan ko si Angela.

“Gusto mo talaga na maging bodyguard ng anak ni Mr. Santañes?”

No choice ako. Iyon sana ang gusto kong sabihin, pero syempre hindi puwede. Tumango na lang ako ulit.

“Then it’s yours. Sa ’yo ko na rin ibibigay ang kaso tungkol sa lalaking nakamaskara na pumapatay. Tutal, nakaugnay ito sa project na hahawakan mo. We need to catch that Smiley Man. Is that clear?”

Tumango ako.

“Good. Now, gusto ko habang binabantayan mo si Clarissa Santañes, gather information about that killer.”

“Yes, A,” sagot ko.

Tumango siya bago ngumiti. Kung kanina ay emotionless ang mukha niya, ngayon ay nakakatakot sa ganda—mukha na siyang anghel.

“Dito ka ba magla-lunch?”

“Hindi na, Gela. I need to go to school na para simulan ang pagbabantay ko.” Tumayo ako, tumayo rin siya.

“Okay. But one more thing—hindi ko alam na nakakakita ka pala ng multo?”

“Hay naku, hindi ko rin alam, Gela. Ngayon ko lang din nalaman.” Isinuklay ko ang mga daliri ko sa buhok para ayusin iyon.

“Who is he?”

Tinignan ko muna si Tyrrone, na nakakunot-noo na naman at tila may hindi nagustuhan sa pag-uusap namin ni Angela.

“Tyrrone. Tyrrone Jig Elmundo,” sabi ko.

Wala akong nabasang reaksyon sa mukha ni Angela. Nag-isip lang siya bago tumango at humalik sa pisngi ko.

“Okay, take care. Malapit na ang birthday ng mga anak ko, siguraduhin mo na present ka.”

“Oo naman, papalampasin ko ba iyon?” nakangiti kong sagot bago nagpaalam na sa kanya.

Fifteen minutes later, nasa gilid na ulit ako ng bus stop, naghihintay ng bus.

Hindi ko pinapansin ang isang pares ng mga matang kanina pa nakatitig sa ’kin ng matiim. Kanina pa ’yan—hindi ko alam kung ano na naman ang problema niya.

“Are you that stupid or you just fucking insane!”

Eh?

Tignan mo ’tong lalaking ito—mananahimik ng matagal, tapos kapag magsasalita naman, puro panlalait sa ’kin ang lalabas sa bibig.

“Ano na naman ang ginawa ko, bossing?” Pinara ko ang bus na paparating.

Sumakay ako roon at sa pinakadulo umupo. Mahirap na, baka magkasagutan na naman kami. Buti na lang dito safe—walang makakarinig.

Nakaupo na ako, pinupunasan ang ilong kong tinutuluan na ng uhog.

Naramdaman ko ang pag-upo niya sa tabi ko.

“Anong ibig sabihin na ikaw ang hahawak sa kaso ng nakamaskara na iyon?” galit niyang tanong.

Bumuntunghininga ako.

“Hawak ko ang kaso. Ibig sabihin ako ang huhuli at aalamin kung sino siya.” Ang sakit talaga sa bangs nitong multong ito.

“Now I know, you are just plain stupid!” sigaw niya, na ikinangiwi ko. “Ang tanga mo para gawin iyon!”

Hay, talaga naman. Ginulo ko ang buhok ko.

“Mr. Elmundo, gusto kong sabihin sa ’yo na bago ka pa nanggulo sa buhay ko, trabaho ko na ’to.” Suminghot ako. “Trabaho ko, gets mo.” Tinitigan ko siya sa mata—na dapat hindi ko ginawa, dahil heto na naman, nalulunod na naman ako sa mga tingin niya.

At hindi ako makaahon.

Nagulat ako nang agawin niya ang panyo na sinisingahan ko.

“Blow your nose,” utos niya, nasa tapat na ng ilong ko ang panyo.

Aagawin ko sana ang panyo pero pinalis lang niya ang kamay ko.

“Singa, Leigh.”

I rolled my eyes. Pati sa pagsinga ko, parang hari mag-utos.

Suminga ako. Singa daw eh—bahala siyang mandiri.

Ngunit wala akong mabasa ni katiting na pandidiri sa kanya. Pinisil pa niya ang ilong ko.

Pagkatapos, tumayo siya at iniwas ang aircon ng bus na tumatama sa bunbunan ko.

Naupo ulit siya.

“Sleep a little. Mukha kang bangag sa itsura mo. Gigisingin kita kapag nasa D.U. na tayo.”

Sya na. Siya na talaga ang multong bipolar na nakilala ko.

“Siya lang naman ang multong nakikita mo, gaga.”

Kung kanina, galit na galit siya—ngayon naman, ang lambot ng tingin sa ’kin, para bang alalang-alala.

“Close your eyes, Leigh.” Nanindig yata ang balahibo ko sa paraan ng pagkakasabi niya. Syemay, bakit gano’n? Bakit ang sexy ng pagkabanggit niya sa pangalan ko?

Iyong puso kong hindi na kakaramdam ng takot, nagwawala na naman.

Nang hindi ako pumikit, hinilamos niya ang kamay niya sa mukha ko.

“I said sleep.”

I sighed. Hindi na ako nagmulat ng mata—nagugulo ang bituka ko sa kanya.

Humalukipkip na lang ako.

Dahil siguro sa medyo masama pa ang pakiramdam ko, wala pang ilang minuto, naidlip na ako.

Hindi ko na tuloy naramdaman ang pag-akbay at pagkabig sa ’kin ng nalilitong si Tyrrone.

Ang paghaplos niya sa noo ko para tiyakin kung may lagnat pa ako, ang pagbuntunghininga niya nang masalat na may sinat pa rin ako. Ang paghigpit ng akbay niya para kahit papaano maibsan ang panlalamig ko, pati na rin ang pagbulong niya ng…

“Rest for a while, babe.”

Lahat iyon, hindi ko na naramdaman o narinig—dahil ang ulirat ko, nilamon na ng antok.

~???

8

Nagising ako nang marinig ko ang sigaw na malapit na kami sa Dawnson University.

Nagmulat ako ng mga mata.

Una kong napansin ang tatlong kalalakihan na nakatayo sa bus.

Eh? Bakit nakatayo sila eh may bakante pa dito?

Umayos ako ng upo saka ko lang napansin ang isang braso na nakapatong sa hita ko.

Namula bigla ang pisngi ko ng makilala ko kung sino ang may-ari non.

Sino pa? Eh di ang supladong multo na prenteng-prente na nakasandal at nakapikit.

Natutulog din pala ang mga multo?

Hindi ko alam kung bakit nakadantay pa ang kamay nya sakin.

Pero huwag ka ang puso ko parang tinatambol na naman sa lakas ng tibok.

Lumunok ako, gusto kong alisin ang kamay nya, pero ayaw ko naman maalis ang init na hatid niyon.

"Sige landi pa more Leigh."

Para maalis ang atensyon ko sa agiw na nagsisimula nang kumalat sa aking utak tinanong ko ang isang lalaki na malapit sa upuan ko.

"Ah excuse me po kuya bakit hindi po kayo maupo dito sa tabis ko bakante po naman?"

Tumingin sakin si kuya na napa kamot ng ulo nyang kalbo.

"Naku! Ineng eh may sa maligno yata iyang upuan mo hindi kami makaupo eh, may tumutulak sa amin."

Hanu raw? Maligno? Tumutulak?

Napabalik ang tingin ko sa katabi ko na ngayon ay nakamulat na at deretso lang na nakatingin sa harap, ang kamay nya nakapatong parin sa mga hita ko.

Parang alam ko na kung ano ang nangyari at kung sino ang maligno na tinutukoy ni kuya.

Inilabas ko ang cellphone ko at nagt-type duon.

Bakit ayaw mo magpa-upo?

Pasimple kong kinalabit si Tyrrone at pinabasa sa kanya ang tinayp ko.

As usual salubong ang kilay na binasa nya iyon.

"They're boys." maiksing sagot nya.

Anong klaseng sagot yun.

So.

Type ko ulit.

Sa pagkakataong iyon sakin na bumaling ang tingin nya.

"Anong so? Ikaw na babae ka tatanga-tanga talaga kung di mo napapansin babae ka at lalaki sila paano kung manyak ang makatabi mo, ang hilig mo pang matulog!"

Teka...wait... Hindi ko magets.
Ayaw nyang magpaupo sa tabi ko kasi ayaw nyang mamanyak ako? Ganon ba iyon? Tama ba ang intindi ko?

Lumuwang ang ngiti ko, so nag-aalala sya. Concern sya sakin.

Hindi ko maintindihan pero parang may kung anong humamplos sa puso ko dahil duon.

Concern ka sakin?

Pinabasa ko ulit iyon sa kanya.

Nakita kong natigilan sya, bago tumawa.

"Concern ako? Sayo?" tinignan nya ako umiling pagkatapos tumawa ulit. "Dream on Miss. I'm not concern. You're the only one who can see me, the only person na magagamit ko para mabantayan si Clarissa iyan lang ang concern ko at wala nang iba. Don't think to far."

Aray! Ouch! Ang shaket!

Iyong maluwang kong ngiti unti-unting nawala.

"*Assuming much ka kasi Leigh.*"

"Ah...okay." iyan na lang ang nasabi ko. Napatingin sa bintana at napahawak sa dibdib ko na biglang kumirot.

Bakit ganon, bakit ang sakit?

At dahil nakatalikod ako sa kanya di ko nakita na natigilan ulit si Tyrrone bago lumamlam ang mga mata.

"Ah... Dito na baba na tayo." tumayo ako bigla.

"Manong baba na po kami...ay si ako pala. Para na po!"

Hindi ko pinansin kahit na natabig ko si Tyrrone ng umalis ako.

Hayaan mo sya di naman nasasaktan iyon. He's a freaking ghost.

Syete kang multo ka, ang sakit kaya!

*****
Jonalyn P.o.v

Kanina ko pa pinagmamasdan si Leigh, habang andito kami sa loob ng classroom at naghihintay ng professor, kilala ko ang expression nyang iyan.

Kapag nakita mo sya na walang imik, walang emosyon ang mukha at bored ang itsura may dinidibdib yan.

At sigurado ako na bago matapos ang araw na ito sasabak na naman yan sa kung anong hamon o mga death defying sports.

Fearless Leigh.

Iyan ang bansag nila sa kaibigan ko. Ang hindi lang nila alam kahit ganyan ang kaibigan ko sensitive yan madaling masaktan magaling lang magtago kaya akala nila wala lang sa kanya ang lahat.

Kami lang ng kambal kong si
Eizen ang nakakaalam ng totoong ugali nya.

Pasimple kong sinipa ang bangko nya.

"Leigh pa parlor tayo mamaya." yaya ko sa kanya na sinagot nya ng isang salita. "Okay." bago bumalik sa pagkakatalungko sa mesa at pumikit.

See may problema nga ang bilis pumayag, kung okay yan malamang katakot-takot na tanggihan at pilitan ang mangyayari sa amin.

"Hoy Bruha anong problema mo?"

Binuksan nya ang isang mata at tinignan ako. Pagkatapos ay umiling at pumikit.

"Leigh naman-."

"Ilibre mo na lang ako ng french fries mamaya."

I sighed.
May problema nga.

French fries ang nilalantakan nya kapag nalulungkot sya.

"Okay." saka ko sya nginitian, ngiting nagsasabi na "Na magiging maayos ang lahat."

*****
Leigh P.O.V

Sige lang ako ng lantak sa french fries na hawak ko.

Nasa school ground ako, nakaupo sa damuhan at hinihintay na dumaan si Clarissa.

Pagkatapos akong ilibre ni Jonalyn ng isang large fries umalis na sya dahil may klase pa sya.

French fries, iyan ang kinakain ko kapag masama ang loob ko. Kaya kong umubos kahit ng sampung supot nito ng walang tayuan, walang cheese at asin lang ang nilagay, kung ang iba chocolate at ice cream ang kinakain, ako ito.

Masama ang loob ko sa multong walang concern sakin.

Pero paki ko ba atleast may kaibigan ako na totoong may malasakit.

Speaking of multo.

Ewan ko kung ano ang drama nya.

Mula pa kanina pagkatapos ng eksena namin sa bus, nakatitig lang sya.

Hindi sya nagsasalita, at wala ako sa mood na makipag-usap sa kanya.

Iyon lang naiilang ako sa mga titig nya, ano yan pagkatapos nyang ipahiwatig na wala lang ako sa kanya, na ako'y isang hamak na bodyguard lang ng girlfriend nya, dadaanin nya ko sa titig.

Masaya sya.

Napapitlag ako ng lumapat ang kamay nya sa noo ko.

"May sinat ka pa-." pinalis ko ang kamay.

"I'm fine, stop acting like that, baka mag-assume ulit ako na concern ka." sabi ko.

Gaganyanin na naman ako tapos biglang ipapamukha sakin na hindi sya concern. Tss pa-fall tong multo na ito.

"*Bakit na f-fall ka naman."*

"Hindi! Ba't ako maf-fall sa multong masungit na yan!"

"*Defensive*?"

Nilamukos ko ang pinaglagyan ng french fries na ngayon ay ubos na.

Letsugas malala na ko kinakausap ko na ang sarili ko.

Tinignan ko si Tyrrone.

Matiim parin ang titig sakin.

Inungusan ko sya.

Natanawan ko si Clarissa, kaya tumayo na ako sa pagkakaupo ko at nilapitan sya.

"Hi can we talk?"

Tumingin sya sakin at ngumiti.

"*Tignan mo Leigh sa gandang yan ni Clarissa Sañtanes talagang p-protektahan iyan ni Tyrrone."*

"*Yeah, yeah i know di ako bulag so shut up mind."*

Dapat talaga mahuli ko na ang nakamaskarang yun.

*****

"Are you kidding me? Ikaw magiging bodyguard ko?" takang-takang at hindi makapaniwala na sabi ni Clarissa.

Nasa bakanteng classroom kami at kakasabi ko lang na ako ang bodyguard nya.

"Correction bodyguard, bodyguard mo na ako."

Napailing-iling sya.

"No ayoko! Ayoko kong may bodyguard!"

(=_=)Spoiled brat din pala ito eh.

"No choice ka."

"Pasensya na Leigh ayoko talaga. Ayokong may susunod-sunod sakin. Kakausapin ko si Daddy tungkol dito, pasensya na talaga."

Nagkibit-balikat ako.

"Hindi naman Daddy mo ang naghire sakin."

Bumakas ang pagkalito sa maganda nyang mukha.

"H-hindi si Daddy."

"Oo pumayag man o hindi ang Daddy mo magiging bodyguard mo ako."

"S-sinong?"

Itinaas ko ang kamay ko kung saan nakasuot ang bracelet ni Tyrrone.

"Sya. Ibinilin ka nya sakin."

Nanlaki, pagkatapos ay nangilid ang luha sa mga mata nya.

"K-kay Tyrrone yan bakit---? N-ninakaw mo ba yan?"

Nagulat ako ng mabilis syang makalapit sakin at hablutin ang bracelet at dahil nga kahit anong gawin ay hindi matanggal-tanggal iyon sa kamay ko. Napasama ako sa paghila nya.

Hindi nya inaasahan iyon kaya nawalan kami parehas ng panimbang at natumba.

Mabilis na nakakilos si Tyrrone, bago pa mabagok ang ulo ni Clarissa nasalo na nya ito.
Nakaalalay ang isang kamay nya sa ilalim ng ulo ng babae.

Sa parte ng mga upuan kami bumagsak at sumunod sa amin ang isang kahoy na upuan.

At dahil ako ang nasa ibabaw naglanding ang upuan sa likod ko.

Nahigit ko ang hininga ng makaramdam ako ng sakit sa balikat ko.

"Leigh!" sigaw ni Clarissa at pati narin ni Eizen na nakatayo sa may pintuan ng classroom.

Si Tyrrone nanlalaki ang mga mata na napatingin sakin.

"Wooo ang sakit!" sabi ko na tatayo sana ngunit nakahawak parin ng mahigpit si Clarissa sa bracelet, habang si Tyrrone ay sa isa kong kamay.

Napangiti ako ng mapait.

Hinawakan nya ako para masalo si Clarissa.

"*Anong inaasahan mo na sasaluhin ka din nya?"*

Nakalapit na sa amin si Eizen. Inalalayan nya akong tumayo, matalim ang mga tingin kay Clarissa .

Si Clarissa hindi parin bumibitaw sa bracelet, dahilan para bumaon iyon sa balat ko.

"Ano ba Miss bumitaw ka nga!" inis na sabi ni Eizen na napalitan narin na alalayan si Clarissa.

Nakita kong pumitlag si Clarissa ng magdikit sila ni Eizen at ilang segundo na natulala sya sa kaibigan ko.

Guwapo si Eizen sya iyong tipong rugged looking at hindi ko masisi kung natutulala sya sa kaibigan ko. Habulin at playboy din kaya yan.

Mayamaya natauhan si Clarissa lumayo kay Eizen at tumigas ang mukha.

"Ninakaw ng kaibigan mo ang bracelet ni Tyrrone!" sabi nya kay Eizen kasabay ng paghigpit ng hawak nya sa bracelet, napangiwi ako dahil sa balikat kong iyon tumama ang bangko at sa kada galaw ng kamay nya naaalog ang balikat ko.

"Mag-ingat ka ng pamimintang Miss hindi magnanakaw si Leigh, narinig ko ang pag-uusap nyo kanina, may magnanakaw ba na magb-bodyguard sa taong ninakawan nya."

"P-pero, p-paanong? Nakita kong s-suot yan ni Tyrrone ng u-umalis sya a-at hindi na b-bumalik."

Bumuntunghininga ako.

"Hindi ko alam kung paano i-ipaliwanag ang mga nangyayari. Itong bracelet." inalis ko ang kamay nya at itinaas ko ang braso.

"Gusto ko mang-ibalik hindi ko magagawa, look." at sa pagkagulat nilang tatlo.

Hinila ko ng pagkalakas-lakas ang bracelet, ilang ulit kong ginawa hanggang magsugat at tumulo ang dugo sa braso ko.

"Stop it!"

"Tama na!"

Sabay na sinigaw ni Eizen at Clarissa iyong 'tama na' habang si Tyrrone na sumigaw ng 'stop it' ay lumapit sakin at pinalis ang kamay ko na humihila sa bracelet.

"Are you fucking stupid!" galit nya pang sigaw, hindi ko sya pinansin hinila ko ang kamay ko na hawak nya at deretsong tinignan si Clarissa sa mga mata.
"May mga bagay na hirap akong ipaliwanag, pero isa lang ang masisigurado ko sayo. Itataya ko ang buhay ko maprotektahan lang kita." dumako ang tingin ko kay Tyrrone.

"Narinig mo yun ang buhay ko itataya ko para sa kanya..."

9

"Are you out of your mind!" napangiwi ako sa sigaw na iyon ni Eizen.

Namumula ang mukha nya dahil sa pagkainis sakin.

Eizen Kurt Alonzo. Kahit minsan sunod-sunuran sya sakin, iba parin sya pagnanagalit.

Medyo protective sya sa amin ni Jonalyn. Itinuturing ko syang kuya kahit na nga magka-edad lang kami.

Bibihira iyong mga ganitong pagkakataon na galit na galit sya sa mga desisyon ko.

"Itataya mo ang buhay mo para lang sa kanya?" dagdag pa nya na itinuro si Clarissa, na bumakas ang inis sa mukha habang tinuturo ni Eizen.

"Geez relax Eiz." sabi ko na napaubo. Syete talaga itong ubo na ito.

"Hindi ako nakikipagbiruan Leigh."

Bumahing naman ako.
"Sino bang nakikipagbiruan? I'm serious. Babantayan ko sya at titiyakin na ligtas kahit pa maging kapalit nuon ay ang buhay ko." I said habang kinukoskos ang ilong.

Nagtama ang mga mata namin ni Tyrrone.

"*Siguro naman kuntento ka na?"* iyon ang mensaheng pinaparating ng mga mata ko bago ko inalis ang tingin sa kanya.

"Leigh..."

"Hindi ako pumapayag Leigh." singit ni Clarissa.

"Hindi kaya ng konsensya ko na malalagay ka sa panganib ng dahil lang sakin...sorry hindi ako payag kahit...kahit pa bilin iyon ni T-tyrrone."

Inis kong ginulo ang buhok ko.

"Naman ilan ulit ko bang sasabihin na pumayag ka man o hindi bodyguard mo na ako, na sayo na yun kung gugustuhin mo o hindi, basta ako babantayan kita." binalingan ko si Eizen.

"At ikaw kahit magalit ka dyan at sigawan ako, its final. Ang Kailangan mo lang gawin ay makipagkilala kay Clarissa dahil magiging acquaintance kayo sa mga susunod na araw."

"What do you mean?"

"Kasama kita sa project." sagot ko.

At yes Eizen is D&A too.
Halos sabay kaming pumasok nauna lang ako ng konti.

Walang alam si Jonalyn tungkol duon kahit ang pamilya nya o ang pamilya ko.

Nanlaki ang mga mata nya.

"What pati ako magbabantay sa...sa spoiled na yan!"

Nanliit ang mga mata ko.

Parang may kakaiba kay Eizen di ko lang maisip kung ano.

Tumango ako.

"Yup so Eizen meet Clarissa Santañes ang babantayan mo, Clarissa si Eizen Kurt Alonzo sya ang bodyguard mo kapag wala ako sa paligid-ligid." pagpapakilala ko sa dalawa.

Kinuha ko parehas ang kamay nila at pinagkamay sila.
Napapitlag sila dahil duon.

Dalawang kilay ko ang tumaas sa nakita kong reaksyon nila.

"So Eiz ikaw muna ang bahala sa kanya may aasikasuhin pa ako. I'm serious don't let her out of your sight. Nasa panganib talaga ang buhay nya. Babalik ako kaagad."

Bago pa sila nakapiyok nakalabas na ako ng classroom.

Derederetso akong naglakad.

Patawid na ako ng garden ng may humawak sa kamay ko at pigilan ako.

"Ouch!" nyemas naman kung makahaltak parang wala akong sugat.

Sino pa ang gagawa ganon sakin, kundi ang gwapong multo na walang pakialam sa katawang lupa ko.

"Bakit mo iiwan si Clarissa?"

See wala talagang puso itong multo na'to. Ay mali may puso sya di nga lang natibok kasi nga patay na.

Hinila ko ang kamay ko na hawak nya at hinaplos ang sugat
Ko dun.

"Don't worry, hindi sya papabayaan ni Eizen." sinundan nya ng tingin ang sugat ko na hinihipan ko na ngayon para maibsan ang hapdi.

"Paano ka nakaka-siguradona okay sya, baka-."

"Kahit ganon ang reaksyon nya. Eizen is one of D&A agent na kilala kong magaling at di nagpapabaya sa trabaho, lalo na sa isang kliyente." sagot ko at muli syang tinalikuran.

"At saan ka naman pupunta?" hinaltak na naman nya ako. Ngunit sa pagkakataong iyon ingat na ingat na sya na matabig ang sugat ko.

Sumirsirko na naman ang puso ko dahil ang siste hinapit na naman ako sa bewang at bago pa ako makapalag nililis nya na ang manggas ng suot kong damit. Tinignan ang balikat ko na nabagsakan ng bangko.

Sigurado akong nagpasa iyon ikaw na mabagsakan ewan ko lang, ang sakit parin nga hanggang ngayon.

"Damn!" Narinig kong mura nya. Hinaplos ang paligid ng pasa.

Napaunat naman ako.

"Syete ano na naman ang ginagawa nya?"

Lumayo ako. Inayos ko ang damit ko at tinignan sya ng kunot ang noo.

"Ano na naman?" ang tingin nya nasa kamay ko na may sugat, ang bracelet nya nababalutan na ng dugo ko.

"Magpunta ka sa clinic kailangan matignan iyang balikat at kamay mo."

Buti na lang ako lang ang estudyante sa bahaging iyon ng hardin kung hindi para na naman akong tanga na nakikipag-usap sa hangin.

"Di ko ikamamatay to. And i can protect Clarissa kahit may ganito ako." malamig kong sabi.

"Sira ka ba?"

Sapakin ko na kaya sya nakakainis na eh.

"*Huwag Leigh sayang ang mukha."*

"Tss bahala ka sa buhay mong multo ka." tumalikod ako ulit at tulad kanina pinigilan na naman nya ako.

"Ano ba!" sasapakin ko na talaga di bale ng magalusan, o nagagalusan ba ang multo?

"Saan ka pupunta?" sa puntong iyon madilim at galit na ang mukha nya.

Ngumisi ako.

"Sa heaven bossing sama ka?"

"Leigh!" napapikit ako ng sumigaw sya.

"Naman kailangan sumigaw lalong sumasakit ang ulo ko sayo bossing." pumikit ako at hinilot ang sentido ko.

Si Tyrrone lumambot ang mukha.
Hahaplusin sana ang noo ko, ngunit di nya tinuloy.

"Sa clinic ka." sabi nya na ikinamulat ko.

"Ang kulit ng pes mo bossing. Magkalinawan nga tayo. Babantayan ko ang girlfriend mo, di ba nangako na ako na itataya ko ang buhay ko para sa kanya, at tutuparin ko iyon. Ngayon ang ibang bagay na labas sa pinag-usapan natin, ay di mo na dapat pinapakialaman tulad ng kung saan ako pupunta ngayon. Wala ka na dun at wala din akong paki kahit nakabuntot ka, di ko na problema kung di ka makalayo sakin gets?" after that mabilis ko syang tinalikuran at sa pagkakataong di na nya ako pinigilan.

Nang lingunin ko sya nakatingin lang sya sakin, ang ekpresyon ng mukha nya di ko mabasa.

Tumingin ako sa harap.

"*Tama huwag mo akong pakialaman at hangga't maari huwag kang maging mabait sakin dahil mahirap na...mahirap na kapag nahulog ako ng tuluyan sayo."*

*****

"Fifty thousand ang premyo ano call ka?" tanong sakin ng lalaking nanlalalim ang mga mata na hindi ako sigurado kung dahil kulang sa tulog o sa droga na tinira.

His name is Jack sya ang kontak ko sa mga street fighting na sinasalihan ko, na isa rin sa mga pinagkakakitaan ko.

Payat at mahaba ang buhok ni Jack adik na adik ang tignan, pero kahit ganyan yan di pa ako dinadaya nyan. Takot nya lang sakin. 30-50 hatian namin pumayag na ko sa ganon
marami din kasi syang anak.

"Call." sagot ko.

Nasa Dogpo kami sa may Elves St. ang lugar na ito ang kilalang squatters dito sa Mulawin.

Dito nagkalat ang mga illegal na gawain. Isa na nga ruon ang street fighting.

Sa covered court ng lugar ginaganap ang mga laban at andito nga ako ngayon at hinihintay na magsimula ang laban ko.

I need to do this para maalis ang bigat sa dibdib ko. Nang magampanan ko ng ayos ang trabaho ko.

Lumapit si Jack sa panig ng makakalaban ko.

Sa aking pagkakaalam ang lalaking mamasel na iyon ang makakalaban ko ano nga ang name nya?...Rocky yata, hmmm bagay sa katawan nya.

Mayamaya pa nakita ko na sumenyas si Jack na okay na kaya naman naglakad na ako papuntang ring.

Ngunit di pa ko nakakahakbang naramdaman ko na may isang kamay na mahigpit na humawak sa braso ko.

"Dont you fucking dare!"

Napabuntunghinga ako, kanina ng iwan ko sya sa hardin, hindi ko na sya nakita sa durasyon ng buong byahe ko hanggang sa makarating ako dito.

Akala ko hindi na sya magpapakita buong araw kaya ganon na lang ang gulat ko ng magpakita sya ngayon.

"Bitaw bossing." mahina kong sabi dahil maraming tao sa paligid.

"Uwi na Leigh."

Ugh akala ko naintindihan nya ang mga sinabi ko kanina na huwag na akong pakialaman sa mga gagawin ko.

Pero heto sya ngayon parang bata na inutusan ako na umuwi.

"Hindi pwede." pilit kong hinihila ang braso ko na hawak nya.

"Get out of here Leigh bago kita buhatin!" galit na sabi nya.

"Sira ka ba naka set na ang laban ko. Sa tingin mo ganon na ganon lang na umalis dito. Sigurado na ospital ang abot ko pagpinagtulungan nila akong lahat dito."

Natigilan sya, na sinamantala ko. Hinila ko ang braso ko.

"Mabuti pa bossing manood ka na lang dyan at hintayin na matapos ito." naglakad na ako, nakakatatlong hakbang na ng huminto ako at lumingon sa kanya.

"And please huwag kang makikialam, its my fight." pagkasabi ko nuon dumeretso na ako ng lakad.

Sa ilan taon ko na pagsali at pagtanggap ng hamon sa isang street fight hindi ko parin maiwasan na makaramdam ng excitement kapag nasa ring na ako. Excitement sa mga maaring ipakita ng makakalaban ko. Excitement kung hanggang saan ako aabot.

Nang sumenyas na simulan na ang laban unang sumugod si Rocky nagpakawala sya ng sidekick na sinangga ko.

"Ouch shit!" malakas na mura ko. Nakalimutan ko ang injury ko sa balikat.

Nginisihan ako ni Rocky sa pag-aakalang umaray ako dahil sa sipa nya.

Right hook naman ang binigay nya na nasasangga ko ulit, napasipol naman ako ng tumama iyon sa bracelet at pulsuhan ko na may sugat

"Hindi ko alam na ang sikat na si Fearless Leigh ay mahina." sabi nya habang nakangisi sakin. Gumanti ako ng ngisi.

"Sinong may sabi?" i said kasabay ng isang flying kick.

Napauklo sya ng tumama iyon sa tagiliran nya.

Matalim nya akong tinitigan.

Panay sigawan ang naririnig sa paligid may sumisigaw sa pangalan ko, may sumisigaw sa pangalan ni Rocky, kanya-kanya ng pusta at labas ng pera.

Napaikot ako ng iwasan ko ang flying kick ni Rocky.

At nuon muling nagtama ang mga mata namin ni Tyrrone.

Nakakuyom ang mga kamay nya matalim ang tingin sakin.

"*Galit na naman sya."* at dahil nalibang ako hindi ko nailagan ang sipa ng kalaban ko.

Tumama iyon sa aking tyan .

Napaigik ako at tumalsik.

Sa lubid sana ako tatama ngunit naramdaman ko na may sumalo sakin.

"Finish this soon. Dahil pag hindi mo tinapos agad ito at magpapabugbog ka pa makikialam talaga ako." tumatama ang hininga nya sa tenga ko. Nakapulot ang isang kamay sa bewang ko at nakahawak ang isa sa braso ko.

Ramdam ko ang pagtatayuan ng balahibo ko, dahil ang labi nya halos nakalapat sa tenga ko.

"Finish it Leigh."

Magaan nya akong tinulak para mapapunta ako sa gitna.

Pinilig-pilig ko ang ulo ko.

Kahit kelan distraction itong multo na'to.

Tatapusin? Hindi pa nga ako nag-eenjoy. Tss. Bahala sya.

*****

Tyrrone P.O.V

Kung may dugo lang na lalabas sa mga kamay ko malamang kanina pa nagdurugo ang mga iyon dahil sa madiin kong pagkakakuyom.

Kanina ko parin pinipigilan ang sarili ko na lumapit at hilahin si Leigh pababa ng ring.

Sa bawat suntok at sipa na tumatama sa kanya naroon ang urge na gantihan ko din ng suntok at sipa ang kalaban nya.

At ang babaeng 'to parang gustong-gusto pa na nasasaktan. Nakangiti pa at parang sinasalubong ang mga suntok at sipa na binibigay sa kanya.

May mga pasa na sya sa mukha, may sugat ang gilid ng labi.

Hawak na rin nya ang tagiliran.

"*Finish it Leigh, malapit ng maubos ang pasensya ko*." iyon ang laging ipinaparating ng tingin ko sa bawat pagsasalubong ng mga mata namin.

Heto na naman iyong pakiramdam, pakiramdam na gusto ko syang itago at isilid sa bulsa ko.

Kung hindi ako nagkakamali, gusto ko syang protektahan gusto kong hindi sya nasasaktan, kung saan galing ang mga iyon, fuck it pero di ko alam.

At kanina nang sabihin nya na itataya nya ang buhay nya para kay Clarissa. Nagkaroon ako ng pagnanais na iurong ang usapan namin.

Biglang nagflash sa utak ko ang anyo nya nakabulagta at wala ng buhay.

"*Stop it Tyrrone! Kung ano-ano ang iniisip mo! Walang mamatay, at si Clarissa magiging ligtas rin sya. Kailangan mo si Leigh para maprotektahan si Clarissa yun lang ang dapat mong isipin."*

Pero bakit? Bakit ganito ang nararamdaman ko sa kanya?

Bumagsak si Leigh ng tamaan ito ng sidekick ni Rocky.

Hindi ko na napigilan na lumapit sa kanya.

Nalilito man o hindi, isa lang ang alam ko. Ayaw kong nasasaktan ang babaeng ito!

"H-huwag kang lalapit."

Napahinto ako ng magsalita sya.

Kahit hirap na hirap bumangon sya.

"K-kaya ko to." then she smiled.

Imposible mang mangyari ang puso ko biglang tumibok. Habang tinitigan ko ang may sugat, pawisan at may pasa nyang mukha. Habang nililipad ang magulo nyang buhok. Ang puso ko biglang dumagundong.

Una mabagal hanggang sa bumilis ng bumilis ng bumilis.

Umawang ang labi ko. Nanginig ang buong katawan ko.

"What is this? What the fucking meaning of this!"

****
H/N

Maikli ang Chapter na ito ay maikli.

Sensya na wala sa plano ko na mag~UD ngayon pero dahil ang mga eksenang ito ay paikot-ikot sa utak ko eh sinulat ko na.

Please do vote and comment gusto kong malaman ang masasabi nyo sa story kong to:-)

Thanks

10

Leigh P.O.V

Masayang sinilid ko ang perang napanalunan ko sa aking bag.

Kahit masakit ang katawan at may sugat at pasa sulit narin atleast nanalo ako.

Isinampay ko ang bag ko sa balikat ko at hindi ko maiwasan na mapangiwi ng makaramdam ng sakit duon.

Actually buong katawan ko ang masakit. Ultimo mga kamao ko, ang tigas naman kasi ng katawan ng Rocky na yun. Ang lakas pang sumipa at sumuntok.
Ouch! May bali yata ang tadyang ko.

Iika-ika akong naglakad palabas.

Hinanap ko si Tyrrone pero di ko sya makita.

"*San na kaya iyong multo na yun*?"

Huli ko syang nakita ng akto syang lalapit kanina ng lumalaban ako.

After nun di na sya nagparamdam.

Umiling-iling ako. Bahala sya.

Bumalik ulit ako ng D.U, sa study area ko natagpuan sina Eizen at Clarissa.

Papalapit pa lang ako ramdam ko na ang tensyon sa paligid nila.

Anong problema ng dalawang 'to?

"San ang lamay at parehas sambakol yang mukha nyo?" pambungad ko ng makalapit ako sa kanila.

Sabay silang nagtaas ng tingin sakin ngunit unang nagsalita si Eizen.

"Anong nangyari sayo?" tukoy nya sa mga sugat at pasa ko sa mukha.

Kibit-balikat ang sagot ko sa tanong nya.

"Wala bang kakaibang nangyari?" tanong ko na naupo sa tabi ni Eizen.

Pumormal ang mukha ni Eizen.

May kinuha sya sa bag nya at inabot sakit.

Its a death threat note.

Kulay itim na colored iyon at ginupit na letra ng magazine ang ginamit para makabuo ng salita.

Give the Memory Card or You'll Die!!!!

Kumunot ang noo ko.

Anong memory card? Iyong nakamaskara kailangan ng memory card?

Pero hindi eh kung sya ang nanghihingi ng memory card dapat si Clarissa kagad ang pinuntirya nya. At base sa file ng nakamaskara serial killing ang ginagawa nya may history pa ito ng pagpatay years ago. No hindi galing sa nakamaskara ito.

So kanino galing ang notes?

At anong memory card ang hinihingi?

Ay kakainis naman ang sakit sa ulo.

Binalingan ko si Eizen.

"Saan nyo nakuha to?"

"Sa bintana ng kotse nya nakatupi duon."

"Na check mo na iyong CCTV?"

Tumango sya. "Oo pero wala kaming nakita may deleted na part."

"Deleted ibig sabihin..."

"Oo, kung sino man ang nag-iwan ng note may Access sa D.U o pag hindi malaki ang impluwensya dahil halos lahat ng CCTV na nakapaligid sa parking lot na edit na."

Napaisip ako.

"Naiintindihan mo ba iyong nakasulat dito?" tanong ko kay Clarissa.

Umiling sya. "Hindi, kanina ko pa iniisip kung ano ang memory card na tinutukoy dyan. Wala, walang sense, di ko maintindihan."

"Memory card, pinagbabantaan ka dahil sa memory card. Iyong memory card may laman na mahalagang bagay wala bang file dyan sa memory card mo na kakaiba."

"Wala music video at songs lang ang laman nito. Bago lang dahil nasira iyong dati kong card. Saka anong file sa memory card ko ang hahabulin ng nakamaskarang iyon!"

Sa buong durasyon ng pag-uusap naming tatlo halos magbulungan na kami para walang makarinig, ngunit sa tindi yata ng nararamdamang takot naisagaw nya ang huling apat na salita.

"Pwede bang hinaan mo ang boses mo o gusto mong i-announce sa lahat ang nangyayari sayo!" Galit na sabi ni Eizen dito.

"S-sorry n-natatakot lang naman-." nangilid ang luha sa mga mata ni Clarissa hindi nya na natapos ang sinasabi at napayuko nalang.

Nakitang kong lumamlam ang mata ni Eizen bago tumigas ulit ang mukha.

"Walang mangyayari dyan sa takot mo Miss. At kung hindi pa pumapasok dyan sa isip mo hindi lang ang nakamaskara ang nagtatangka sayo meron pang iba!"

May kakaiba talaga dito kay Eizen usually mabait yan sa kliyente at isa rin sya sa mahinahong tao na nakilala ko na bibihirang magalit.

Pero ngayong araw higit dalawang beses na nyang sinisigawan si Clarissa.

"*Kung tama ang hinala ko, malas mo Par ,may boyfriend na yan, multo nga lang pero andito parin sa paligid-ligid.*"

"M-may iba p-pang gustong p-patayin ako." sindak na sabi ni Clarissa bago tuluyang mamutla.

"Hey...hey wait lang wag kang magpanic." awat ko. " Sinabi ko na kanina di ba, I'm your bodyguard dadaan muna sila sakin bago kanila makanti. Sa amin ni Eizen. So calm yourself at wag kang magpanic okay, kami ang bahala sayo, di ba Eiz."

"Tss." iyon lang ang sagot ni Eizen, na umiwas ng tingin kay Clarissa.

"S-salamat."

"Huwag ka munang magpasalamat nasa panganib parin ang buhay mo. Oh pati rin ang buhay namin ni Leigh. Sana isaalang-alang mo bago ka gumawa ng mga hakbang na di pinag-iisipan o bago mo kami takasan." tumayo si Eizen tinignan ako. "Ikaw na ang maghatid sa kanya, pinagr-report ako ni A." humalik sya sa noo ko at umalis ng di man lang nililingon si Clarissa.
"Ang init ng ulo ni Eizen." nasabi ko habang pinagmamasdan ang likod nya.

"K-kasalanan ko." mahinang sabi ni Clarissa.

"Huh?" tinignan ko sya

"Kanina t-tatlong beses akong n-nagtangkang tumakas s-sa kanya."

Eh kaya naman pala eh.

"Ah okay." sabi ko na lang.

"S-sorry."

Ngumiti ako ng matamis.

"Okay lang yan. Natural na reaksyon yan ng taong hindi gustong may umaali-aligid sa kanila."

"L-leigh..."

"May klase ka pa ba?"

Umiling sya.

"Pupuntahan?"

Iling ulit.

"Good then uuwi na tayo?"

Matipid na ngumiti ito at tumango.

Tinulungan ko sya na maglipit ng mga gamit nyang nasa mesa bago kami lumakad papuntang sasakyan.

"Okay ka lang ba Leigh?"

Binabagtas na namin ang Crimson Road papuntang Green Village. Mag-aalasais na ng gabi at nagsisimula na akong makaramdam ng pagod at panlalata, panay na nga ang hikab ko eh.

"What do you mean?" tanong ko.

"Iyang mga sugat at pasa mo hindi ba nasakit?" itinuro pa niya ang mukha ko.

"Nasakit."

"Nasakit, eh bakit di mo ginagamot?" gulat na tanong niya.

"Natitiis ko naman." simpleng sagot nya.

"Ang weird mo."

Tumawa ako." Sabi nga nila."

"Ah... okay ba na may itanong pa ako?"

"Nagtatanong ka na Clarissa. Anyway fire away." sabi ko.

Hinintay ko kung ano ang itatanong nya, pero nagp-pokus ako sa ingay na nahuli ng tenga ko.

"Kaya ka ba binansagan na Fearless Leigh kasi hindi ka nakakaramdan ng takot?"

Saan nanggagaling ang ingay na yun?

"Yeah." sagot ko sa tanong nya.

"Really! As in ever? Pero anong nararamdaman mo kapag haharap ka sa hamon o kaya sa mga misyon mo o kapag sumasali ka sa mga palaro?"

Sa Tres Wood. Sa kagubatan nanggagaling ang ingay na palakas na ng palakas.

"Excitement." sagot ko ulit na inabot ang bag ko at inilabas ang jacket na kinuha ko sa DQ kanina.

Inabot ko kay Clarissa iyon.

"Ganon, talagang nae-excite ka imbes na matakot." hindi makapaniwalang sabi nya."Anong gagawin ko dito?" kinuha nya ang jacket.

"Wear it."

"Bakit? Hindi naman ako nilalamig?" takang tanong nya.

"Bulletproof yan isuot mo na."

Papalapit na ang tunog.

"Bulletproof? Pero bakit-ahhhh!"
Napatili sya ng biglang may sumulpot na limang big bike sa magkabilang gilid nang sasakyan namin at nagpaulan ng bala.

Kung ano ang lakas ng tili at takot sa mukha ni Clarissa. Iyon naman ang kinatahimik at kinakalmado ko.

Yumuyuko ako para di tamaan ng bala.

Naramdaman ko ang pagkasugat ng mukha ko ng tamaan iyon ng nabasag na salamin ng bintana.

May palagay ako na tinatakot lang kami ng mga naka motor.

Hindi kasi kami pinapatamaan gayong sa maikling distansya na iyon, mabilis lang kaming puntiryahin.

"Leigh!" naramdaman ko ang pagkapit nya sa tagiliran ko.

"Yuko lang Clarissa."

Naghanap ako ng pwedeng lusutan para makalagpas kami sa mga motorsiklo na nakapalibot na sa sasakyan ni Clarissa.

Ngunit wala yata silang balak na palusutin kami.

Naramdaman ko ang pagputok ng dalawang gulong ng sasakyan namin sa harapan.

Nawalan ako ng kontrol sa manibela at gumiya ang sasakya papasok ng kagubatan.

"Ahhhh!" si Clarissa.

"Protect her." sabi ko.

Bago pa kami bumangga sa puno ng mangga nakita ko ang pagsulpot ni Tyrrone sa backseat ng sasakyan.

Nakita ko kung paano nya niyakap si Clarissa para di ito masaktan.

Naramdaman ko rin ang paghawak nya sa balikat ko para magawa iyon.

Malakas na ingay ang narinig ko kasabay ng bahagyang pagkirot sa kaliwang bahagi ng aking noo.

Hinanda ko na ang sarili ko sa matindang sakit, kaya nagtaka ako kung bakit bahagyang kirot lang ang nadama ko.

Nang imulat ko ang mga mata ko. Sumalubong sakin ang kaliwang kamay ni Tyrrone na nakaalalay sa noo ko.

Habang ang isa nyang kamay nakayakap kay Clarissa na nakapikit at nanginginig pa.

Nagtama ang mga mata namin ni Tyrrone.

Nag-iwas ako ng tingin at pinalis ang kamay nya.

"Okay ka lang." tsinek ko ang ulo at noo nya kung may sugat pati narin ang katawan nya.

"L-leigh."

"May masakit ba sayo?"

Nagmulat sya ng mga mata at umiling.

"Oh my God Leigh nandurugo ang noo mo!" gulantang na sabi niya ng makita ang noo ko.

"Okay lang ako."

Napatili ulit si Clarissa ng lumapit ang isa sa mga lalaking nakasakay sa motor at kalampagin ang pinto ng backseat.

"Bumaba kayo." utos nito

"Leigh." napahawak sa kamay ko sa kamay si Clarissa dahil sa takot.

"Shh... Bababa tayo pero sa likod kita, naiintindihan mo. Kapag hindi ko pinisil ang kamay mo hindi ka sasagot sa mga tanong nila. Maliwanag ba."
Nanginginig na tumango ito.

Bahagya akong nakaramdam ng pagkahilo ng kumilos ako para bumaba, resulta siguro ng pagkakauntog ko.

May humawak sa magkabilang braso ko para pigilan ako na matumba.

Sa pamilyar na pagtibok ng puso ko alam ko nang si Tyrrone iyon.

Tinanguan ko lang sya bilang pasasalamat bago ko pinagpatuloy ang pagbaba.

*****
"Nasaan ang memory card?" bungad na tanong ng nakamotor na may pulang helmet.

Nakababa na sila sa mga motor nila at nasa harapan namin ni Clarissa. Tulad ng utos ko nasa likod ko lang sya.

Si Tyrrone nasa tabi ni Clarissa. Tinangka nyang pumuwesto sa harap ko ngunit tinulak ko sya.

Hindi makasagot si Clarissa dahil hindi ko naman pinisil ang kamay nya.

Tumawa ako.

"Anong tinatawa-tawa mo?" sigaw sakin ng isang pang nakahelmet, Kulay yellow ang suot nya. Nang hindi ako tumigil sa kakatawa tinutukan na nya ako ng baril.

"Shit stop laughing!" galit na saway ni Tyrrone.

"Hindi ka ba titigil sa kakatawa mo. Pag ako napikon sayong babae ka papasabugin ko iyang bungo mo."

"Hahaha s-sorry. Natatawa lang ako sa mga kulay ng helmet nyo.
Red, green, blue, yellow at pink. Go go Power Ranger ang peg." sabi ko na natatawa pa.

"Pinagloloko mo ba kami." Si Green ang nagsalita.

"Hindi. Pero kung pakiramdam mo nalololoko ka, pwede rin." nang-aasar na sabi ko.

Kinasa ni Yellow ang baril lumapit sakin at idinikit ang dulo ng baril sa noo ko.

Anak ng tokneneng, kailangan talagang sa sugat ko idikit!

"Huwag kang mang-inis Miss pwede ka naming patayin dito ngayon."

"Shoot me then." hamon ko na kinagulat ni Yellow man. Natatawa talaga ako sa itsura nilang parang Power Ranger. Sa pagnanais nila na itago ang mukha samin hindi talaga nila inalis ang suot na helmet.

"Sira ka gusto mong barilin kita?" Di makapaniwalang sabi ni Yellow man.

"That's enough. Huwag ka nang makipaglaro, may pakay tayo dito huwag mong kalimutan." singit ni Blue na tinutukan ng baril si Clarissa.

Hindi ko na pinagkaabalahang iharang ang sarili ko dahil sa gawing iyon naka-pwesto si Tyrrone.

"Nasaan ang memory card?" tanong ni Blue.

"Anong memory card ba ang hinahanap nyo?" ganting tanong ko.

"Tumahimik ka hindi ikaw ang tinatanong."

Malapit ko nang masipa itong yellow man na 'to konti na lang.

Idinutdot nya kasi ang baril sa noo ko.

"Nasaan ang memory card, Clarissa Santañes?" si Pink man ang nag-ulit ng tanong.

Pinisil ko ang kamay ni Clarissa.

"H-hindi ko maintindihan a-anong memory card ba ang s-sinasabi nyo?"

"Huwag ka nang magmaang-maangan pa ibibigay mo sa amin ang memory card o papatayin ka namin." may halong pagbabanta na sabi ni Red man.

"Ang init ng ulo nyo. Memory card ba? Marami ako dito ilan ang kailangan nyo?"

Naiinis na yata ng tuluyan si Yellow Man sa akin.

Kumilos ako, nang kumilos ang kamay nya na may hawak na baril para ihampas sa akin.

Si Tyrrone kumilos para pigilan ang lalaki.

Sinabayan ko ang pagkilos ng kamay nya.

Sabay naming napigilan si Yellow man.

Pinilipit ko ang kamay nito.

Napasigaw si Yellow man sa sakit at halos mapaluhod.

Aba dalawang kamay ba naman ang pumilipit sa kamay mo ewan ko lang kung di ka mamilipit.

Naagaw ko sa kanya ang baril.

"Pikit Clarissa." utos ko.

Una kong pinaputukan si Pink man tumalsik ang hawak na baril nito. Sunod si Green, Blue pagkatapos ay si Red.

"S-sino ka ba?" gulat na tanong ni Blue man.

"Bodyguard nya." itinuro ko si Clarissa.

Si Yellow man hawak ko parin ang kamay at pinanghaharang ang katawan nya sa katawan ko.

"B-bodyguard?"

Tumawa bigla si Red man. "Sa tingin mo matatalo kami ng isang babae lang.

Ngumisi ako.

"Gusto mong subukan?"

Sasagot pa sana si Red man sakin ngunit isang punyal ang lumipad patungo sa kanya at bumaon sa kanyang dibdib.

Nangingisay na bumagsak sya sa lupa.

"Tangna sino yun!"mura ni Pink man na inilibot ang tingin sa paligid.

Sunod na lumipad ay isang palakol na pumutol sa kamay niya.

"Ahhh." nagsisigaw na natumba si Pink man sa lupa.

Binitawan ko si Yellow man at mabilis na tinakpan ko ang mga mata ni Clarissa ng aktong magmumulat sya.

"Don't look kung gusto mo pang matulog ng mahimbing mamaya.

Isang gunting naman ang lumipad kay Green man na tumama sa tyan niya.

"Sino ka? Huwag kang duwag magpakita ka samin!" sigaw ni Blue.

"Ang laruan ko ibalik nyo." mula sa makapal na halaman lumabas ang nakamaskara. Hawak-hawak ang isang kalaykay sa isang kamay habang martilyo naman sa kabila.

"L-leigh?" lalong natakot si Clarissa ng makilala ang tinig ng dumating.

"Shh. Be ready kapag sinabi kong takbo, takbo okay?" tumango sya.

Biglang inagaw ni Yellow man ang baril sakin.

"Huwag kang lalapit kung hindi babarilin kita!" banta nya, ngunit ang nakamaskara patuloy parin na lumapit.

Kitang-kita ko ng barilin nya ito at tamaan sa balikat na hindi nito ininda.

Patuloy lang ito sa paglapit.

Sunod-sunod na nagpaputok si Yellow man ngunit nanatili parin na naglalakad ang nakamaskara.

Takbo!" sigaw ko kasabay ng pagtama sa ulo ni Yellow man ng martilyo.

Halos makaladkad ko si Clarissa.

Habang papalayo kami rinig na rinig ko ang sigawan nila.

Si Clarissa umiiyak na.

"Takbo lang Clarissa."

Narinig ko ang mga yabag na sumusunod sa amin.

Derederetso lang kami ng takbo. Hanggang sa makarinig muli ako ng ingay mula sa isang motorsiklo.

"Leigh!" sigaw ni Eizen na nakasakay duon.

Hindi na ko huminto, hinawakan ko lang ng mahigpit si Clarissa at giniya sya papalapit kay Eizen na hinapit sya sa bewang at mabilis na naisakay sa motor.

"Go!" sabi ko na sinenyasan si Eizen na iwan na ko.

"Ililigaw ko sya."

Hindi ko na binigyan ng pagkakataon na tumutol si Eizen dahil lumiko na ako sa isang pakurbang daan, sinadya kong ingayan ang pagtakbo para ako ang sundan ng nakamaskara, na nangyari naman.

Ang kaso lang hindi ko napansin na nasa bungad na ako ng bangin.

Bago pa ako makahinto nadulas na ako at dumeretso pababa.

Hindi ako sumigaw, walang kahit na anong ekspresyon ang aking mukha, pumikit lang ako at hinintay na tumama ang katawan ko sa tubig dagat...

*****

H/N

Ellow. Hahaha ang chapter na ito ay bunga ng pagkatagal-tagal na trapik o di ba sa tagal nakatapos ako ng isang chapter.;-)

Anyway thanks sa read and please do vote and comment.

Take care:-)

11

Naramdaman ko ang pagbulusok ko pababa pagkatapos ay ang sakit ng tumama ang katawan ko sa dagat. Ang pagpasok ng tubig sa ilong ko at ang pagkahilam ng aking mga mata.

I tried to swim. Pilit kong inaangat ang sarili ko paahon.

Ngunit masyadong malakas ang dagat. Kada-kampay ko imbes na paahon eh pailalim pa ang nangyayari.

I closed my eyes nang makaramdam ako ng pagod. Hinayaan ko nalamunin ako ng dagat.

Walang takot sa aking mukha. Hindi ako nakararamdam ng takot bagkus tinanong ko pa ang sarili ko.

Magiging multo din ba ako tulad ni Tyrrone?

Then nakaramdam ako ng paninikip ng dibdib, hinanda ko na ang sarili ko para sa huling matubig na hininga na gagawin ko.

As i opened my mouth to take my last breath, naramdam ko ang pagyakap ng mga braso sa aking katawan. Pati ang paglapat ng malambot na bagay sa aking mga labi.

Kahit nahihilam, nagmulat ako ng mga mata.

At nakita ko sya...

... Si Tyrrone.

Hinahalikan ako!

"*Tanga! Binibigyan ka nya ng hangin gaga, landi talaga Leigh."*

Nagbibigay ng hangin o humahalik isa lang ang epekto nuon sa akin. Nakakabilis ng tibok ng puso at nakakapanginig ng laman.

Unti-unti nang nagdidilim ang paningin ko. Huli na yata ang pagbibigay nya ng hangin.

At least kahit na mamatay ako iyong masarap na halik nya ang huli kong naramdaman.

Dahil duon isang ngiti ang sumilay sa namumutla kong mga labi.

*****

"Fuck it open your eyes!"

"I said open your eyes Leigh!" Kasabay ng pagkarinig ko sa mga salitang iyon ay ang pagdiin ng ilang

beses sa dibdib ko, pagkatapos ay ang muling paglapat ng mainit at malambot na bagay na iyon sa aking mga labi.

Hindi ko pa na nanamnam ang mga labing iyon na nakalapat sa mga labi ko, naramdaman ko na ang sakit ng paragasa ng hangin sa aking baga.

Napaupo ako mula sa pagkakahiga sa puting-puting buhangin ng tabing dagat at sunod-sunod na inihit ng ubo.

"Leigh."

Hindi ko pinansin ang tumatawag sa pangalan ko.

Pisti ang sakit sa lungs ng tubig.

"Look at me."

Hindi ko parin pinansin.

Hanggang sa naramdaman ko ang pagsalikop ng isang pares na mainit na palad sa magkabila kong pisngi at iginiya ang mukha ko paharap sa kanya.

"I said look at me."

Hindi ko maintindihan kung bakit ganon ang ekspresyon ng gwapong multo.

Ang mukha nya kasi punong-puno ng takot at nang magtama ang mga mata namin nabasa ko ang relief duon, kung para saan hindi ko alam.

Saka ko lang din napansin na basa sya, tulad ko.

"B-bossing nagswimming ka?" paos na tanong ko.

Ang sakit ng lalamunan ko!

Hindi nya parin inaalis ang kamay sa mukha ko at hindi nya rin sinagot ang tanong ko, nakatitig lang sya sa aking mukha .

"H-hoy Bossing a-ano bang nangyayari sayo?"

Aalisin ko sana ang kamay nya nang bigla nya akong kabigin payakap.
Iyong tipong sobrang higpit at halos mabali na ang buto ko.

Tumayo ang balahibo ko sa batok nang lumapat ang labi nya sa gilid ng aking leeg.

Ang puso kong saglit na huminto at tumibok ulit kanina, ay nagrigodon naman ngayon.

Bakit ganon?

Bakit ang sarap ng pakiramdam ko habang yakap nya?

Iyong pagod at pagal kong katawan parang gusto kong ipahinga habang nakayakap sya ng ganito sa

akin.

"H-hoy Bossing napapano ka ba?" pilit akong lumalayo sa kanya.

Baka kasi bumigay ako, mahirap na may mahal syang iba.

Lumayo naman sya, pero mas nawindang ako sa sunod nyang ginawa.

Hinalikan nya ko!

Hindi na iyong tulad kanina na nagbibigay ng hangin.

Iyong talagang halik na.
Gumagalaw ang mga labi niya, nipping my lower lip, tasting me.

Mula sa magaan na halik padiin ng padiin iyon. Hanggang sa buksan ko ang labi ko para papasukin ang dila nyang nangungulit.

I moaned when he grazed my teeth. Napasampay ang mga kamay ko sa batok nya when he played my tongue with his.

Humigpit ang hapit nya sa akin, kahit na halos pangapusan na ako ng hininga ayaw kong tumigil, gusto ko ang pakiramdam na nasa loob ng mga bisig nya, na hinahalikan nya.

Isang kagat sa upper lip ko ang ginawa nya bago dahan-dahan na lumayo ang labi nya sa akin.

Habol ko ang hininga habang nakatingin sa kanya.

Tinitigan nya ako ng matiim.

"B-bossing..." tawag ko nang magsimulang magdilim ang paningin ko.

"I-i think hihimatayin ako." after i said that tuluyan nang nilamon ng dilim ang kamalayan ko.

*****

Amoy alcohol iyan ang unang pumasok sa isip ko nang magkamalay ako, at nang magmulat ako ng mga mata puting kisame ang sumalubong sakin.

Hospital.

Nasa hospital ako.

"Gising ka na pala." sabi ng babaeng nakatayo sa gilid ng bintana.

"G-gela."

Angela Fuentebella Santiago beautiful and sexy as ever sa suot na asul na t-shirt at cargo shorts.

Nakahalukipkip sya at nakakunot ang noo.

"*Syemay ayaw pala nya sa hospital, lagot ako nito."*

"Hehe h-hi Gela." pinilit kong maupo kahit na nga nahihilo at masakit ang katawan ko.

Lumapit sya at tinulungan ako.

After nun binatukan nya ako.

"Ouch!"

"Ang pakikipag street fight pagkatapos lagnatin ay isang katangahan, at ang tumalon sa bangin na bugbog sarado at may sugat para lang magswimming ay kabobohan, hindi ka ba nag-iisip Leigh."

Ang sakit! Ang hard talaga nyang magsalita.

"Ikaw naman Gela, bobo at tanga kaagad, di ba pwedeng nainip lang at nadulas."

Tinignan nya ako ng matalim.

"Alam mong ayokong nasa hospital." that's true kung may pinaka-hate na lugar ang leader namin iyon ay ang lugar na ito.

"Sorry Gela, medyo minalas lang." sabi ko na napakamot sa ulo.

"Huwag mong iparinig ang salitang iyan kay Yna kung ayaw mong masermunan ng mas mahaba." sabi nya na ang tinutukoy ay ang isang miyembro namin na ayaw sa salitang malas at adik sa paruparo.

"Wala naman sya." sagot ko.

Tinignan nya ako.

"Sa susunod na papuntahin mo pa ako ulit sa ganitong lugar. Sa disciplinary room kita i-c-confine is that clear Leigh?"

Imbes na matakot sa banta nya natuwa pa nga ako. Aba ang D room ang lugar na paborito ko sa DQ.

Saka kahit ganyan magsalita si Angela, alam kong ang ibig nyang sabihin ay mag-ingat ako sa susunod.

"Yes A." as i said that bumukas ang pinto at pumasok ang tatlong makukulit ngunit cute na mga bata sa buong mundo.

"Babies." tuwang-tuwang sabi ko sabay ubo.

"Tita Leigh!"

Tumawa ako sa pagitan ng pag-ubo nang nagkanya-kanya sila ng takbo at akyat sa kama ko.

Hindi ko ininda ang sakit ng sabay-sabay nila akong yakapin.

"Kids stop that nasasaktan si Tita Leigh nyo." sabi ni Dylan na kasunod na pumasok ng mga bata.

Yumakap sya kay Gela habang pinagmamasdan kami.

"Sorry po Tita." sabay-sabay na sabi ng tatlo. At kung gaano kabilis na nakaakyat ang mga ito ganon din sila kabilis na nakababa.

Nangalumbaba silang tatlo sa gilid ng kama ko.

Ang c-cute talaga.

"Okay na po kayo Tita?" tanong ni Vlue.

"Yes baby di ba ako si superman, kaya madali akong maging okay."

"Tita superman is a man and you're a woman dapat wonderwoman po." pagtatama sa akin ni Dyke.

"Ay oo nga mali si Tita sorry. Hehehe."

Hindi ko natiis ang cuteness nila pinaghahalikan at pinanggigilan ko sila.

Tawa naman sila ng tawa. Kung hindi pa ako napa-aray hindi pa kami titigil sa pagkukulitan.

"Tita asan na po si Kuya ghost?"

Natigilan ako sa tanong na iyon ni Ysa.

Isang alaala ang biglang pumasok sa isip ko ng marinig ko ang salitang ghost.

Nag-init ang pisngi ko bigla.

"Ha eh h-hindi ko alam baby eh." dahil kay Ysa ako nakatingin hindi ko nakita ang reaksyon ni Angela.

Tumaas ang isang kilay niya ng mapansin ang pamumula ko. Pagkatapos tinignan nya si Dylan na nakayakap sa kanya mula sa likod at nakasubsob sa kanyang leeg.

"What are you thinking Anghel ko?" tanong ni Dylan. Kilalang-kilala nito ang asawa alam nito kapag ganon ang ekspresyon nya may naiisip sya.

Humarap si Angela rito at ngumiti, mabilis na hinalikan sa labi ang asawa.

"Later Ylan ko. Later."

"Nakita ko sya dito Tita. Nakaupo lang sya dyan sa gilid ng kama mo, tinititigan ka po habang tulog ka."

"Ha?"

Hindi yata maprocess ng utak ko ang narinig ko sa batang ito.

"Babies uwi na tayo para makapagpahinga na si Tita Leigh." sabi ni Dylan na napansin na din ang reaksyon nya.

Muling umakyat sa kama ko ang mga bata para humalik.

"Bye Tita Leigh." sabay ulit na sabi ng mga ito. Nakahawak na si Ysa at Vlue kay Dylan habang si Dyke ay kay Angela.

"Bye Babies."

"Okay ka lang ba na mag-isa rito?" tanong ni Angela sakin.

Nagkibit-balikat ako.

"Okay lang, kapag nainip ako uuwi ako."

Kumunot ang noo nya. Pero tumango lang.

Hindi ako mapagsabihan kasi relate sya. Malala pa nga ang ginagawa nya kesa sakin atleast ako kayang mag-stay sa hospital, sya tumatakas.

"Bye Leigh." paalam ni Dylan.

"Bye Ingat kayo."

*****

Bumuntung hininga ako ng umalis sila.

Pumikit.

Syete totoo ba yung nangyari bago ako mawalan ng malay?

Iyong halik?

Totoo ba?

Nakaramdam ako ng pamimigat ng pantog kaya nagmulat ako ng mga mata.

Bumaba ako ng kama.

Hindi ko natantiya ang lakas ko, dahil ng tumayo ako bumigay ang aking tuhod dahil sa panlalambot.

"Ay anak ng kalabaw!" bago pa ako matumba may umalalay at pumangko na sa akin.

"Tanga ka talaga!" singhal sa akin ni Tyrrone.

Iyong pisngi ko nakalapat sa dibdib nya dahil halos isiksik nya ako sa katawan nya at ang isa kong kamay ay napahawak sa balikat nya.

"T-tyrrone?"

"Bakit ka tumayo alam mong mahina ka pa, tanga-tanga ka talaga."

"Wow ha quota na ko sa word na yan. Tanga-tanga kaagad, di ba pwedeng tumayo lang kasi naiihi na." kaloka, ako na lang lagi ang tanga, ayos ah.

Isang matalim na tingin ang binigay nya sakin. Bago sya naglakad papuntang banyo.

Pumasok sya ruon at binaba ako.

"Katangahan yun, pwede ka naman na humingi ng tulong." galit na sabi nya bago ako iniwan.

"*Tss wala panaginip ko lang iyong halik, ang sungit parin ng supladong multo eh."*

Paglabas ko nasa tapat sya ng pinto at bago pa ako makapiyok pinangko nya ako ulit.

"A-ano ba kaya ko na-."

"Shut-up." singhal nya ulit kaya wala akong nagawa kundi hayaan na lang sya.

Binaba nya ako sa kama, inayos, hiniga at kinumutan.

Windang na naman ang isip ko.

Bakit ganito naman sya ngayon?

Naguguluhan ako? Kanina galit ngayon maasikaso.

Inayos nya pa ang kumot ko.

Tumikhim ako. Bumalik kasi sa isip ko ang nangyaring halik kanina.

"Ah... Si Clarissa?"

"Nasa bahay na. Binabantayan ni Eizen."

Tumango-tango ako.

Naupo sya sa upuan na nasa gilid ng kama.

Syemay naiilang ako.

Paano nakatitig sya sakin.

Nang tumaas ang kamay nya para haplusin ang sugat ko sa kanang pisngi ko, nagsimula na naman na magtriple ang tibok ng puso ko.

"Hindi bagay sa mukha mo ang ganito." mahinang sabi nya.

Lumapit ang mukha nya sa mukha ko.

Malapit na malapit iyong tipong halos maduling ako.

"Sa susunod na may makita pa akong sugat dyan paparusahan kita."

Eh? Paparusahan, ako?

Kapag nagkasugat ako sa mukha ko, paparusahan nya ko? Bakit? At anong parusa?

"Nagkakaintindihan ba tayo Leigh?"

"B-bakit?"

Nabigla ako ng kabigin nya ako sa batok at mariin akong hinalikan. Kinagat nya ulit ang pang-itaas na labi ko. Hindi naman madiin para lang na gusto nyang damhin iyon.

"Ayoko ng maraming tanong basta pagnakita ko na may sugat ka ulit paparusahan kita, is that clear?" tanong nya ulit ng lumayo.

Awang ang mga labi na tumango ako.

"Good now sleep. Bukas natin pag-usapan kung sino ang mga taong iyon na sumugod sa inyo." inayos nya ulit ang pagkakahiga ko.

Hindi ako pumikit nakatingin lang sa kanya.

"I said sleep." inihilamos nya ang palad nya sa mukha ko kaya napapikit ako.

Hindi na ako nagmulat.

Nalito ako bigla sa inaasal nya at saka....bakit ba sya nanghahalik?

Nakatulugan ko na ang mga tanong na iyan sa isip ko.

Pero kahit na marami akong tanong nakakagulat na mahimbing parin ang naging tulog ko.

Lalo na ng maramdaman ko ang magaan na halik na iyon sa aking noo.

****

H/N

Late, late ang pagpost ko nito dapat kagabi pa, kaso nanuod po ako ng AlDub video hehehe, hindi kasi ako makarelate kung bakit pinag-uusapan sila dahil di ko naman napapanood dahil nasa work ako pag ganon oras.:-)

At kinikilig ako:-P kahit korni ang lakas naman ng chemistry nila hahaha.

AlDub fan na ako.

Kaso di pa ko tapos manuod. Day 23 pa lang ako.:-\

Anyway thanks po sa read. Please do comment ng marinig ko naman ang nasa isip nyo.

Vote narin para happy tayo hehehe

Thanks

12

"Ang ibig mong sabihin kaya ka namatay kasi may pumatay sayo." sabi ko habang nilalantakan ang french fries na pasalubong ni Eizen sakin, nang dumalaw sya kanina at mabilis na umalis din dahil may klase pa si Clarissa.

Si Tyrrone ang kausap ko dahil wala naman ibang patay dito kundi sya.

Tumango sya at pinunasan ang ketchup na nagkakalat sa labi ko, dahil sa walang habas kong pagkain.

Pasensya na kung parang baboy lang, eh kasi naman na t-tense parin ako hanggang ngayon kay Tyrrone, oo pagalit syang magsalita, pero may kakaiba sa kilos nya, hindi ko lang ma pinpoint kung ano.

"Magdahan-dahan ka nga sa pagkain para kang baboy." sabi nya ng matapon ang ilang stick ng french fries sa kama.

See, see galit na naman sya.

"Sorry bossing masarap kasi." sabi ko na napaunat ng hawakan nya ang kamay ko para kunin at mabuksan ang bottled mineral water na nasa gilid.

Inabot nya iyon sa akin.

"Drink, bago ka mabulunan."

Ayan, ayan ang isa ko pang ibig sabihin, dati naman wala syang paki sa akin. Bakit ngayon pinagsisilbihan nya ko.

Tapos iyong nangyari pang halikan sa pagitan namin. Ano ang ibig sabihin non?

Inabot ko ang tubig at uminom. Kailangan makalabas na ako rito ng hindi naman kung ano-ano ang naiisip ko.

Ayaw ko man, nabibigyan ko ng kakaibang kahulugan ang mga kinikilos nya.

"Sino ang pumatay sayo bossing at ano ang kinalaman non sa memory card na hinahanap nila?"

Sinabi nya na sa akin kung sino ang limang lalaking idol ang mga Power Ranger na humarang sa amin ni Clarissa.

Sabi nya ng minsang namasyal sila ni Clarissa at kumukuha ng video may pangyayaring, aksidente na nakuhanan ng mga ito.

Hindi aware duon si Clarissa dahil si Tyrrone ang kumukuha ng video gamit ang cellphone nya. Nang mapansin nya na hindi maganda ang nangyayari mabilis nyang inilayo si Clarissa duon.

Ang problema may nakakita sa mga ito, sinundan at ang unang pinatay ay sya nga. Hindi nakuha ng mga kriminal ang cellphone ni Tyrrone dahil maagap na naitago nya iyon, kaya si Clarissa ang pinupuntirya.

"Ayan date pa more." gusto ko sanang sabihin kaso baka bigla nya akong ibalibag.

"Sino sila Bossing? Ano iyong nakuhanan mo at nasaan iyong cellphone?" tanong ko.

Matagal syang napatitig sakin. Sa sobrang tagal halos mamula na ako sa pagkailang.

"I don't know?" he said.

Eh? Tama ba ang dinig ko. Hindi nya alam?

"Ah... anong ibig mong sabihin bossing?"

"Hindi ko maalala kung ano ang nakuhanan namin, hindi ko alam kung sino ang nagpapatay sakin at hindi ko alam kung nasaan ang cellphone ko."

Kumunot ang noo ko. Hindi niya maalala?

Posible bang magkaruon ng amnesia ang multo? Ang weird.

"*Nakakakita at nakakausap ka nga ng multo, hinahalikan ka pa, tapos ngayon ka lang na weird-an sa mga pangyayari."*

Oo nga naman.

"Kaloka, hindi lang serial killer ang kalaban mo bossing may iba pa, aba matinde, kawawa nga si Clarissa nyan." umiling-iling ako, inubos ko ang natitirang french fries pagkatapos ay tumayo.

Hinawakan nya ako sa bewang.

"Where are you going?" he asked.

Kailangan may hawak pa talaga sa bewang.

"Magt-trabaho na Bossing, ang daming kalaban kailangan nang umaksyon." Pinalis ko ang kamay nya kinuha ang damit kong hinubad kagabi at naglakad papuntang banyo para palitan ang hospital gown na suot ko.

"Sira ka ba! Kailangan mong magpahinga." galit nyang pigil sa akin.

Hinarap ko sya.

"Choose bossing magpapahinga ako pero ang buhay ni Clarissa ay patuloy na malalagay sa panganib. O magt-trabaho na ako at magiging mapayapa ulit ang buhay niya."

Natigilan sya.

Inaasahan ko na, na bibitawan nya ako at hahayaan na makapagbihis syempre papayagan nya ba na patuloy na magulo ang buhay ni Clarissa.

Pero hindi ko parin maiwasan na kumirot ang dibdib ng hayaan nya akong makapasok sa banyo.

Napasandal ako sa pinto at napakagat labi.

"Nag-assume ka na naman kasi bruha ka." mahinang bulong ko bago magsimulang ayusin ang sarili.

Nyemas ang sakit talaga! Bwisit na multo kasi sya, pa fall na naman tapos hindi naman ako sasaluhin.

*****

"Bossing hindi mo ba talaga maalala kung nasaan iyong cellphone mo?" tanong ko habang naglalakad kami palabas ng compound ng Mulawin Hospital.

Malaking tulong sana kung mahahanap namin ang cellphone nya, malalaman ko kung sino ang kalaban.

Ang hirap kaya na dalawa ang kalaban mo at parehas mong di kilala kung sino, mahirap kumilos at gumawa ng hakbang.

"Hindi." maikli nyang sagot.

I sighed secretly.

Kanina paglabas ko ng banyo naging aloof na naman sya at di lumalapit sakin. Hindi katulad kanina na laging nakaalalay at nakahaplos.

Ngayon hindi nya ako tinitignan, kapag kinakausap ko sya, isang tanong isang sagot ang drama namin.

Kainis di ba dapat ako ang umaarte ng ganon. Aba sya pa ang nag-inarte.

Tss Kainis bahala sya kung ganyan ang gusto nya.

"Di ba businessman ka siguradong may planner or journal ka na ginagamit baka nakasulat duon kung saan mo tinago iyong cellphone mo." nauuna sya sa paglalakad at ako nasa likod kaya nang huminto sya nabangga ako sa likod nya.

Napasinghap ako.

"*Syemay ang tigas ng likod."* nahaplos ko ang noo ko.

. Humarap sya at nagkunot ng noo habang nakayuko sakin.

"Tatanga-tanga ka na naman."

Sasagot sana ako kaso nagsalita sya ulit.

"Nasa bahay ang planner ko." sabi nya.

Hinaplos-haplos ko ang noo.

"O eh ayon naman pala eh, tara puntahan na natin." nagpatiuna ako maglakad para lang hilahin nya pabalik sa pamamagitan ng paghila sa kwelyo ng t-shirt ko mula sa likod.

Sa lakas ng hila nya nasakal ako at biglang inihit ng ubo.

"G-grabe ka naman...b-bossing kung...g-gusto...gusto mo...a-akong p-pabalikin....pwe...pwede mo

naman a-akong t-tawagin. G-grabe n-nasakal a-ako dun ah." utal-utal na sabi ko habang inuubo.

Ang sakit di pa nga nakakabawi ang lalamunan ko sa pagkalunod ito naman.

"A-ang harsh m-mo talaga sakin bossing."

Hindi ko sya tinitignan baka kasi di ko magustuhan ang mabasa ko sa mukha nya.

Ayaw kong makita sa mga mata nya na wala syang pakialam sakin.

"Shit I'm sorry." narinig kong mura nya.

Tinaas ko ang isang kamay.

"O-okay lang Bossing, b-bakit pala?" di parin ako tumitingin sa kanya.

"Look at me Leigh." sa halip ay sabi nya.

Bumuntung hininga ako.

"*Naman eh."*

"Leigh..."

Kainis di ba pwedeng sabihin nang nakaganito na lang kami.

"Isa..."

O di ba binilangan pa ako. Ayos na multo demanding talaga.

Wala akong nagawa kundi magtaas ng tingin.

Nagkasalubong ang mga mata namin ng tumingala ako sa kanya.

At tulad ng inaasahan ko, wala akong mabasa sa mukha nya.

"A-ano...ba yun Bossing?"

At dahil isa syang kapre at ako ay isang hamak na duwende lang yumuko sya para magpantay ang mukha nya sa mukha ko.

Lumapat ang labi nya sa leeg ko.

Napasinghap ako sa ginawa nya.

Tatlong halik ang ginawad nya sa leeg ko bago sya muling tumingin sa mga mata ko at sinabing. "I'm sorry Babe." saka nya hinalikan ang noo kong tumama sa likod nya.

Napapikit ako.

Nabibingi ako sa lakas ng tibok ng aking puso.

"I'm sorry Babe."

"I'm sorry Babe."

"I'm sorry Babe."

Paksyet bakit paulit-ulit.

"Anong nangyayari sayo?"

Bigla akong napadilat ng marinig ko ang iritado nyang tinig.

"Ha?" bigla akong nalito ng makita ko na tatlong hakbang ang layo nya sakin.

"Ang sabi ko anong nangyayari sayo?" ulit nya na kunot na kunot ang noo.

Kumurap-kurap ako.

Ano yun panaginip?

Hindi totoo?

"*Para kang tange day dreaming sa gitna ng kalsada at sa katirikan ng araw Leigh."*

Pero masakit parin ang leeg ko. At ramdam ko ang pa ang init ng mga labi nya.

"Ano ba! Tatanga ka na lang ba dyan o makikinig at susunod ka sakin para makuha mo na ang planner ko."

Hala! Bakit ganon?
Imahinasyon ko lang ba yun?

Napakamot ako sa ulo at tinignan sya na naglalakad na.

Sumunod ako, habang napapahawak sa leeg at noo ko.

*****

Tagaktak ang pawis ko habang umaakyat sa tagiliran bahagi ng back gate ng Elmundo Mansion.

Iniiwasan kong makapitan ang mga wire na magpapatrigger sa alarm ng gate.

Bakit ako napunta sa ganitong sitwasyon?

Well dahil isa ngang kilalang angkan ang mga Elmundo hindi lang dito sa Mulawin kundi sa buong Pilipinas, napakahigpit ng security nila.

Hindi ako pwedeng basta magpakita at sabihin na kilala ko si Tyrrone Jig Elmundo at naroon ako para kunin ang planner nya.

Lalo ngayon na on going pa ang kaso ni Tyrrone at pinaghahanap pa ang mga kriminal.

Sabi nya kung ayaw kong mapasama sa mga suspek huwag akong basta-basta magpapakita, lalo na at suot ko ang bracelet nya.

Kaya heto ako nga akyat bahay sa tanghaling tapat.

"Grabe ang taas ng gate nyo." sabi ko ng makarating sa ibabaw at nagtago sa mayayabong na puno ng mangga.

Hinihingal ako.

Kulang na yata ako sa vitamins ang bilis kong mapagod.

"*Gaga kagagaling mo lang sa sakit at pagkalunod kaya napapagod ka. Vitamins? Kelan ka uminom non?*" pagr-react ng isang bahagi ng isip ko.

Napailing ako, kanina nagd-daydream ako, ngayon naman kinakausap ko ang sarili ko, malala na to.

"Ano pang hinihintay mo pasko?" tanong ni Tyrrone sungit sakin. Nasa ibabaw din sya ng gate. "O hinihintay mo pa na may makahuli sayo rito?"

"Sungit Bossing di ba pwedeng magpahinga muna? Two minutes lang?" sabi ko habang pinupunasan ang pawis ko sa noo.

Sinamaan nya lang ako ng tingin pagkatapos ay kinabig ako papalapit.

Buti na lang hindi ako magugulatin na tao at hindi ako mahilig sumigaw dahil kung hindi malamang nahuli na ako.

Kasi naman pagkabig nya sakin tumalon sya sa pagkataas-taas nilang gate na tangay-tangay ako.

Hindi ako pumikit napangiti pa nga ako sa hangin na tumatama sa mukha ko.

Walang ingay na bumagsak sya, habang nakahawak ang dalawang kamay sa bewang ko at ang mga kamay ko naman ay nakahawak sa magkabilang balikat nya.

Nagtaas ako ng tingin.

Nakatingin din sya sakin.

Tumikhim ako. Bumitaw sa kanya.

"Wow ayos dapat pala Kanina kinarga mo na lang ako Bossing." sabi ko na nag-iwas ng tingin at lumayo sa kanya.

Mahirap na baka mawala ako ulit sa sarili ko at makapag daydream ng di oras.

Kunot noo lang ang sagot nya sakin, hinawakan nya ako sa kamay at hinila papalapit sa Mansion.

Halos makaladkad ako sa paghila nya ngunit ang pasaway kong puso kumakalabog naman dahil sa paraan ng pagkakahawak nya.

Pinagsalikop nya kasi ang mga kamay namin.

"*Ano ka ba Leigh kalma nga, aba hindi ka nga nakakaramdam ng takot pero grabe ka naman kung kiligin.*"

Syete! Kasi naman naguguluhan ako sa mga kinikilos nya.

*****

Halos malula ako sa laki ng mansion nya, nahirapan nga akong makapasok dahil may mga security na nagkalat sa paligid at mga CCTV na halos nakapalibot sa buong Mansion.

Good thing kasama ko sya dahil kung hindi kanina pa ako nakita sa mga camera. Nakakagulat na alam nya kung saan nakapwesto ng mga iyon, kaya naiiwasan namin.

Inilibot ko ang tingin sa loob ng kwarto nya.

Grabe daig pa ang sa kwarto ng prinsepe at kung ihahambing ang kwarto ko sa kwarto nya waley, mukhang bodega lang na pinagtaksilan ng tadhana ang sa akin.

"Grabe Bossing ang gara ng kwarto mo." sabi ko na hindi alam kung saan ipapaling ang tingin.

"Tama na yan, come here." tawag nya na nakatayo sa tabi ng isang cabinet na hula ko ay antigo na at mahal ang presyo.

Hinawakan nya ang kamay ko para mabuksan ang cabinet na ang sosyal dahil naka-digital pa ang lock.

Bumukas iyon at kinuha nya ang isang black planner. Sisilipin ko pa sana ang loob ng cabinet pero mabilis nyang sinarado.

"Huwag kang tsismosa, basahin mo na yan." sabi nya na inabot ang planner sakin.

Ngumuso ako.

Tsismosa kaagad curious lang kaya ako.

Hindi na ako umimik at binasa ang planner nya.

Busy syang tao. Napaka hectic ng schedule nya eh.
Pero may isa akong napansin, hindi lilipas ang linggo na hindi sya nakikipagkita kay Clarissa.
"*Natural girlfriend nya yan di ba."*

Gusto kong batukan ang sarili ko kasi nakakadama ako ng lungkot...sakit at...selos.

"*Batukan mo na ang sarili mo Leigh, anong selos yan? Higit dalawang araw mo pa lang yan nakikilala may pagselos ka na agad may girlfriend pa yan at ang mas importante, isa syang multo!"*

Naiinis na talaga ako.

"Whats wrong?" tanong nya ng mapansin ang pangungunot noo ko.

"Ha? W-wala Bossing." tumikhim ako. "Ah Bossing natatandaan mo ba iyong date nung araw na iyon.

Parang may gusto pa syang sabihin sa akin na hindi nito itinuloy bagkus sinagot nya lang ang tanong ko.

"July 27."

Tinignan ko ang July 27 at ang mga ginawa nya ng sumunod na araw.

Sa petsang August 2 ko nakita ang hinahanap ko.

"Anong meron sa Isla Puting-buhangin?" tanong ko.

"May rest house kami duon, but i doubt kung pumunta ako duon ng ganyang buwan. Bibihira. Lalo na kapag maraming trabaho sa office." he said.

"Well Bossing pumunta ka duon ayan oh nakasulat. Go to Islang Puting- Buhangin." ipinakita ko sa kanya.

"*Bakit kaya ang gwapo parin nya kahit salubong ang kilay?"* tanong ko habang nakatitig sa mukha nya.

"Kung hindi dahil sa isang business ang pinunta ko dyan then i think dyan ko nga itinago ang cellphone ko." he said bago tumingin sakin.

Nag-iwas kaagad ako ng tingin.

"Good. Eh di tara na sa Isla Puting-Buhangin Bossing." humakbang ako papalapit ng pinto.

Para lang mapahinto ng gumalaw ang door knob nuon.

"Shit!" Tyrrone cursed as i realized na may taong nagbubukas nuon sa kabilang panig.

Yeah shit! Dahil lagot ako kapag may nakakita sa akin dito!

13

*****

Bago pa bumukas ang pinto nahila na ako ni Tyrrone papunta sa ilalim ng kama.

"Move faster." bulong na angil nya. Naramdaman ko ang kamay nya sa ulo ko, nang gumagapang na ako sa ilalim.

Hindi ko alam kung nilagay nya iyon para di ako mauntog.

Nagtaka pa ako ng pati sya lumusot duon.

Eh? Magtatago din sya eh hindi naman sya nakikita?

Dalawang pares ng paa ang pumasok mula sa labas.

"Hanggang ngayon wala paring balita tungkol sa anak natin." ang umiiyak na tinig ng isang babae ang sunod namin na narinig.

"Mom." bulong ni Tyrrone.

Napatingin ako sa kanya.

"Huwag kang mag-alala Amelia. Mahahanap natin ang bangkay nya." wika naman ng isa na lalaki ang boses.

"Dad." si Tyrrone.

Umupo sa kama ang mga magulang nya.

Napaunat ako nang maramdaman ko ang pagpatong ng ulo nya sa kanang balikat ko. Nakita ko syang nakapikit ng mariin.

"Buhay ang anak ko Falcon. Sigurado akong buhay sya nararamdaman ko yun."

"Amelia...its been four months.

"Buhay sya. Falcon buhay sya." paulit-ulit na sinasabi ng Mommy nya.

Si Tyrrone lalo pang isiniksik ang mukha sa balikat ko. Ramdam ko na nga ang hininga nya sa leeg ko.

Hindi ko sya tinulak hinawakan ko pa nga ng mahigpit ang kamay nya.

Walang ingay na hinila nya ako papalapit at niyakap.

Mula sa pagkakadapa sa ilalim ng kama nakatagilid na ako.

Nakayakap sya sa akin at nakasubsob sa leeg ko.

Sa kada hikbi at iyak ng Mommy nya humihigpit ang yakap nya sakin, sa sobrang higpit, hindi na ako

makahinga, pero hinayaan ko lang ko sya.

Alam ko naman na kahit multo sya nakakaramdam sya ng lungkot, ng paghihinagpis. Dadamayan ko muna sya ngayon. Wala naman akong ibang mao-offer sa kanya kundi balikat ko.

"Tahan na Amelia. Hahanapin natin sya, hindi tayo titigil. Pati ang may kakagawan ng lahat ng ito mananagot." sabi ng Daddy nya.

Ilang minutong katahimikan ang sumunod.

Si Tyrrone nakayakap at nakasubsob parin sakin.

Mayamaya kumilos ang mag-asawa patayo.

Nakita ko ang mga paa nila na naglakad papuntang pinto.

Ilang segundo pa, kami na lang ulit sa kwarto nya.

Ayaw ko pa sanang bumitaw sa kanya.

Pero kung hindi pa ako kikilos baka may pumasok na naman.

"Bossing tara na." sabi ko.

Hindi sya kumilos.

Kumunot ang noo ko.

"Hoy Bossing! Ano na?"

"I like your scent." out of the blue ay sabi nya.

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nya.

Lalo na ng maramdaman ko ang marahang paghagod ng labi nya sa leeg ko.

Ano yun? Minamanyak nya ba ako?

"*Papamanyak ka naman loka, eh kanina ka pa nga napapapikit."*

"T-tyrrone." tawag ko sa kanya when he gently bit my skin.

Marahang kagat lang naman pero naghatid ng kiliti sa bawat himaymay ng katawan ko.

Then bigla syang lumayo.

"Ang baho mo maligo ka pagdating natin sa bahay." then nawala na sya sa harap ko.

Tatlong beses akong napakurap.

Syete. Anong sabi nya ang baho ko?

Ano yun he liked my scent daw, tapos bigla nyang sasabihin na ang baho ko.

"Labas na dyan Leigh."

Naningkit ang mga mata ko.

Nyemas na multo to, kung magpagulo ng damdamin ang galing! Gahasain kita dyan eh!

*****

Isla Puting-Buhangin.

Ito ang Isla na matatagpuan sa pagitan ng bayan ng Mulawin at sa bayan ng San Gabriel. Dalawang oras ang byahe kapag bangkang de motor ang gamit, at higit tatlong oras pagsagwan.
Tagong Isla ito at karamihan ng nakatayo duon ay ilang Villa ng mga mayayaman sa limang bayan, pagkatapos ay mga tagaroon na, sa pagkakaalam ko apat na barangay lang meron ang Isla. Ang Brgy. Perlas, Brgy. Buhay na tubig, Brgy. Pulang Bato at Brgy. Tangkulanay.

Sa Brgy. Buhay na tubig nakatayo ang villa nina Tyrrone at duon ang destinasyon namin ngayon.
Nasa pinakaunahan ako ng bangka, nakasawsaw ang kamay ko sa tubig at sa kada tilamsik ng tubig *sa akin ay natatawa ako.*

"Mukhang nag-eenjoy ka dyan ineng ah." sabi ng bangkero na nakatayo sa likod ko.

Nilingon ko sya at maluwang na nginitian.

"Masarap pa lang mamangka no Manong."

"Naku Ineng, hindi ko na maramdaman yan, kapag araw-araw mong ginagawa pangkaraniwan na lang sayo."

Nagkibit-balikat ako at muling tumingin sa harap.

"Sabagay tama ka dyan Manong. Gawin ko kayang sideline ang pagiging bangkero?" sabi ko.

Isang medyo may kalakihan na alon ang sumalubong sa amin na nagpauga ng malakas sa bangka at nagpabasa halos sa damit ko.

"Whoa." muntik pa akong masubsob buti na lang nabalanse ko ang sarili ko kaagad, napatawa ako ng malakas dahil duon.

"You are really crazy girl, imbes na kumapit ka dahil muntik ka ng malaglag tumatawa ka pa." sabi ni Tyrrone na biglang sumulpot sa tabi ko.

Hindi ko sya pinansin. Actually kahapon ko pa sya di pinapansin, mula ng sabihan nya akong mabaho.

Silent treatment sya sakin ngayon.

Binangga pa kami ulit ng isang alon na muntik ko na naman na kinahulog na muli kong kinatawa.

Pati si Manong nagtataka sakin. Hindi karaniwan na ganito kalalaki at kapapanay ang mga alon sa araw-araw. Nagkataon lang na may papalapit na bagyo kaya ganon. Kung ang ibang pasahero nakakapit ng mahigpit at nagdadasal na, ako tuwang-tuwa pa kaya naman takang-taka si Manong sa asal ko.

Hinawakan ako ni Tyrrone sa braso.

"Kumapit ka nga anong gagawin mo kapag nahulog ka ha!" galit nyang sabi. Lalong naging mainitin ang ulo nyan ng di ko sya pinapansin at kinakausap.

O di ba sya pa talaga galit.

"Lalangoy." mahinang pamimilosopo ko, na nakaabot sa pandinig nya.

"Huwag kang pilosopo." angil nya.

Aba sino kayang namimilosopo? Eh anong gagawin ko kung malaglag ako eh di lalangoy para di malunod diba? Analang naman matulog pa ako sa ilalim. Tss.

Di ko na lang sya pinansin ulit.

Bahala sya.

Dumiin ang pagkakahawak nya sa braso ko nang di ko na sya ulit tinignan.

Di ko parin pinansin.

Hanggang makababa kami sa pampang di ko na sya tinignan, na papaabutin ko sana ulit ng buong araw pero ang problema hindi ko alam kung saan ang Villa nila.

Napakamot ako sa ulo, tumingin-tingin sa paligid at ng masigurado ko na walang nakatingin sakin at malayo ang mga tao ay hinarap ko sya.

"Ah Bossing saan tayo?" tanong ko.

Tinignan nya ako ng matiim.

"So you're talking to me now huh?"

"Eh, ano Bossing, hindi ko alam kung saan ang Villa mo."

Nagsalubong ang kilay nya at inilapit ang mukha sa akin.

"The next time na hindi mo ako kakausapin o titignan man lang, I'm going to kiss you. Kiss you and kiss you until you talk to me."

Hanu raw?

"Pasalamat ka at kinausap mo ako. Dahil kung nahuli ka pa ng limang minuto hahalikan kita dito, dito sa harap ng mga tao."

Packing tape bakit bumabanat na naman sya.

Napaatras ako.

Matagal na panahon na kalmado lang ang tibok ng puso ko at ngayon naman na natuto na sya sa mabilis na tibok pakiramdam ko may sakit na ako sa puso.

"Ah...ano...saan ba kasi ang Villa mo?" nakakainis ha, bakit ba ganito ang nararamdaman ko?

Tinitigan nya muna ako bago nya ako hinila papuntang pilahan ng sidecar.

"Sea Wind Village." sabi nya bago ako sumakay.

"Manong sa Sea Wind Village po."

Pumasok din sya at naupo sa tabi ko.

Sa laki nya halos masiksik ako.

Ngunit ang puso kong windang na windang sa kanya ay lalong nagwala ng akbayan nya ako.

Hindi ako nakapiyok at nakaimik, dahil pilit kong inaanalisa ang mga reaksyon ko sa kanya.

Meron na akong sagot pero ayaw ko naman na aminin sa sarili ko.

Dahil pagnagkataon gulo talaga ang abot.

*****

"Ang layo ng itsura nitong Villa nyo sa Mansion ah." komento ko habang nakatayo at nakatitig sa Villa nila.

Kung ang Mansion nila. bago, moderno at hightech.

Itong bahay sa harap ko na oo nga at malaki lumang-luma naman at obvious na panahon pa ng kastila tinayo.

Mukhang bibihira ring madalaw ang Villa.

"Pasok na." sabi nya na mahina akong tinulak.

Pasok naman ako.

Lahat yata ng gamit rito antigo pati seradura ng pinto.

Nakatakip ng puting tela ang mga gamit.

Mukhang may naglilinis dahil wala naman alikabok.

"Paano pala pagpumunta ang caretaker mo rito?" tanong ko habang pinagmamasdan ang lumang piano.

"Don't worry. Kapag nadatnan ka nila sabihin mo na pinadala ka para mag-imbestiga sa pagkawala ko." sagot nya na nakatitig sa family portrait nila.

Tinignan ko sya.

Kahit bakas ang lungkot sa mukha, gwapo parin.

Then he looked at me.

Asong may galis naman oh! Ayan na naman ang puso ko.

Nag-iwas ako ng tingin.

"Ah saan ako pwedeng matulog dito?"

"Sa kwarto ko." bahagyang nanlaki ang mga mata ko.

"Dito na lang pala ako sa baba para hindi ako gaanong makapagkalat." sabi ko at hihilahin sana ang takip ng sofa ng hawakan nya ang kamay ko.

"Akyat. Sa kwarto...ko." wala akong mabasa na ekspresyon sa mukha nya basta nakatitig lang sya sakin.

"Dito na lang Bossing..."

"Akyat o hahalikan kita."

"Sabi ko nga aakyat na ako.Madali kaya akong kausap Bossing."

Mabilis akong nagtungo ng hagdanan bitbit ang backpack na may laman na gamit ko.

"*Itong multo na'to panay halik ang panakot sakin. Kissing monster/ghost talaga. Tss kung di lang ako natatakot na kapag hinalikan nya ako eh ma rape ko sya nunka akong sumunod sa kanya."*

"Two doors from your left. Duon ang kwarto ko." sabi nya pa bago ako makarating sa punong hagdan.

Di ko na kwinestyon kung bakit sa kwarto nya ako mags-stay. Baka mabigla ako sa isasagot nya eh.

Ang eerie ng Villa nila tanghaling tapat ang dilim ng loob.

Tapos habang naglalakad ako pakiramdam ko may nakatingin sakin.

Ganon parin ang pakiramdam ko ng makarating ako sa tapat ng kwarto nya.

And when i opened the door.

A bloody, shrieking white lady ang sumalubong sakin. Nanlilisik ang mga matang namumula.

"Alisssssssssss!!!!" ayan ang pagkalakas lakas na sinisigaw nya.

H/N

Short lang baka kasi mawala sa isip ko kaya sinulat ko na bawi na lang next chap.:-)

Please do vote & comment po.

Thanks

14

"Alisssssssss." sigaw ng duguang white lady sa harap ko.

Takte naman ang sakit sa tenga.

Tumigil ang White Lady, siguro nagtaka sa kawalan ko ng reaksyon.

"Tapos ka na ba?" tanong ko. Di ko na hinintay na sumagot. "Pasok na ko."

Nilagpasan ko sya iniwasan ko na mapadikit sa kanya baka kasi katulad ito ni Tyrrone pagnapapadikit sakin eh.

"Umalis ka dito!" sigaw ulit nya.

Ibinaba ko ang bag ko sa kama at tinignan sya.

"Miss gustuhin ko man iyang sinasabi mo. Hindi pwede utos ng bossing ko dito daw ako. Kaya dito lang ako."

"Hindi ka ba natatakot sakin?" pinanlisikan nya ko ng mga mata.

Umiling ako.

"*Mas nakakatakot ang mahalikan at bumigay.*"

Nagbago ang expression ng mukha nya mula sa pagiging magbagsik ay naging pagtataka.

"Kayang-kaya kitang saktan. Umalis ka akin ang kwarto na'to. Layasssss!!!"

Ngumiwi ako. Letsugas tumili na naman.

"Ugh...sakit sa tenga Miss hindi nga ako pwede umalis papagalitan ako."

Nagwala na sya.

Pinalipad nito ang isang libro na nakadisplay sa bookshelf na nasa kaliwa ko.
Buti na lang nakailag kaagad ako.

"Hoy Miss, stop it masakit yan." sige parin sya. "Tigilan mo yan sabi, pumapatol ako sa multo." sabi ko habang sige ng ilag.

Lumapit sya sakin. Iyong lapit ng isang multo na lumulutang sa ere.

Sinakal nya ko.

"Pasaway naman tong white lady na 'to."

Hinawakan ko ang mga braso nya at malakas ko syang sinipa sa tyan. Hindi naman sya masasaktan eh.

Nanlaki ang mga mata nya. Marahil nagulat dahil nagawa ko syang sipain.

Mas lalo syang nagalit.
Sumigaw sya ng pagkalakas-lakas at sabay-sabay na pinalipad ang anim na libro papunta sakin.

Awtomatiko naman na itinaas ko ang mga braso ko para salagin iyon.

Iiwasan ko pa ba eh ang dami non.

But then isang mainit na bagay ang pumalibot sakin.
Dito tumama ang mga libro at hindi sa mukha ko.

And when i looked up to see who it is. Si Tyrrone ang nakita ko. Yakap-yakap ako at nakayuko sa akin.

"Are you okay? Tinamaan ka ba?" tanong nya.

Awang ang labi na umiling ako.

"*Syete heto na naman ang puso ko."*

Binitawan nya ako at hinirap ang white lady, habang itinatago nya ako sa kanyang likuran.

"What do you want?" tanong nya sa White lady na nag-aamok.

Wala akong narinig na sagot.

Sumilip ako.

Ayun kaya naman pala, di na sagot nganga ang lola mo sa kagwapuhan ng boss ko.

Pagkatapos bigla syang tumili. Then kumarap lang ako nawala ang bakas ng dugo sa mukha at katawan nya. Luminis at gumanda sya.

"Wow ang galing parang magic. Kaya mo ba yun Bossing?" tanong ko na hindi pinansin ni Tyrrone.

"Ahhh...si Pogi OMG! Ako nga pala si Elizabeth. Anong pangalan mo?" sabi nya na lumapit kay Tyrrone at kinamayan ang binata.

Kumurap-kurap ako.

Aba malanding multo.

Nanliit ang mga mata ko ng lumambitin sya sa batok ni Tyrrone.

"Teka...teka. Hoy tsansing na yan Miss." sumingit ako sa pagitan nila.

Ako naman ang nagtago kay Tyrrone sa likod ko kahit na nga para kang nagtago sa likod ng sandok ng isang ref.

Tinaasan ako ng kilay ng Elizabeth.

"Umalis ka dyan Tao." sabi nya na mukhang nagt-transform na naman.

Umiling ako.

"Bawal hawakan ang bossing ko akin la- este may girlfriend na yan."

"Muntik *ka na don Leigh ah, at aangkinin mo talaga."*

*Tum*aas ang kilay ni Elizabeth.

"Umalis ka dyan. Gusto mo bang patayin kita." banta nya.

"Try it." hamon ko.

Aba gagawin ko syang bocha pag yinakap nya ulit si Tyrrone.

"You're weird." komento ni Elizabeth na kinatawa ni Tyrrone.

"Yeah, she's weird."

Nangislap na naman ang mga mata niya ng magsalita si Tyrrone.

Aktong lalapit sya ng harangan ko ulit.

"Oppsss bawal sabi."

"Hindi ka ba natatakot sakin?"

Umiling ako.

"Kahit patayin kita ngayon?"

Nginisihan ko sya.

"Sige nga."

Di makapaniwala ang mukha na tinanong nya ako ng...

"Sanay kang makakita ng multo?"

"Pangalawa ka sa nakita ko."

"Pangalawa pa lang at ganyan ang reaksyon mo?"

"Ano ba dapat ang reaksyon ko?" ganting tanong ko na napapitlag dahil gumapang paikot sa bewang ko ang isang braso ni Tyrrone.

"Matatakot, magsisigaw at tatakbo."

"Ah...hindi ako natatakot." I just said.

Kunot na kunot ang noo ni Elizabeth, napatingin sa braso ni Tyrrone na nasa bewang ko.

"At nahahawakan mo sya. Kanina nasipa mo rin ako. Hindi ka tumagos sa akin."

Tumango ako.

"Paano?"

"Hindi ko rin alam."

"I can touch anything, tao man o bagay, kapag nakahawak ako sa kanya." singit ni Tyrrone na ipinatong ang baba sa ibabaw ng ulo ko.

Windang na naman ako sa ayos namin.

Hinawakan ako ni Elizabeth kasabay ng paghawak ng kamay nya sa poste ng kama.

Tumagos ang iyon.

Naramdaman ko ang pagkilos ni Tyrrone. Humawak din sya sa poste at di tulad ng kay Elizabeth di tumagos ang kamay nya.

"Paano-?" si Elizabeth.

"Hindi ako makalayo sa kanya ng higit sampung metro." dagdag pa ng binata.

Biglang naglaho si Elizabeth sa harap namin.

Then after ten seconds lumitaw ulit sya.

"I can. Nakalayo ako ng higit sampung metro sa kanya." sabi nya. "That's strange. Ngayon lang ako nakakita ng ganito. Ang lakas ng bond nyo sa isat-isa. May relasyon ba kayo?"

"None."

"Wala." sabay naming sabi ni Tyrrone. Kumalas sya sakin at lumayo ng ilang hakbang.

"Kinuha ko lang syang bodyguard para sa isang taong mahalaga sakin." he said.

Ouch putek!

Kung di lang sya nakatingin sakin baka napahawak pa ko sa dibdib ko dahil sa matinding kirot na nadama ko duon.

"Oh." taas ang kilay na tinignan ako ni Elizabeth. "Eh bakit grabe syang makabakod sayo?"

"*Supalpalin ko kaya itong multo na ito. Lakas mang-asar eh."*

"Anong bakod? Girlfriend nya ang binabantayan ko, di mo ba narinig ang sinabi ko kanina. Tss sabagay wala naman sya rito, okay lang pala na dikitan mo si Bossing." Sabi ko na lang.

"Yung girlfriend nya buhay pa?"

Tumango ako.

"Oh. Di na pala pwede. Sakin ka na lang pogi."

Nag-iwas ako ng tingin nang lumambitin sya ulit kay Tyrrone.

"*Haliparot na White lady."*

Sa bintana ako napatingin.

Dalampasigan pala ang nasa likod ng Villa nila.

"Bossing sa tabing-dagat lang ako." I said na hindi sya tinignan at mabilis na lumabas ng kwarto nya.

Ayaw kong makita na nakalingkis ang haliparot na White lady na iyon sa kanya.

Nakaka-high blood!

*****

Hawak ko ang rubber shoes ko, habang naglalakad ako sa puting-puting buhangin ng tabing dagat.

Tinupi ko ang pantalon ko para hindi mabasa ng alon.

Kanina pa ako rito, sa katunayan mag-didilim na nga. Nakatulog kasi ako sa ilalim ng puno ng nyog kanina. At kagigising lang ngayon.

Mag-eenjoy muna ako pagsasawain ang mga mata sa magagandang tanawin na nasa harap ko. Dahil alam ko bukas trabaho na ulit, para mahanap ang cellphone ni Tyrrone at malamang di ko na mapagtutuonan ng pansin ang paligid.

Speaking of Tyrrone.

Mula ng umalis ako ng Villa nila di ko pa sya nakita ulit.

Siguro busy sa kapwa nya multo.

Ay hindi pala sya makalayo sa akin ng higit sampung metro, malamang andito lang iyon. Invisible.

O baka kasama iyong malanding Elizabeth, naglalakad din sila rito sa tabing dagat HHWW pa. Holding hands while walking.

Nagsalubong ang aking kilay ng lumitaw sa isip ko ang eksenang iyon.

Nakaka-HB talaga.

"*Selos much Leigh?"*

Di ko na kinontra iyon.

Kokontrahin ko pa eh iyon naman talaga ang nararamdaman ko.

I'm jealous...so packing jealous.

"Hi."

Napatigil ako sa paglalakad at napatingin sa lalaking hubad baro at nakasuot ng surfer shorts, na nasa harap ko.

"*Ay ang kisig at ang pogi.*" may abs si kuya. Moreno at mamasel.

"Hello." bati ko rin.

"Hindi ka taga dito sa Isla?" tanong nya.

Umiling ako.

"Sabi ko na eh, ngayon lang kasi kita nakita. I'm Ford by the way." inabot nya ang kamay nya sa akin.

"Leigh." sabi ko. Inabot ko naman iyon at nakipag kamay sa kanya.

Ngunit hindi pa gaanong naglalapat ang kamay naming dalawa may naghiwalay na nuon sa pamamagitan ng pagdaan pagitan namin.

Halos tumilapon kami sa walang habas na pagdaan na iyon ni Tyrrone.

"Whoa. What was that?" gulat na tanong ni Ford.

Nagkibit balikat ako.

Hindi ko tinignan si Tyrrone. Aba akala nya di ko pa nakakalimutan ang sinabi nya kanina. Tss.

"Anyway nice name bagay sayo."at ngumiti si Ford. Ngiti na alam kong kinakikiligan ng mga babae.

"Salamat." nakangiting sabi ko.

Sa gilid ng mga mata ko nakita kong lumitaw si Elizabeth sa tabi ni Tyrrone, at nakaangkla kaagad ang loka sa binata.

"Ang ganda mo." sabi ni Ford.

"Ha?" kunyari di ko nadinig.

"Ah wala. Ahmm gusto mo bang sumali may bonfire kami duon. May pagkain at inumin din, a small party. Birthday ko kasi ngayon." kumamot sya sa batok.

Hindi naman sya mukhang masama.

"Di naman siguro gagawa ng kalokohan ito. Sabagay kaya ko naman sya kung sakali."

"Happy birthday. Okay lang ba? Outsider ako at walang gift."

"Naku its okay. Okay nang gift sakin iyong mag-join ka. And promise di ka maa-out of place. Hindi rin kami masasamang tao i assured you."

"Uwi Leigh." sabi ng multo.

"*Tss anong uwi. Anong gagawin ko dun sa Villa mo panonoorin ang landian nyo nang white lady na yan? di na oy. Sa party na lang ako."*

"Sige kung hindi nakakahiya." sabi ko.

"Yes." tuwang-tuwa naman si Ford.

Iminuwestra nya ang kamay para paunahin ako.

"After you Ms. Beautiful."

Napailing na lang ako.

"*Bolerong playboy."*

*****

Tulad ng pangako ni Ford hindi ako na OP sa mga kasama nya.

Actually nag-eenjoy pa nga ako sa company nila.

Kahit na nga may matatalim na mga mata ang kanina pa nakatingin sakin.

"Pakialam ko sayong multo ka. Day off ko ngayong gabi, kunyari di ka nag-eexist sa mundo ko."

Kaibigan at puro taga-Isla ang mga nandito na bisita ni Ford, napag-alaman ko na anak sya ng punong kapitan. At sikat dito sa Isla Puting buhangin.

"Hey." bati ni Ford na inabutan ako ng beer in can.

Hindi ko rin alam kung pang-ilan ko na ito, basta sige lang ako ng tanggap sa mga binibigay nya.

Inalis ko ang tingin sa naggigitara at kinuha ang beer.

"Masaya ang party mo." sabi ko bago lumagok.

"Thanks at nag-eenjoy ka. Ah pwede magrequest?"

"Hmm?"

"Pwedeng kumanta ka."

Natawa ako.

"Panget boses ko."

"Sige na gift mo na sakin." pamimilit nya. Halatang may tama na sya sa iniinom.

Napakamot ako sa ulo.

"Eh sige na nga."

"Ayos. Ikaw din ba ang maggigitara?"

Nang tumango ako ay inabot nya ang gitara na hawak ng kaibigan niya.

Ibinigay nya iyon sakin.

Nag-iisip ako ng kakantahin ng magtama ang mga mata namin ni Tyrrone, na nakahalukipkip at nakasandal sa puno ng nyog sa harap ko.

Kasama nya parin si Elizabeth.

Nag-iwas ako ng tingin at nagsimulang tumipa.

Kasalanan Ko Ba
Toni Gonzaga

Ibang-iba ang nadarama
Ng puso ko sa iyo
'Di ko na kaya ang
Umiwas pa sa piling mo

Alam ko mayroon ng nagmamahal sa iyo
Bakit ngayon ka pa
Natagpuan sa buhay kong ito

Di ko alam bakit ito iyong kinanta ko. Basta nung magtama ang mga mata namin yun na.

CHORUS:
Kasalanan ko ba
Kung iniibig kita?
'Di ko naman sinasadya ang mahalin kita (ang mahalin kita)
Kasalanan ko ba kung ang nadarama
Ay pag-ibig na tapat?
Mapipigil ko ba kung mahal kitang talaga

Tama na hindi na ko mag d-deny. Kahit alam kong di kami pwede. Kahit alam kong wala lang ako sa kanya...

Nagtitiis at nangangamba
Sa tuwing kasama mo siya
Hanggang kailan ko ba madadala
Ang pagdaramdam

Tinignan ko sya.

He stared back.

Tulad ng mukha ko blanko rin ang ekspresyon ng mukha nya.

CHORUS:
Kasalanan ko ba
Kung iniibig kita?

'Di ko naman sinasadya ang mahalin kita (ang mahalin kita)
Kasalanan ko ba kung ang nadarama
Ay pag-ibig na tapat?
Mapipigil ko ba kung mahal kitang talaga

Tama di ko naman talaga mapigil. Ilan beses kong tinanggi. Ilan beses kong iniwasan...

BRIDGE
Umaasa pa
Magising akong kapiling ka
At 'di na mawawalay pa

CHORUS:
Kasalanan ko ba
Kung iniibig kita?
'Di ko naman sinasadya ang mahalin kita (ang mahalin kita)
Kasalanan ko ba kung ang nadarama
Ay pag-ibig na tapat?
Mapipigil ko ba kung mahal kitang talaga.

Oo na kahit multo sya kahit may mahal syang iba.
Si Tyrrone Jig Elmundo na...

Ang may hawak ng puso ko na kahit kailan hindi pa nakakaramdam ng kaba...
maliban ngayon at iyon ay dahil sa kanya...

"**Mapipigil ko ba kung mahal kita talaga.**"

Sinabi ko iyon, hindi ng pakanta, pasalita na habang nakatingin sa kanya.

15

Elizabeth p.o.v

Napapansin ko na hindi inaalisan ng tingin ni Tyrrone mula pa kanina ang weird na babaeng hindi marunong matakot na ang pangalan ay Leigh.

Salubong ang mga kilay ng gwapong kasama ko, lalo na kapag hinahawakan ito nung Ford.

Katulad ngayon ramdam ko ang galit nya habang tinitignan ang dalawa na nasa tapat ng Villa.

"Thank you. Sumaya ang birthday ko dahil sayo." sabi ni Ford kay Leigh na ang mga ngiti ay lasing na.

"Sus yun lang dapat ako ang magpasalamat aba, libreng tsibog din iyon." pati ang babaeng ito lasing na, napapapikit na nga.

"Buti na lang hindi ako nahiyang lapitan ka kanina. You are so fun to be with. Napansin na kita nung tulog ka sa ilalim ng puno hinintay talaga kitang magising."

Nakita ko rin iyon. Actually kaming dalawa ni Pogi dahil nakabantay din sya sa natutulog na babae at nakita ko ang reaksyon nya ng makitang nakatitig si Ford sa dalaga.

"*Wala daw relasyon pero ang body language iba ang sinasabi."*

Humagikhik si Leigh.

"May crush ka sakin ano." sabi nya na hinampas sa braso si Ford.

Hinawakan ni Ford ang kamay ni Leigh, at hinila ito papalapit.

Si Tyrrone na katabi ko napaunat ng tayo.

"Paano kung sabihin ko na oo, pwede ba akong manligaw?"

Swabe at malinis. Obvious na magaling mambola ang Ford na ito.

"Hahaha, ligaw kaagad." Napailing si Leigh at lumayo kay Ford. "Sorry panandalian lang ako dito, hindi tayo magw-work."

"Magagawan naman ng paraan iyon di ba." sabi ni Ford na muling hinila si Leigh pakabig sa bewang.

"Ang gagong ito!" reaksyon ni Tyrrone.

Ako kung hindi lang ako multo baka lumandi din ako kay Ford. Ang simpatiko kasi.

Pero teka...

Ano bang meron ang Leigh na yan at parehong tao, at multo ang may gusto sa kanya.

"*Hindi naman sya kagandahan, di rin sexy. Mas maganda at mas may katawan pa nga ako. Sya walang ginagawa natulog nga lang sa ilalim ng puno may nakapansin na. Ako kanina pa nagpapapansin at*

naglalandi kay Tyrrone, pero nasa kanya din ang atensyon nito. Ayos sya pinakyaw na, tao at multo talaga."

Nang aktong hahalikan ni Ford si Leigh, kumilos si Tyrrone at hinablot ang dalaga, na kung hindi nya madaling naalalayan malamang tumihaya sa lupa dahil nawalan ng balanse.

Nanlaki ang mga mata ni Ford, bahagyang bumakas ang takot sa mukha.
Nagpalinga-linga sa paligid nuon lang yata nito na realize kung nasaan ito.

"Sa Villa Puti ka tumutuloy!" gulat na sabi nya kay Leigh, na hanggang ngayon ay hawak pa din ni Tyrrone.

Gusto kong matawa sa tawag nila sa Villa.

Villa Puti dahil laging may nakikita na white lady sa ibat-ibang parte nito, eh sino pa iyon? Walang iba kundi ako. Ang pinakamagandang white lady sa balat ng lupa.

"Huh? Villa Puti?" tinignan ni Leigh ang likod. "Ah sa Villa Elmundo, oo."

"Hindi mo ba alam na-." natigilan si Ford. Bigla itong dumeretso ng tayo.

"Na alin? Na may multo dito? Oo meron isang white lady na haliparot at isang masungit na multo, andito nga sila eh kasama natin." humagikhik si Leigh.

"*Haliparot daw eh kung ilaglag kaya kita balon, kung di ko pa alam nagseselos ka sakin.*"

Nanlaki ang mga mata ni Ford biglang tumingin sa kaliwa at kanan nya.

"Sa amin ka nalang kaya matulog, mukhang mag-isa ka lang dito."

Gusto kong matawa, nawala yata ang kalasingan nya sa mga sinabi Leigh.

"Sa bahay nyo?"

"Huwag kang magkakamali
Leigh Shane Rozul." nakita ko na mula sa braso bumaba sa bewang ni Leigh ang mga kamay ni Tyrrone.

"Hehehe di daw pwede sabi ni Bossing ko, Ford." kumaway ito. "Sige Ford, pasok na ko magandang gabi at happy birthday ulit."
"Pero-." lalapit pa sana si Ford kaso hinila na si Leigh ni Tyrrone.

"Bye."

Naiwan si Ford na mukhang nagtatalo ang isip kung susundan nya ba o hindi si Leigh.

Ako naman hindi nakatiis lumapit ako sa kanya at humalik sa pisngi nya.

Hehehe may advantage din talaga ang pagiging multo.

Kung gugustuhin namin at kasama ng matinding konsentrasyon magagawa naming mahawakan ang isang tao at bagay.

Pero talagang matinding konsentrasyon ang kailangan mo.

At ako bilang matagal na akong pagala-gala dito malapit ko na iyong m-master.

Napaatras sya at napalingap-lingap sa paligid. Sa lapit ko kitang-kita ko ang pagtayuan ng balahibo nya.

Pagkatapos isang sulyap pa ang ginawa nya sa villa bago sya tumalikod.

*****

"Umayos ka sabing babae ka!" iyang sigaw na iyan ni Tyrrone ang narinig ko bago pumasok sa kwarto.

"Eh maayos naman ako Bossing ah, ikaw ang magulo, pinapakialaman mo ako." sabi ni Leigh.

Nakita ko silang dalawa na nasa ibabaw ng kama hinuhubad ni Leigh ang damit nito habang pilit naman syang pinipigilan ni Tyrrone.

"Hindi na ko natutuwa sayo."

"Aba Bossing di ko naman sinabi na matuwa ka sakin. Naiinitan lang ako." Pinalis nya ang kamay ni Tyrrone.

"Sabing di ka pwedeng maghubad." gigil na sabi ni Tyrrone na pinigilan sya ulit.

"Naman Bossing, dali na." nakita ako ni Leigh. "Hoy white lady na mahilig sa pogi kunin mo nga itong si Bossing nang makapahubad at makatulog na ako."

Tinaasan ko sya ng kilay.

"Bossing bitaw!"

"Tumigil ka dyan!"

Napailing ako parang mag-asawa maglambingan ang dalawang ito.

"Bossing si Clarissa o." tinuro ni Leigh sa pinto.

Lumingon naman si Tyrrone. Nabigyan tuloy ng pagkakataon si Leigh na mahubad ang damit. "Ayos." sabay higa.

"You -." naputol ang sasabihin sana ni Tyrrone ng makita na prenteng-prente nang nakahiga si Leigh, na ang tanging pang-itaas ay bra na lang.

Napaawang ang mga labi niya at napalunok, habang pinagmamasdan ang babae.

"Bakit ganon ang reaksyon nya? Huwag mong sabihin na..." then i heard it. Mahina lang, pero sigurado ako na tama ang nadidinig ko.

"Oh. Ang kinis at ang sexy nya pala." tinig ng isang lalaki.

Simbilis nang kidlat na nakuha ni Tyrrone ang kumot at naitakip sa katawan ni Leigh, pagkatapos ay

hinarap ang nagsalita.

Napasimangot ako habang tinitignan ang isa pang lalaking multo na dumating.

Si Damien ang pinaka mayabang, bastos at manyak na multo nakilala ko.

"Stop looking at her!" singhal ni Tyrrone rito.

Pero dahil isang walang modong multo si Damien, nilapitan nya pa si Leigh.

"At maganda rin ha. I wonder kung malambot din ang balat nya."

"Don't you dare!"

Awang ang labi ko ng tumalsik si Damien pagkatapos nyang itulak.

"Whoa kalma man hahawakan ko lang." sabi ni Damien na inayos ang nagusot na damit.

"Touch her at sisiguraduhin ko na hindi ka na makakapaggala sa mundong dito!"

Ang intense ng itsura ni Tyrrone parang handa nyang patayin ulit si Damien kapag hinawakan o ni tignan man lang nito si Leigh.

"*Hay di man lang ako nakakilala ng lalaking tulad nya ng nabubuhay pa ako."*

"Wow pare possessive mo naman."

"She's mine." deklara ni Tyrrone hinarangan ang tingin ni Damien na pilit sinisilip si Leigh, na walang kamalay-malay sa mga pangyayari.

"Walang sino man ang pwedeng humawak sa kanya maliban sakin. Hindi ikaw o kahit ang Ford na iyon." matigas na sabi nya.

Akala ko may girlfriend sya? Pero bakit ganyan sya magsalita patungkol kay Leigh?

"Okay chill, may may ari na pala hindi ko na hahawakan, pero pwedeng tignan di ba?"

Ang sira ulong si Damien biglang nanlaki ang mga mata ng mahagip ng tingin si Leigh.

Paano ba naman inalis ng babae ang kumot at ngayon ay naka buyangyang na naman ang katawan.

"Pero pare ang ganda talaga ng katawan. Ang swerte mo."

Nakita ko na mula sa kama biglang nawala si Tyrrone at nang muli kong tignan si Damien. Nakasandal na ito sa pader habang sakal-sakal nya.

"I said don't fucking look at her!"

Mabilis akong lumapit.

"Boys enough!" saway ko.

Binitawan siya nito.

"Man napaka high blood mo. Joke lang iyon." sabi ni Damien na may bahagyang takot ang mga mata.

Tinignan lang ito ng matalim ni Tyrrone.

Piningot ko sa tenga si Damien.

"Ang panget naman kasi ng biro mo. Tara na."

"Ouch! Elizabeth my labs dahan-dahan, ikaw nagselos ka naman kaagad, don't worry kahit may tinitignan akong iba ikaw parin ang my labs ko."

"Heh!" tinulak ko sya para tumagos sa pader.

"Pogi pagpasensyahan mo na lang si Damien, ganon lang iyon. Pero harmless naman sya."

Di sya sumagot tinalikuran lang ako.

"You're not one of us right?" tanong ko.

Natigil sya sa paglalakad.

Hindi niya ako nilingon at hindi rin sya sumagot.

"Alam nya ba?" tanong ko pa.

Sa pagkakataong iyon umiling sya.

"Hindi...hindi pa." sagot nya bago nagpatuloy sa paglapit kay Leigh.

Nakibit-balikat ako. Bago tuluyang lumabas.

Well isyu nya iyon, di ko na kailangan problemahin.

******

Leigh p.o.v

Masakit ang ulo ko! Parang binabarena.

Letsugas hindi na ko iinom ulit.

"*Lagi mong line yan pagkatapos mong uminom at inaatake ng hang over*."

Pumikit ako ng mariin pagkatapos ay dahan-dahan na nagmulat ng mga mata. Para lang pumikit uli.

"*Juice ko! Tang milo. Sana panaginip lang ito, na natutulog pa ko."*

Kumilos ang isa kong kamay. Kinapa ang kinahihigaan ko.

Paksyet!

Mainit, matigas malapad at gumagalaw.

"Oh packing tape, please sana panaginip lang ito."

Minulat ko ang isa kong mata nagkasalubong ulit ang mga tingin namin ni Tyrrone.

Pikit ulit ako.

"*Shit! Hindi panaginip, hindi panaginip na sa ibabaw nya ako nakahiga! Hindi panaginip na feel na feel ko pa dahil ang higpit ng yakap ko sa kanya kanina! Hindi panaginip totoo! Totoo! Syete! Pakamatay ka na Leigh."*

"Baka gusto mo nang tumayo dyan, buong gabi mo na akong ginawang kama." sabi nya na siguradong kinapula ko.

"S-sorry Bossing." dali-dali akong umalis sa ibabaw nya, pero ang siste dahil kagigising ko lang bahagya akong nahilo at nawalan ng balanse.

Lagpak ako sa sahig.

"A-aray ko."

"What's wrong with you pagbaba lang ng kama hindi mo pa magawa ng maayos." singhal nya na mabilis na nakababa at inalalayan ako paupo.

"Aray ang balakang ko."

"Anong masakit?" tanong nya na dumako ang kamay sa bewang ko.

Napatuwid ako at mabilis na tumayo.

"O-okay lang B-bossing. C-cr lang ako." kahit masakit ang pang-upo at balakang ko mabilis ang ginawa kong pagkilos papuntang banyo.

Malapit na kasi akong lumubog sa kahihiyan.

Paano akong napapunta sa ibabaw nya? At ang sabi nya pa buong gabi, bakit hindi nya ako tinulak? At saka bakit panlalaking t-shirt ang suot ko?

"Ayan Leigh alak pa more."

Hindi na talaga ako iinom, nawawala ako sa sarili ko paglasing ako.

Napasabunot ako sa buhok ko.

"Ugh Leigh talaga!" malakas kong sabi.

******

Idineretso ko na ng ligo ang pag c.r, nang matanggal ang amats ko.

Kalmado narin ako.

Kung sakaling io-open nya ang tungkol sa pagtulog ko sa ibabaw nya.
Sasabihin ko na hindi ko alam iyon, na lasing lang ako.

Binalot ko ang sarili ko ng towel at lumabas ng shower.

But then napahinto ako ng may nakita akong isang lalaking multo, na nakangising nakatayo sa harap ko at pinapasadahan ako ng tingin.

"Sino ka naman?" i asked.

"Damien at your service Ms. Beautiful." hindi ko gusto ang kislap ng mga mata nya.

At tama nga ako. Kinumpas nya ang kamay nya at awtomatiko na humangin sa loob ng banyo.

Humigpit ang hawak ko sa tuwalya ng tila may puwersa na humihila nuon pahubad sakin.

Aba manyakis yata ang multo na ito ah.

"Hoy tigilan mo yan!"

Binato ko sya ng bottled shampoo at tumama iyon sa noo nya.

Alam kong hindi sya nasaktan pero nagulat sya ng matamaan ko sya.

"Paanong?"

"Alis pati ba multo manyak na rin. Lumabas ka nga rito."

Pero mukha syang naging mas determinado.

Mas lumakas ang pwersang gustong magtanggal sa tuwalya ko.

"Ayaw mo talaga ha." nilapitan ko sya at malakas na sinuntok sa mukha. Kasabay niyon ay ang paghulagpos ng tuwalya ko at ang paglitaw ni Tyrrone sa aking harapan.

"Shit!' mura ko.

Habang sya nanlalaki ang mga mata at pinapasadahan ng tingin ang...

...hubad kong katawan.

*****

H/N

I'm sick!

Huhuhuhu ilang araw na kong nakakadama ng hilo kaya ngayon lang ako naka UD ulit.

Xenxia na....

Salamat sa nagbabasa at nagv-votes. :)

Ugh yumayanig talaga ang mundo ko.:(

16

Parehas kaming nanlaki ang mga mata habang nakatingin sa isat-isa.

Alam kong hindi lang mukha ko ang namula siguradong buong katawan ko rin, dahil sa binibigay nyang titig sakin.

"*Anong tinutulala mo Leigh! Kumilos ka! Binabandera mo na ang buong katawan mo sa kanya*!"

Sabay kaming napapitlag ng biglang tumikhim si Damien na pinapanood kami.

Mabilis na kumilos si Tyrrone, naharap nya na si Damien at malakas na sinigawan.

"GET OUT!!!" dumagundong talaga ang boses nya sa bawat sulok ng banyo.

Kaya hindi na ako nagulat ng takot na takot at mabilis na naglaho ang manyak na multo.

Di parin ako kumikilos, na shock yata ang utak ko sa mga pangyayari.

Humarap ulit sakin si Tyrrone. Pormal na ang mukha at wala akong mabasang kahit ano.

Deretso lang syang nakatingin sa mga mata ko.

Then yumuko sya, dinampot ang tuwalya na nasa paanan ko.
Pagkatapos ay binalot nya iyon sa katawan ko.

Saka lang ako naging aware sa mabibigat nyang paghinga. Pati narin sa init ng mga titig nya.

Ang mga kamay nya nasa balikat ko parin.

"B-bossing..."

"Next time sa loob ka na ng shower magbihis, huwag kang gumala ng nakatuwalya lang dahil may kasama tayong multong gago." Galit na sabi nya habang dumidiin ang kapit sa balikat ko, dahilan para mapalapit ako ng bahagya sa kanya.

Humahampas ang hininga nya sa mukha ko. Parang gusto ko tuloy mapapikit.

"And nex time huwag kang magpapakita ng nakaganyan sakin kung ayaw mong angkinin kita ng di oras!"

Boom!!!

Para akong sinabugan ng bomba sa mga narinig ko, o tama ba ako ng pagkakadinig sa sinabi nya.

Hindi pa nakakapag process ang utak ko isang mariin na halik naman ang binigay nya sa akin, saglit lang at nang humiwalay sya isang kagat sa lower lip ko sng binigay nya.

"Ayusin mo ang sarili mo, may bubugbugin lang akong multo." He said bago sya naglaho.

Puwede bang mqglupasay?

Puwede bang matunaw na lang sa kahihiyan. Nyemas di pa nga nangangalahati ang araw ko naka two points kaagad ako sa kahihiyan.

"*Kung ayaw mong angkinin kita ng di oras."*

And what the heck did he mean by that?

Ugh mas malala pa sa hang over ko ang mga nangyari! Wooo ang sarap maglasing ulit.

*****

Humihingal at nagpupunas ng pawis na kumuha ako ng tubig sa ref.

Buong araw kong hinanap ang memory card dito sa Villa. Sinabayan ko na nga ng linis. Ang kaso nalinis ko na lahat ng palapag at inabot na ako ng alas-singko ng hapon wala parin akong nakitang memory card.

Binaba ko ang iniinom ko at inilibot ang tingin sa kusina.

Mula pa rin kanina ni isang anino ng tatlong multo na kasama ko di ko nakita.

Maghapon din iyon. Wala naman ako paki dun sa malandi at manyak na multo ang gusto kong makita ay ang bossing ko.

"Wow Leigh ha. Maka Bossing ko talaga ikaw ha, inangkin teh. Bakit may mukha ka na bang ihaharap sa kanya ha."

Pinilig ko ang ulo ko ng bumalik ang eksena namin kanina.

Gusto ko syang makita pero di ko naman alam kung paano ko sya haharapin.

Bumuntung hininga ako, at aktong lalabas ng kusina ng biglang nabasag ang maliit na banga na nakapatong sa ibabaw ng ref.

Awtomatiko na kumilos ang katawan ko para yumuko, kasabay nuon ay ang sunod-sunod na lagabog at pagkabasag ng ilang gamit sa paligid ko.

"Nyemas kakalinis ko lang." payuko akong lumabas ng kusina.

Patuloy parin ang pagkabasag ng mga gamit sa paligid ko.

"Naman lagot ako kay Bossing nito eh." Maktol ko pero ang luwang ng pagkakangiti ko.

Nag-uumpisa ng mabuhay ang dugo ko.

Lumusot ako sa ilalim ng mesa at gumapang para makapunta sa pinto sa likod.

"Gusto nyo ng barilan. Dito tayo sa labas para di ako mapagalitan ng amo ko."

Pumasok ako sa loob ng kakahuyan. Dinig ko ang mga yapak na sumusunod sa akin.

Humarap ako. At sa dalawang kamay ko dalawang baril na ang hawak ko.

Sunod-sunod ang ginawa kong pagpapaputok.

May mga natumba, may mga natigilan ngunit mabilis na nakapagtago.

Hindi tulad ng limang power ranger na sumugod sa amin sa Tres Wood kita ko ang mga mukha nila.

Gunanti ng putok ang isa. Imbes na umiwas ngumisi lang ako lalo na ng di ako tamaan.

Nagpaputok ulit ako.

Sa pagkakataong iyon gumanti na sila ng putok.

Nagtago ako sa likod ng isang puno.

"Ito ang gusto ko, aksyon." Masayang sabi ko.

Lumabas ulit ako sa pinagtataguan ko at nagpaputok.

May silencer ang mga baril nila, tulad ng may silencer din ang sa akin. Dahil kung wala malamang takang-taka ang mga taga Isla kung ano ang meron sa Villa Puti.
May dumaan na bala sa balikat ko galing sa kaliwa.

Tumingin ako duon.

Nginisihan ko sya. "Sorry Pare di ako tinamaan." Magpapaputok sana ako ng may humila sakin mula sa likod ko at tinago ako sa puno ng akasya.

"Sa lahat ng nakikipagbarilan ikaw lang ang nakita kong ngumingisi at ngumingiti."

"Bossing."

Matalim na tingin lang ang binigay nya sa akin. Bago ako hinila palayo sa mga kalaban.

"Teka Bossing andun iyong mga kalaban ko. Papasaan tayo?" Sinubukan kong huminto pero galit na tingin ang binigay nya sakin.

Bigla nya akong inikot papunta sa likod nya at itinaas ang kamay ko na may hawak na baril.

Kinalabit nya ang gatilyo habang parehas naming hawak ang baril.
Bagsak ang isang kalaban na babarilin sana ako mula sa likod.

At bago pa ko makapiyok hinihila na naman nya ako.

Napatingin ako sa magkahugpong naming kamay.

Sobrang higpit ng hawak nya sa kamay. Na para bang kapag bumitaw ako mawawala ako sa kanya.

Lumiko kami sa isang pababang daan. Muntik pa nga akong dumausdos pababa sa bilis ng pagtakbo

nya. Buti na lang hinapit nya ako sa bewang at halos buhatin na.

Wala nang nagpapaputok sa likod namin pero patuloy parin kami sa pagtakbo.

Sa isang tapat ng maliit na yungib kami huminto.

"Pasok." Sabi ni Tyrrone.

"Ha?"

Sa likod lumalakas na naman ang mga yabag papalapit sa puwesto namin.

"Basta pumasok ka!" Sigaw nya sabay hawak sa ulo ko para payukuin ako.

Eh ano pang magagawa ko eh di yumuko, galit na naman sya eh.

Pumasok na lang ako sa mababang yungib na iyon.

Hindi ko alam kung ano ang trip nya. Pero mas enjoy akong makipag barilan kesa gumapang sa madilim at masikip na yungib nato.

Nilingon ko si Tyrrone pero wala na sya sa likod ko.

"Tignan mo to papalusutin ako dito tapos biglang maglalaho." Malakas na sabi ko.

Nakarating ako sa dulo ng yungib.
Wala na nga ako makita sa sobrang dilim kaya pakapa-kapa kong hinawakan ang pader.

May humawak sa kamay ko at giniya ako sa isang bahagi ng pader.

Hawak-hawak ang kamay ko itinulak ni Tyrrone ang isa bahagi ng pader.

Napapikit ako ng bahagya ng masilaw ako sa sinag ng araw. At nang makapag-adjust ako nanlaki ang mga mata ko.

"Wow ang ganda!" puno ng bulaklak ang paligid kung nasaan ako. Ibat-ibang ligaw na bulaklak na may maliit na sapa pa. Parang maliit na paraiso.

Nilingon ko ang pinanggalingan ko.
Nakita kong nakatayo si Tyrrone malapit sa butas na nilabasan ko.

Nakatingin sya sakin.

Nag-iwas naman ako ng tingin.

Shemay namumula yata ang mukha ko dahil naalala ko iyong kanina.

Tumikhim ako.

"Bakit andito tayo Bossing?"

Hindi sya sumagot nakatitig lang.

"Hoy Bossing." Untag ko pa sa kanya.

"Nagtatago." Maikli syang sagot.

"Nagtatago? Bakit? Ang saya nga dun. Labas na ko Bossing." Itinaas ko pa ang kamay ko na may hawak na baril.

Parang toro na galit at mabilis na lumapit sya sakin.

Hindi naman ako umatras.
Hanggang sa nakalapit sya.

Niyuko nya ako at tuwid ko naman syang tinitigan sa mga mata.

Pero nang yumuko pa sya at halos magkabungguan na ang ilong namin, nuon ko ginustong umatras. Pero napako nayata ako sa kinatatayuan ko.

"Dito ka lang, hanggat hindi ko sinasabi na lalabas ka, do you understand? Huh Babe?" Saka nya ko mabilis na hinalikan sa tungki ng ilong.

Napaatras na ko ng tuluyan.

"S-sabi ko nga dito lang ako Bossing." Saka ako nagkunyari na pinagmamasdan ang paligid.

"Anong lugar pala ito Bossing.?" Tanong ko kahit windang na windang ang isip ko sa ginawa nya kanina.

"Hindi ko alam. Dinala ako ni Elizabeth dito kanina may ipapakita daw sya."

Nagsalubong ang kilay ko.

"Ano daw?" Tanong ko na humarap sa kanya. "*Ibig sabihin maghapon silang magkasama ng malanding yun*?"

"Hi Pogi." Speaking of malandi bigla syang lumitaw sa pagitan namin.

"Hi Leigh." Bati nya rin sakin.

Tumango ako. "Ano iyong ipapakita mo kay Bossing?"

"Katawan ko gusto mo rin makita?"
Pwede bang pumatay ng multo?
Ngumiwi ako.

"No thanks kung ano man ang makikita ko sayo, meron din ako nyan." Tumalikod ako para maglakad-lakad sa paligid.

Wow ang galing may puno ng saging at buko din, kung sakaling dito ako magtatago buhay ako ng ilang araw.

"Joke lang. Iyong hinahanap nyo ang ipapakita ko."

Eh? Ano raw? Napahinto ako sa aktong pag-abot sa saging at mabilis na hinarap si Elizabeth.

"Nasaan? Nasaan iyong memory card?" Hinawakan ko sya sa balikat at inalog.

"Hey ano ba?" Inis na sabi nya na pilit kumakawala.

"Asan?"

Naramdaman kong may humawak sa magkabilang braso ko at alam kong si Tyrrone iyon kaya naman sya ang binalingan ko.

"Boss alam nya kung nasaan iyong memory card. Itanong mo sa kanya ng makita na natin ang laman."

Nagulat ako ng tumawa si Tyrrone at hinapit ako papalapit sa katawan nya.

"Okay, okay, relaks Babe." Sabi nya pa na ang mga labi ay nakadikit sa sentido ko.

Waa bakit may ganito pa? Pwede naman nyang sabihin na okay relaks Leigh.

Anak ng tipaklong siguradong namumula na naman ako.

"O-okay Boss. Sabi ko nga relaks lang ako." Kumawala ako sa kanya at hinarap ulit ang malanding multo este si Elizabeth.

Nakataas ang isang kilay nya habang nakatingin samin na ginantihan ko ng awkward na ngisi.

"Where it is Elizabeth?" Tanong na rin ni Tyrrone.

"Duon." Sinundan ko ng tingin ang tinuturo nya.

Duon sa dalawang malaking bato na magkahugpong ang magkabilang dulo ang tinuturo nya.

"Sinusundan ko na si Pogi sa tuwing nagbabakasyon sya rito. At nuong araw na may humahabol sa kanya dito sya napadpad at nagtago. May tama sya ng bala non at kahit hirap na hirap nagawa nya paring maglakad papunta sa taas non at itago ang isang bagay."

Wala sa loob na ikinuyom ko ang magkabila kong palad habang naglalaro sa isip ko ang hirap na hirap na itsura ni Tyrrone na may tama ng bala at umaakyat sa batuhang iyon.

Halos 15 feet ang taas at sigurado akong nagpadausdos sya para makababa.

"*Kapag nalaman ko talaga kung sino ang may gawa nito mata nya lang ang walang* latay!" Naisip ko habang naglalakad papunta sa bato.

***

HN**

Hello Salamat po sa mga naghihintay ng update at pagpasensyahan nyo na po kung maikli lang hehehe dto ko lang ginawa habang nakasakay sa jeep ang chapter na to.
Iyong kasalukuyan akong natratrapik sa coastal then biglang pumasok si Leigh at Tyrrone sa isip ko.
Kaya heto ang resulta.

Sorry po talaga sa matagal na UD at sa kaiklian nitong chap nato.

Thank you Guys love yahhh all ????

Please Read:)

Hello po Helliza here.

Manghihingi lang po ng help. Sa mga naghihintay po ng update ko hihingi po ako ng kaunting tulong.

Dahil sa tagal ko pong naitigil ang pagsusulat sa kwentong ito nawala po ako sa takbo ng story.

Kung pwede po sana magsuggest po kayo ng song any song na sa tingin nyo babagay sa susunod na chapter. Duon po ako huhugot ng susunod na eksena, any song po kahit sino kumanta.

Comment nyo po sakin iyonong title, lyrics kung meron at mas maganda kung may video din hehehe abusada. Pwede kahit title lang po.

Kailangan ko po ng pressure hehehehe.

Thank you po talaga sa magbibigay.

Anyway share ko lang. Nakapanganak na po ako at gusto kong i-share ang name ng baby girl ko.

Welcome to the world Mariya Denise.

Nga pala add nyo po ako sa fb helliza sabida po kagagawa ko lang kaya wala pa ako friends dun hehehe. Pwedeng dun narin po kayo magsend ng song.:)

Thanks po...

Lav yah all.

Helliza:)

17

Don Ludwig Alfonso kilalang tao, at mayaman na negosyante.

Kilalang-kilala sya sa pagiging matulungin sa mahihirap, mga nangangailangan at humihingi ng hustisya.

Maraming may gustong pumasok sya sa pulitika at ayon sa mga balita, kakandidato sya sa pagkapangulo sa susunod na taon.

Kaya sino ang mag-aakala na si Don Ludwig Alfonso ang bida sa palabas na nasa memory card ni Tyrrone.

Sino ang mag-aakalang na ang isang kilalang mabuti at mabait na pilantropo ay isang pinuno ng sindikato ng droga at parang wala lang kung pumatay ng tao.

Walang ano mang reaksyon ang mukha ko habang pinapanood sa pangalawang pagkakataon ang video.

Ang laman?

Si Don Ludwig na nakikipag transakyon sa mga intsik. Kitang-kita sa video ang pagpapalitan ng droga at pera ng mga ito. Ang pagdampot ni Don Ludwig una sa pera na inamoy-amoy pa nya pagkatapos ay sunod niyang dinampot ang droga. Ang sunod na eksena ay ang paghugot ni Don Ludwig ng baril saka pinaputukan sa ulo ang tatlong intsik na kaharap.

Sa biglang paggalaw ng camera obvious na obvious na nagulat si Tyrrone na nakasaksi ng lahat.

"What it is Tyrrone?" Rinig ko pa ang boses ni Clarissa.

"Lets get out of here." Si Tyrrone pagkatapos ay namatay na ang video.

Sumipol ako.

"Malaking tao nga ang nakabangga mo Bossing."

Mula sa pagkakasandal sa batuhan, umayos ng tayo si Tyrrone.

"Si Clarissa." Bakas ang pag-aalala sa boses nya.

Natigilan ako bago mabilis na ngumiti.

"Dont worry Bossing, hindi sya papabayaan ni Eizen at ngayong kilala ko na ang kalaban mas mapro-protektahan namin sya."

May kung anong dumaan sa mga mata nyana dagli ring nawala.

Tumayo naman ako.

"Bumalik na tayo ng Mulawin Bossing wala tayong dapat na sayangin na oras." Sabi ko habang

nagpapagpag ng pantalon.

Hindi siya tuminag.

Nakahakbang na ako ng ilang hakbang, habang sya nanatili lang sa pwesto nya at nakatingin sakin.

"Hoy Bossing." Kunot noo na tawag ko, huminto ako sa paglalakad at hinarap sya.

"I want you to do something, bago tayo umalis sa lugar na ito." He said in a very formal tone.

"Ano?"

"Find my body."

"Ha?" Ano daw?

"Find my body." Ulit nya.

"Hahanapin ko ang katawan mo?" Ang lakas na naman ng trip ng gwapong multo na ito, ipapahanap daw ang katawan nya eh hindi ko nga alam kung saan sya namatay, and chances are na matagpuan kong buo ang katawan nya, malamang naagnas na iyon.

Napakamot ako sa ulo.

"Eh Bossing pwede bang next time na lang iyon. Unahin muna nating lutasin ang problema mo kay Don Ludwig. After that promise hahanapin ko ang katawan mo at bibigyan ko ng maayos na libingan at puntod."

I'm not dead."

"Papatayuan ko pa ng museleo at-." Napahinto ako sa pagsasalita. "*Ano raw tama ba ang dinig ko?*"

"Ano nga ulit Bossing di ko naintindihan, parang nabingi yata ako."

"I'm not dead. Hindi pa ako patay. And I want you to find my body."

Napatingin ako sa kanya ng matagal. Hinihintay ko na magsabi sya ng "joke lang".

Seriousness. Iyon ang nababasa ko sa mga mata nya.

"Kelan ba nagbiro yan ha Leigh?" Sabi nya na mukhang nabasa ang iniisip ko.

"Wait lang Bossing ha, ulitin ko lang. Youre not dead. Meaning hindi ka patay, buhay ka." Napangiwi ako dahil tinagalog ko lang naman ang sinabi nya. "At pinapahanap mo sakin ang katawan mo, tama ba ako?"

Tumango sya.

"Okay gets ko na, pero may isang tanong ako, if youre not dead bakit multo ka? At paano mo nalaman na buhay ka pa?"

Nalilito ako pero deep inside may kasiyahan na unti-unting umusbong sa dibdib ko.

"He's alive."

Nagulat ako ng hawakan nya ako sa kanang kamay at hinila papunta sa kanya.

Naglanding ang palad ko sa dibdib nya at naglapat ang katawan namin.

"Shemay bat may ganito?"

"B-bossing?"

"Feel that." Sabi nya na inayos ang pagkakalapat ng palad ko sa dibdib nya. Itinapat niya ang kamay ko sa mismong puso nya.

"Ang alin-?" Natigilan ako at nanlaki ang mga mata. Ko.

Tibok. Nararamdaman ko ang tibok ng puso nya!

Tumitibok ang puso nya!

"B-bossing may heart beat ka." Di makapaniwalang sabi ko.

Tumango sya.

"That's the proof that I'm still alive and we need to find my body."

Gusto kong magtatalon sa tuwa.

He's alive.

Tyrrone is alive.

"Sige Bossing hahanapin natin ang katawan mo. Sisiguraduhin ko na makikita natin ang katawan mo. I promise." Determinado ang tinig na sabi ko. "

"Sigurado ka bang dito mo huling nakita si Bossing?" Pangatlong ulit na tanong ko kay Elizabeth habang nakaupo sa likod ng bangka papuntang Isla Malaya.

"Paulit-ulit dito ko nga sya huling nakitang tumalon at inanod nang hinahabol sya ng mga gustong pumatay sa kanya." Sagot naman nya sabay irap sakin.

Nagkibit-balikat naman ako. At hindi pinansin ang pagkainis nya.

Habang papalapit kami sa Isla palakas ng palakas ang tibok ng puso ko. Iyong tipong parang mag h-hyperventilate na ko.

Alam ko kung bakit ganon. Positibo ako na nandito sa Islang ito ang katawan ni Tyrrone, kung tinatanong nyo kung paano ko nalaman eh, pasensya na po dahil kahit ako hindi ko maipaliwanag kung bakit ganon ang pakiramdam ko.

Nang dumaong ang bangkang sinasakyan ko napatingin kaagad sa akin ang ilang katutubo na naroon.

Ang mga matatandang katutubo, bata, dalaga at binata ay tinitignan ako ng puno ng kuryusidad.

Bakit ganyan ang reaksyon nila?

Ang Isla Malaya ang isang maliit na isla na bibihirang mapuntahan ng mga turista.

Mga katutubo ang nakatira dito.

Iyong mga nakasuot pa ng bahag. Simple at payak ang pamumuhay nila rito na oo nga at may kuryente sa tulong narin ng solar panel, hindi parin uso dito ang mga gadgets,tulad ng cellphone at computer, tv at radyo lang.

Lumapit ako sa isang kumpol ng mga matatandang katutubo.

"Magandang araw po, may itatanong lang po ako?" Nakangiting sabi ko.

Nagtinginan sila.

"Gusto ko lang po malaman kung ki-."

"Mukhang pagod ka Ineng bakit hindi ka muna magpahinga. Ikaw ba'y nag-almusal na?" Tanong ng isang babae na ang hula ko ay pinakamatanda sa lahat ng naroon sa kumpulan. Hindi nakaligtas sa pansin ko ang pagtingin nya sa bracelet ni Tyrrone na suot ko. Hindi ako nagkomento duon bagkus ay sinagot ko ang tanong nya.

"Hindi pa nga ho." Sabi ko sabay hawak sa tyan. Nagugutom na talaga ako sa katunayan kagabi pa ng ala-syete ang huling kain ko.

"Ganon tara at kumain ka muna dito, tara dine." Iginiya nya ako sa papunta sa isang kubo at pinaupo sa hapag kainan na nasa bakuran.

Nilagang saging na saba at kamote ang hinain nilang pagkain sa harap ko, na kinain ko naman ng buong gana.

Mukhang natuwa sa magana kong pagkain ang matanda na nagpatawag na Aling Rosila.

Napadighay pa ko ng matapos kumain.

"Wow ang tagal ko din nakatikim ng ganong almusal nabusog po ako. Maraming salamat po."

"Nakakatuwa kung ganon."

Uminom ako ng tubig at binalingan si Aling Rosila.

"Aling Rosila-."

"Hinahanap mo na sya diba."

"Po?"

"Iyong lalaking may-ari ng pulseras na yan hinahanap mo di ba."

"Paano nyo po-?"

"Kasama mo sya hindi ba, sa katunayan nakaupo sya sa tabi mo."

Nanlaki ang mga mata ko at napatingin kay Tyrrone na na bakas din ang gulat sa mukha.

"Nakikita nyo rin ho sya."

"Oo naman Ineng ako amg may gawa kung bakit nakikita mo sya."

May sasabihin pa sana ako ng tumayo ang matanda.

"Halika sumunod kayo."

Sa likod ng kubo nila Aling Rosila nya kami dinala.

May maliit na yungib duon na pinasok namin. Nakakagulat na maluwang pala ang loob non.

Pero mas nakakagulat ang nakita ko nang makarating kami sa dulo.

Nakahiga sya sa isang papag. Nakasuot sya ng puting tshirt at maong na pantalon. Medyo payat at makapal na ang bigote at balbas sa mukha. Nakapikit sya at walang pakiaaml sa paligid na natutulog batay sa mabini nyang paghinga.

Malayong-malayo sa katabi ko na mulat na mulat ang mata matikas ang pangangatawan at nakatingin din sa sarili nyang katawan.

Yes ang katawan ni Tyrrone Jigs Elmundo anh nasa harapan ko. Hindi ako makapaniwala ma mabilis naming makikita ang katawan nya.

"Natagpuan namin sya sa may pampang sugatan at naghihingalo. Dinala sya ng mga tao sa kubo ko at pinagamot. Mahirap dahil halos wala na syang hininga, pero matibay ang puso mo bata at determinado kang mabuhay. Natatandaan ko pa ang sinasabi mo nuon...ang paulit-ulit na sinasabi mo. "Gusto ko syang makita ulit, gusto ko syang balikan, tulungan nyo ako." Iyan ang paulit-ulit mong sinasabi. Kaya ginawa ko ang lahat ng alam ko para mabuhay ka, kaya naman heto tayo,andyan ka nakatayo at nakahiga."

"Si Clarissa." Alam kong si Clarissa ang tinutukoy ni Tyrrone.

Ayan na naman ang pamilyar na kirot. Iyong kirot sa puso na dapat hindi ko maramdaman.

Nagtanong na lang ako para maitago iyon.

"Pero paano nyo ho nagawa ito?"

Tumingin sakin si Aling Rosila at ngumiti.

"May mga bagay ditto sa mundo hija na mahirap ipaliwanag at mas mabuting hayaan na lang."

Napatango naman ako.

"Tatawag na ako sa DQ para madala ka na sa Mulawin Bossing." Nang tumango sya, lumabas na ako ng yungib.

"Yeah Eizen, oo mag-ingat kayo dyan, oo tell her na okay si Tyrrone, oo buhay sya... yeah, yeah ikaw na ang magsabi kayo ang magkaharap dyan eh. Oo sige...sige bye."

"Mahal mo ang binata hindi ba?" hindi ako nagulat sa biglang pagsulpot at pagsasalita ni Aling Rosila sa likod ko, ang kinagulat ko na bihasa kong naitago ay ang tanong nya.

"Po?"

"Mahal mo an binatang nasa loob."

Napasulyap ako sa yungib at napahinga ng maluwag ng makitang wala si Tyrrone duon.

Ngumiti ako. "Si Bossing mahal ko? Opo Aling Rosila mahal ko syang inisin hehehehehe."

Hindi tumawa si Aling Rosila kaya napatigil ako sa pagtawa.

"Tatlong araw mula ngayon, kapag nagtagpo ang katawan at kaluluwa, babalik ang espiritu kung saan sya nararapat, at sa muli nyang pagmulat ng mga mata, lahat mawawala sa alaala nya."

Natigilan ako. Hindi ako bobo na gets ko si Aling Rosila.

Bumaha ang pagtutol sa mukha ko bago ko pa makontrol ang sarili ko.

"Makakalimutan nya ako. Lahat ng ito malilimot nya."

*'*Mukhang matibay naman ang puso mo Ineng palagay ko kakayanin mo."

Pagkasabi nuon umalis na si Aling Rosila, habang ako naiwan nakatingin sa kawalan.

Unti-unting tila may mga mabibigat na bato ang dumadagan sa dibdib ko.

"*Anong nangyayari sayo di ba alam mo naman na walang patutunguhan iyang nararamdaman mo. Una pa lang alam mong hindi na pwede dahil multo sya. At ngayon naman na alam mong buhay sya, may Clarissa naman na naghihintay sa kanya at babalikan nya."* Napahinga ako ng malalim.

For the first time sa pagkakaalala ko ngayon ko lang naramdaman na gusto kong umiyak.

"Tange ka pala Leigh. Sige magngangawa ka dyan tignan natin kung di ka pagtawanan ng amo mo at ng mga tao." Kinagat ko ng mariin ang labi ko*.*

"What's wrong?" Si Tyrrone na kalalabas lang ng yungib.

Tumingin ako sa kanya sabay iwas ng tingin.

"W-wala Bossing."

Kunot noon na lumapit sya sakin.

"May problema ba sa Mulawin? Si Clarissa."

Nadagdagan ang nararamdaman ko ng mabasa ko ang pag-aalala sa mukha nya.

"OA much Bossing wala okay lang sila natatae lang ako."

Sinamaan nya ako ng tingin.

Ngumisi ako at nag peace sign.

Pagtalikod ko sa kanya, nabura rin ang ngiting iyon.

"**Sabihin mo nga sakin ano ba talagang problema?"**

Mula sa pagtingin ko sa mga alon napatingin ako kay Tyrrone na nakatayo sa kanang tagiliran ko.

Nasa yate na kami ng mga Elmundo. Sila ang sumundo sa amin kasama ang ilang mga taga D&A at ang magulang nya.

Nasa labas ako ng kwarto na pinagdalhan sa katawan nya nakasalampak ng upo sa sahig at binibilang ang alon.

"Bossing?" Pag maang-maangan ko kahit na alam ko ang ibig nyang sabihin.

Mula pa kanina wala akong imik. Nagsasalita lang ako pag kinakausap.

Ang mga kasamahan ko sa D&A alam na pag ganon ako.

Pero si Tyrrone siguradong naninibago.

"Bakit kanina ka pa tahimik?" naupo sya sa tabi ko.

Pasimple naman akong umusog palayo.

Napansin nya yata iyon dahil tumingin sya sakin ng nakakunot noo at umusog ulit papalapit para muling magdikit ang mga braso namin.

Hindi na ko lumayo hinayaan ko na lang, nagsmula na ako ulit na bumilang ng alon.

"Leigh." Untag nya sakin ng di na ko umimik.

"Makakauwi ka na Bossing." Sabi ko imbes na sagutin ang tanong nya.

"Yeah." Maikling sabi nya na tinignan ako ng matiim.

"Pagnagising ka na ba tapos narin ang trabaho ko sayo? I mean hindi ko na kailangan bantayan si Clarissa kasi andyan ka na."

"No." Natigilan ako sa mabilis nyang sagot.

"Mananatili ka sa tabi ko, gusto ko pagmulat ko isa ka sa mga taong makikita ko."

"*So hindi sinabi ni Aling Rosila na malilimutan nya ang lahat ng ito."*

Muli hindi ako umimik.

"Leigh, andun ka di ba, makikita pa kita pagmulat ko right."

*"Hindi na Bossing kasi hindi mo naman ako maalala." I*yon sana ang sasabihin ko. Pero iba ang lumabas sa bibig ko.

"Syempre Bossing hindi mo pa kaya ako bayad." Nakatawang sabi ko.

"Sinungaling...sinungaling...sinungaling."

Song:

One Last Tme

By: Ariana Grande

I was a liar
I gave in to the fire
I know I should've fought it
At least I'm being honest
Feel like a failure
'Cause I know that I failed you
I should've done you better
'Cause you don't want a liar

Siguradong masasakal nya ako pag nalaman nya na nagsisinungaling ako.

"Make sure na nasa tabi talaga kita dahil kung wala ka, magtago ka na because I will punish you."

"Oo nga Bossing." Humikab ako kunyari at pumikit. "Inaantok ako Bossing." Sinandal ko ang ulo ko sa balikat nya. "Pasandal muna ha."

Hinintay ko na tabigin nya ang ulo ko na hindi naman nangyari, bagkus naramdaman ko pa ang pagkabig nya sa akin.

"Then sleep." He said.

Ang totoo hindi ako inaantok. Gusto ko lang maramdaman ang init ng katawan nya dahil alam kong hindi ko na mararamdaman ulit iyon. Na ito na ang huling beses na magdidikit kami ng ganito.

Pagbibigyan ko na ang sarili ko. One Last time.

And I know, and I know, and I know
She gives you everything,
But, boy, I couldn't give it to you
And I know, and I know, and I know
That you got everything,
But I got nothing here without you

So one last time
I need to be the one who takes you home
One more time
I promise, after that, I'll let you go
Baby, I don't care if you got her in your heart
All I really care is you wake up in my arms
One last time
I need to be the one who takes you home

Dahil alam ko after this si Clarissa na ang kasama nya. At ako kahit konti hindi na nya maaalala.

I don't deserve it
I know I don't deserve it,
But stay with me a minute
I swear I'll make it worth it
Can't you forgive me?
At least just temporarily
I know that this is my fault
I should've been more careful

(Oh)
So one last time
I need to be the one who takes you home (who takes you home, babe)
One more time
I promise, after that I'll let you go
Baby, I don't care if you got her in your heart
All I really care is you wake up in my arms (wake up in my arms)
One last time
I need to be the one who takes you home (yeah)

One last time
I need to be the one who takes you home

*****

Hello:)

Nakapag UD din. at pasensya na po kung may mga error. For edit pa ho ito pag nagka time.:)

M... thanks sa song hehehe

Para po sa mga gusto pang magsuggest ng song open parin po iyon nililista ko po lahat ng song na binibigay nyo.:)

Anyway gising na baby ko. Salamat po sa mga nagbabasa nito.

God Blessed

Helliza

18

Loving Him

I **love him even though he's not mine...**
I love him even i know that things is not fine...

I love him even i know that all of this will fade in time...
I love him even its hurt to know that his heart is beating but not for mine...

I love him...he will forget me.
I'm hurting he is enjoying..
I'm shedding tears while he is smiling.

I'm broken while he never knew that here I'am, loving him... while my heart is breaking

*****

Sa tanang buhay ko sa pagkakaalam ko ngayon lang ako nakaramdam ng ganito, iyong sa bawat takbo ng oras at araw parang may batong unti-unting dumadagan sa dibdib ko.

Ikatlong-araw na mula ng matagpuan namin ang katawan ni Tyrrone. Ito ang araw na babalik sya sa katawan nya, ang araw na mabubura ako sa alaala nya...

Sa Mulawin Doctor's Hospital sya naka-confine.

Sa unang araw palang na dumating sya ng hospital dumagsa na kaagad ang mga bisita, mga kilalang tao sa business world, at showbiz. Kaya naman sobrang higpit ng security namin sa kanya.

Napatunayan ko rin na hindi basta-bastang tao lang talaga si Tyrrone Jig Elmundo.

Nasaksihan ko din kung paanong bumaha ng luha sa unang araw pa lang, mula sa mga magulang, kay Clarissa at mga kaibigan nya, lahat natutuwa dahil buhay pa sya.

Halos hindi na nga umalis si Clarissa sa tabi ng binata.

Ako dahil hindi pa ko makalayo, andito parin ako nagsisilbing bodyguard nya.

Kung may mga tanong ang magulang nya kung ano ang kaugnayan ko sa binata at kung paano ako nasangkot sa gulo nito ay hindi na nila isinatinig.

Isang mahigpit na yakap ang natanggap ko sa Mama nya ng malaman nito na ako ang nakahanap nya.

After non sa labas na ng kwarto ako naglagi at hindi na ako pumasok kahit anong pilit nila. Sinabi ko na lang na mas ma m-monitor ko ang mga papasok at lalabas kapag andon ako.

Tulad ngayon nakaupo ako sa upuan sa labas ng kwarto nya kasama ang dalawang trainee ng D&A.

Tahimik lang akong nakahalukipkip na nakaupo duon at hindi ko na mabilang kung ilang buntung-hininga ang ginawa ko.

"Sige drama lang Leigh."

Naiinis ako sa sarili ko, kung pwede nga lang umalis na ako dito at sumama na lang sa operasyon sa paghuli kay
 Don Ludwig, ang kaso hindi pwedeng mahiwalay si Tyrrone sa katawan nya, kaya hindi rin ako pwedeng lumayo.

"Ang laki ng problema mo." muli akong napabuntung hininga.

Nasa ganon ako pag-iisip ng may humawak sa kamay ko at hilahin ako patayo at papuntang elevator.

Napatingin sakin ang dalawa kong kasama kaya sumenyas lang ako na may pupuntahan.

"Bossing?" takang tanong ko habang nakatingin sa kamay nyang mahigpit ang hawak sa kamay ko, dahilan para bumaon ng bahagya ang pulseras nya sa balat ko.

At katulad ng dati hindi ako sinagot ng amo kong suplado. Patuloy lang sya sa pagkaladkad sakin hanggang sa makarating kami sa loob ng elevator.

Hindi ko nakita kung anong floor ang pinindot nya dahil pagkatapos nyang gawin iyon, ay bigla nya na lang akong sinandal sa pader ng elevator.

Nanlaki ang mga mata ko lalo na ng idikit nya ang katawan sa akin ganon din ang mukha nya.

"B-bossing."

"Now tell me, anong problema mo?" he asked.

"W-wala naman akong problema Bossing." sabi ko na pinaling pakanan ang mukha para hindi magbanggaan ang mga ilong namin.

"Mag t-tatlong araw ka nang tahimik, hindi ka nagsasalita kapag hindi ka kinakausap, kahit ang mga kasama mo napapansin iyon. Ngayon mo sabihin sakin na wala kang problema."

"Bossing, tahimik lang may problema na kaagad, hindi ba pwedeng masakit lang muna ang ngipin." palusot ko.

"Letsugas nagtatanong lang kung may problema ako kailangan ganito kalapit, pinapahirapan talaga ako ng lalaking ito."

"Hindi ako nakikipagbiruan Leigh."

"Hindi naman ako nagbibiro Bossing." Sabi ko na nakaiwas parin ng tingin sa kanya.

 Hinawakan nya ang baba ko at pinihit ang mukha ko paharap sa kanya.

"Jusko naman."

"What is the problem Leigh?" ulit nya.

Umiling ako.

Tuluyang nagsalubong ang mga kilay nya.

Tumunog at bumukas na ang elevator , hindi parin sya umaalis sa harap ko, basta nakatitig lang sya sakin.

Akala ko hindi na talaga sya kikilos ngunit bago pa sumara ang pinto sa bewang naman nya ako hinawakan at hinila palabas.

"Bossing saan ba tayo-?" naputol ang sasabihin ko sana.

Nasa rooftop kami ng hospital, pero hindi iyon ang dahilan ng pagkahinto ko sa pagsasalita, kundi sa ayos ng rooftop ngayon.

May mesa na pandalawahan duon na napapalibutan ang paligid ng ibat-ibang klase na bulaklak, sa sahig nagkalat ang mga talulot ng puting rosas. May red carpet sa daanan at mga red ballons sa paligid, may speaker na ngayon ay tumutunog.

"Wow!"

Dumagdag pa na sunset na ngayon kaya mas lalong naging romantic ang ambiance ng paligid.

"B-bossing." lumunok ako.

Lumingon naman sya sakin with a smile na lalong nagpadagdag sa nararadaman ko.

"Bakitang aga mo namang magready sa date nyo ni Clarissa. Aba bossing pagnagkamalay kayo hindi kayo pwedeng makipag date kaagad mahina pa kayo non at as if naman papayagan kayo ng doctor, excited much boss?" sabi ko. O bakit? Hindi ko iniisip na para sa akin ito mahirap na mag-assume no at hindi ako asumera.

"Sus eh nag a-assume ka na nga."

*"*Pinagsasabi mo?" tanong naman nya na nagsasalubong na naman ang kilay.

"Ito." itinuro ko ang nasa harap namin. "Bitaw nga muna bossing." sabi ko na kumakawala mula sa braso nyang tila bakal na nakapalibot sa bewang ko.

Hindi nya naman tinanggal bagkus hinila ako papalapit sa mesa.

Masasarap na pagkain ang makahain duon...wait masasarap na mga pagkain na puro paborito ko!

Pero ang higit na nakatawag sa pansin ko ay ang chocolate cake na nagsasabing.

"Happy Birthday Leigh."

Napamaang ako at napatingin kay Tyrrone.

"P-paanong-?"

"Happy birthday Leigh." As he said that binigyan nya ako ng magaan na halik sa aking mga labi sa labis na pagkagulat ko.

Napaubo ako.
"S-salamat, paano mo nahanda ito s-saka paano mo nalaman na birthday ko ngayon?"

"Katulong ko sila." Tumingin sya sa likod ko.

Ang nakataas kilay bagamat nakangiting si Elizabeth at ang nakangising si Damien ang nalingunan ko.

"You owed me one Leigh, talagang binuhos ko ang artistic side ko para mahanda ito." Si Elizabeth.

"Me too." Si Damien.

"Pero paano nyong nahawakan ang mga ito?" Dagdag tanong ko pa.

"Tumulong ang mga Santiago."

"Nakikita nila kayo?"

"No, iyong anak nilang babae ang kausap ko."

"Si Ysa." napatango-tango na lang ako.

"Pero bakit-?"

"Bakit ba puro ka tanong, maupo ka na lang dyan and lets celebrate your birthday." may bahid na inis na sabi nya.

"Bakit may ganito? Para saan ito?" hindi ko na naisatinig ang mga tanong na iyon dahil hinila na niya ako paupo.

Lahat halos ng nakahanda na pagkain ay ang mga paborito ko. Kahit french fries meron.

Naupo na rin sya.

"Pasensya na, sa susunod na lang natin i-celebrate ang birthday mo with your friends, paggising ko." he said.

Hindi ako nakaimik.

"*Kung maaalala mo pa ako."*

"Here you go again." napapitlag ako ng hawakan nya ang kaliwang kamay ko.

"Ha?" babawiin ko sana ngunit mahigpit ang pagkakahawak nya ruon.

"Bigla ka na lang nagiging tahimik, kapag nababanggit ko ang paggising ko, what the hell is going on Leigh?"

Umiling ako ulit. " Wala naman Bossing." tumikhim ako. "Pwede bang kumain na Bossing gutom na ako eh."

Matagal nya muna akong tinitigan bago sya tumango.

"Ah, baka pwedeng bitawan mo na ako Bossing para makakain ako ng ayos." sabi ko ng hindi nya parin ako binibitawan.

"Eat kaya moyan." pasuplado nyang sagot.

"Eh?"

Seryoso ang mukha nya kaya wala akong nagawa kundi ang kumain.

Tahimik lang ako habang kumakain, sya nakatingin sakin na tila binibilang ang pagsubo ko.

Sa lahat ng birthday party ko ito ang tahimik, dati kasi sa bar o sa DQ ako nag c-celebrate.

Pero sa lahat ng birthday ko, ito ang pinaka gusto ko at pinaka di ko makakalimutan.

Because hawak ko ang kamay ng lalaking mahal ko.

Yes I'm in love. inaamin ko na mahal ko na sya, kahit hindi pwede kahit alam kong walang pag-asa.

Eh bakit ba? Pagbibigyan ko na ang sarili ko, last naman na ito.

"Busog ka na ba?" tanong nya ng hindi na ako kumakain.

Tumango ako.

Lubog na ang araw at ang liwanag na nanggagaling sa ginawa nilang spot light ang nagbibigay liwanag sa amin.

Tumayo sya at pumunta sa gilid ko at nilahad ang kamay sakin.

Nagtatanong ang mga mata ko na tinignan ko sya.

"Lets dance."

Hindi na nya hinintay ang sagot ko.

Kinuha na nya ang kamay at hinila ako patayo kasabay ng pag-ilanlang ng musika sa paligid.

Inilagay nya ang mga braso ko sa batok nya at bumaba naman ang mga kamay nya sa bewang ko at kinabig ako papalapit.

Magkatagpo ang mga mata namin habang nagsasayaw.

Hindi na ako nag-iwas ng tingin sinalubong ko na ng deretso ang tingin nya, dahil alam ko hindi ko na ito magagawa.

Dalawang kanta ang lumipas na nasa ganon ayos kami.

Sa pangatlo na papikit ako ng gawaran nya ako ng halik sa noo.

"Happy Birthday Leigh." he whisphered. Sabay kabig sa ulo ko pahilig sa dibdib nya. " Saka ko na ibibigay ang regalo ko paggising ko I want to give it to you personaly in flesh. "

Muli hindi ako sumagot pumikit na lang ako ng mariin at dinama ang mahinang tibok ng puso nya.

LIKE I'M GONNA LOSE YOU

found myself dreaming
In silver and gold
Like a scene from a movie
That every broken heart knows

We were walking on moonlight
And you pulled me close
Split second and you disappeared
And then I was all alone

Napangiti ako ng mapait. Inuuyam yata ako ng kanta.

"*Oo alam ko na mawawala sya di na kailangan ipamukha sakin iyon."*

I woke up in tears
With you by my side
A breath of relief
And I realized
No, we're not promised tomorrow

Naramdaman ko ang pag-iinit ng mga mata ko. Ang pagbikig ng kung ano sa aking lalamunan.

So I'm gonna love you like I'm gonna lose you
And I'm gonna hold you like I'm saying goodbye
Wherever we're standing
I won't take you for granted
'Cause we'll never know when, when we'll run out of time

So I'm gonna love you like I'm gonna lose you
I'm gonna love you like I'm gonna lose you

Naiiyak... Gusto kong umiyak, sa kauna-unahang pagkakataon naramdaman ko iyong ganito. Iyong gusto mong hawakan na lang sya ng mahigpit para hindi siya mawala sayo.

In the blink of an eye
Just a whisper of smoke
You could lose everything
The truth is you never know

Kaso hindi pwede, dahil hindi naman sya sakin...

"Hindi pwede Leigh dahil aminin man natin o hindi, hindi ka parte ng "buhay" nya.!"

So I'll kiss you longer baby
Any chance that I get
I'll make the most of the minutes
And love with no regrets

Let's take our time to say what we want
Here's what we got before it's all gone
'Cause no, we're not promised tomorrow

"Ang meron ka lang ay ang oras na ito...kaya sulitin mo na."

So I'm gonna love you like I'm gonna lose you
I'm gonna hold you like I'm saying goodbye
Wherever we're standing
I won't take you for granted
'Cause we'll never know when, when we'll run out of time

Tinignan ko sya, wala na akong pakialam kung mabasa nya ang lahat ng nararamdaman ko sa aking mga mata. Wala naman syang maalala pagkatapos nito.

"Leigh..."

"Mahal kita." bulong ko na alam kong narinig nya hindi ko na hinintay na magreact sya kinabig ko ang batok nya at hinalikan sya.

I kissed him the way he kissed me. I kissed him as if there is no tomorrow. I kissed him while pouring my heart,my soul, my life for him... I kissed him and the same time I'm saying goodbye...

So I'm gonna love you like I'm gonna lose you
I'm gonna love you like I'm gonna lose you

So I'm gonna love you like I'm gonna lose you
I'm gonna love you like I'm gonna lose you

*****

Lahat kaming nasa loob ng kwarto ni Tyrrone ay nakatingin sa katawan nyang nakahiga sa hospital bed.

Nagpakita kasi ng senyales ang binata na magigising na sya, kaya inaabangan ni Clarissa , ng magulang at ng mga kaibigan nya, ang paggsing nya.

Ako andito sa sulok sa tabi ng bintana.

Kanina hindi pa man natatapos ang paghalik ko sa kanya, bigla na lang syang naglaho, naiwan akong

nakatulala, nakatingin sa kawalan. Gusto kong umiyak non pero katulad ng dati walang luhang tumulo, ang naiwan lang sakin eh sakit at paninikip ng dibdib, iyong tipong gusto mo na lang huminto ang pagtibok niyon para mawala ang sakit.

Hindi ko alam kung gaano ako katagal duon, hindi rin naman ako inistorbo ng dalawa pang multo na kasama ko, marahil ramdam nila ang pinagdadaanan ko.

Kumilos lang ako ng tawagin ako ni Clarissa at binalita nya na magigising na ang binata.

At andito nga ako... oo aaminin ko umaasa ako na baka maalala nya ako.

Nasa isandaan porsiyento, may sampung porsiyento akong pag-asa na maalala nya ang lahat.

"Asa ka pa Leigh."

Nagsinghapan sila ng magmulat ng mga mata si Tyrrone, sa umpisa nakakunot ang noo niya na para bang iniisip kung nasaan sya.

"Tyrrone , anak." umiiyak na lumapit ang mama nya sa kanya.

"Ma..." mahina nyang sabi

"Pa..." Umiiyak na yinakap sya ng mga ito.

At nang makita niya si Clarissa, sumilay ang isang ngiti sa mga labi nya.

Iyong ngiting minsan lang nyang ibinigay sakin, isang beses lang yata.

"*Dahil hindi naman sya para sayo. Mahal mo lang sya at kung mahal mo pero hindi para sayo, pakawalan mo."*

*"*Tyrrone!" umiiyak din na yumakap si Clarissa sa kanya.

Habang magkayakap sila, umikot ang mga mata nya sa paligid at nagbigay ng ngiti sa mga kaibigan nyang naruon.

Ngiting nawala ng dumako ang tingin nya sakin.

Lumakas ang kabog ng puso ko habang tinititigan nya ko ng nakakunot ang noo.

Kanina lang ako ang yakap nya, kanina lang hawak nya ng mahigpit ang kamay ko. Kanina lang hinahalikan ko sya.

Ngayon napakalayo nya na.

At ang puso ko tuluyan nang nadurog sa mga katagang lumabas sa bibig nya.

"Who are you?"

"Sino ako?" lumunok ako habang nakatitig sa kanya.

"*Ako, isa lang akong limot na alaala*

19

After three months...

Mahirap. Madilim. Masakit.

Tatlong salita na naglalarawan sa lumipas na tatlong buwan ko.

Maraming ring nangyari nitong huling tatlong buwan ko.

Umalis ng bansa sina Tyrrone after nyang magkamalay para duon magpagaling, kasama si Clarissa.

Nahuli si Don Ludwig at ngayon ay nakakulong na.

At iyong nakamaskara, nagkaharap sila ni Eizen nasugatan at nasaktan nya ito ang problema nakatakas si Smiley Man at hindi man lang nya nasilip kung sino ang nasa likod niyon. Hinahanap parin namin sya ngunit higit dalawang buwan na syang di nagpapakita o pumapatay.

At ako. Tulad nga ng tatlong salita sa taas ganyan ako. Wala naman nagbago sa akin ganon parin naman tuloy parin ang buhay. Kahit masakit... kahit mahirap. Lumuluwang lang ang dibdib ko kapag tumutulo ang luha ko, kapag mag-isa ako. Nakakapagtaka nga eh basta mag-isa ako at naaalala ko sya hindi ko namamalayan na tumutulo na ang luha ko. Hindi ako umiiyak basta kusa na lang silang tumutulo.

Mas naging competative daw ako sabi ni Jonalyn lahat ng hamon at away pinapatulan ko. Pati nga project nagb-boluntaryo ako kay Angela at hindi ko alam kung alam nyang may pinagdadaanan ako dahil bigay naman sya ng bigay.

Tulad ngayon. Kakapasok ko lang dahil galing ako sa isang misyon. Ilang linggo din akong absent at ngayon lang papasok.

Naglalakad na ako papuntang gate nasa gilid ng kalsada.

Bakit ganon? Bakit kahit anong pangangarera ang gawin ko at kahit anong misyon ang suungin ko bakit hungkag parin ang pakiramdam ko? Bakit wala na akong madamang excitement? Boredom and pain kakainis dahil sabay ko silang nararamdaman ngayon.

"Nakakainis iyong guwapong multong iyon bakit parang lahat dinala nya ng kalimutan nya ako?"

*?*Stay?
Dary Ong

?I want you to stay, never go away from me!
Stay forever
But now, now that you're gone
All I can do is pray for you
To be here beside me again?

I sighed.
I miss him.
I really miss him.

?Why did you have to leave me?
when you said love that conquer all why did you have to leave me
When you said that dreaming was as good as reality?
And now I must move on
Trying to forget all the memories of you and me
But I can't let go of your love that has taught me
To hold on?

"Umaasa ka pa ba na babalik sya ha Leigh? Stop that hindi ka na naaalala non." Kastigo ko sa sarili ko.

Dahil busy ako sa pag-iisip hindi ko napansin na may lumabas sa passenger seat ng explorer na huminto sa gilid ng gate.

"Aray!" Daing ko nang sumalampak ako ng upo sa semento.

"Ouch!" Daing din ng babaeng nakabangga ko.

"Clarissa!"

Napahinto ako sa akto sanang pagtayo ang tanging nagawa ko ay napatanga kay Tyrrone na lumabas sa driver side ng sasakyan at tumakbo papunta lay Clarissa na syang nakabangga ko at tulad ko rin na napaupo sa semento.

? I want you to stay, never go away from me
Stay forever
But now, now that you're gone
All I can do is pray for you
To be here beside me again?

Inalalayan nya ito sa siko at tinulungang tumayo.

"Are you okay?"

Napahawak ako sa dibdib ko ng kumalabog iyon ng malakas nang makita ko sya at marinig ko ang boses nya.

"Okay lang ako." Napatingin sakin si Clarissa. "Leigh."

I held my breath ng humarap sya.

"Tyrrone." Walang pinagkaiba ang itsura nya sa itsura ng multong nakasama ko. Kung noon ay payat sya ng matagpuan namin ang katawan nya ngayon bumalik na iyon sa dati mas guwapo sya ngayon lalo na at nakasuot ito ng amerikana.

Parang gusto kong maglupasay ng magtama ang mga mata namin, gusto kong tumakbo sa kanya at yakapin sya ng mahigpit.

"Na hindi mo pwedeng gawin Leigh."

"Tutunganga ka na lang ba dyan?" Kunot noong sabi nya habang nakatungo sa akin.

"Suplado pa din."

"Miss?"

Napakurap ako.

"Ha?"

"Umayos ka Leigh."

Narnig ko syang bumuntung hininga.

Patayo na ako ng yumuko sya.

Ganon na lang ang pamimilog ng mga mata ko ng pumulupot ang isang kamay nya sa bewang ko at tinayo ako.

Nagkatitigan kami kitang-kita ko ang magkasalubong nyang kilay.

After that bigla nya na akong binitawan at muling hinarap si Clarissa.

Ilang minuto akong nakatanga sa kanila bago ako lihim na napakagat labi at naglakad papasok ng gate.

Nakakuyom ang mga kamao ko nang lampasan ko sila.

?Why did you have to leave me?
When you said that dreaming was as good as staying with me?
Why did you have to leave me?
When you said that love would conquer all??

"Leigh." Napahinto ako sa paglalakad ng tawagin ako ni Clarissa. "Leigh." Tawag nya ulit ng hindi ako lumingon kaagad.

I sighed deeply bago nagpaskil ng isang ngiti at humarap sa kanila.

"Hi Clarissa." Bati ko nilagpasan sya ng tingin.

Hinawakan nya si Tyrrone sa kamay at hinila palapit sa akin. Iniwasan kong tumingin dun.

"Leigh we're back." Masayang sabi ni Clarissa.

"Napansin ko nga."

"Tyr...si Leigh remember her?"

"Yeah sya iyong babaeng nasa hospital ng magising ako. And you said na sya ang naging bodyguard mo ng wala ako." he said na hinuhuli ang mga mata ko.

Kumunot ang noo ni Clarissa.

"Oo di ba inutusan mo sya na-."

"Hey Clarissa ma l-late na ako pwedeng mauna na ako?"

"Ha? O sige?"

"Una na ako Bossing." Saka lang ako tumingin sa mga mata nya, na pinagsisisihan ko.

Kung tumitig sya sakin parang...parang hindi nya ako nakalimutan. Hindi sya umimik basta nakatitig lang sya.

Biglang pumormal ang mukha ko. Tinanguan ko na lang ulit si Clarissa saka ako muling tumalikod.

Ngumiti ako ng mapait.

"Ang sakit..."

?I want you to stay, never go away from me
Stay forever
I want you to stay, never go away from me
Stay forever...?

*****

Tulala ako habang nakaupo sa waiting shed.

Actually kanina pa ako tulala nasa klase pa lang, kaya naman tinamad na akong pumasok at nagdesisyon na umuwi na lang.

"Ugh, kung alam ko lang na ganito kahirap amg magmahal at masaktan sana nuong una palang, hindi na ako pumayag na maging bodyguard ni Clarissa at mapalapit sa kanya!"

"Nakalimutan mo yatang hindi sya makalayo sayo, no choice ka rin."

Pinilig ko ang ulo ko.

Nakakabaliw din pala ang pagiging sawi.

May humintong sasakyan sa harap ko at hindi ang bus iyon.

"Anong ginagawa nya rito?"

Lumabas sa Explorer nya si Tyrrone.

"Leigh Shane Rozul." He said habang tinitignan ako ng matiim.

"Yes?" Kumakabog ng malakas ang dibdib ko.

Humakbang sya papalapit sakin.

I stepped back ng hindi sya huminto kahit na isang hakbang na lang ang pagitan namin.

"Tell me bodyguard ka ba talaga o magnanakaw." Huminto sya sa paglapit ng mapasandal na ako sa pader ng shed at halos wala nang isang hakbang ang pagitan namin.

"Ha?"

Mahigpit nyang hinawakan at itinaas ang isang kamay ko na may suot na bracelet.

"This is mine. How come na saiyo ito?"

Hindi ako agad nakasagot.

Hinila naman nya ako papalapit pa.

I held my breath ng magdikit ang katawan namin.

"Ano? Kinaibigan mo ba si Clarissa para pagnakawan at paanong na sayo to eh suot, suot ko yan ng mawala ako, oh wait ang balita sakin you're the one na nakahanap sa katawan ko. Kaya mo ba nakuha ito? Tell me nawawala pati wallet ko na sayo rin ba?"

Napaawang ang mga labi ko sa sinabi nya.

"Wait, teka Bossing ha, pinagbibintangan mo ko? Wow Bossing grabe ka sakin ha. Ninakaw kaagad di ba pwedeng bigla na lang syang sumulpot sa kamay ko." Sabi ko na tinulak sya.

Nakakunot na ang noo nya.

"Para sabihin ko sayo Bossing hindi ako magnanakaw, wala sa akin ang wallet mo at itong bracelet na'to hindi ko alam kung paano napunta sa kamay ko." Inis na sabi ko. Aba kinalimutan na nga ako, aakusahan pa akong magnanakaw.

Lalo namang kumunot ang noo nya sa sinabi ko.

"Nilolоko mo ba ako?"

"Mukha bang niloloko kita ha Bossing."

"Are you telling me na bigla na lang lumitaw ang bracelet ko na suot-suot mo? Mukha ba akong tanga sayo at tingin mo papaniwalaan ko iyang sinasabi mo."

"Naku Bossing hindi kayo mukhang tanga sa paningin ko, gwapong-gwapo nga ako sa inyo. Hindi po kita niloloko talagang lumitaw lang itong bracelet na ito sa kamay ko at para
Patunayan ko sayo, remove it, tignan ko kung matanggal mo."

Tinignan nya ako na para akong nababaliw.

"Try mo Bossing." Pinagduldulan ko sa kanya ang kamay ko, nainis ata dahil malakas nyang tinapik iyon." Suminghap ako sa gulat at sakit. "*Parang may ganito na kaming eksena dati."*

Sya naman natigilan napatingin sa kamay kong namumula. Muli nya iyong kinuha hindi para tignan ang kamay ko kundi para alisin ang bracelet.

Sa unang hila palang ayaw na, mas tinodo nya pa ang paghila.

Nasasaktan ako pero hindi ako umimik.

Sinubukan nyang tanggalin ang lock na hindi rin naman umobra.

Isa pang mas malakas nahila ang ginawa nya na muling nagpadugo sa sugat na dulot ng dati kong paghila noong kinukuha iyon ni Clarissa, na sana ay pahilom na.

"What the-? Bakit hindi matanggal?" Takang-taka nyang sabi, binitawan ang kamay ko.

Pasimple ko naman na pinagpag iyon.

"See Bossing hindi matanggal, kaya maniwala ka na hindi ko ito ninakaw bigla na lang itong lumitaw sa kamay ko ng una kitang makitang multo.

"What?"

"*Syemay bakit sinabi mo iyon, di ba magdesisyon kana na hindi mo ipapaalala sa kanya ang lahat."*

"Wala. Pwede na ba akong mauna Bossing hayan na ang bus?" Hindi ko na hinintay na sumagot sya naglakad na ako pasakay papunta sa nakahintong bus.

"Ay kabayo!" Gulat na sabi ko. Isa pa sa hindi nagbago sa kanya bukod sa pagsusuplado nya ay ang paghila-hila nya sakin.

Hinila ba naman ako papasok sa sasakyan nya.

"Hoy Bossing saan ba tayo pupunta?" Hindi na ako nagtangka lumabas pa, knowing him hindi nya ako papayagan.
Pinahid ko na lang ang nagmantsang dugo sa wrist ko.

Hindi sya nagsalita.

Hindi ko alam kung matutuwa ako, dahil kasama ko sya ngayon, o maiinis ako sa sarili ko dahil pinapayagan ko na naman mapalapit sa kanya.

"*Kasi umaasa ka na magkakaruon ng katugon yang nararadaman mo, tss dream on Leigh ni hindi nga nya napansin na nasugatan ka nya, no mali, wala syang pakialam kahit na nasugatan ka. Iba na sya hindi sya iyong multong si Tyrrone*."

O di ba kausap ko na naman sarili ko.

"Uy Bossing saan-."

"Shut up! Nakakainis pakinggan ang boses mo, kailangan natin matanggal iyan dahil hindi ikaw ang karapatdapat na magsuot nyan do you understand? So pwedeng manahimik ka lang muna dyan."

Natigilan ako at lumunok. Ang sakit naman nilait na nga ako sinampal pa sa mukha ko ang katotohanan.

"Mangkukulam ka ba? May gusto ka ba sa akin? Minamatyagan mo na siguro ang kilos ko kaya alam mo kung nasaan ako ng mawala ako. Stalker ba kita?" Makalipas ang ilang minuto na sabi nya.

"Grabe ka kanina magnanakaw ngayon mangkukulam at stalker pa, aminado ako gwapo ka Bossing, pero hindi kita type."

"Liar Leigh."

Huminto ang tibok ng puso ng ngumisi sya.

"The feeling is mutual. Hindi rin naman ang tipo mo ang magugustuhan ko."

"*Ouch."*

"Eh saan nga tayo pupunta?"

Hindi na sya umimik, kaya tumahimik na lang ako.

Malungkot akong tumanaw sa may bintana.

"*Hay...kapit lang puso ko."*

*****

Sa Land Tower Condo nya ako dinala.

Wala na akong sinabi ng hatakin nya ako papunta ruon at dinala sa unit nya.

Pabalagbag nya akong inupo sa sofa na naruon at pagkatapos ay pumasok sa isang pinto.

Nilibot ko ang tingin sa paligid. Dito pa lang sa sala alam ko nang lalaki ang may-ari base sa kulay at mga gamit na nakikita ko.

"Bakit nya ako dinala rito?"

Lumabas sya na may dalang kutsilyo.

"Bossing alam kong hindi ako ang karapat-dapat na magsuot nitong bracelet mo, pero hindi naman siguro iyon dahilan para putulin mo ang kamay ko."

Hindi parin sya nagsalita o nagkomento sa banat ko, kinuha nya lang ang aking kamay. Ngunit natigilan sya ng makita na may bahid na dugo ang pulsuhan ko.

May kung anong dumaan sa mata nya na dagli ring nawala, saka nya pinagpatuloy ang dapat na gawin.

"Damn it!" Mura nya after thirty minutes, yeah thirty minutes na syang nagt-try na matanggal ang bracelet at tulad ng inaasahan ni galos walang nilikha ang kutsilyo.

"Pwede na ba akong umuwi Bossing?" Tanong ko.

"Sa tingin mo papayagan kitang iuwi ang bracelet ko. Hindi mo ba alam kung gaano kamahal at kahalaga iyan!" Galit na sabi nya.

"Fine Bossing. Then putulin nyo na lang ang kamay ko." Malamig kong sabi.

"What?"

"Ang sabi ko po putulin nyo na lang itong kamay ko para makuha nyo na itong bracelet nyo." Sabi ko na para bang nag-o-offer lang ng pagkain sa kanya.

"Gusto mong putulin ko na lang iyang kamay mo? Are you insane?"

"No I'm not Bossing." Sabi ko na tinignan sya ng deretso sa mga mata. "Hay ako na nga lang para matapos na." Kinuha ko ang kutsilyo at tinaas.

Hindi ako nagbibiro kung kailangan kong putulin ang kamay ko gagawin ko.

Walang ekspresyon ang mukha ko nang iamba ko na ang kutsilyo pahiwa sa kamay ko, and then it went flying, sinundan ko iyon ng tingin na tumama sa isang picture frame, na nabasag ng bumagsak.

Galit na mukha ni Tyrrone ang sumalubong sa akin ng ibaling ko ang tingin pabalik sa kanya.

"What the hell!" Sigaw nya na nagpangiwi sakin. "Are you fucking insane or just plain stupid?"

O diba same question parang dati lang.

"Hindi po Bossing, di ba you want your bracelet eh ito lang ang way para makuha mo ito." I said.

Tinignan nya ako na para bang tibubuan ako ng dalawa pang ulo.

Nabigla na naman ako ng muli nya akong hilahin papunta naman sa kusina.

Iniupo nya ulit ako. May binuksan syang cabinet at nang isara nya iyon, hawak nya na ang alcohol at bulak, lumapit sya sa akin at walang sere-seremonya na na binuhusan ng alcohol ang pulsuhan ko.

"Fuck shit!" Mura ko na napatayo pa. Grabe sobrang hapdi.

Hindi naman sya nagpakita ng simpatya. Bagkus tinaasan nya lang ako ng isang kilay at sinabing...

"Alcohol lang yan but see umaatungal ka na pano pa kaya kung pinutol ko yang kamay mo." He said habang pinapahiran ng alcohol na may bulak ang kamay ko.

Ngumiwi ako.

Kahit kelan talaga amg harsh nya sa akin.

Hindi na ako umimik nag concentrate na lang ako sa pagblock ng sakit.

He looked at me ng wala na syang narinig na sagot mula sa akin.

Nagtaas din ako ng tingin sa kanya na malaking pagkakamali dahil sobrang lapit pala ng mga mukha namin nagkabungguan na nga kami ng ilong.

Hindi ako umiwas, hindi ako lumayo tulad nya na hindi rin gumalaw.

"Tyrrone..."

Tumaas ang kamay nya at dumapo sa pisngi ko. Sabay pa kaming napatingin sa mga daliri nya pagkatapos nyang gawin iyon.

"*Am I crying?"*

May bakas kasi na luha sa mga daliri nya. Luha ko!

Tulad ng nangyayari kapag naalala ko sya kusang tumutulo ang luha ko ng hindi ko alam.

Bumuntung hininga sya at lumayo.

"I'm sorry." Nilinisan nya ng mas marahan ang sugat ko.

Pakiramdam ko hindi lang sa pabuhos ng alcohol sa akin ang hinihingi nya ng sorry, para bang pati ang paglimot nya.

"Asa ka Leigh. Asa..."

******

H/n.

Ugh hindi ko alam kung okay itong chapter na ito. Tingin nyo?

All Right Reserved

Helliza Sabida

7202017codednumber

20

Kung nakamamatay ang tingin siguro kanina pa ako bumulagta dito sa talim ng mga titig sa akin ti Tyrrone.

Nasa condo nya parin ako, at sa lumipas na oras kanina ko pa pinapasakit ang ulo nya.

Pinakialaman ko ang laptop nya na walang password ng may kinausap sya sa cellphone kanina at aksidenteng nabura ko iyong mga picture na naandon.

"*Really aksidente talaga Leigh? Baka sinandya mo, dahil puro picture lang nila ni Clarissa ang binura mo."*

Second, hindi sinasadyang nabasag ko ang vase na nakapatong sa center table sa sala ng patamad akong umupo at tinaas ang paa ruon.

And third muntik ko nang masunog ang kusina nya.

"*Tss is his fault pinagluluto nya ako nang hindi man lang tinatanong kung marunong akong magluto. Malay ko bang hindi muna binubuksan ang kalan kapag naghuhugas ka ng isda nasunog tuloy ang kawali."*

"Ikaw bang babae ka wala kang alam na matinong gawin?" Galit na sabi nya habang nakapamewang sa harap ko.

Nakaupo ako sa sofa at nakatingala sa kanya. Kunyari nakikinig ako sa sermon nya pero ang totoo pinagmamasdan ko mg maige ang mukha nya, baka kasi bukas hindi ko na makita ng malapitan ang kanyang guwapong mukha.

"Eh kasi naman Bossing kung pinapauwi mo na ako eh di pispul ang buhay mo rito ngayon." Sabi ko.

Hindi nya kasi ako pinapalabas.

Ayaw nya kong lumabas hindi dahil gusto nya kong makasama, kundi dahil baka itakas ko daw ang bracelet nya! O di ba ang saya magnanakaw talaga ako sa paningin nya.

"No! Hanggat hindi ko nakukuha ang bracelet ko hindi ka aalis dito!" Pinaningkitan nya ako ng mga mata.

"Eh ano iyon Bossing dito na ako titira ganon?"

"Yeah."

Napamulagat ako sa sagot nya, as fas as I want na makapiling sya, hindi ko naman gusto na tumira rito hindi ako masokista para pasakitan ang sarili ko.

"Hindi iyon pwede Bossing."

"And why?" Tanong nya na pinagtaasan pa ako ng isang kilay.

Putek ang pusoko! Nyemas talaga paano ako makakamove on nito. Eh titigan nya lang ako ng gsnyan

hulog na ulit ako.

"Unang-una dahil hindi mo ako kilala, pangalawa diba, you think I am a thief hindi ka ba natatakot na baka limasin ko ang mga gamit mo dito? At pangatlo ano na lang ang sasabihin ni Clarissa baka magselos sya?"

Packing tape! Bakit pati iyong magselos sinabi ko.

"Iyan ba ang inaalala mo? Then hear this. First oo hindi kita kilala but sinisigurado ko na mabilis ko lang malalaman kung sino ka, second kahit nakawin mo ang lahat ng gamit ko rito okay lang I can hunt you down para mabawi sila at mapakulong ka and third Clarissa will understand, saka imposibleng magselos sya sayo, ni wala ka nga sa kalingkingan nya, I am sure na hindi sya magseselos sayo." He said that while looking directly at me.

I looked back, my face is void in emotion, hindi mo mababasa sa mukha ko ang sakit na unti-unting humihiwa sa puso ko.

"Its fucking hurt, its fucking hurt like hell!"

"Hindi parin ako pwedeng magstay dito, nag-aaral po ako Bossing at may trabaho din." Sabi ko sa wala ring emosyon na tinig.

"Eh di mag-aral ka, sinabi ko bang hihinto ka sa pag-aaral! And about your job, I heard that you are a bodyguard, binantayan mo si Clarissa nautos 'ko daw'." Pinagdiinan nya ang huling dalawang salita. "Hindi ko alam kung bakit ganon ang sinabi mo at kung bakit mo ginawa iyon but I will let it pass dahil kaligtasan naman ni Clarissa ang nakataya noon. I will hire you as my bodyguard and I dont care kung peke ka o totoo man. Basta hindi ka mawawala sa paningin ko hanggat hindi naibabalik sakin ang bracelet ko."

Napamaang na lang ako sa kanya.

Ano 'to biro?

"Do you understand Leigh."

Sumikdo ang puso ko ng banggitin nya ang pangalan ko, wala sa loob na napahawak ako sa dibdib ko.

"Question lang Bossing kung sakaling hindi na talaga matanggal itong bracelet mo sa akin, hindi narin ba ako aalis sa tabi mo, let say habang buhay?"

Ilang sandali syang natigilan sa tanong ko, bago kumunot ang noo nya.

"No hindi iyon mangyayari, one month. Kung sa loob ng isang buwan at hindi pa maalis iyang bracelet ko sa kamay mo, say goodbye to your arm? Dahil ipapaputol ko talaga iyang kamay mo." He said seriously.

Natigilan naman sya. Wala na wasak na wasak na ang puso ko. Damn this man!

"Bakit hindi na lang ngayon? Bakit hihintayin pa ang one month, eh willing naman akong ipaputol ngayon." Seryoso ko ring sabi.

He stared at me.

I stared back.

Hindi ako nagbaba ng tingin, ganon din sya.

Aba matira na matibay pero hindi ako mag-iiwas ng tingin, kahit man lang sa ganitong paraan maiparating ko sa kanya na nasasaktan ako. Sinasaktan nya ako!

Humakbang sya papalapit, nanatili ako sa kinakatayuan ko.
Humakbang syang muli. Hindi parin ako gumalaw. Nagpatuloy sya sa paghakbang hanggang huminto sya sa mismong harap ko.

Hindi parin naghihiwalay ang mga mata namin.

Tamaan na ng kidlat, pero hindi ako ang unang mag-iiwas ng tingin. Kahit na nga nabibingi ako sa tibok ng puso ko, kahit na nga gustong yumakap ng mga braso ko sa kanya.

And then he moved.

Naging kasing laki yata ng isang platito ang mata ko ng lumapat ang labi nya sa akin.

"*What the hell!"*

Bakit ganito? Bakit biglang nauwi sa ganito. Di ba braso ang pinag-uusapan, bakit biglang labi na?

Iyan ang tanong sa isip ko na kaagad ding nabura ng lumalim ang halik nya.

Pumasok ang dila nya sa loob ng bibig ko at ginalugad ang loob niyon, napaungol ako ng kagatin nya pa ang lower lip ko.

Kusang tumugon ang mga labi ko sa halik nya. Naramdaman ko ang paghapit nya sa aking bewang, para mapagdikit ang mga katawan namin.

"*Syete! Bakit ang init bigla?"* Naisip ko habang kumakapit sa batok nya ang mga kamay ko.

Umatras ako... nabunggo ang mga binti ko sa sofa at nawalan ng panimbang, bumagsak kami...magkapatong...sa sahig dahil hindi sumakto ang katawan ko sofa nya, na parehas namin hindi pinansin, hindi naman ako nasaktan dahil may carpet ang sahig nya.

Nawawalan na ako ng hininga dahil hindi parin humihiwalay ang labi nya sa akin.

I gasped when i felt his hand in my waist...pumasok sa loob ng damit ko.

Humimas-himas ang kamay nya ruon na nagpainit lalo sa nararamdaman ko.

Habol ko ang hininga ko, nang maghiwalay ang mga labi namin, gumapang ang labi nya sa kaliwa kong pisngi pababa sa leeg ko habang umaakyat pataas ang kamay papuntang dibdib ko.

Pumikit ako ng mariin at hinihintay na makarating sya sa mga destinasyon nya, but then we heard a a bell sound.

Halos sabay kaming natigilan, nagkatitigan...at sabay din nanlaki ang mga mata ng bumalik pareho ang katinuan namin.

"Shit!" Mura nya na mabilis na umalis sa ibabaw ko at tumayo. Ako man mabilis pa sa kidlat na bumangon.

Pwedeng paki-explain ang nangyari kanina, hindi kasi maarok ng utak ko.

Si Tyrrone nakakunot ang noo habang nakatingin sakin, habol nya din ang hininga. At hindi ko alam kung tama ang nababasa ko sa mga mata nya...

Desire.

Basang-basa ko iyon habang nakatitig sya sakin.

Muling naulit ang pagdoor bell.

Ilang segundo pa sya munang tumitig sa akin, bago sya kumilos at pumunta sa pinto.

Naiwan akong nakatayo duon. Nararamdaman ko parin ang mga labi nya sa akin. Ang init ng kamay nya sa bewang ko. At kulang na lang maghyperventilate ako sa bilis ng pagtibok ng puso ko.

"Hello Tyr." Matamis na bati ni Clarissa na nagpalingon sa akin.
Eksakto naman na humahalik ito sa pisngi ng binata.

Napaiwas ako ng tingin.
Kumirot ang dibdib ko. Kani-kanina lang hinahalikan nya ako, ngayon may humahalik na sa kanyang iba.

Narinig ko na naglakad sila papunta sa pwesto ko.

"Leigh?" Si Clarissa na bakas ang gulat sa tinig.

Huminga ako ng malalim at tumingin sa kanila.

Nakaakbay na si Tyrrone kay Clarissa ng lingunin ko.

"*Taragis quota na ang puso ko sa sakit, pwede bang time out n*a."

Nagtama ulit ang mga mata namin ni Tyrrone, matiim nya kong tinignan.

Nag-init ang pisngi ko kaya muli kong binalik ang tingin ko kay Clarissa.

"Leigh hi anong ginagawa mo rito?" Nakangiting tanong ni Clarissa.

Bago pa ako makasagot inunahan na ako ni Tyrrone.

"Kinausap ko sya para maging bodyguard ko, at pumayag naman sya dahil may utang syang dapat na bayaran sa akin. Diba Leigh?"

Ako pa talaga ang may utang.

"Eh kung sabihin ko kaya sayo na nangako kang babayaran mo ako para sa pagiging bodyguard ni Clarissa at kahit ni singkong bingot wala akong natanggap tss!"

Syempre hindi ko sasabihin iyon wala naman syang naalala baka pagtawanan lang ako ng gwapong ito.

"O-oo." Labas sa ilong na sagot ko. Naglakad ako papunta sa bag ko na nakapatong sa sofa, sinampay ko iyon sa balikat ko saka ako muling humarap sa kanila.

"Alis na ako Bossing bukas ko na lang sisimulan ang pagb-bodyguard ko sayo." I said at naglakad papuntang pintuan.

Dadaan ako sa harap nila, kaya naman nagawa ni Tyrrone na hawakan ako sa braso para pigilan sa paglalakad.

Napapitlag ako sa init ng palad nya.

"I want you to be here ten o'clock sharp may pupuntahan kami ni Clarissa I want you to drive us." Parang hari na utos nya.

"*Hindi ako driver, bodyguard ako."* Naisip ko lang yan dahil ito ang sagot ko. "Okay." Patamad ang pagkakasabi ko nyan.

He frowned bagamat binitawan ako.

Hindi ko na sila nilingon at tuluyan ng naglakad palabas.

Gusto kong suntukin ang sarili ko dahil pumayag akong maging bodyguard nya.

Syemay! Sigurado akong magbibigti ang puso ko sa susunod na mga araw.

"Umuo ka Leigh, ginusto mo yan kaya magdusa ka. Magaling ka naman maging manhid diba? Eh di pagbutihin mo pa sa mga darating na araw."

Pumasok ako sa loob ng elevator, nakapikit na sumandal sa pader.

"Ugh! Nakakaloka!"

*****

Alas-nueve palang nasa baba na ako ng condo nya at naghihintay sa kanya.

Hindi na ako umakyat, ayaw kong maulit iyong nangyari kahapon, mahirap na baka kung saan na talaga kami mauwi.

Nagbabasa ako ng magazine sa may waiting area ng marinig ko ang malamyos na tawa ni Clarissa.

Nag-angat ako ng tingin.

Tulad kahapon nakaakbay si Tyrrone sa babae, nagtatawanan ang mga ito.

Una akong napansin ni Tyrrone. Nawala ang mga ngiti sa mga labi nya ng magtama ang mga mata namin. Naging seryoso sya.

Sumakit ang dibdib ko dahil duon, kapag si Clarissa masayang mukha ang hinaharap nya sa akin parang gusto nya akong kainin ng buhay para magdissappear na dito sa mundong ibabaw.

"*Bakit sino ka ba para ngitian nya?"* Nang-uuyam na sabi ng isang bahagi ng isip ko.

"Good morning Bossing, Clarissa." Hindi halata sa aking boses na may pinagdadaanan ako sa loob.

"Hi Leigh." Nakangiti na bati rin sa akin ni Clarissa.

"Bakit andito ka na kaagad?"may bahid na inis na sabi naman ni Tyrrone.

"Makikialmusal sana ako Bossing." Maluwang ang ngiti na sabi ko.

"Bakit wala ka bang pera para bumili ng almusal mo?" Masungit nyang sabi.

"Wala eh." Nakangiti parin ako.

Si Clarissa akala nagbibiruan yata kami dahil tumawa lang.

"Sabay ka na sa amin Leigh mag-aalmusal kami." Aya pa nito.

Namilog ang mga mata ko. "Talaga!" Lumapit ako sa kanya at hahawakan sana sya sa siko ng pitikin ako sa noo ni Tyrrone.

"Dont touch her, baka may germs ka mahawa si Clarissa."

"Tyrrone!"

Napaawang ang mga labi ko at napahawak sa noo kong nag-iinit dahil sa sakit.

Apolegetic ang mukha na lumingon sa akin si Clarissa.

"Pasensya na, minsan ganyan talaga sya magsalita."

Tumikhim ako para maalis ang bikig sa lalamunan ko saka deretso kong tinignan sa mga mata si Tyrrone.

Hindi ko alam kung ano ang nakita nya sa mga mata ko dahil bahagya syang natigilan.

Ngumiti ako. Ngumiti ako kahit masakit ang dibdib ko.

"Germs kaagad Bossing naghugas naman ako ng kamay kanina pagtapos kong magbanyo grabe sya o." Umatras ako. "Ah, alis muna ako, may nakalimutan pala akong gawin balik ako bago mag ten." Hindi ko na sila hinintay na magsalita tumalikod na ako at naglakad palayo.

"Ikaw talaga Tyrrone!, nainis yata si Leigh."

"What? Anong ginawa ko?"

Narinig ko pa iyon.

Mapait akong ngumiti.

"*Oo nga naman wala naman syang ginagawa..."*

*****

Nagtambay na lang ako sa maliit na plaza na naandon.

Bumalik lang ako eksaktong alas-diyes. Naabutan ko sila na masayang nagk-kwentuhan sa labas ng sasakyan.

"Heto na ulit Leigh, kaya mo yan."

"Bossing alis na ba tayo?"nakangiting sabi ko.

Awtomatiko na nabura ang ngiti sa mga labi nya ng makita ako.

"Leigh, sorry kanina, gutom lang si Tyr kaya medyo masungit, kumain ka na?"

Ngiti lang ang sinagot ko kay Clarissa analang sabihin ko na nawalan ako ng gana dahil kay Tyrrone.

"Tsss. Hayaan mo nga sya kung kumain sya o hindi. Lets go baka mahuli tayo." Sabi ni Tyrrone na pumasok sa loob ng sasakyan.

Napaawang naman ang mga labi ni Clarissa mukhang hindi sya sanay sa ganitong asal ng binata.

"Hey wag mo akong intindihin, hindi ako balat sibuyas, at sanay na ako sa ganyan nyang ugali." Malakas na sabi ko para marinig ni Tyrrone.

Inakay ko si Clarissa papasok, saka ako pumunta ng driver seat.

"Where to Bossing?" Singliwanag ng sikat ng araw ang ngiti na tanong ko sa kanya.

*****

At ang liwanag na iyon unti-unting naninilim sa paglipas ng oras na magkakasama kami.

Daig ko pa ang nagpipinetensya sa paulit-ulit na sakit na nararamdaman ko.

Birthday pala ni Clarissa ang sineselebreyt ng mga ito.

Namasyal sila sa amusement park, sumakay sila sa mga rides habang ako naghihintay sa kanila sa exit bitbit ang mga binibili ng binata para kay Clarissa.

Pinipilit ni Clarissa na sumakay din ako at sumama sa kanila, na tinatanggihan ko dahil baka mamatay nalang ako sa panunuod sa ka-sweet-an ng dalawa.

"*Pasensya na, sa susunod na lang natin i-celebrate ang birthday mo with your friends, paggising ko*."

Sumagi bigla sa isip ko ang mga sinabing iyan ni Tyrrone nuong birthday ko.

Malungkot akong ngumiti at sumandal sa railing na harang ng ferris wheel, nakatalikod ako sa mismong rides kaya hindi ko alam kung pababa na sila o hindi.

Dahil busy ako sa pagm-moment ko hindi ako nakaiwas nang magdagsaan ang mga tao na sasakay sa ferris wheel.
Nakaladkad ako at matutumba sana kung hindi sa mga brasong maagap na hinaklit ako sa bewang at hinila patabi.

"Tatanga-tanga ka, bakit hindi ka tumabi alam mo naman na dagsa ang mga tao!" Sikmat sa akin ni Tyrrone. Ang kamay nya nasa mga bewang ko pa din.

Dahil naghuhurementado ang puso ko sa pagkakadikit namin, kibit-balikat lang ang sagot ko sa kanya, na mukhang hindi nya nagustuhan dahil humigpit ang pagkakahapit nya sa akin.

"Anong klaseng sagot yan? Hoy babae hindi mo ba alam na pwede kang masaktan!"

"Masaktan man ako, wala iyon sa sakit na binibigay mo."

*"*Asan si Clarissa, Bossing?" Di ko pinansin ang mga sinabi nya.

Humigpit pang lalo ang hapit nya sa akin. Halos mapugto nga ang hininga ko sa sobrang higpit.

"Umayos ka!" Madiin na sabi nya.

"Ano bang problema nya?"

*"*Maayos naman ako Bossing ah, ano bang ibig mong sabihin?"

"Ang sabi ko pwede kang masaktan sa pagiging tanga mo."

"Alam ko, kaya nga halos mamatay na nga ako sa sakit dahil sa pagiging tanga ko sayo."

"Bossing masaktan man ako, keri ko iyon."

"Anong ibig mong sabihin okay lang sayo na masaktan at magkasugat ka?" Lalong nagdilim ang mukha nya.

"*Kung para sayo oo. Isang malaking OO!"*

Kibit-balikat ulit ang sagot ko sa kanya.

May sasabihin pa sana sya na hindi natuloy ng tawagin ito ni Clarissa.

Mabilis pa sa alas-kwatro na binitawan nya ako at pinuntahan ang babae.

Mungkot kong tinignan ang likod nya.

"See kahit ang sakit sakit na keri ko pa..."

Tumalikod ako sa kanila.

Dahilan para hindi ko makita na nilingon ako ni Tyrrone with a strange expression in his face.

****

H/n

Bakit pakiramdam ko sobrang inapi ko si Leigh dito. Ano sa tingin nyo?

@MAgapito and @Miczulf
Baka mapatay nyo na si Tyrrone. Hahaha.

Please do comment gusto kong marinig ang reaksyon nyo sa chap naito lalo na at nawawala ako sa takbo ng storya whoooo.
pa vote na rin hehehe?

Thanks

Helliza Sabida

All Right Reserved

7292017 codednumber 20:51

21

?Grenade by Bruno Mars?

?Gave you all I had
And you tossed it in the trash
You tossed it in the trash, you did
To give me all your love is all I ever asked
'Cause what you don't understand is...?

Pasakit.

Iyan ang mailalarawan ko sa araw na ito.

Hindi ko alam na may sa masokista ako, pwede naman kasi akong umalis at ipaputol na lang ang kamay ko, pero ito ang pinili ko, ang maging bodyguard nya at masaktan ng sobra-sobra.

?Easy come, easy go
That's just how you live, oh
Take, take, take it all
But you never give?

One day pa lang iyan sobrang masakit na.

"Hoy babae bakit nakatanga ka na naman dyan."

"Ha?" Mula sa pakikipagtitigan sa bulaklak na nasa mesa binaling ko ang tingin ko kay Tyrrone.

Nasa restaurant kami. Gabi na at naisipan ni Clarissa na kumain na muna bago umuwi.

Tinanong ni Tyrrone si Clarissa kung ano ang gusto nito, ako alam ko naman na hindi nya ako tatanungin, kaya nagulat ako ng tawagin nya ako.

"I was asking you, ano ang gusto mo? Bakit nakatulala ka dyan?" Kunot noo na sabi nya.

"Ahhh... sorry Bossing may naisip lang ako. Anong order ko?" Binuksan ko ang menu. Saka sinabi kung anong gusto ko.
Limang klase kaagad, takte ginugutom ako sa sakit na nararamdaman ko. Nakakagutom pala kapag nasasaktan ka.

"Patay gutom ka?"

"Tyrrone!" Nababaghan na sabi ni Clarissa, nalilito ito sa ugaling pinapakita ng binata.

"Ito naman si Bossing, patay gutom kaagad hindi ba pwedeng gutom lang." I said sabay kindat sa kanya, na sinuklian nya lang ng kunot noo.

"Gutom ka pala bakit hindi ka nagsabi nang nakakain ka na, kanina pa."

"Ha?" Bigla akong nalito.

"Next time sasabihin mo kung gutom ka na, nang makakain ka."
"O....kay anyare? Bakit may pag ganon sya?"

*"*Naiintidihan mo ba babae?"

Wala sa loob na napatango ako.

"Good."

Silang dalawa lang ang nagk-wentuhan habang kumakain, ilang beses pa nga akong muntik-muntikan nang mabulunan kapag nagiging sweet silang dalawa.

Iniiwas ko na lang ang tingin ko kapag ganon ang eksena at pasimpleng hinihimas ang aking dibdib para mapawi ang kirot na nararamdaman ko duon.

?Oh, I would go through all this pain
Take a bullet straight through my brain
Yes, I would die for you, baby
But you won't do the same?

"Tiis pa Leigh." Kantyaw ng isip ko habang sinusubo ko ang isang buong calamares, kasabay din ng paglapit ng mukha ni Tyrrone kay Clarissa at paghalik nya sa pisngi nito.

Sa gulat ko nalunok ko ng buo ang kinakain ko, and the next thing I knew, hindi na ako makahinga.

Pinalo ko ng malakas ang dibdib ko pero walang bisa andon parin ang bara.

"What the- shit!" Simbilis ng kidlat na nakalapit sa akin Tyrrone.

He Bend me well forward and give me five back blows with the heel of his hand between my shoulderblades – checking if the blockage has been removed after each blow.

"Mamatay na yata ako." Naisip ko ng hindi umekto ang ginawa nya.

Umunat ang nagkukulay ube kong mga labi dahil sa kawalan ng hangin para sa isang ngiti.

Nakakatawa na ang ikamamatay ni Fearless Leigh na walang kinakatakutan ay ang pagkaligaw ng pagkain sa kanyang trachea imbes na sa kanyang food pipe.

"Oh my God Sky! She's turning blue." Natatarantang sigaw ni Clarissa.

Yeah nagdidilim narin ang paningin ko dahil sa cyanosis o pagkakulang sa hangin.

"Leigh! Damn it!" Mura ulit ni Tyrrone.

"Here let me help." Sali naman ng isang tinig ng lalaki sa amin.

Hindi na hinintay ng may-ari ng tinig na iyon ang pagsang-ayon ni Tyrrone.

Tulad ni Tyrrone he leaned me forward placed one hand in the middle of my back para sa suporta and the heel of his hand on the lower part of my breastbone and gave me chest thrusts, limang ulit nyang ginawa iyon at sa panlimang beses tumalsik ang pagkain na bumara sa windpipe ko.

Saka ko lang naramdaman ang pagluwag ng paghinga ko.

Inubo-ubo pa ko at napapikit ng mariin dahil sa hilong bigla kong naramdaman.

"Hey Leigh look at me." Narinig kong sabi ni Tyrrone na hindi ko kaagad sinunod dahil nahihilo pa ako.

Something warm cupped my face kasunod ng pagkarinig kong muli sa boses ni Sky.

"Babe look at me."

Mabilis akong nagmulat ng marinig ko ang tinawag nya sakin.

Nagtama ang mga mata namin ni Tyrrone na nakaupong nakatingkayad sa harap ko.

Nabasa ko ang pag-aalala sa mga mata nya.

He called me Babe!

"Are you okay now? Nakakahinga ka na ba ng maayos?"

Hindi ako kaagad nakasagot sa mga tanong nya, iba ang nasa isip ko.

"*Nakakaalala na ba sya?"*

"Leigh!" Inalog ako ni Tyrrone dahilan para bumalik ang hilong nararamdaman ko.

"Dont shake her." Saway kaagad ng tumulong sa akin. "Lalo syang mahihilo. She's okay bumabalik na sa dati ang kulay nya."

Hindi ito pinansin ni Tyrrone.

"Are you okay Leigh?" Ulit nya sa tanong bagamat di na ako inalog.

Tumango ako, nawala narin ang hilong nararamdaman ko.

"Salamat.' Sabi ko sa kalaking nakatayo sa gilid ko.

Ngumiti ito.

"It's my pleasure to help a beatiful lady like you." Sabi nito na ngumiti ng pagkatamis-tamis sa akin.

Playboy. Iyan kaagad ang naisip ko habang tinitignan ang boy next door nyang mukha.

"I'm Polo by the way." Inextend nya ang kamay para makipagkamay sa akin.

Aabutin ko na sana iyon ng hawakan ni Tyrrone ang aking kamay at ito ang nakipagkamay kay Polo.

"And I'm Tyrrone, thank you sa pagtulong sa bodyguard 'ko'." Nakatayo na sya sa harap ko at nakatago na ako sa likod nya, and he still holding my hand.

Ako lang ba? O talagang pinagdiinan nya ang huling salita nya.

"Ha...ah nice meeting sayo pare-."
"Nice meeting you too. Sige mauna na kami." Saka nya ako hinila patayo, lumapit kami kay Clarissa at inalalayan nya itong tumayo. "Lets go Clar." Hinawakan nya ito sa siko, saka kami mabilis na lumabas.

Naiwan si Polo na kakamot-kamot sa ulo.

*****

Sa harap ng sasakyan lang binitawan ni Tyrrone ang kamay kong hawak-hawak nya.

"What the hell is wrong with you! Bakit simpleng pagkain lang ipapahamak mo pa ang sarili mo!" Kulang na lang mayanig ang buong parking lot sa malakas na sigaw nyang iyon.

"Tyrrone calm down." Hinawakan ni Clarissa ang braso nya.

Huminga naman ng malalim si Tyrrone, at tinignan ito.

Iyong kanina nyang nagbabagang mata naging malamlam ng tignan nya ang babae.

"I'm sorry, naiinis lang ako sa katangahan nya. She supposed to be my bodyguard, ako ang dapat bantayan nya, not the other way around. Puro kapalpakan ang ginawa."

"*Ouch! Asa pa more Leigh, ano akala mo nag-aalala sya sayo kanina. Asa talaga."*

"Hindi naman nya sinasadya iyon Tyr it was accident."

"Yeah, right she ruined your birthday, dapat hindi ko na lang sya sinama."

Itinago ko ang sakit na naramdaman ko ng tignan ako ni Tyrrone.

"*Saan kaya ang may action dito parang ang sarap makipagsapakan at barilan ngayon."*

Blanko ang mukha ko habang nakatitig sya sa akin, hindi narin ako nagreact sa mga sinabi nya.

"Get in ako na ang magmamaneho,baka may mangyari na naman madamay pa si Clarissa sa kapalpakan mo."
Binuksan nya backseat.

Naloloka na ako, nasasaktan ako sa mga sinasabi nya, pero may isang bahagi ng puso ko na kinikilig dahil pinagbuksan nya ako ng pinto.

"Naloloka ka na nga."

*****

Malakas na ulan ang sumalubong sa amin paglabas ng restaurant.

Tulad kanina habang kumakain, silang dalawa lang ang nag-uusap, tinatanong naman ako ni Clarissa kung okay lang ako o masakit ba ang lalamunan ko, na lagi kong sinasagot ng okay sign.

Kapag titingin naman ako sa gawi ni Tyrrone nahuhuli ko syang nakatingin sa akin kahit

nakikipagkwentuhan sya kay Clarissa. Hindi sya nag-iiwas ng tingin kapag ganon, bagkus kumukunot pa ang noo nya, ako pa ang mabilis na nag-iiwas ng tingin na para bang ako ang naninitig.

"May bagyo ba? Sobrang lakas naman ng ulan." Komento ni Clarissa.

Malakas nga ang bagsak ng ulan, halos zero visibility na.

Hindi mo talaga maintindihan ang panahon ngayon kanina ang ganda ng sikat ng araw tapos ngayon grabeng lakas ng ulan.

"Yeah, kung alam ko lang na magiging ganito ang panahon hindi sana tayo lumayo." Sabi naman ni Tyrrone.

"Mag-ingat ka Tyr sobrang lakas talaga."

As Clarissa said that isang punong kahoy ang biglang natumba ilang metro mula sa amin.

"Shit!"

"Ahhh!"

Sabay na mura at sigaw ng dalawa.

Huli na para makabig ni Tyrrone ang manibela, bumangga kami sa punong iyon, binasag ang salamin sa harap ng mga sanga nitong malalaki.

Nakita ko ang pagyuko, ni Tyrrone para umiwas but then he stopped.

Iyan ang huling na alala ko bago ako tuluyang mawalan ng malay.

*****

"Tyrrone wake up!"

Ang iyak at boses ni Clarissa ang una kong narinig ng pagbalikan ako ng malay.

Mabilis kong iminulat ang mga mata ko para lang muling mapapikit ng sumigid ang matinding kirot sa aking noo.

Ilang segundo ang pinalipas ko bago magmulat ng mga mata.

Si Tyrrone na nakayukyok sa manibela ang una kong nakita, sa kaliwa nya ay ang malaking sanga ng puno na umabot ang dulo sa akin at syang dahilan ng sugat ko.

"C-clarrisa."

"L-leigh." Medyo madilim ang paligid dahil namatay ang ilaw ng sasakyan, sa labas patuloy parin ang malakas na ulan.

"Oh my God Leigh, may dugo ang noo mo!" Nahihintakutan na sabi ni Clarissa.

"Ayos ka lang ba?" Unti-unti akong dumerecho ng upo, pinapakiramdaman kung may iba pa akong

pinsala.

"I-im fine, p-pero si Tyrrone wala parin syang malay at may dugo sa ulo nya!" Umiiyak na sabi niya.

"Kaya mo bang lumipat dito, dont go out para di ka mabasa." Tumango sya.

Sa kabila ng hilong nararamdaman ko mabilis akong nakalipat sa harap.

Pumikit ako ng ilang segundo bago ako kumilos at tignan si Tyrrone.

Hawak ang cellphone ko na walang signal itinapat ko iyon sa bahagi ng ulo nya na dumudugo.
I checked his pulse, at napahinga ako ng maluwag ng maramdaman kong malakas iyon.

"He's okay nawalan lang sya ng malay, may sugat sya sa gilid ng noo, I can stop the bleeding but i need your help, may flashlight ba iyang cp mo ilawan mo ako."

Tumango sya.

Wala akong medicine kit, good thing cotton ang white shirt ko, kay naman iyon na ang ginamit ko para patigilin ang pagdurugo ng sugat nya.

Pinunit ko ang laylayan niyon at pinunasan ang paligid ng sugat.

Umungol si Tyrrone at maya-maya pa ay nagmulat ng mga mata.

"Shit!" Nanghihinang ungol nya ng maramdaman marahil ang kirot ng sugat.

"Shhh...its okay."

"C-clarissa-."

"Okay lang sya." Sagot ko.

"I'm here Tyr, ayos lang ako." Si Clarissa na pinisil ang balikat ni Tyrrone.

Nabasa ko ang relief sa mga mata nya bago sya pumikit ulit.

Napapikit din ako ng biglang umikot ang paligid ko.

"And you?" Tanong ulit ni Tyrrone na nagpamulat sa mga mata ko.

Ngumiti ako. "Masamang damo ako Bossing, okay lang ako."

Tumaas ang kamay nya at pinahid ang dugo sa aking noo.

"Damn it I'm feeling dizzy." Mahinang utas nya na napapikit ulit.

"Just close your eyes, but don't sleep Bossing ako na ang bahala."

Hindi na sya umimik.

Tinapos ko ang paglilinis ng sugat nya. Napapilig pa ako ng ulo ng muli akong salakayin ng hilo.

"Leigh...ayos ka lang ba talaga?" Tanong ni Clarissa.

"Oo. May signal ka ba?" Tanong ko.

"Wala."

"Wala din ako."

"Paano yan Leigh? I think kailangan natin madala sa hospital si Tyrrone." Puno ng pag-aalala ang boses ni Clarissa.

Kahit ako nakaramdam ng pa-aalala. Kailangan talagang madala ni Tyrrone sa hospital.

Walang dumadaan na sasakyan marahil hindi na tumuloy dahil sa lakas ng ulan.

Wala ring mga establisyemento sa paligid, nasa masukal na kalsada kami, papasok ng Mulawin kaya puro puno ang nasa paligid, sa pagkakatanda ko mahigit isang metro pa ang layo namin bago makarating sa Mulawin.

"I need to go hihingi ako ng tulong." Sabi ko at tinignan si Clarissa.

"What do you mean? Lalabas ka? Pero Leigh masyadong malakas ang ulan at masyadong malayo ang lalakarin mo bago ka makarating ng Mulawin, baka mapano ka."

"I'll be fine." Nginitian ko sya. "Paglabas ko lumipat ka ulit dito, cuddle him para hindi kayo parehong ginawin."

"B-but Leigh-." Punong-puno ng pangamba at takot ang mga mata ni Clarissa.

"Don't worry babalik ako."

Wal na syang nagawa kundi ang tumango.

Akto akong lalabas ng may humawak sa kamay ko.

"N-no. H-hindi ka aalis."

Napatingin ako kay Tyrrone. Nakapikit pa din sya.

Hindi ako umimik.

"L-leigh... do you hear me? H-hindi ka aalis." Iminulat nya ang mga mata at tinignan ako.

Ngumiti ako. "I need to Bossing, for you." Yeah gagawin ko 'to para sa kanya.

"N-no-." Hindi na ako nakatiis at kahit alam kong nakatingin sa amin si Clarissa, dumukwang ako at magaan na hinalikan sa labi si Tyrrone.

"I promised I'll be back. Hindi ko hahayaan na may mangyari sayo Bossing." Bulong ko na ewan ko kung narinig nya dahil nakapikit na uli sya ng muli kong tignan.

Lumayo ako at hinila ang kamay na hawak nya naramdaman ko pa ang paghigpit ng kapit nya, pero

dahil nanghihina sya nakawala ako.

"Don't make him sleep, kausapin mo sya para hindi sya makatulog." Bilin ko pa kay Clarissa bago lumabas ng sasakyan.

Malamig na simoy ng hangin ang sumalubong sa akin, ilang segundo pa lang basang-basa na ako.

Isang sulyap pa ang ibinigay ko sa sasakyan bago ako mabilis na naglakad at lamunin ng dilim.

*****

"**Ouch shit!"**

Napamura ako ng madulas ako at bumagsak sa lupa.

Pangatlong bagsak ko na ito at punong-puno na ng putik ang buong katawan ko.

Kahit ganon, pinilit ko parin na bumangon.

"Hindi ka pwedeng huminto, kailangan ka ni Tyrrone ngayon."

Nagsimula ulit akong maglakad.

Malayo narin ang nalalakad ko, patunay duon ang panginginig ng katawan ko dahil sa lamig na nararamdaman dulot ng pagkababad ko sa ulanan.

Higit isang oras na yata akong naglalakad.

Madali lang sana ito, kung hindi ako nahihilo at kung hindi umuulan.

"Bakit ba ang layo ng bayan."

Hindi iilang ulit na nagdilim ang paningin ko, nilalabanan ko lang.

"Para talaga kay Tyrrone gagawin mo ang lahat huh." Kantyaw ng usang bahagi ng isip ko.

Gumuhit ang isang ngiti sa marumi at maputik kong mukha.
"*Yeah for him, gagawin ko ang lahat."*

?I'd catch a grenade for you (yeah, yeah, yeah)
Throw my hand on a blade for you (yeah, yeah, yeah)
I'd jump in front of a train for you (yeah, yeah, yeah)
You know I'd do anything for you (yeah, yeah, yeah)
Oh, I would go through all this pain
Take a bullet straight through my brain
Yes, I would die for you, baby
But you won't do the same...?

"*Kahit ikamatay mo?" Dagdag ng* OA kong pag-iisip.

"Kahit ikamatay ko."

?Yes, I would die for you, baby
But you won't do the same...?

Masama pala ang maglakad sa ilalim ng ulanan ng sobrang tagal nakakapagpadeliryo.

Pakiramdam ko kasi katabi ko lang ang isang bahagi ng utak ko na aking kinakausap baliw na ata ako.

But kidding aside, ngayon ko lang napagtanto.

Handa ko pala talagang gawin ang lahat para kay Tyrrone...kahit na...

...kahit na buhay ko pa ang kapalit.

?Yes, I would die for you, baby...?

*****
H/n

Ikaw na Leigh, saludo ako sayo hahaha.

Ang chapter na ito ay ang bunga ng ilang beses na pagsuong ko sa ulan tuwing uwian, huhuhu ang hirap talaga magbyahe kapag umuulan diba????.

Anyway...

Hello nga pala sa dalawang paborito kong kulay.

Kay Asul at sa kaibigan nyang si Berde? kumusta ang sleepover?

At kay Cyralagoc hehehe tinanong nya ako bakit puro nagkaka amnesia ang mga charater ko. ?Hindi ko rin alam basta naging ganyan? at saka may pinaghuhugutan ako... mahirap kayang makalimutan hehehe at bhe sure we can be friend po?

MAgapito at Miczulf huhuhu gegerahin nyo na ba si Tyrrone? Hehehe.

Helliza Sabida

All Right Reserved

8102017 coded number 18:17

22

Dedicated to Venom_midnight na isa sa mga na ka-chat ko sa fb thanks sa support Bhe?.

*****
Gusto kong magtatalon sa tuwa ng makakita ako ng talyer pagkatapos kong maglakad ng halos dalawang oras sa gitna ng malakas na ulan.

Kahit nanginginig sa lamig at nahihilo, pinilit kong makarating sa entrada ng shop.

"T-tao po." Sigaw ko sabay kalabog ng gate.

Hindi kaagad lumabas ang may-ari, marahil tulog dahil malalim narin ang gabi, ilang minuto pa ang lumipas bago may lumabas.

Then after that mabilis na ang mga sunod na pangyayari.

Dahil narin sa pinsala ko, hindi na ako pinasama ng may-ari ng talyer na si manong Rodolpo Soriano limampung taong gulang na may malaking katawan, nagsama na lang sya ng limang tauhan.

Si Aling Dulce na asawa ni Manong Rodolpo, pilit na pinagpapalit ako ng damit at tignan ang sugat ko sa noo na tinanggihan ko, hindi ako makakaupo at makakapagpahinga ng maayos hanggat hindi ko sila nakikita.

Nasa labas ako ng talyer, walang pakialam kahit nababasa parin ako ng ulan.

Napapailing na lang sakin si Aling Dulce.

Higit kalahating oras bago ko narinig ang sasakyan ni Mang Rodolpo.

Unang bumaba ang isa sa mga tauhan niya at inalalayan ang namumutlang si Clarrisa.

Humakbang ako papalapit para lang muling mapahinto ng sunod na lumabas si Mang Rodolpo na inaalalayan si Tyrrone na may malay na.

Namumutla rin sya at may bakas pa ng dugo sa ulo, his face is tired, but then nagkaroon ng kakaibang kislap ang matamlay nyang mga mata ng makita akong nakatayo limang hakbang mula sa kanya.

Umalis sya sa pagkakaalalay ni Mang Rodolpo at humakbang papalapit sakin.

Humakbang din ako papalapit, iyong mga mata ko nasa kanya at ganon din sya sakin.

Nakaramdam ako ng pagkahilo, dalawang hakbang ang layo mula sa kanya, pumalya ang hakbang ko at matutumba sana kung hindi lang sa mabilis na pag-alalay ni Tyrrone.

Pasandali akong napapikit bago mabilis na nagmulat at aktong lalayo.

Humigpit naman ang hawak nya sa aking mga braso, hindi ko tuloy magawang makalayo sa kanya.

Tumaas ang kamay nya at hinawi ang mga buhok na tumatakip sa sugat ko sa noo.

Gumuhit ang iritasyon sa namumutla nyang mukha.

"You are really stupid." Bulong nya.

Sumilay ang mabining ngiti sa mga labi ko, after that wala na akong namalayan pa.

*****

Una kong napansin ay ang nurse na abala sa pag-aayos ng hospital bed na kinahihigaan ko.

Sa pagmulat kong iyon nasilaw pa ako sa liwanag ng fluorescent lamp.

Kumurap-kurap ako ng ilang beses bago ako nakapag-adjust sa liwanag.

Muli akong napapikit, hindi dahil nasisilaw ako kung di dahil naman sa kirot na nagmumula sa noo kong may benda na.

"Aww naman!" Daing ko, putek parang minamaso ang ulo ko!

Ilang ulit akong huminga ng malalim para pamanhirin ang aking pakiramdam. Nang maramdaman kong nawawala na ang sakit muli akong nagmulat ng mga mata.

Sa pagkakataong iyon nakatingin na sa akin ang nurse.

"Gising ka na pala." Nakangiting sabi ng Nurse sa akin na sinagot ko rin ng isang ngiti.

"Hello." Sabi ko habang kumikilos para maupo, nauuga ang suwero na nasa tabi ko at nakakabit sa akin sa galaw kong iyon.

"Ay Ma'am huwag ho muna kayong gumalaw mahihilo po kayo." Lalapit sana sya para pigilan ako ngunit itinaas ko ang aking kamay at isinenyas ang okay sign.

Nakaramdam nga ako ng hilo na idinaan ko na lang sa pilig ng ulo.

Hindi ko na kailangan itanong kung nasaan ako, obvious naman na hospital itong kinaroroonan ko. Alam ko rin na nawalan ako ng malay ng dumating sina Tyrrone.

Ang tanong ko, asan na kaya sila at ayos lang ba ang binata?

"Miss may mga kasama ba akong dinala rin rito?"

"Hmm si Mr. Tyrrone Jigs Elmundo po ba ang sinasabi nyo? Na discharge na po sya kahapon pa."

Kahapon?

"Miss kelan pa ba ako dito?"

"Noong isang araw pa po."

Nanlaki ang mga mata ko, ibig sabihin mahigit isang araw na akong tulog, no wonder parang jelly ace ang mga tuhod ko, abay ang tagal ng oras na nahiga eh.

"Ah, okay hmmm...pwede narin ba akong lumabas?"

"Naku hindi pa po pwede kailangan nyo pa pong mag-stay ng dalawang araw dito."

"Hindi na Miss okay naman na ang pakiramdam ko at siguradong wala akong malalang pinsala, kaya ko nang lumabas."

"Alam naman po namin na wala kang malalang pinsala Ma'am, pero nagbigay po ng utos si Mr. Elmundo na magstay po kayo rito ng dalawang araw pa for general check up."

Kumunot ang noo ko.

"General check up? Hindi ko kailangan non Miss I'm okay." Matigas na tanggi ko.

Napahawak sa noo ang nurse.

"Pasensya na po talaga Ma'am hindi po talaga pwede."

Napahinga ako ng marahas jusme lalong sumasakit ang ulo ko.

"Okay ganito na lang, ako nang bahalang magpaliwanag kay Sir Tyrrone-."

"Pasensya na po talaga pero nagbigay po ng utos si Mr. Elmundo na kapag hinayaan namin kayong lumabas mawawalan po kami ng trabaho."

Nanlaki ang mga mata ko.

Ano raw?

"Teka lang Miss, utos ni Tyrrone na kapag hinayaan nyo akong lumabas mawawalan kayo ng trabaho?" Sabi ko.

Tumango ang nurse.

Napatanga na lang ako.

Hanggang sa nagpaalam ang nurse nakatanga parin ako habang kumukurap-kurap.

Bakit may ganong utos si Tyrrone? No, mali hindi utos iyon banta ang tawag sa ganon. Ang tanong bakit may ganon?

Napaungol ako ng pabagsak kong hiniga ang sarili ko, sumakit lalo tuloy ang ulo ko sa ginawa kong iyon.

Naguguluhan talaga ako.

*****

Hindi ko talaga alam kung ano ang pumasok sa isip ni Tyrrone.

Bakit ipapa-general check up ako eh malakas naman ako. Oo masakit ng konti ang ulo ko pero its bearable naman.

Sa sobrang inip ko lumabas ako ng kwarto dala-dala ang suwero ko at hinanap ang garden ng hospital.

Natagpuan ko naman at dito na ako nagtambay habang nakaupo sa isang bench.

Hindi naman siguro nila iisipin na tumakas ako, nasa kwarto pa ang damit at cellphone ko.

Nakapikit ako habang dinadama ang hangin na tumatama sa aking mukha.

"Leigh?" Tawag sa pangalan ko na nagpamulat sa aking mga mata.

Isang pamilyar na gwapong lalaki ang nasa harapan ko.

Tall, dark and handsome.

Kumunot ang noo iniisip ko kung sino sya.

"Uy Ford."

Simpatiko syang ngumiti.

"I'm glad you still remember me."

"Paano naman kita makakalimutan ikaw iyong gwapong nilalang na nang-invite sa akin sa birthday nya kahit hindi ako kilala." Nakangiting sabi ko.

"Wow you find me handsome huh." Ang luwang ng ngiti nya.

"Malamang may mata kaya ako." I said. "Upo ka."

Umupo naman sya nawala na ang ngiti sa mukha nya at napalitan iyon ng pag-aalala.

"What happened to you?" Sabi nya nakatingin sa benda na nasa noo ko.

"Nauntog ako." Simpleng sagot ko.

"Nauntog? Nauntog ka lang pero naka suwero ka?"

"Oh this naku don't mind it ang OA lang ng Boss ko. Gusto pa ngang magpa-general check-up ako eh, ayaw akong palabasin dito." Nakangusong sabi ko.

Natawa naman si Ford sa reaksyon ko.

"Baka kailangan mo naman talaga iyon."

Tigas akong umiling.

"I'm fine. Very fine."

"Hahaha stop sulking. Libre na lang kita ng fries, do you want?" Nung nasa tabing dagat kami marami

kaming napagkwentuhan isa na dun kung ano ang paborito naming pagkain.

"O sige." Hindi pa umaabot sa question mark ang pagsasalita nya naka oo na kaagad ako.

"Hahahaha. You are really cute Leigh." He pinched my cheeks.

"Ouch." Pinalis ko ang kamay.

Tumatawa parin na tumayo siya, hinawakan nya ang kamay ko para alalayan akong tumayo.

Pahakbang na kami nang mapahinto ako dahil sa taong madilim ang mukha na nakatingin sa magkahugpong naming kamay.

"Bossing..."

Tinignan din ito ni Ford.

Mula naman sa mga kamay namin umakyat ang tingin ni Tyrrone kay Ford and that was the start of their staring contest.

Nagtitigan sila ng ilang minuto.

Napapakunot na nga ako ng noo. Anong meron?

Tumikhim ako para tawagin ang pansin nila.

"Ehem... Bossing may kailangan ka?"

"Anong ginagawa mo rito babae?" Tanong ni Tyrrone ang mga mata ay na kay Ford parin.

"Nagpapahangin lang ako Bossing." Nakakunot noo na sabi ko.

Anong problema ng dalawang ito at kung magtitigan ay wagas?

"Uy Ford." Bahagya kong ginalaw ang kamay naming magkahawak.

Inalis naman ni Ford ang mga mata kay Tyrrone at ngumiti sa akin.

"Let's go." He said bago ako hinila palakad.

"Ha? Teka-."

Nang dumaan kami sa tapat ni Tyrrone hinaklit nan nya ako sa bewang, napabitaw ako kay Ford at napahilig sa katawan nya.

Nanlaki ang mga mata ko. Lalo na ng maramdaman ko ang malapad nyang dibdib na dumikit sa dibdib ko, then pumasok sa isip ko ang eksena namin sa condo nya.

"*Talagang inalala mo Leigh ha." Kantyaw ng isang bahagi ng isip ko.*

"Let's go." Narinig kong sabi ni Tyrrone, bago ako iginiya pabalik sa loob ng hospital.

"Hey wait." Pigil naman ni Ford sa pagtalikod namin. Hinawakan nya ang kanang braso ko.

"Let go." Sabi ni Tyrrone rito nagdidilim ang mukhang pinalis nya ang kamay ni Ford.

Napasinghap ako sa ginawa nya.

"Kung sino ka man. Leigh need to rest hindi sya pwedeng maglakad at mapagod ngayon." He said.

Nagdilim din ang mukha ni Ford pero mabilis din iyong napawi at napalitan ng ngisi.

Bumaling ito sakin.

"Are you okay Leigh, kailangan mo ba talagang magpahinga?"

"Hindi Ford okay lang ako ang lakas ko nga eh." Sagot ko kaagad.

Naramdaman ko ang pag higpit ng hapit ni Tyrrone sakin.

"She said she's okay siguro naman pwede ko na syang isama." Hahawakan sana ako ulit ni Ford pero mabilis si Tyrrone na naiiwas ako.

Napakapit pa ako sa magkabilang braso nya sa bilis ng kanyang kilos.

"Back off!" He growled.

Mukhang nagulat si Ford sa reaksyong iyon ni Tyrrone. Kahit ako nanlaki ang mga mata.

Sinamantala naman nya ang pagkabigla nito. Mabilis nya akong hinila papasok.

Hindi na nakasunod si Ford dahil dere-deretso na kami sa elevator na papasara na sana ngunit napigil lang ni Tyrrone.

Sa loob pinagtitinginan kami ng limang sakay niyon.

Paano ba naman ang dilim dilim ng aura nya, salubong na salubong ang kilay at para bang handa nyang kainin ng buhay ang kung sino man na pupuna sa kanya.

Anong bang problema?

Ang higpit-higpit pa ng hapit nya sakin.

"Bossing pabitaw na hindi naman ako makakatakbo palabas."

Nagsi-atrasan papunta sa sulok ang mga kasabay namin ng tumalim ang mga mata nya at tignan ako.

Deretso ko namang sinalubong ang tingin nyang iyon.

"Bossing bitaw na-"

"Shut the hell up!"

Woa imbes na matakot, natawa pa ako sa reaksyon ng mga kasabay namin.

Napatalon sila, literally sa gulat sa malakas na sigaw na iyon ni Tyrrone at talagang nagsiksikan na sila sa sulok.

Lalo yatang nainis si Tyrrone sa pagtawa ko.

"Itigil mo yan babae." May pagbabanta sa boses niya.

Hindi ko pinansin dahil natatawa talaga ako, iyong bang may nakita kang nakakatawa tapos hirap kang pigilan ang sarili mo.

Ang kaso na stuck sa lalamunan ko ang aking halakhak ng lumapit ng mariin sa labi ko ang labi nya.

Hindi lang ang mga kasabay namin ang nanlaki ang mga mata, pati sa akin.

Ramdam ko ang pagkalat ng kuryente sa buo kong katawan.

Lumayo sya pagkatapos nyang bigyan ng kagat ang upper lip ko. Madiin iyon ngunit hindi sapat para dumugo, sapat lang para masaktan ako ng konti

Tulala. Iyan ako.

Hindi ko expected na gagawin nya iyon at take note sa harap pa ng ibang tao at sa may elevator.

"Iyan lang pala ang makakapagtahimik sayo, tsss."

Naitikom ko ang nakaawang kong pang mga labi.

Nyemas, wala akong masabi, hindi ako makapagreact bakit ba nanghahalik sya? Putek!

Hanggang sa makarating sa silid na inookupa nya. Tulala parin ako.

Idineposito nya ako sa kama at nakahalukipkip na tinignan.

Sa harap ko pa sya pumuwesto.

Tumikhim ako at nagpasyang kalimutan na lang ang nangyari sa elevator, mahirap na baka mag-assume na naman ako tapos ang ending plakda na naman sa sahig ang puso ko with matching lampaso at sipa pa.

"B-bossing hindi ko na kailangan ng general check up." Sabi ko.

"Sinong may sabi?"

Sino pa?

"Ako. Bossing wala akong sakit, I'm healthy hindi ko kailangan non- aray!"

Ang sakit.

Dinutdot ba naman nya ng daliri iyong sugat ko sa noo. Ang sama!

"See you're in pain." He said.

Hindi makapaniwala na tinignan ko sya. Anong in pain kaya lang naman sumakit dahil dinudot nya.

May benda din sya sa ulo may konting eye bag at mukhang pagod but still look so handsome and authorative.

"How about you?" Letsugas napapa-ingles ako "Nagpa general check-up ka din ba? How come na nadischarge ka na gayong sa ating dalawa ikaw ang nawalan ng malay? At bakit kailangan kong magstay ng two days pa?"

"Its because..." yumuko sya hanggang magpantay ang mga mukha namin. "Hindi ako ang tatanga-tangang lumabas sa gitna ng malakas na ulan. Hindi ako ang tatanga-tangang nagbabad sa basang damit at muntik ng mapulmonya." He said na para bang kasalanan ko iyon.

He's impossible! Makatanga sya, putek ginawa ko kaya iyon para sa kanya, ka badtrip tong lalaking ito.

Sasagot pa sana ako kaso nagbanta sya.

"Talk back and I will kiss you... here...torridly." lumapit ang mukha nya.

Waa putek talaga ba't may ganito itong lalaking ito? Bakit may moves syang ganito?

Itinikom ko ng mariin ang mga labi ko.

Matiim nya akong tinitignan. Akala ko nga hindi matatapos ang titig nyang iyon.

"Rest for awhile may kakausapin lang ako." He said after a million seconds.

Naglakad sya papuntang pinto.
Nanatili naman akong nakaupo sa gilid ng kama.

"Hihiga ka ba o hahalikan kita."

Hindi ako natatakot pero sa banta nyang iyon talaga bumibilis ang tibok ng puso ko.

Mabilis akong nahiga.

At nang lumabas sya iyong hininga ko na pinipigil ko pala saka ko lang napakawalan.

Letsugas!

Naloloka ako sa mga pinapakita nya.

*****

H/n

Sige lang Leigh maloka ka, gustong-gusto ni Tyrrone yan. Hahahaha??????

Anyway hindi ako nakatiis nag update na ko hahaha.

Thanks po

Helliza Sabida

8222017uivst coded number 12:41

23

Salamat @im_asul sa BC. Ang cute?? thanks kimboy hahahah.

*****

Dahil hindi ako pinayagan makaalis ng magaling kong Boss nganga ako dito sa kwarto.

Hindi pa sya bumabalik at hindi ko alam kung saan lupalop sya naruon.

"Bakit excited kang makita sya ulit?" Kutya ng isang bahagi ng isip ko.

"Hindi ah."

Eh sino bang niloloko ko?

Gusto ko syang makita talaga.

Kalalabas nya palang gusto ko na syang bumalik.

May kumatok sa pintuan.

Napabalikwas ako ng upo sa pag-aakalang si Tyrrone iyon.

"Ford?"

"Hello again Leigh. Asan iyong mahigpit mong bantay?" Nakangiti nyang tanong habang papalapit sa akin.

Kibit-balikat ang sinagot ko.

"Akala ko umalis ka na."

"Nah." Umiling sya. "Sinundan ko kayo, hindi ako nakapagpaalam ng maayos kaya sumunod ako. Mukha kasing hindi ka papayagan ng bantay mo na umalis eh. Is he your boyfriend?"

"Ay naku hindi." Umiling ako. "Amo ko sya."

"Amo?"

"Oo."

Naghintay sya na dugtungan ko ang sagot ko pero hindi na ako nagsalita.

"Ah... nakalimutan kong itanong ano nga pala ang ginagawa mo rito sa hospital, doctor ka ba?" tanong ko.

Hindi naman sya nangulit sinagot na lang nya ang tanong ko.

"No may dinalaw lang akong kaibigan."

"Ahh... okay."

Ngumiti sya.

"Can I get your number? Para naman may communication tayo."

Wala naman akong nakikitang masama duon kaya binigay ko.

"Thanks. Magpapaalam na ako para makapagpahinga ka." Paalam nya.

"Sige ingat ka."

Nang makalabas sya muli akong nahiga.

Then narinig kong tumunog ang cellphone ko.

Get well soon Leigh??

---Ford.

Napangiti ako at mabilis na nagreply sa text nya.

Thanks?

---Leigh

Nakangiti kong inilapag ang cellphone. Eksaktong nailapag ko na iyon ng bumukas ulit ang pinto at inulwa ang doctor.

Doctor na pamilyar sakin ang mukha.

"Polo?"

Napatingin din sya sa akin at nanlaki ang mga mata.

"Hey Miss...?" Mabilis syang lumapit sakin.

Naupo ulit ako.

"Its Leigh."

"Hi Leigh. I'm Polo Dizon your doctor."

Ngumisi ako. "Hi Doc."

Tumawa si Polo.

"What happened to you ang alam ko nabilaukan ka lang, how come na nandito ka na sa hospital?"

"Ah mahabang kwento eh. Pero two days na ako dito."

"Oh. Kapapasok ko lang from vacation." Sabi nya.

"Ibig sabihin nakabakasyon ka nung tinulungan mo ako? Thank you pala ulit."

"Yeah. Don't mention it. Maliit na bagay lang iyon."

Ngumiti ako sa kanya.

"Naka schedule ka for general check up. Pero ayon sa doctor na nag-endorse sayo sakin, hindi mo naman daw kailangan iyon."

Sumimangot ako.

"Tama hindi ko kailangan iyon. Mapilit lang Boss ko."

"Yeah, Mr. Tyrrone Jigs Elmundo. Nag-utos pa sya na ipapatanggal ang kung sino man ang magd-discharge sayo. At dahil isa sya sa major stock holder nitong hospital may say syang gawin iyon."

Lalo akong sumimangot.

"Eh hindi ko nga kailangan iyon."

Tumawa sya.

"Be thankful mukhang mahal na mahal ka ng boss mo. Gusto nyang makasigurado na wala kang ano mang pinsala. Sya iyong kasama mo sa resto di ba?"
Natigilan ako.

Si Tyrrone mahal na mahal ako? Malabo, baka nga ikaltas nya pa sa sahod ko ang bill ko rito.

"Leigh?" Untag ni Polo sakin ng hindi ako kaagad sumagot.

"Ha...ah oo si Bossing ko nga iyong kasama ko."

Napatango si Polo.

"May nararamdaman ka bang masakit ngayon?" Tanong nya.

"Wala. Wala akong nararamdaman Doc. kaya pauwiin mo na ako." Sabi ko na nagpatawa sa kanya.

"Pero ayaw ka pang pauwiin ng guardian mo."

"Anong guardian? Ako ang guard, bodyguard."

"Hindi ko guardian si Bossing." Mabilis na sabi ko.

"Pasensya na Leigh pero hindi talaga pwede." Sabi nya.

Wala akong nagawa kundi ang sumimangot at magkamot ng ulo.

Eh ano pa magagawa ko ayaw ko namang mawalan ng trabaho si Polo.

Badtrip lang.

Imbes kasi na makapagtrabaho pa ako. Stuck ako dito.

"Hay buhay parang life."

"Hey cheer up." Napakurap-kurap ako ng pumantay ang mukha ni Polo sa mukha ko.

Gwapo din naman itong doctor na ito.

Mestiso at halatang may dugong banyaga.

At take note mabango pa ang hininga.

Yeah mabango. Naaamoy ko kasi ang lapit-lapit ng mukha nya.

Nagkatitigan kami ng ilang segundo. Bago lumipat ang tingin nya sa benda ng noo ko.

"*Ano kayang nationality nya?"* Naisip ko kasabay ng paglapit pa ng mukha nya at ang pagbukas naman ng pinto.

"What the fuck!"

And the next thing I knew umangat na ako sa ere at nakasubsob na ang mukha ko sa dibdib ni Tyrrone...again.

"The hell?"

"What the fuck are you doing!" Malakas na sigaw ni Tyrrone na kinanlaki ng mga mata ni Jonalyn na nakatayo sa may pinto at kinakunot-noo naman ni Polo.

"Bossing..." aalis sana ako sa pagkakasubsob ko sa dibdib nya pero ang siste hinawakan lang ako sa batok para pigilan na lumingon.

"Don't you dare move!"

"Ano na naman ba ang problema?"

"Mr. Elmundo it's not what you think." Narinig kong sabi ni Polo.

Naramandaman ko naman ang isang braso ni Tyrrone sa bewang ko at hinapit ako papalapit pang lalo sa katawan nya.

Sa sobrang higpit nga ng pagkakahapit nya halos nakaangat na ako sa ere.

No.

Nakaangat na talaga ako ng halos isang pulgada.

"You are going to touch and kiss her." Singhal ni Tyrrone na kinanlaki ng mga mata ko at ni Polo.

"Anong hahalikan?"

"No I didn't." Tanggi ni Polo. "I'll just going to check her wound." Tumawa ito. "Wala akong planong halikan sya. Hawakan oo and that's because it's my job. Imposibleng hindi ko sya hahawakan Mr. Elmundo."

"Hindi mo sya pwedeng hawakan!"

Ano raw?

Ano bang problema ni Tyrrone. Paano ako maeeksamin ni Doc. Polo kung hindi nya ako hahawakan?

"Teka Bossing-."

"Shut up!"

O di sya na! Putek kulang nalang lagyan nya ang mukha ko ng glue sa tindi ng pagkakatulak nya sa batok ko. Gusto nya yatang idikit na ang mukha ko sa kanyang dibdib.

Rinig na rinig ko na nga ang tibok ng puso nya na mabilis ang pintig.

Mabilis ang pintig?

Bakit?

Dahil sa galit?

Tuluyan nang natawa si Polo.

"That's absurd pinapa-general check up mo sya Mr. Elmundo. At para gawin iyon I need to touch her. Baka nga makita ko pa ang ilang parte ng katawan nya kasi general check up ang gagawin ko diba."

Nasa bisig ako ni Tyrrone...

...kanina dahil natagpuan ko na lang sya na hawak na sa leeg si Doc. Polo habang nakasandal sa pader ang kawawang doctor.

Nagtama ang mga mata namin ni Jonalyn na bakas sa mukha ang takot.

"Akin yan! You can examine her, but you don't touch what is mine!" Sigaw ni Tyrrone.

Ang naging reaksyon ko? Panlalaki ng mga mata at pagnganga.

*****

"What?" Tanong ko kay Jonalyn na nakatingin sa akin.

Nasa hospital parin kami at nasa kwarto parin ako.

Pagkatapos na isalya ni Tyrrone si Doc Polo.

Pinalayas nya ito at sinabing hindi na ito ang magiging doctor ko.

Gusto ko sanang habulin si Doc kaso ang magaling na lalaki ako naman ang binalingan.

"Lay down!"

"Ha?"

"Ang sabi ko higa!"

Nalukot ang noo ko.

Akala ba nya matatakot ako sa malakas nyang boses?

Nakakalimutan nya yata kung sino ako.

*"**Gaga nakalimutan ka na nga di ba."***

"*Hindi Bossing. Ano bang problema bakit galit na galit ka? Nakakahiya naman kay Doc Po-."*

"Leigh!" Tili ni Jonalyn.

Paano ba naman sinaklit ako sa bewang ni Tyrrone at halos itapon na ako pahiga sa hospital bed.

"Ouch shit!" Mura ko ng sumakit ang sugat ko kasabay ng bahagyang pagkahilo.

Si Tyrrone nasa tabi ng kama na oo nga't galit pa ang mukha, bakas naman duon gulat dahil sa ginawa.

Tinignan ko sya.

"Sabihin mo lang Bossing kung gusto mo talaga akong masaktan para may dahilan nang makapagpa-general check up ako. Hindi epektib ang ganito. Mas epektib kung itutulak mo ako sa hagdan." Badtrip na sabi ko. Putek nahihilo ako.

"Shit! Shit! Shit!" Sunod-sunod na mura niya sabay suklay ng buhok gamit ang kamay.

Lumapit sya sa akin at sa gulat ko, yumuko't hinalikan nya ang nakabenda kong noo.

"Sorry Babe..." he whisphered.

Da faq?

Nagblock-out yata ang utak ko sa binulong nya at nang mahimasmasan naman ako nakalayo na sya.

"Ano iyon? Totoo ba 'yon?"

"I'll find you a new doctor. Huwag kayong magpapasok ng kahit na sino dito." and then he's out.

Naiwan na naman akong pakurap-kurap at nakanganga.

******

Kapag naaalala ko ang nangyaring iyon nahihilo ako.

Nahihilo ako sa pinapakita ni Tyrrone.

"Boyfriend mo ba si Mr. Elmundo?"

"Ha? Hindi ah."

Naningkit ang mga mata ni Jonalyn.

"Hindi nga." Ulit ko pa.

"Aray!" Daing ko. Minsan talaga may pagka bayolente itong kaibigan ko. Nambatok ba naman.

"Ako'y huwag mong pinaglololoko Leigh, bakit ganon ang eksena nyo kanina?"

"Aba malay ko." Sagot ko na kinatalim ng tingin nya.

Eh hindi ko naman talaga alam.

"Isa Leigh."

"Kahit umabot ka pa ng isang daan hindi at hindi ko alam, ang isasagot ko."

"Ganon, eh bakit magkasama kayo?"

"Employer ko sya." Maikling sagot ko.

"Employer? Kelan pa?"

"Matagal na."

Magtatanong pa sana sya ng itinaas ko ang kamay ko.

"Stop! Hindi na ako sasagot sa mga tanong at kapag nangulit ka pa no comment na ang isasagot ko."

Tumaas ang isang kilay nya.

"Ano ka artista?"

Tawa na lang ako.

"Pero ano nga Leigh? Bakit ganon ang reaksyon nya ng makita ka naming hahalikan ng doctor na iyon?"

"Ano ba iyang halik na iyan. Word of the day ba yan? Putek maya't-maya ko naririnig."

"Hindi nya ako hahalikan, tinitignan nya iyong noo ko."

"Pero sa anggulo namin mukha ka talagang hahalikan ng doktor."

"Anong anggulo? Aba ayos ang gulo na naguguluhan na ako."

"Mukha kasing hahalikan kanina kaya biglang nag-amok ang 'boss' mo." Pinagdiinan nya pa ang word na boss.

"Hindi nga ako hahalikan at huwag mong bigyan ng kulay iyon laging ganon si Bossing." Sabi ko na lang.

"Sabihin mo rin sa sarili mo yan gaga, kasi nag-aasume ka na rin."

"Wow ayos iyang Boss mo ha, laging ganon? Ibig sabihin lagi din syang nanghahalik sa noo mo?" Mataray nyang sabi.

Bumuka ang bibig ko para mgatwiran pero wala nganga ulit, takte hindi ko alam sasabihin ko.

Buti na lang may pumasok, ang kaso nang makita kong si Tyrrone iyon parang mas gusto kong sagutin na lang ang tanong ni Jonalyn.

Nagtama ang mga mata namin.

Iwas kaagad ako ng tingin.

"Where's Fearless Leigh now? Nabahag na ba ang buntot at hindi mo masalubong ang tingin nya." Sabi ng isang tinig sa isip ko.

"Nabahag kaagad, hindi ba pwedeng masakit muna ang ulo?" Sagot naman ng isa pang tinig.

"P*alusot much."* Sabi ng ulit ng isa.

Bigla akong napapilig ng ulo.

Putek! Madadala na yata ako sa mental.

Bakit may dalawang boses akong naririnig sa isip ko?

"Adik lang Leigh." Sabi ng isa.

Tang'na nasagot pa. Baliw na nga siguro ako.

"Leigh?" Si Jonalyn.

Hindi ko pinansin patuloy parin ako sa pagpilig ng ulo.

Paano kumakanta na iyong mga boses sa isip ko takte!

"Leigh, huy." Tawag ulit ni Jonalyn.

Nang hindi parin ako sumagot nakatanggap na ako ng batok sa kanya.

"Aray!" Sabay hawak ko sa batok ko.

"Ano ba yan Jona pasyente kaya ako dito makabatok ka naman eh."

"Para ka kasing baliw. Anong nangyayari sayo?" Takang tanong nya.

Yeah ano nga ba ang nangyayari sa akin?

"Nababaliw na nga siguro ako."

Napatingin ako kay Tyrrone.

"Nakakabaliw pa lang mahalin ang isang Tyrrone Jigs Elmundo..."

*****

H/n

Sabi ni Ford sasamahan daw nya sa mental si Leigh hahaha????.

Inaantok parin ako.

#zombiemodeagain.

Tapos nakatayo pa ako dito sa bus hayyy...

Anyway thanks sa mga read comment at vote. Huwag sana kayong magsawa sa pagsupport?

Thanks

Fb: Helliza Sabida

932017uvft 7:27

24

For @jenica714.

Salamat sa votes at comments.

Thanky, thanky?

*****

Huminga ako ng malalim ng tumapak ang mga paa ko sa labas ng hospital.

"Oh fresh air I miss you!" Napapikit ako habang sumisinghot-singhot pa.

"Mukha kang tanga dyan." Sabi ni Tyrrone na dumaan sa harap ko.

Sumimangot naman ako habang pinagmamasdan ang naglalakad nyang bulto.

Bipolar.

Isang bipolar si Tyrrone Jigs Elmundo.

Malapit na talaga akong maloka sa paiba-iba nyang moods.

Ang sakit-sakit nya talaga sa bangs pramiz.

Sa loob ng dalawang-araw pang pagtigil ko sa hospital, litong-lito talaga ako sa ugali nya.

Huminto sya at nilingon ako.

"Hoy babae tutunganga ka na lang ba dyan?" Nakakunot ang noo na sabi nya.

Sungit.

Sinimangutan ko sya.

"Andyan na po Boss." Sinimulan ko nang humakbang papunta sa kanya.

Tumalikod naman sya at nagpatuloy sa paglalakad.

Dalawang-araw ang nasayang sakin dahil sa pamimilit nyang manatili ako sa hospital para magpa-general check up, na okay naman ang resulta.

Itong magaling ko lang na boss ang mapilit sa di ko malamang dahilan.

"Sakay."

"Ha?" Nasa harap na pala kami ng sasaksyan nya at nakabukas na ang passenger seat ng sasakyan.

"Pinagbuksan na naman nya ako."

Ilang segundo akong natulala.

*"*Babe gusto mo bang ibalik kita sa loob ng hospital?"

Napakurap-kurap ako at nanlaki ang mga mata.

"Did he just call me..." ang lakas na naman ng pintig ng puso ko.

"A-ano iyon Boss?"

Lalong magsalubong ang mga kilay nya.

"Are you deaf? Ang sabi ko Babae gustong mo bang ibalik kita sa loob ng hospital? Para kang tangang nahipan ng hangin dyan. Imbes na pumasok ka dito sa loob ng sasakyan, tumulala ka pa."

Sumimangot ako.

"Nabingi ka na naman Leigh."

"Sabi ko nga papasok na ako."

Tahimik ako sa byahe. Minsan pasulyap-sulyap sa kanya.

Napatingin ako sa sugat nya sa ulo na may maliit na benda.

"Boss pwedeng magtanong?"

"Nagtatanong ka na." Pasuplado nyang sagot.

"Hehehe." Tawa ko naman. Lumingon sya sakin at kumabog na naman ng malakas ang dibdib ko ng magtama ang mga mata namin.

May kung anong dumaan sa mga mata nya na kaagad ding nawala.

"What?" He asked na binalik ang tingin sa harapan.

"Nung gabi ng aksidente. Papayuko ka na non hindi ba Bossing? But then, huminto ka. Why? Kung tinuloy-tuloy mo ang pagyuko hindi ka matatamaan?" Pormal ang mukha ko. Matagal ko nang gustong itanong sa kanya iyan.

Nakita kong natigilan siya. Hindi kaagad sya sumagot.

"Bossing?"

"What?" Singhal nya.

"Kako bakit-."

"Kapag yumuko ako, ulo mo ang sasalo ng lahat. Do you think na kahit napakatigas nyang ulo mo, pwedeng mababasag yang bungo mo, huh?"

Napaawang ang mga labi ko.

Hindi sya nagpatuloy sa pagyuko dahil ayaw nyang mabasag ang bungo ko meaning ayaw nya akong masaktan?

Mayamaya iyong pagkabigla ko, napalitan ng inis.

"Bakit Bossing iyong bungo nyo ba hindi rin mababasag? Hindi nyo dapat ginawa iyon Boss. Paano king napuruhan kayo? Ano magiging multo ka ulit? Tapos ako na naman ulit ang kukulitin at guguluhin mo dahil ako lang ang tanging nakakakita sayo. Okay sana iyon kaso paano kung bumalik ka ulit? Kakalimutan mo na naman ako, ay naku Bossing ayoko na hindi na kakayanin ng puso ko iyon pagnagkataon!" Tuloy-tuloy na sabi ko. After ten seconds biglang nanlaki ang mga mata ko ng marealize ko kung ano ang nabulaslas ko.

"Putek! Syete ka Leigh ang tanga-tanga mo!"

Napaayos ako ng upo at tumingin sa bintana.

"Sana hindi nya pansinin... sana hindi nya pansinin... sana hindi nya..." nawalan ng kwenta ang hiling ko ng bigla nyang ihinto ang sasakyan sa gilid ng daan muntok pa akong mapasubsob sa dashboard dahil hindi ako naka seatbelt. Buti na lang mabilis si Tyrrone. Naiharang ang kamay sa harap ko.

"Bossing-."

"What did you say?" Tanong nya na lumapit sa akin.

"*Bakit ang daldal mo Leigh?"*

Hindi ako nakasagot.

"Ulitin mo nga iyong sinabi mo?"
Lumapit ang mukha nya sa mukh ko.

"Ah... iyong ulo nyo po ba hindi mababasag ang bungo-."

"Hindi yan ang gusto kong marinig." Mariin nyang sabi.

Syete talaga.

"Alin ba duon Bossing ang haba kasi ng sinabi ko. Nakalimutan ko na hehehe." Pagkukunyari ko.

Napasandal ang ulo ko sa may bintana ng lumapit pa ang mukha nya.

"What do you mean about me being the ghost? What do you mean na kakalimutan na naman kita?"

"May sinabi ba akong ganon? Wala naman Bossing ah?" Pagmaang-maangan ko.

Kumunot ang noo nya. At dahil sa lapit nya talagang kitang-kitang ko ang kagwapuhan nya. Lalo na ang magkasalubong nyang makapal na kilay.

"Pwedeng bang pahalik. Isa lang?" Ayan na naman iyong boses.

"Try it tignan natin kung hahalikan ka. Baka ibigti ka nyan patiwarik."

"Leigh Shane Rozul sagutin mo ako ng maayos." Galit na sabi nya nang hindi kaagad ako umimik.

Napigil ko ang hininga ko ng mags-sirko ang puso ko ng tawagin nya ang aking buong pangalan.

Saka ako naging aware sa ayos namin.

Nakahilig ako sa may bintana ng sasakyan nakasisik duon dahil halos nasa upuan ko na sya. Nakahilig kasi ang katawan nya papunta sa akin at sobrang lapit ng kanyang mukha.

Pero may isang bagay na nagpalaki ng mga mata ko.

Iyong braso nyang pinangharang kanina para hindi ako masubsob ay nakalapat parin sa akin...sa mismong...dibdib ko.

"My gulay!"

Napatingin din sya sa braso nya.

Umawang ang mga labi nya.

Akala ko lalayo sya pero halos mapanganga ako ng umusog ang braso nya at kamay na nya ang nakasapo sa isa kong dibdib.

Napasinghap ako.

Da fuq!!!

"B-bossing-."

He kissed me.

Nanlalaki ang mga mata ko ng halikan nya ako ng mariin at mapusok.

Nawindang ako oo.

Pero mas nawindang ang isip ko ng maramdaman ko ang pagpisil nya duon... sa dibdib ko.

Napapikit ako at napaungol.

Gumalaw naman ang isa nyang kamay at pumaikot sa bewang ko at hinapit ako papalapit sa kanya.

Namalayan ko na lang na tumutugon na ako.

Ang init.

Bakit ganito na naman kainit ang pakiramdam ko?

Naramdaman ko ang paggapang ng halik nya sa leeg ko, sunod ay ang pagsipsip at bahagyang pagkagat nya ruon. Leaving a mark.

Napakiling ang ulo ko na para bang inaalay ko pa ang leeg ko sa kanya. Tumaas din ang kamay ko sa batok nya at napasambunot sa kanyang buhok.

Muli kong naramdaman ang paggapang ng halik nya pabalik sa mga labi ko.

Hinalikan nya ako ulit.

Kung kanina mapusok ang halik nya. Ngayon masuyo at marahan na.

Tumugon parin ako.

Naririnig ko ang ingay ng mga sasakyan sa labas pero wala akong pakialam. Basta hinahalikan ko sya.

Nang gumalaw ang kamay nya papasok sa loob ng damit ko bigla namang tumunog ang kanyang cellphone.

Sabay kaming huminto at nanigas.

Humihingal kaming pareho at nagkakabungguan parin ang aming ilong habang nakatingin kami sa isat-isa, iisang hangin lang ang nilalanghap. Iyong kamay nya nakahinto pa din sa loob ng damit ko at nakalapat sa aking tyan.

Nang magring ulit ang cellphone nya.

Bigla kaming naglayo.

"Shit!" Sabay din naming mura.

Napasadal ako sa upuan napatingin sa bintana, napakagat labi bago napatuptop sa aking noo.

"Malandi ka. Malandi ka talaga Leigh."

"What!" Napaunat ako ng upo ng sumigaw sya.

"Nasaan ka!" Sigaw nya ulit "Sinong kasama mo?"

"Hintayin nyo kami. Pupunta kami ni Leigh dyan." Binaba nya ang tawag at tumingin sa akin.

"Anong nangyari?" Tanong ko na sinalubong ang mga mata nya kahit alam kong namumula ang pisngi ko dahil sa nangyari.

"The bastard! The bastard is back. Nag-iwan sya ng patay sa tabi ng sasakyan ni Clarissa. And he got a message for you." Nakatiim bagang na sabi nya.

Hindi ko na tinanong kung ano ang ibig nyang sabihin na gets ko na.

At imbes na matakot napangisi ako.

So the smiley Man is back.

Goodbye boring day hello action.

*****

"Tyrrone." napaiwas ako ng tingin nang tumatakbong yumakap si Clarissa kay Tyrrone.

Pasimple kong pinalo ang dibdib ko at binalingan si Eizen na pormal ang mukha.

"Asan iyong bangkay?" Tanong ko.

Wala pang pulis sa paligid dahil hindi pa tinawag ni Eizen.

Ganon talaga. Mas madali ang pag-iimbestiga namin kung wala pa ang mga istorbong pulis.

Nasa tabing dagat sila malayo sa kalsada kaya wala pang din nakakapansin na iba.

"Anong ginagawa mo rito?" Narinig kong tanong ni Tyrrone kay Clarissa.

"N-nagpahangin ako. Toxic kasi sa bahay." Sagot ni Clarissa.

"Ano rin ang ginagawa mo rito?" Tanong ko rin kay Eizen.

"Wala lang." Matipid nyang sagot.

Tumaas ang isang kilay ko.

Sa tagal ko nang kaibigan si Eizen, alam ko na kung may tinatago sya.

Hindi nakaligtas sa paningin ko ang matalim ngunit nakakatunaw nyang tingin kay Clarissa.

At ito namang babaeng ito, iiwas pero tumitingin din kay Eizen.

"Anyare? Anong meron?"

Pero syempre hindi ko na tinanong si Eizen. Matanda na sya. Sigurado naman akong alam nya na ang ginagawa nya.

"Asan iyong bangkay Eizen?" Untag ko sa kaibigan kong parang lalamon na yata ng tao sa klase ng pagkakatingin sa dalawang magkayakap, di kalayuan sa amin.

"*Ramdam kita Pre. Pero wala tayong magagawa. Hanggang nganga lang tayo talaga."*

Kunot ang noo na nilingon nya ako.

"Duon." Turo nya sa sasakyan ni Clarissa na nasa di kalayuan. Pasuplado ang pagsagot nya.

Basta gwapo masungit at suplado!

Sarap tirisin ng mga gagong 'to.

Kinurot ko ang pisngi nya.

"Ayusin mo Eizen baby. Hindi ako ang kaaway mo kaya huwag mo akong pagsupladuhan. Kotang-kota na ako sa gwapong masungit na suplado kaya huwag kanang sumali."

"Ouch! Putcha bitaw Leigh." Sabi nya na tinanggal ang kamay ko.

"Tss." Sabi ko naman na sinamaan sya ng tingin.

Natatawang lumapit sya sa akin.

Humalik sa noo ko.

"Hello, Leigh baby." Sabi nya pa, sabay akbay sakin at nagsimula akong igaya palakad. "I'm sorry."

Dalawang kilay ko na ang tumaas sa ginawa nyang iyon.

Oo halik sa noo ang pagbati ng mga D&A na lalaki sa amin mga babae.

Pero bihira nya akong akbayan at tawaging baby. Pang-asar ko lang kasi sa mga babaeng may gusto sa kanya ang pagtawag ko ng baby sa kanya na minsan nya lang patulan.

Alam ko ulit kung bakit nya ginagawa iyon.

Nilingon ko si Clarissa na hindi na nakayakap kay Tyrrone nakatingin na sya sa amin, at basang-basa ko ang sakit sa kanyang mga mata.

Napaiwas sya ng tingin ng makita nya akong nakalingon.

Nagkibit-balikat na lang ako.

Bago ako lumingon ulit sa harap napatingin ako kay Tyrrone.

Nagtama ang mga mata namin.

"Hala bakit galit na naman sya?" Naitanong ko ng makita kong ang talim ng tingin nya sa amin.

Nagkibit-balikat na lang ulit ako.

"Bahala sya umatake na naman ang pagka bipolar nya."

*****

Like the others. The body of the woman was tortured.

Kitang-kita mo sa mukha nya ang sakit at paghihirap na pinagdaanan .

Hubot-hubad binaboy na nga sinira at winasak pa ang dangal. Ganon din pagkatao dahil parang basura na tinapon na lang dito.

Pormal ang mukha ko pero nakakuyom ng mariin ang aking mga kamao.

Lalo na ng mabasa ko ang mensahe na inukit sa tyan ng babae.

Hey Fearless! Come and get me.
Let see if you can avenge your mother. Come and kill me. Little girl. ?

Wala akong naramdamang takot ng mabasa ko ang mensahe nya para sa akin ma may smiley pa sa dulo. Hindi ko narin pinagkaabalahan isipin kung bakit fearless at little girl ang tinawag nya sa akin.

Pero nagtataka ako. What the hell! Anong ibig sabihin ng mensaheng iyan. At pati ng little girl? Fearless

gets ko pa pero iyong little girl...

Napapikit ako ng kumirot ang ulo ko.
Kasabay ng eksena na lumitaw sa duon.

The image?

Ako... No. Ang batang ako. Nakatali sa isang bangko umiiyak habang sumisigaw ng...

"*Mama ko! Ang mama ko tulungan nyo!"*

"Hey!" Nabigla ako nang nasa harap ko na si Tyrrone. Nakahapit sa bewang ko at nakasandal na ako sa dibdib nya.

Inangat ko ang tingin ko para tignan ang mukha nya. Pero bakit dilim ang nakikita ko.

Napayuko ako at pinilig ang aking ulo."

"Leigh!" Narinig kong tawag ni Eizen.

"Hey look at me Babe." Ikinulong ni Tyrrone ang mukha ko sa mga palad nya saka iyon itinaas.

Nang muli kong imulat ang mata ko maliwanag na at nakita ko na ang ang gwapo nyang mukha.

"What the hell happened to you? May nararamdaman ka ba na hindi mo sinabi sa doctor mo?" Galit na tanong nya.

"Ha? Hindi ko ma gets Bossing."

"You're about to pass out Leigh, mabuti na lang mabilis kang naalalayan ni Mr. Elmundo." Si Eizen ang sumagot.

Ako. Hihimatayin? Bakit?

"Hihimatayin ako? Bakit?" Takang tanong ko kay Eizen mata ko lang ang nakatingin sa kanya dahil hawak parin ni Tyrrone ang mukha ko na ipinaling nya kanan para tumama ang mata ko sa mata nya.

"You tell me. May nararamdaman ka ba? May masakit ba sa iyo? Ibabalik ba ulit kita sa hospital?" Tanong ni Tyrrone.

Sa gilid ng mata ko nakita ko si Clarissa na nakatayo sa likod ni Eizen. Hinaharangan ng katawan ng kaibigan ko ang mga mata ni Clarissa para hindi makita ang patay na katawan.

"Hospital kaagad Bossing. Hindi naman ako hihimatayin. Napuwing lang ako." Palusot ko pagkatapos ay bumitaw sa kanya at muling tinignan ang bangkay.

"Who the hell are you?"

Si Smiley man ang tinutukoy ko. Sino ba ito? At anong kinalaman nito sa pagkamatay ng Mama ko?

"Fuck!" Napatingin ako sa nagmurang si Tyrrone na ngayon ay nakatingin na rin sa bangkay at nabasa na ang mensaheng para sa akin.

Nilingon nya ako at biglang tinakpan ang akin mga mata.

"What the hell! Bakit ba tinitignan mo pa!" Galit na sabi nya na pinihit ako paharap at hihilahin sana nang kumalas ako sa kanya at humakbang ng tatlong beses palayo.

"Ilayo mo muna si Clarissa Bossing." Pormal ang mukha na sabi ko at sinulyapan si Clarissa na bakas na naman ang takot sa mukha ng masulyapan ulit ang bangkay.

Lalapitan sana ito ni Eizen pero napahinto ng marinig ang sinabi ko.

Nakita ko ang pagkuyom ng kamao ng kaibigan ko bago tinalikuran si Clarissa at naglakad papunta sa akin.

Sunod kong tinignan si Tyrrone na palipat-lipat ang tingin sa aming dalawa ni Clarissa, bakas ang bahagyang pagkalito sa mukha.

"Dali na Bossing, makakaistorbo lang kayo sa gagawin namin." Marahan na sabi ko.

Kumunot ang noo nya.

"Anong gagawin? Bakit hindi na lang tayo tumawag ng pulis at sila na ang mag-asikaso nyan."

Ngumiti ako.

"Pulis? Don't worry Bossing pulis din ang makikinabang sa gagawin namin. Pagkatapos namin rito tatawagin namin sila."

"Ano bang gagawin nyo? Trabaho ng pulis yan."

"Clarissa's crying Boss ilayo mo na sya rito." Sabi ko imbes na sagutin ang tanong nya.

Hindi ko maintindinhan kung bakit bumakas na talaga ang pagkalito sa mukha nya.

Hindi ko rin alam kung bakit parang nahihirapan syang iwan ako dito at samahan si Clarissa.

Ano bang nangyayari sa kanya?

Napatiim bagang sya bago tumango at walang sali-salitang tumalikod at naglakad papalapit kay Clarissa.

"O pinaalis mo di ba bakit parang hahabol ka?" Kantyaw ng isip ko ng makita kong inakbayan nya si Clarissa at inakay palayo. Gusto ko kasing tawagin sya ulit at pabalikin sya dito sa tabi ko.

Hinihintay ko na lingunin nya ako. Pero hanggang nakaliko na sila papuntan kalsada kung saan nakaparada ang sasakyan nya, hindi ko syang nakitang lumingon.

"*Asa ka pa talaga huh!"*

Napailing na lang ako at hinarap ang bangkay na nasa tabi ko.

*****

H/n

Hindi rin ako nakatiis hahaha.

Thanks po sa read.

Sa lahat ng naghintay po ng uD kahapon. Tulad nga po ng sabi ko.

Linggo is bonding time with my baby at reading day kaya pasensya na po?.

Salamat po sa mga nagp-pm sa fb?.

Add nyo po ako Helliza Sabida para masaya?

Thanks and TC.

Helliza Sabida.

9162017uvft 20:43

25

For @MaritessTabotabo salamat ng marami sa support?

*****

"Bakit iniwan mo pogi."

Mula sa pag-alalay ko kay Clarissa napatingin ako sa multong nakatayo sa gilid ng sasakyan ko.

Yes. Ghost.

A fucking two ghost na simula ng magising ako mula sa pagka coma ay nakikita, naririnig at kinukulit na ako.

Kinukulit ako tungkol sa babaeng iniwan ko sa tabing dagat.

***

"*Sinabing hindi ko kilala ang Leigh na yan!" Galit na sabi ko sa babaeng multo na may pangalang Elizabeth.*

Mula ng ihatid ko si Clarissa at makita ko iyong Leigh, kinukulit nya na ako na lapitan ang estrahang babaeng iyon.

"Pogi pagsisihan mo talaga pag hindi mo sya nilapitan." Pagpupumilit niya.

Sinamaan ko sya ng tingin, bago ibinalik ang mga mata ko sa daanan.

"Hayaan mo na Elizabeth baka ayaw nya na talaga kay Leigh. Sa akin na lang sya matagal ko nang crush iyon ang seksi kaya non. Papasukin ko na lang sya ulit sa banyo habang-."

Napa-preno ako at matalim syang tinignan.

"Don't you dare!"

Sabay silang ngumisi.

"Affected pogi?"

Saka ko lang na check iyong sarili ko.

What the hell!

Bakit bigla akong nagreact ng ganito?

Bakit parang gusto kong itago sa likod ko iyong babaeng iyon para di na makita ng bwisit na manyak na multo na ito?

***

Anong ginawa ko!

Napabalikwas ako ng bangon mula sa pagkakahiga at napasuklay sa buhok.

Bakit ayaw ko syang paalisin kanina? Bakit ayaw kong mawala sya sa paningin ko.

Bakit hinalikan ko iyong Leigh na'yon? kung hindi pa dumating si Clarissa baka kung saan pa kami mauwi?

Bakit napakapamilyar ng init ng katawan nya? Ng lasa ng mga labi nya?

Bakit sa tuwing tinatawag nya akong Bossing o sa pangalan ko may nag-iiba sa aking pakiramdam?

I'm sure na ngayon ko lang sya nakilala. Alam ko at sigurado akong ngayon ko lang nakita ang mukha nya.

But why she's so fucking familiar?

*****

Hindi ko alam kung bakit nag-iiba talaga ang pakiramdam ko sa kanya.

Nagagalit ako pag may lumalapit sa kanyang lalaki, galit na ginagatungan pa ng dalawang multo. Gatong na lalong nagpapagulo sa nararamdaman ko. Dahil duon nasisigawan ko sya. Natatawag na tanga.

Lalo pa akong naiinis ng makasama namin sya ni Clarissa.

Si Clarissa na umpisa palang ay naiisip ko na magiging asawa ko. My ideal wife. Mahal ko sya. Pero bakit iyang pagmamahal na iyan hindi ko nararamdaman kapag nasa paligid si Leigh.

Hindi ko rin alam kung bakit tuwing nagagalit at sinisigawan ko sya gusto kong suntukin ang sarili ko. Lalo na kapag biglang nawawalan ng reaksyon ang mukha nya. I don't know pero sigurado ako na tinatago nya sa sa ganong ekspresyon ang sakit na nararamdaman nya.

"Huwag ka ng malito Pre mahalin mo na lang." Sabi ni Damien, nang mahuli nya akong nakatingin kay Leigh habang nakasakay kami ni Clarissa sa isag ride.

Kinunatan ko na lang sya ng noo. Hindi ako makasagot dahil katabi ko si Clarissa.

"Kung tao ako. Uunahan talaga kita sa kanya." Dadag nya pa na ikinakuyom ng aking kamao.

"Kung tao ka at lalapit ka sa kanya malamang maging multo ka sa gagawin ko sayo." Wala sa loob na naisip ko.

***

Parang may sumuntok sa dibdib ko ng makita kong nangingitim sya.

Buwisit na pagkain iyan!

Sobra-sobra ang takot ko habang nakatitig sa nagkukulay ube nyang mga labi.

Parang may batong nakadagan sa dibdib ko habang tinitignan syang nahihirapan na huminga.
Batong nawala ng may tumulong sa kanya, at muling umayos ang kanyang paghinga.

I called her Babe. Hindi ko alam kung bakit pero kusang lumabas sa mga labi ko ang endearment na iyon

"Mahalaga kasi nga sya sayo." Pagpupumilit ni Elizabeth ng makita nyang nagtataka ako kung bakit ganon na lang ang naging pag-aalala ko kay Leigh kanina.

"No she's not." Madiin na sabi ko.

"Okay. Tignan na lang natin kung hindi mo kakainin iyang sinabi mo."

Kinain ko nga.

This two fucking idiots ghost did something para maputol iyong punong bumangga sa amin.

Kitang-kita ko ang paglapit ng sangang iyon.

Awtomatiko akong yumuko upang umilag, para lang humito.

Isa lang ang nasa isip ko.

Si Leigh.

Si Leigh na sasalo ng lahat kapag umilag ako. Kaya hindi ko tinuloy ang pag-ilag

But my stupid heroic stunt ay nawalan ng saysay dahil lumabas sya ng sasakyan para humingi ng tulong.

Alam kong may sugat sya sa noo.
Wala syang payong. Madilim at malamig. Maaring may makasalubong pa syang masamang tao sa daan.

Gusto ko syang pigilan...sundan.
Hindi ko magawa dahil bukod sa tang'nang sugat na'to, hindi ko maiwan si Clarissa.

"Follow her. Kapag may nangyaring masama sa kanya. Kahit pa multo kayo, papatayin ko kayo ulit!" Sabi ko sa dalawang multo na ng mga oras na iyon ay nasa loob din ng sasakyan. Buti na lang inakala ni Clarissa na nagdedeliryo ako kaya kung ano-ano ang lumalabas sa bibig ko.

***

Hinimatay sya.

Hinimatay sya sa mismong mga bisig ko.

Hinimatay sya pagkatapos nyang ngumiti na tila ba sayang-saya sya ng makita nyang okay ako.

Nang dalhin ko sya sa hospital at malaman kong okay lang sya, hindi parin maalis ang pag-aalala ko.

Kaya naman nagbigay ako ng utos na hindi sya pwedeng i-discharge.

That was when I found out na napakatigas ng ulo nya. Ayaw nyang magpatalo at hindi sya sa takot sa akin. Kung hindi ko pa sya hinalikan at binabantaan na hahalikan ulit, hindi pa sya susunod.

Lalo pang dumagdag sa pagkainis ko ang dalawang lalaki na bigla na lang sumulpot at lumapit-lapit sa kanya.
Nalilito na nga ako sa nararamdaman ko sa babaeng ito dumagdag pa sila.

What the hell nagkasugat lang sya sa ulo naging habulin na!

And I discoverd something.

I really...really like to...kiss her.

Hindi ko maintindihan pero naadik ako sa mga labi nya.

Iyong tipong kakahalik ko lang sa kanya gusto ko na kaagad umulit ulit.

Sa tuwing pinagbabawalan ko sya deep inside gusto kong hindi sumunod para may dahilan ako na halikan sya ulit. Hell kahit pauli-ulit ko syang parusahan okay lang basta ganon ang parusang ibibigay ko sa kanya.

Sira ka Tyrrone. Paano si Clarissa.

Kapag naiisip ko si Clarrisa bumabalik ang pagkalito ko.

Sa sobrang kalituhan ko hindi ko alam kung paano sya t-tratuhin.
Alam kong nagtataka na sya sa akin.

Narinig ko pa ngang tinawag nya akong bipolar.

But what can I do? Kahit ako hindi maintindihan ang nararamdaman ko.

*****

Then ang nangyari sa kotse kanina.

Hindi ko maintindiham pero ang hina-hina ng kontrol ko sa sarili pagdating sa kanya.
Kailanman hindi ko naramdaman iyon kay Clarissa.

Sa kanya lang.

Kay Leigh lang talaga.

"Bakit ang tagal nila?" Narinig kong sabi ni Clarissa na nakatayo din at naghihintay.

Oo ang tagal nila.

Kanina ko pa gustong bumaba at tignan kung okay lang si Leigh.

Tinignan ko si Damien. Isinenyas ng mga mata ko na pumunta sya sa kinaroroonan ng dalaga.

Tumango naman sya at naglaho.

Tatlong minuto lang nakabalik na sya.

"Kaya naman pala matagal, busy sila dun. They're busy eating, each other face." Sabi ni Damien.

"What!" Sigaw ko na kinagulat ni Clarissa.

"T-tyrrone?"

Tinignan ko ng matalim si Damien bago binalingan ang dalaga.

"Sorry may naalala lang ako."

Tumango naman sya, bagaman nakakunot-noo. Hindi na sya umimik muli lang tumanaw sa kinaruruonan nina Leigh.

Busy ang utak ko sa pag-iisip sa babaeng nasa tabing dagat kaya ni hindi ko napapansin ang kakaibang kilos ni Clarissa.

Binalingan ko si Damien.

"Joke lang ikaw naman hindi na mabiro, papunta na sila rito." Bawi kaagad ni Damien ng muli ko syang tignan ng matalim. Takot sya sakin, dahil nagagawa ko silang hawakan. Nakakapagtaka man kaya ko rin silang saktan.

Narinig ko ang nang-aasar na hagikhik ni Elizabeth.

"Hold your temper pogi. Baka bigla kang sumabog sa makikita mo." Sabi niya na kinakunot-noo ko.

Bago ko pa matanong ang ibig nyang sabihin narinig ko na ang malakas na pagsinghap ni Clarissa habang nakatanaw sa daan papuntang tabing dagat.

"What the fuck!" Mura ko ng tignan ang nakita nya.

At tama si Elizabeth. Para ngang sasabog ang pakiramdam ko.
Sasabog ako dahil sa nakikita ko.

Leigh and Eizen.

Masaya silang nagk-kwentuhan. Nagtatawanan pa nga. Pero ang hindi ko nagustuhan... ay si Leigh...na nakapasan sa likod ni Eizen. Nakakapag-init ng ulo. Masakit sa mata ang tanawin na nakikita ko.
Lalo pang uminit ang ulo ko ng halikan ni Leigh sa pisngi ang binata.

"Thanks Ei the best ka talaga." Sabi pa ng magaling na babae, ngiting-ngiti.

"Don't smile like that. Lalong nag-iinit ang ulo kong babae ka!"

"No you are the best kahit kailan talaga napapasaya mo ako." Sabi naman ni Eizen.

"*Really, pulbosin ko kaya iyang mukha mo, makapagsaya ka pa kaya."*

"Uh,oh may mambubogbog na rito." Narinig kong sabi ni Elizabeth.

Sumipol naman si Damien.

Kinuyom ko ang mga kamao ko.

Nakalapit na sina Leigh at Eizen na sige parin ang tawanan.

Tawang sabay ding nahinto ng mapatingin sila sa amin.

"Para sa nakakita ng bangkay, napakasaya mo babae ka." I said while helding myself. Kating-kati na ang kamay ko na hilahin sya paalis sa likod ni Eizen.

"Ah... hello Bossing. May napagkwentuhan lang kami." She said na iniiwas ang mga mata sa akin.

"At ano naman ang ginagawa mo dyan?" Dagdag ko pang tanong na ang tinutukoy ay ang pagkakapasan nya sa likod ni Eizen.

"Napagod kasi sya Mr. Elmundo kaya pinasan ko." Sagot naman ni Eizen.

Hindi ko sya pinansin, na kay Leigh lang ang tingin ko.

"Baba." Utos ko.

Nagtinginan sila.

"Ano Bossing... ah, kayo na lang ang maghatid kay Clarissa mag r-report pa kasi kami sa amo namin." Sabi ni Leigh imbes na sundin ako.

Hindi ko na talaga napigilan ang sarili ko.

Lumapit ako sa kanila.

Umikot ang kamay ko bewang nya na kanyang kinapitlag.

"Hey!" Si Eizen nang hilahin ko si Leigh paalis sa likod nito.

Iglap lang nasa mga bisig ko na sya, paharap syang nakasandal sa akin. Dikit na dikit ang malambot nyang katawan sa katawan ko.

"Kung gusto mong magpahinga duon ka sa Condo ko. Kung gusto mong pumasan, likod ko ang gamitin mo. Umayos kang babae ka dahil nuong isang araw mo pa sinasagad ang pasensya ko." Sabi ko na tanging sya lang ang nakarinig.

"Damn, mar-rape ko talaga
ng di oras ang babaeng ito kapag patuloy nya akong tinitigan ng ganyan!"

Mura ko sa isipan ko habang pinagmamasdan sya na bilog na bilog ang mga mata at awang ang mga

labi habang nakatingin sa akin.

"B-bossing."

Dahan-dahan ko syang binitawan.

"Get in. Kung saan lupalop man kayo pupunta sasama ako. You are my bodyguard. Hindi mo ako dapat iwan ng mag-isa." I said.

"Lets go Clar." Baling ko kay Clarissa.

Nuon ko lang napansin na nagtititigan sila ni Eizen.

"Clarissa?"

"Ha?" Inalis nya ang tingin sa binata at tumingin sa akin. "S-sige."

Hinawakan ko sya sa siko at iginiya papuntang backseat.

Nang maisakay ko na si Clarissa ruon muli kong binalingan si Leigh.

"Get in." Sabi ko sa kanya at binuksan ang kabilang bahagi ng backseat.

"Bossing hindi mo na kailangan na-."

Pinutol ko ang pagsasalita nya sa pamamagitan ng muling paglapit sa kanya.

Lumapit ako. Malapit na malapit iyong tipong pati personal space nya sinakop ko.

"Get in Babe." Bulong ko na kinanlaki ng kanyang mga mata.

Gusto kong matawa dahil mukhang nabigla sya sa pagtawag kong iyon dahil mabilis pa sa alas-kwatro na sumakay sya sa sasakyan.

Binalingan ko si Eizen na seryosong nakatingin sa akin.

Ikiniling ko ang ulo ko.

Pinapahiwatig na sumakay din sya.

Tumiim ang bagang nya.

"Huwag mong lalapitan ng ganon si Leigh." Sabi nya na kinakunot noo ko.

"What."

"Kung hindi mo naman girlfriend huwag mong lalapitan ng ganon lalo na at naandyan ang girlfriend mo. Leigh is my friend kaya huwag mo syang isali sa lolokohin mo kung may nag mamay-ari na naman sayo."

Tuluyan ng nagsalubong ang kilay ko.

"At sinong gusto mong lumapit sa kanya? You?"

Ngumisi sya.

"I'm a free man. Wala akong sabit na tulad mo. Kaya kung gusto ko syang dikitan o kahit na angkinin wala kana sigurong pakialam dun."

"So akala nya girlfriend ko si Clarissa."

Parang may pumitik sa sentido ko ng marinig ko ang mga sinabi nya.

Lumapit ako sa kanya.

"Try it. Subukan mo at sisiguraduhin ko na hindi ka na sisinagan ng araw. Ang babaeng iyon, ay pag-aari ko!"

"Who Mr. Elmundo? Sino sa dalawa? Linawin mo dahil baka ang makuha ko ay ang babaeng pag-aari mo. Pero kung si Clarissa naman ang tinutukoy mo sayong-sayo na."

Tinignan ko sya ng deretso sa mga mata.

"Leigh is MINE! Akin lang. Touch her again at hindi mo magugustuhan ang gagawin ko sayo."

Nabigla naman sya.

"S-si Leigh? Paano si-."

"Akin si Leigh." Ulit ko, binigyan ko sya ng nagbabagang tingin bago tumalikod papuntang sasakyan.

Nagtama ang mga mata namin ng babaeng inangkin kong pag-aari ko na.

Leigh Shane Rozul.

Oo nalilito ako.
Hindi ko alam kung ano itong nararamdaman ko sa kanya. Iniisip ko rin si Clarissa paano ang dalaga?

Pero habang naglalakad ako at magkatama ang mga mata namin iisa lang ang malinaw.

"Akin sya. "

Itong babaeng alam kong hindi ko kilala, pero nagbibigay sakin ng kakaibang pakiramdam ay pag-aari ko.

At sisiguraduhin ko na mararamdaman nya rin na AKO at tanging AKO lang ang may karapatan sa kanya.

*****

H/n:

Tyrrone Jig P.O.V

Pinag-p.o.v ko na kasi marami ng naiinis sa kanya at pinagbabantaan ang buhay nya. Aba kawawa naman si Leigh mawawalan ng forever kapag ganon hahahha.

So ano masasabi nyo?

Inis parin ba kayo sa kanya?

Comment po kayo. ???

Thanks

Helliza Sabida

9252017uvft 21:31

26

Pareho kaming nakamasid lang ni Clarissa sa dalawang lalaking nasa harap ng sasakyan.

Pagpasok pa lang nila nakaramdam na agad kami ng tensyon.

"*Anyare?"*

Tumama sa akin ang mga mata ni Tyrrone ng mapatingin ako sa rearview mirror.

Napaiwas ako ng tingin.

"Dito na tayo." Sabi ko ng mapatapat kami sa DQ.

Nagkatinginan pa kami ni Clarissa ng sabay na lumabas iyong dalawang lalaki at nag-unahan na buksan ang pinto sa gawi niya.

Nagkibit-balikat nalang ako saka binuksan ang pinto sa side ko.

"Leigh!" Napalingon ako ng may tumawag sa pangalan ko.

"Uy Gelo." Bati ko naman.

Lumapit sya sa akin, humalik sa noo ko.

"Racing tayo."

Namilog naman ang mga mata ko.

"Sige kelan?" Excited na tanong ko.

"Bukas sa-." Napahinto sa pagsasalita si Gelo ng bigla nalang akong nawala sa harap nya. Paano ba naman dinagit na lang ako bigla ng magaling kong Boss.

"T-teka Bossing may kau-"

"What floor?" Hindi nya ako pinansin bagkus nagtanong lang kung saan floor kami nang mapatapat kami sa elevator.

"Eh teka Bossing." Nilingon ko si Gelo na nakamaang sa amin. "Text mo na lang Gel!" Sigaw ko dahil hinila na ako ni Tyrrone papasok.

"What floor?" Madilim ang mukha na ulit nya. Sinagot ko na parang mangangain na ng tao eh.

Pinindut naman nya iyon.

"Teka asan sina Eizen-"

"Hinatid nya na si Clarissa."

"Bakit-"

"Cellphone."

"Ha?"

"Akina ang cellphone mo."

Nagtataka na kinuha ko naman iyong cellphone ko sa bulsa, na mabilis nyang nahablot sa akin.

"B-bossing bakit-"

Inilabas nya ang cellphone nya at ibinigay sa akin.

"Anong gagawin ko sa cell-"

"Iyang cellphone ko ang gamitin mo. Ako gagamit ng cellphone mo."

Nanlaki ang mga mata ko.

Seryoso? Ako gagamit ng mamahalin nyang cellphone at sya gagamit ng sa akin na oo nga't touch screen rin eh mura naman. Bakit?

"Sandali Bossing bakit-"

"Huwag ka ng maraming tanong babae basta iyan ang gamitin mo!" Masungit na sabi nya.

"Eh bakit-"

"Shut up."

Napapadyak na ako.

"Bossing, kanina ko pa napapansin na hindi nyo ako pinapatapos sa pagsasalita."

"So?"

Abat ang loko tinaasan lang ako ng kilay. Magsasalita pa sana ako ng hapitin nya ako sa bewang.

"Tahimik o halik?"

Naumid naman ang dila ko.
Bumalik sa alaala ko iyong eksena namin sa hospital ko.

Natawa sya ng itinikom ng mariin iyong labi ko.

"Tahimik huh? Mas maganda sana kung pinili mo iyong huli."

Nakatanga lang ako sa nakatawa nyang mukha.
Namamalikmata yata ako.

Anong nangyari sa suplado at masungit na boss ko.

Napailing sya ng wala akong masabi. Pagkatapos ay tinitigan nya na lang ako. Hindi ko maintindihan

ang sinasabi ng mga mata nya o naiintindihan ko pero hindi lang ako makapaniwala na ganong mensahe ang pinaparating ng mga mata nya.

"Namamalikmata ka lang Leigh. Bakit ka naman nya titignan ng may pagmamahal? Assumera ka talaga."

Hindi ko alam kung gaano kami katagal na nagtititigan, titigan na hindi pa mapuputol kung hindi lang may tumikhim.

Sabay kaming napatingin sa pinto ng elevator na nakabukas na pala.

Si Landon, Gio at Renz ang nakatayo ruon.

"Uy Guys." Bati ko naman, lalayo sana ako pero si Tyrrone humigpit lang ang hapit sa akin.

"Who's he?" Tanong ni Landon na seryoso ang tinig.

Isa ako sa pinakabata na miyembro ng D&A at isa naman si Landon sa pinakamatanda, sya ang kuya-kuyahan ko dito.

"Si Ty-."

"Tyrrone Jigs Elmundo." Lumabas si Tyrrone na dala ako at inabot ang kamay kay Landon.

"Elmundo? The Tyrrone Jigs Elmundo?" Ulit ni Lando. Nakipagkamay si Landon pagkatapos ay tinignan ako.

"Bakit kayo magkasama? Bagong project mo?"

"Oo."

"No."

Sabay kaming sumagot ni Tyrrone naguluhan tuloy iyong tatlo.

Napatingin naman ako sa kanya.

"I'm his boyfriend."

Boom!

Daig ko pa ang nasabugan ng bomba sa narinig ko.

Awang ang mga labi na tumaas ang kamay ko at kinalikot ang tenga ko.

Takte nabibingi yata ako.

Humigpit ang pagkakahapit sa akin ni Tyrrone.

Pagkatapos ay tinignan nya ako.

"Syete! Hindi ako nabibingi!"

"Wow dalaga na si Leigh." Biglang komento ni Gio.

Napasipol naman si Renz.

"Good luck sayo pare nawa'y huwag sanang atakehin ang puso mo sa mga hilig nyang gawin." Sabi pa nito.

Si Landon nakatingin lang sa amin ni Tyrrone, pagkuway bumuntung-hininga ito.

"Huwag mo lang sanang lokohin. Dahil kahit sino ka pa hindi ka namin sasantuhin."

Inalis ni Tyrrone ang tingin sa akin.

"Sinong may sabing lolokohin ko?"

"Shit anong nangyayari? Nakakita lang kami ng patay biglang naging ganyan na sya."

Kumawala ako kay Tyrrone.

"Hehehe nagbibiro lang si Bossing." Hinawakan ko si Tyrrone sa kamay at hinila.
"Alis na kami, naghihintay si A sa amin, alam nyo naman iyon ayaw pinaghihintay." Mabilis na paalam ko.

"Sus deny kapa baby girl ayan at kahawak kamay mo oh." Sigaw ni Renz.

Napatingin ako sa kamay namin ni Tyrrone. Shit nakahawak nga ako sa kamay nya.

Aalisin ko sana iyon, ngunit pinagsalikop naman ng binata ang mga kamay namin.

"B-bossing..."

"Lets go." Saka sya nagpatiuna sa paglalakad.

"Ano ba'to joke. Napasukan ba sya ng hangin sa ulo? Bakit bigla na lang nyang ia-announce na boyfriend ko sya?"

Nang makarating kami sa opisina ni Angela. Wala ito duon bagkus nadatnan namin si Ysa na mag-isang nanonood ng t.v habang kumakain ng pizza.

Namilog ang mga mata ng bata at mabilis na tumakbo patungo sa amin ng makita kami.

"Tita."

"Hello baby." Bati ko naman na hinalikan ito at binuhat. "Ang beauty, beauty naman ng baby."
Pinangigilan ko sya.

Tumawa naman si Ysa at napatingin kay Tyrrone.

"Hello po kuyang boyfriend ni tita Leigh. Hindi ka na po ghost?"
Natigilan ako at nanlalaki ang mga mata na tinignan si Tyrrone.
Nakakunot ang noo nya.

Kinuha nya sa akin si Ysa. Namula pa ako ng nabangga ng braso nya ang dibdib ko.

Naalala ko naman iyong eksena sa kotse.

"*Bakit ba laging paharang-harang kang dibdib ka."*

"Nagkakilala na ba tayo baby?" Tanong niya.

Tumango si Ysa.

"Opo diba kasama ka po ni Tita na nagpunta rito dati. Saka po sa hospital diba andun din po kayo. Sabi nyo pa nga bantayan ko si Tita Leigh nuong nakahiga sya at tulog sa hospital bed."

"Hospital bed?" Tinignan ako ni Tyrrone. Ngunit mabilis ding bumalik sa bata ang tingin nya. "Tell me baby. Anong nangyari sa tita mo bakit sya na hospital?"

"Diba po nalaglag sya sa bangin tapos sa dagat, nakalimutan nyo na po ba? Kayo pa nga ang nagligtas sa kanya. Sabi nyo pa nga sa akin bantayan ko sya baka huminto ulit iyong heart beat ni tita. Sabi ni Mama sakin, kayo daw po ang nagbalik ng heart beat niya."

Awang ang mga labi na tinignan ako ni Tyrrone.

"You...you almost...paanong nangyari?"

"Ah Ysa, asan si Mama may meeting kasi kami." Paiwas na tanong ko. Na nag-iwas ng tingin sa kanya at itinuon ang pansin sa bata.

"Andyan po sa kwarto may sakit kasi si Papa kaya inaalagaan ni Mama." Sagot ng bata sa akin.
"Baba nyo na po ako kuya."

Binaba naman sya ni Tyrrone.

Bago umalis si Ysa para tawagin si Angela, lumingon sya sa amin at sinabing...

"Tao na po kayo ulit. Ibig sabihin magiging flower girl na po ako at pwede ko na po kayong tawaging Tito di ba promise nyo po iyon papakasalan nyo si Tita ko."

Nasamid ako.

The hell bakit kung ano-ano yata ang sinabi ng multong Tyrrone sa bata na'to.

"Tutuparin nyo po promise nyo di ba Tito?"

Great Tito na ang tawag nya.

"Ah... baby call your Mama na."

Ngumiti si Ysa at mabilis na tumakbo patungo sa isang pinto.

Nang lingunin ko si Tyrrone.
Kunot na kunot ang noo nya habang nakatingin sa sahig at malalim ang iniisip.

"Ah, Bossing huwag mong intindihin si Ysa medyo wild ang imagination ng batang iyon." Sabi ko na lang.

Tumingin sya sa akin. Matiim pagkatapos bumaba ang tingin nya sa bracelet nya na suot-suot ko.

Hindi sya nagkomento tumango lang.

Bumuntung-hininga naman ako.

"Sigurado akong hindi sya naniniwala sa mga sinabi ni Ysa."

Nalungkot ako. Akala ko kasi maalala nya.

"Tama na Leigh. Huwag ka ng umasa."

*****

Kanina pa ako inip na inip.

Tyrrone Jigs Elmundo is indeed a busy man.

Hindi sya pumayag na umalis ako sa tabi nya, kinabukasan after na makita nina Eizen iyong bangkay at hanggang ngayon. And its been two days.

Bodyguard nya daw ako kaya hindi ko sya pwedeng iwan.

Hindi ko tuloy magawa ang trabaho ko. Ang hanapin si Smiley man.

Ang problema nakakainip.

Inip na inip akong nakakulong dito sa opisina nya habang sya panay ang pakikipag-usap sa telepono, pagpirma ng papeles, pagpunta ng conference room for meeting at kung ano-ano pa about works.

Slave driver din sya at mahigpit na boss.

Kapag mainit ang ulo nya, lahat ng tauhan nya nasisigawan.
Tapos magsasalubong ng todo iyong kilay nya.

Then titingin sya sakin, nakakapagtaka na kapag tititig sya nawawala iyong kunot ng noo nya at baba ang tono ng boses nya. Humihinahon sya.

Pero mula pa din nuong isang araw hindi nya ako iniimik. Kakausapin nya lang ako pag may kailangan sya.

"Sabi sayo huwag mong paniwalaan ang mga sinabi at ginawa nya eh. Inatake lang iyon ng pagka bipolar."

Ngayon andito ako sa labas ng opisina nya, sa kainipan ko lumabas ako at naglakad-lakad for fifteen minutes, dito rin naman sa pasilyo na ito. Baka kasi maging dragon ang Boss ko kapag lumayo ako.

Tinatamad lang akong pumasok dahil isipin ko pa lang na tutunganga lang ako sa pader nab-buryong na ako.

Mabuti sana kung sa mukha nya ako tutunganga maghapon okay lang, kaso kapag napapatingin ako sa mukha nya nagkakasalubong kami ng tingin kaya napapaiwas ako.

Laging nagkakasalubong ang mga mata namin. Hindi ko alam kung bakit. Ayaw ko namang isipin na tinititigan nya rin ako.

"Miss Leigh." Napatingin akosa isang babae na lumapit sa akin.

Si Ms. Mimi iyon ang secretary ng purchasing department.
Maganda sya medyo chubby at maputi.

"Yes po?"

"Andyan si Sir?"

Sa ilan beses na pagpunta nya rito medyo nagkapalagayan na kami ng loob.

"Yeah andun sya sa loob. May sinisigawan sa phone."

Napakagat labi sya at bumakas ang takot sa mukha.

"Ano pwede ko ba syang istorbuhin may ipapakita lang akong papeles." Nag-aalangan na sabi niya.

"Oo naman tingin ko tapos na syang makipag-usap tahimik na eh. Pasok ka nalang."

"Ah pwede pasama?" Tanong nya na nagpatawa sa akin.

Lagi nya akong tinatabi sa kanya kapag may pinapasa syang papeles. Ayon kasi sa kanya hindi naninigaw o nagagalit ang amo nya kapag andun ako, na tinawanan ko lang.

Pwede ba iyon? Mas malala pa nga ang ginagawa nyang pagsigaw sa akin. Buti nga sila hindi natatawag na tanga, samantalang ako busog duon. This past two days lang walang lumalabas na ganon salita sa bibig nya.

Sinamahan ko naman sya.

Pagpasok pa lang, ang magkasalubong na kilay na ni Boss ko ang sumalubong sa amin.

"Where did you go!" Sigaw pa nya na obvious naman na para sa akin. Nakakatawa lang itong reaksyon ni Mimi, napatalon eh.

"*See mas grabe akong sigawan kesa sa inyo."*

"Babae tinatanong kita."

"Naglakad-lakad lang Bossing naiinip ako eh." Cool naman na sagot ko.

"Kung naiinip ka bakit hindi ka magbasa, maglaro sa laptop o cellphone ko?"

Isa pa yan. Nasa kanya parin ang cellphone ko at nasa akin ang kanya. Ako ang tumatanggap ng text nya na binabasa ko para sa kanya at nir-reply-an. Pati mga tawag duon ako ang sumasagot napagkakamalan na nga akong secretary eh.

Samantalang sya, kapag may text o tawag sa cellphone ko at tinatanong ko kung anong kailangan o mensahe. Ang lagi nyang sagot ay 'nobody' o di kaya ay 'walang kwenta'.

See. Ang daya. Ako sinasabi ko sa kanya kung sino at para saan iyong text o tawag na natatanggap ko sa cellphone nya, samantalang sya hindi.

O diba ang unfair.

Isa pa pala. Playboy din pala itong gwapong ito. Aba kedami rin na tumatawag na babae sa kanya.

Pagsinsaabi ko na gusto syang kausapin ni ganito o may text si ganyan, ang lagi nyang sagot ay...

"*Tell her you are my wife."*

Noong una akala ko nagbibiro lang sya at para inisin sya iyon nga ang sinabi ko.

Pero sa pangalawa, pangatlo hanggang sa lahat nang tumatawag na babaeng gustong lumandi sa kanya, iyan na ang pinapasagot nya, nalaman kong seryoso sya.

"Sana totoo na lang." Piping dasal ko naman tuwing sinasabi ko iyon.

"Ay naku Bossing na beat ko na lahat ng highest score ng mga game dyan sa cellphobe mo at laptop." Sagot ko sa kanya.

Lalong nagsalubong ang kilay nya.

"Ahh e-excuse me Sir, ito na po i-yong bidding na hinihintay nyo." Singit ni Mimi

"Leave it there." Sabi nya na hindi man lang sinulyapan si Mimi.

Nilapag naman kaagad ng babae iyong envelop saka mabilis na nagpaalam kay Tyrrone.

Nagpapasalamat ang tingin nito sa akin bago lumabas.

Nang makalabas si Mimi. Naglakad ako papuntang sofa at padarag na umupo ruon.

"Naiinip na talaga ako Bossing pwede bang mag leave?"

Hindi sya umimik. Tinitigan ako.

Sumimangot naman ako.

Bakit ba ako naka oo sa pagiging bodyguard nya. Hayy mamatay ako sa pagkabagot.

"Tell me. Naiinip ka ba na kasama ako?" Bigla nyang tanong.

Natigilan naman ako.

"Ha?"

"Sabihin mo nga naiinip ka ba sa piling ko?" He said.

O saan galing ang tanong na iyon?

"Iyong totoo Bossing? Naiinip ako." Deretsong sagot ko, nakakainip naman kasi talaga.

Natahimik sya at tila may malalim na iniisip.

Akala ko hindi na sya magsasalita ulit.

Iyon ang akala ko.

Muli syang nagsalita...

Salitang sinabi nya habang deretsong nakatingin sa mga mata ko.

Mga salitang halos ikalaglag ko sa aking kinauupuan ng marinig ko.

"Then paano kapag mag-asawa na tayo? Kailangan ko palang umisip ng mga paraan para hindi ka mainip sa piling ko." Ngumiti sya. "Yeah, kailangan kong mag-isip ng napakadaming paraan to make your boredom go away. Mahirap na baka hiwalayan mo ako."

BOOM!

Another bomb. At sa pagkakataong iyong biglang-bigla na ako.

Putragis una girlfriend ngayon asawa na!

Letsugas! Ano bang pinagsasabi nya?

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa. ?

Helliza Sabida
9312017uvft 20:58

27

For @MJLapadJongUp. Salamat bhe sa support sana di ka mainip sa mga UD ko. ???thanks

*****

Nakatitig ako kina Yna at Sky na masayang nakatingin sa isat-isa.

Nasa reception ako ng kasal nila.

Natutuwa ako na masaya na sya ngayon. Hindi lingid sa aming mga D&A ang tungkol sa kwento nila dahil nagkaruon pa kami ng private meeting about duon, dahil iyon ang gusto ni Angela.

"*We're family. Kaya gusto kong malaman nyo kung anong nangyayari sa isa sa atin."* She said to us.

Mapalad ako at napasama ako sa D&A.

Mahirap makapasok. Dadaan ka sa butas ng karayom para makapasa. Physical and mental ability ang it-test nila. Luluha ka, maliligo sa sarili mong pawis at tatagas ang iyong dugo.

"Be a Protector, help anyone safe, find peace in this world, be a D&A."

Iyan ang mantra na sinisigaw ng lahat ng gustong maging miyembro, habang ginagawa ang lahat ng pagsubok. Mantra na nakakatulong at mantrang tumatak sa isip at puso naming nagsipagkuha ng test. And once you take the test, you will take an oath too.
Pumasa o hindi, lahat ng naranasan, nakita at nakilala mo habang nagt-test ka ay mananatiling sekreto.

Kailangan mong sundin iyon lalo na kung hindi ka nakapasa.
Matinding kaparusuhan ang hahabol sayo kapag lumabag ka.

Isa ako sa suwerteng nakapasok.
Hindi lang trabaho at kaalaman ang nagkaroon ako pati, pamilya. Nagkaroon ako ng matatag at nagmamahalan na pamilya, at isa iyon sa mga pinagpapasalamat ko.

Pumalakpak ako at tumawa ng makita kong hinalikan ni Sky ang nabiglang si Yna habang nagsasayaw.

Nakakainggit pero masaya ako para sa kanya.

Masayang-masaya.

"Hindi ka ba naiinggit?" Napatingin ako sa kanan ko ng may nagsalita ruon.

Nakaupo na sa bakanteng upuan si Angela at nakatingin kina Yna at Sky.

"Bakit naman ako maiinggit?" Takang tanong ko.

Hinarap ako ng asul nyang mga mata.

Angela Fuentebella Santiago. Hindi mo aakalain na sa babaeng-babaeng anyo at sa maliit nyang bulto ay isang mapanganib na tao.

She can be mean, be bad.
But she also can be good , be kind.

Si Angela ang isa sa mga taong nakilala kong selfless. Iyong handa tumulong at ibigay ang lahat kahit na malagay sa panganib ang buhay nya.

"Kung hindi mo tinakbuhan si Elmundo baka nagp-plano ka na ng kasal mo ngayon."

Kahit wala akong iniinom nasamid ako.

"The hell! Anong pinagsasabi mo Angela?" Napapangiwing sabi ko.
Takte ang sakit masamid sa sariling laway!

"Alam mo kung ano ang ibig kong sabihin."

Napaiwas ako ng tingin.

Of course alam ko kung ano ang sinasabi nya.

Iyong eksena sa opisina ng lalaking tinakbuhan ko three days ago ang laman ng isip ko, sa bawat minuto at oras na malayo ako sa 'kanya'... at kahit hanggang ngayon, iyon parin ang naaalala ko.

Sa sobrang gulat ko, at takot...yes... TAKOT.
Si Fearless Leigh, natakot.
Umalis ako ng opisina nya at nanghingi ng leave kay Angela. Tamang-tama naman na nagp-plano ng kasal si Sky kaya nagprisinta talaga akong tumulong.

Bago ako umalis sinigurado ko muna na may magbabantay sa kanya.

Natakot ako. Natakot ako dahil alam kong hindi naman totoo iyon, na katulad ng dati ipapadama nya na importante ako tapos biglang ang cold, cold na naman nya. Natakot ako sa sakit na mararamdaman ko, kapag nangyari iyon.

Nakakahiya mang-aminin naduduwag ako... Naduduwag talaga ako.

"Walang mangyayari kung matatakot ka at patuloy mo syang tatakbuhan. Hindi ikaw si Leigh kapag pinagpatuloy mo iyan." Muli akong napatingin kay Angela.

Napakagat- labi ako
"Masakit. Sobrang sakit A. Masakit pala talagang makalimutan. Nakalimutan na nga ako tapos wala pa akong pinanghahawakan. Hindi naman naging kami. Ang meron lang kami ay naging amo ko sya ng multo sya. Hindi naman nya sinabing mahal nya ako." Napatawa ako at napailing. "Ako pa nga ang nagtapat bago sya bumalik." Malungkot akong tumanaw sa bagong kasal na naghihiwa na ng wedding cake nila. "Nalilito ako sa kanya. Minsan parang mahalaga and then kumurap lang ako, ipapamukha nya na nawala syang pakialam sa akin. Kaya natatakot ako. Paano kung hindi totoo iyong sinabi nya sa opis nya. Paano kung joke-joke lang pala. Tang'na ni hindi nga sya nagtapat o nag-alok ng kasal! What if lang ang sinabi nya."
Humugot ako ng hangin para kalmahin ang sarili ko.

"Kaya tumakas ka."

Ngumiti ako ng mapait.

"I need to clear my head. Pinapatibay ko ulit ang puso ko para kapag bumalik ako at maging 'wala lang' na naman ang lahat ng sinabi nya, matatag na ulit ito." Sabi ko na marahang pinukpok ang tapat ng puso ko.

"Paano kung seryoso din sya sa sinabi nya? Paano kung iyong what if nya, gusto nya totoo na?" Hinawakan nya ang kamay kong nakapatong sa mesa.

"Natatakot kang masaktan.
Kapag nagmamahal hindi mo talaga maiiwasang masaktan. If you fall in loved, there's a possibility that you will get hurt too, na sayo na kung magpapatalo ka sa takot na masaktan ka, na sayo na kung ipagpapatuloy mo o tatakbuhan na lang."

"Angela..."

"Natatakot ka...nalilito at natatakot naman sya. Ang kulang sa inyo communication para malinawan na ang lahat. Kailangan na isa sa inyo ang magkaruon ng lakas ng loob na sabihin talaga kung ano ang nararamdaman nya. Isa dapat sa inyo ang unang magsabi na mahal ninyo ang isat-isa."

"Magtatapat?"

"Oo, dapat isa sa inyo ang may tapang na linawin ang lahat."

"A-ako?"

"Kaya mo ba?

"P-pero ako iyong babae-."

"So. Kapag babae ba bawal nang unang magtapat? Kapag babae ba dapat maghintay na lang?" Ngumisi sya. "Hindi uso sa akin ang ganon Leigh alam mo yan."
"Kapag mahal mo, lalaki o babae ka man, kahit gaano kapa katakot na masaktan, ipaparating mo iyon, hindi lang para malaman mo kung mahal ka rin ba nya. Kundi para malaman mo, kung dapat mo pa ba syang ipaglaban o iihinto mo na lang."

Nakatingin lang ako sa kanya.

"Isa pa alam kong kaya mo iyan ikaw si Fearless Leigh diba." Tumayo sya. "Harapin mo na ang lahat. Dahil malapit nang magwala iyong lalaking iniwan mo." Tumawa sya at humalik sa pisngi ko. "Mahal ka non. Sigurado ako. Harapin ba naman nya ang D&A mens para lang malaman kung nasaan ka, hindi pa ba ako maniniwala." Saka sya tumatawang naglakad palayo.

"*Si Tyrrone mahal ako? Totoo ba?"*

*****

Angela P.o.v

Yumakap ang mga braso ni Dylan sa akin ng lumapit ako sa tabi nya.

"How was it, Angel?"

Yumakap din ako at humilig sa kanyang dibdib.

"Natatakot talaga sya Ylan."

Naramdaman ko ang paghalik nya sa aking ulo.

"Don't worry Anghel ko. Magiging okay din ang lahat. Sigurado ako duon. They belong to each other, patunay ang 'di kapani-paniwala na nangyari sa kanya. Leigh seeing him as a ghost. Sila ang nakatadhana."

Nag-angat ako ng tingin.

"Kahit hindi man sila ang nakatadhan, basta alam kong mahal nila ang isat-isa gagawin ko ang lahat magkatuluyan lang sila."

Natatawang hinalikan nya ako sa tungki ng ilong.

"Yeah anong laban ng tadhana sayo, Anghel ko. Talagang ginagawa mo ang lahat para magkatuluyan sila. Kinausap mo pa talaga si Ysa na kausapin iyong dalawang multo na laging nakasunod kay Tyrrone ng makabalik sya, na ipaalala rito kung sino si Leigh sa buhay nya."

"Mahirap ang pinagdadaanan ni Leigh, Ylan. Kaya gusto kong tumulong."

Yumuko sya at siniksik ang mukha sa leeg ko na paborito nyang gawin.

"They're lucky to have you, masuwerte sila dahil may tumutulong sa kanila. Hindi katulad mo dati na mag-isa lang na lumalaban para maalala kita, mag-isa lang na nasasaktan. Pinagsisihan ko talaga ang lahat ng iyon. Ang kalimutan at saktan kita ng ganon Angel."

Ngumiti naman ako.

"Iyong paghihirap at sakit na pinagdaanan ko noon its all worth it, para sa happiness na nararamdaman ko naman ngayon. The pain that I felt and experienced? Karapat-dapat ka dun Ylan ko, dahil pinapasaya mo naman ako...kayo ng mga anak natin."

"I'm so lucky and blessed to have you Angel. I love you." Bulong nya na kinangiti ko.

"*This feeling... this happiness. Gusto kong maramdaman din ito ng pamilya ko. And I see to it na mangyayari iyon."*

*****

Kanina ko pa tinitignan iyong cellphone ni Tyrrone na tumutunog.

May gustong magvideo call at pangalan ko ang nakalitaw sa screen.

Yes si Tyrrone iyon. Andito ako sa kwartong binigay sa akin sa hotel nina Sky. Kanina pa tapos ang kasal at nagpapahinga na kami.

Nakahiga ako sa kama ng tumunog ang cellphone nya.

Hindi ko alam kung sasagutin ko ba o puputulin iyong tawag.

Natatakot parin kasi ako.

Natatakot parin ako na walang katugon iyong nararamdaman ko.

"Kaya mo yan si Fearless Leigh ka diba." Biglang pumasok sa isip ko ang mga sinabing iyon ni Angela.

Si Fearless Leigh nga ako, pero syete! Dinadaga talaga ako.

"O di patayin mo iyong tawag para habang buhay ka nalang na dagain."

"Ugggggghhhhh!" Mula sa pagkakahiga sa kama umupo ako at ginulo ko ang aking buhok sa sobrang frustration.

Natigil iyong tunog at muli akong napatingin sa cellphone nya.

Dinampot ko iyon at ini-unlock.

Tumambad sa akin ang gwapo nyang mukha na nakangiti sa camera habang nakaakbay sa katabing si Clarissa.

"Paano ako magtatapat kung ganitong sinisigaw sa mukha ko na may iba kang gusto."

Gumalaw ang daliri ko para haplusin ang mukha nya sa picture, kasabay ng pagtunog ulit niyon. At bago ko pa napigilan, napindot ko na ang accept button.

Napanganga na lang ako sa pagkabigla ng tumambad sa akin ang sala ng condo ni Tyrrone.

Naruon ang binata, nakaupo sa sofa, magulo ang buhok. Halatang galing sa trabaho dahil suot nya pa ang longsleeve polo nya na nakabukas ang butones sa may bandang dibdib, habang nakasabit parin ang hindi nakabuhol na necktie sa leeg nya. Halata sa mukha nya ang pagod, at tulad ko nakaawang din ang mga labi nya dahil siguro sa gulat sa bigla kong pagsagot sa video call nya.

"Ang gwapo at ang hot mo talaga." Wala sa loob na naisip ko habang nakatingin sa kanya.

O diba naisip ko pa iyon.

Pero nanlaki ang mga mata ko ng marealize ko na heto na, sinagot ko na ang tawag nya at dapat na harapin ko na ang lahat.

"WHERE THE HELL ARE YOU BABAE!" Halos mapatalon ako sa gulat ng bigla syang sumigaw.

Ngumiwi ako.

"Hehehe hello Bossing." Akward na sabi ko naman na kumaway pa.

"Don't just fucking hello me lady! Answer me where the hell are you!"

Kumamot ako sa kilay ko.

"Andito lang ako sa tabi-tabi Bossing."

Bigla syang bumuntung-hinga at hinilamos ang palad sa mukha.

"Where are you Leigh, tell me." Mahinahon na ang boses nya. Iyong boses na para bang pagod na

pagod. "Hinanap kita, pero hindi kita matagpuan. Nag try akong magtanong sa mga kasamahan mo, pero ang mga gago pinaikot-ikot lang ako at kahit na isang clue man lang kung nasaan ka ay hindi nila ako binigyan. Where are you Leigh?"

Nag-iwas ako ng tingin.

"Nandito nga lang ako sa tabi-tabi Bossing. Kasal kasi ng kaibigan ko kaya nagleave muna ako."

"Saan?"

Hindi ko sya sinagot. Nakatingin lang ako sa bintana.

Hindi rin naman sya umimik ng ilang minuto.

"Come back to me Leigh." Napaunat at napatingin ako sa kanya.

"W-why?" Tanong ko naman na kinakunot ng noo nya.

"What, why?"

"Bakit gusto mo akong bumalik? Dahil ba sa bracelet? Dahil ba bodyguard mo ako. What if sabihin ko na magr-resign na ako, na ipapaputol ko na lang itong kamay ko para makuha mo na itong bracelet mo. Papabalikin mo pa ba ako?"

Walang kakurap-kurap na namabilis syang sumagot.

"Yes."

Tinitigan ko sya at lumunok para matanggal iyong bara na nagsisimula ng mabuo sa lalamunan ko.

"W-why." Tumikhim ako. "Sa anong dahilan. Bakit gusto mo pa akong bumalik sayo?" Tinignan ko sya ng deretso sa mga mata kahit na nga nangingilid na ang luha sa mga mata ko.

"Bakit Tyrrone? Bakit kailangan ko pang lumapit ulit sayo?" Napatawa ako kasabay ng pagpatak ng isang butil ng luha sa kanan kong mata. "Pwede bang iyong isasagot mo iyong totoo? Iyong talagang gusto mong isagot. Para matapos na'to, ang sakit na kasi. Malapit na akong mabaliw oh. May dalawang tinig na nga akong naririnig sa isip ko. Baka bukas makalawa sa mental na ang bagsak ko. Ang saklap diba broken hearted na nga ako loka-loka pa." Isa pang butil ang nalaglag sa aking pisngi mula sa kaliwang mata ko naman. "Tell me Tyrrone mahal mo ba ako?"

"*Shit! Bahala na. Kakayanin naman siguro ng puso ko iyong sakit dahil handa na ako sa isasagot nya. Atleast hindi na ako aasa. Makakapag move on na ako."*

Pero iyong tanong ko sinagot nya rin ng tanong...

"Ikaw Leigh? Do you love me? Mahal mo ba ako kaya nasasaktan ka? Gusto mo bang marinig ang sagot ko para makapagmove on ka na?"

Parang may pumitik sa sentido ko ng marinig ko ang mga tanong nya.

Pinunasan ko iyong luha ko na sunod-sunod na ang pagtulo.

"Tang'na naman Bossing eh! Ako iyong unang nagtanong." Tinignan ko sya ng matalim.
"Pero bwisit sige sasagutin kita ako na ang mauuna." Matapang kong sinalubong ang tingin nya.

"Oo mahal kita. Mahal na mahal kitang peste kang gwapong bipolar na masungit ka! Minahal kita noong una palang na multo ka! Mahal kita kahit na may iba ka! Mahal kita kahit kinalimutan mo ako at hindi maalala!" Halos pasigaw na sabi ko.

"Mahal kita Bossing..." dagdag ko pa sa mahinang tinig. Mahina na dahil pumiyok na ang boses ko, tinakpan ko iyon ng kamay ko para hindi ako mapahaguhol.
Sunod-sunod narin ang patak ng mga luha ko na bumabasa duon.

Hindi na ako sa kanya nakatingin nahihiya na kasi ako at natatakot sa reaksyon na mayroon ngayon ang mukha nya.

Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas na walang nagsasalita sa amin.

Hindi ko parin sya tinitignan.

"Wala basted ka Leigh."

"Atleast nasabi mo na wala ka ng tinatago."

Ayan na naman iyong mga tinig sa isip ko.

"Wala ka na ngang tinatago. Wala ka naring mukhang ihaharap sa kanya dahil sa kahihiyan."

Napakagat-labi ako.

"Babae tumingin ka sakin." Narinig kong utos nya.

Umiling ako.

"Okay na ako sa ganitong ayos Bossing, sabihin mo nang basted ako okay-."

"I love you."

"-lang tanggap ko naman na..." bigla akong napakunot noo. Ano raw? "...hindi mo ako mahal?"
Napatingin ako sa sa kanya.

At parang may sumuntok sa dibdib ko ng makita ko ang mukha nyang malalamlam ang mga mata na nakatitig sa akin, habang may masuyong ngiti sa mga labi.

"Mahal kita Babe. Mahal na mahal."

Nahigit ko ang aking hininga.

Tama ba ako ng dinig? Mahal nya ako?

Letsugas kung nabibingi lang ako sana manatili na akong bingi habang buhay!

"I love you too." Ulit nya.

Awang ang mga labi na tinignan ko sya.

Kung panaginip lang ito sana bangungutin na ako para hindi na ako magising.

"Mahal kita. Is that enough reason for you to come back to me hmmm Babe?"

*****

H/n

Takte sagot kagad Leigh hahaha...

Pasensya na sa mga typo. Antok na kasi ako hahaha.

Anong masasabi nyo? Ewan ko ba di ko alam kung anong iniisip ko at pinili kong sa isang video call sila magtapat ng damdamin sa isat-isa hahaha, pero okay lang ba?

Salamat po sa pagbabasa.

Thankie

Helliza Sabida

1062017npo 21:19

28

For @keikosakura isa po sya sa mga unang nagbasa ng gawa ko. Maraming salamat po?.

*****

Titig na titig ako sa kanya.

Hindi naman siguro ako nabibingi diba?

Mahal nya ako. Sigurado ako na iyon ang sinabi nya.

"Ano Babae? Titigan mo na lang ba ako o sasagutin mo ang tanong ko?" Untag nya sa akin.

"B-bossing joke lang ba'to? Sinasabi mo lang ba iyan para pauwiin ako?"

Marahas na huminga si Tyrrone.

"Great! Sinabi ko nang mahal kita nagtapat na ako lahat-lahat pagkatapos inisip mo pa talaga na nagbibiro ako. Asan ka bang babae ka nang mapuntahan kita? I will kiss you torridly para tumatak dyan sa isip mo na mahal kita... mahal na mahal kita!"

Napatakip ako sa bibig ko para pigilin muli ang hagulhol na gustong lumabas duon.

"Shit! Mahal nya nga talaga ako."

Lumambot naman ang ekpresyon ng mukha nya ng muling pumatak ang luha sa mga mata ko.

"Don't cry Babe. Stop crying. Naninikip ang dibdib ko kapag umiiyak ka."

Bigla kong pinunasan ang luha ko at tinignan sya.

"Mahal kita Bossing." sabi ko.

"I love you too Leigh..." sagot nya.

Sa kabila ng pagtulo ng luha ko, sumilay ang isang ngiti sa mga labi ko.

Ngiting lalong nagpalambot sa mukha ni Tyrrone.

"I want to kiss you, embrace you, I want you here by my side. I want you to feel my love para maramdaman mong sincere talaga ako." He said na lalong nagpaluwang sa ngiti ko.

"Babalik na ako. Bukas na bukas din babalik ako."

Bigla syang napasimangot.

"Just tell me where you are at pupuntahan kita dyan."

"Nah you look tired babe...pahinga ka muna promised bago matapos ang araw bukas, nasa tabi mo na ako."

Biglang sumilay ang isang mapanuksong ngiti sa mga labi nya.

"Babe huh?"

Bigla naman akong namula.

"Ay ano..." napakamot ako sa batok ko at napaiwas ng tingin. "Bossing pala."

Tumawa sya.

"You're so pretty Babe lalo na kapag namumula ka."

Sinimangutan ko sya.

"Tyrrone!"

Tumawa lang sya saka sumandal sa sofa. Maaliwalas na ang mukha nya.

"Did you eat Babe?

Tumango ako, sumandal sa headboard ng kama.

"Oo sa kasal. Ikaw?"

"Hindi pa."

Kumunot naman ang noo ko.

"Bakit?"

"Hindi ako pinakain ng babaeng mahal ko, na basta na lang nawala ng banggitin ko sa kanya ang salitang 'asawa'. Ilang araw na wala akong gana at pagod sa paghahanap sa kanya. Pinagod pa ako ng mga sira-ulo nyang kasamahan na kung ano-ano ang pinagawa sa akin pero wala naman akong nahita. Hindi ako pinatulog sa pag-aalala na baka iyong babaeng mahal ko napahamak na, lapitin pa naman sya ng gulo. Hindi ako pinatahimik ng babaeng may pangalang Leigh Shane Rozul, na nasa isang kasal lang pala nagsasaya habang ako nandito nagdurusa."

Laglag ang panga ko sa sinabi nya.

"S-sorry na. Hindi ko naman alam-."

"You're not forgiven not unless you will kiss me like there's no tommorow sa harapan ng pari and hug me in every night of your life. Hindi kita patatawarin not until you say I do sa loob ng simbahan." He said seriously

"Letsugas na p-propose ba sya?"

"Tyrrone..."

"Alam kong sa video call lang. Alam kong walang preparation, hindi romantic. Pero sa ilang araw na paglayo mo, I realized something. Kulang ako... kulang ako Leigh kapag wala. I want you to be with me...sa bawat minuto, sa bawat oras...sa bawat araw. Hindi bilang bodyguard ko, kundi bilang kabiyak na makakasama ko habang ako'y nabubuhay."

"*Shit na Tyrrone to... balak yata akong paiyakin buong gabi."*

"Alam kong madali kang maiinip. Malayo ang agwat ng edad natin. Pero handa kong aliwin ka kapag nangyari iyon. Handa akong sabayan ka sa mga bagay na gusto mong gawin.
Kung gusto mong tumalon sa eroplano sasamahan kita. Mag mountain climbing go lang. Kumarera pwede rin as long as na nasa looob din ako ng sasakyan. Iyong mga bagay na mag-isa mong ginagawa noon dalawa na tayong gagawa... kung papayag kang makasama ako."

Ang sikip-sikip ng dibdib ko. Hindi na dahil sa sakit kundi dahil sa sobrang tuwa.

Parang ang sarap-sarap sumigaw at magtatalon sa sobrang saya.

"Alam kong mabilis, ngayon pa lang naging tayo, wala pa ngang isang oras. Pero gusto ko ng assurance. Assurance na akin ka lang. Ang dami mo pa namang lalaki."

"Eh marami? Sino-sino?"

"Mainitin ang ulo ko, mabilis akong magselos kaya gusto kong makasigurado na kahit alam kong maraming gustong umagaw sayo, Akin ka parin. AKIN lang." Tumikhim sya.

"Will you marry me Leigh? Magpakasal ka sa akin at pangako ko na kahit hindi tayo dumaan sa boyfriend and girlfriend stage. Araw-araw mong mararanasan ang maligawan at mahalin. I will cherish you forever.

Basang-basa na ang pisngi ko sa dami ng luhang lumalabas sa mga mata ko. Sa sobrang sidhi ng nararamdaman ko, parang may nakabara sa lalamunan ko at hindi ko magawang magsalita.

Pagtitig na lang ang nagawa ko. Pagtitig na kinainip nya.

"I'm asking you Babae. Magpapakasal ka ba sa akin or you will marry me?" Inis na tanong nya ulit.

Natawa ako.

"Sungit mo talaga at parang wala naman akong choices dun sa tinatanong mo Bossing." Matinidi pala magtanong to. In english and tagalog.

"Tss you have. May choice ka and that's marrying me."

Lalo akong natawa na mas lalo nya pang kinainis.

"Fine laugh! Tumawa ka lang hanggat gusto mo. Kapag nasagad ang pasensya ko pupuntahan kita dyan at uunahin nating gawin ang honeymoon."

Napahinto ako sa pagtawa at nanlaki ang mga mata.

"H-hindi mo alam kung nasaan ako." Sabi ko

"Tsss alam ko na, nabasa ko ang pangalan ng hotel dyan sa logo ng telephone na nasa side table mo."

Napatingin ako duon.

Meron nga.

"So sasagot ka ba oo pupunta na ako riyan? Pumili ka babae. Kasal o honeymoon?"

Ayos talaga, sa lahat ng nagtatapat at nagp-propose sya lang ang nagpapapili na walang babagsakan iba, kundi sa kanya din.

"Leigh..."

"Honeymoon! Sa honeymoon ako!" Gusto ko sanang isagot, kaso dyahe. Baka sabihin nya na sabik na sabik ako sa katawan nya.

"Kasal. Papakasalan kita."mabilis na sagot ko.

He laughed.

Ang gwapo-gwapo nya talaga kapag tumatawa.

"Ayaw mo ng honeymoon?"

"Bossing!"

"I love you Leigh."

Ilang beses nya ng sinasabi ang mga salitang iyan na para bang matagal nya na iyong sinasabi sa akin.

Ang puso ko naman ilang beses naring pumapalya ang tibok kapag naririnig ang mga katagang iyon.

Pinagmasdan ko sya at nginitian.
"I love you too."

*****

Nakangiti ako habang pinagmamasdan ang tanawin sa bintana ng bus habang pabalik ng Mulawin.

Wala akong pakialam kung mapagkamalan ako baliw, basta ang alam ko masaya ako ngayon.

Iyong lalaking akala ko hindi ko maabot at hindi ako mamahalin, ay mahal din pala ako.

Iyong lalaking akala ko sa malayo ko lang makikita ay makakasama ko na ng habang-buhay.

Hindi ako makapaniwala na mahal din nya ako, at papakasalan. Ngayon pa lang excited na excited na akong makita sya.

Wala kaming ginawa buong gabi kundi magvideo call sabay kaming nagtootbrush at naghilamos. At

nang parehas na kaming nakahiga. We talked and talked kung ano-ano ang pinag-usapan namin. Ilan beses syang nagsabing pupuntahan na lang daw nya ako dahil gusto nya akong yakapin, na pinipigilan ko naman dahil alam kong pagod sya. Kaya naman inabot na kami ng madaling araw sa pag-uusap hanggang sa humikab na ako.

"*Sleep na babe, maaga ka pang uuwi sa akin bukas."*

"Okay. B-bye-."

"No. Huwag mong patayin. Just sleep. Gusto pa kitang pagmasdan hanggang sa makatulog ako."

Ang sweet nya hindi ba.

Pero may isang bagay kaming hindi napag-usapan. Sa sobrang kasiyahan ko may nakalimutan akong itanong at iyon ay ang tungkol sa kanila ni Clarissa.

Napatingin ako sa cellphone ko ng may nagtext duon.

'**Where are you Babe?'**

Napangiti ako ng mabasa ko ang mensahe ni Tyrrone.

'Papasok ng Mulawin.'

'Can't wait to see you.'

Magt-type na sana ako ng sagot ng bigla iyong tumunog. Natigilan ako sa pangalan na lumitaw sa screen.

Si Clarissa!

Lumunok muna ako bago sumagot. Kung galit sya sa akin handa kong tanggapin ang sasabihin nya.

Ngunit imbes na galit at pasigaw na boses ang marinig ko sa kabilang linya. Isang umiiyak at takot na takot na tinig ni Clarissa ang narinig ko.

"L-leigh...help me."

*****

H/n

Alam ko na ang sasabihin nyo. Maikli at bitin, hahaha sorry pero ang susunod na eksena ay gusto ko na may sariling chapter? saka ito parin naman ang i-a-update ko matatapos na kasi kaya tutok muna ako.?

At kung hindi po kalabisan sa inyo kailangan ko po ng boy name. Hahaha kung gets nyo na kung saan ko gagamitin eh di masaya?.

Thanks po sa read.

Helliza Sabida

10102016tbu 18:50.

29

Para po sa inyong mga **Silent reader ko**:) salamat sa pagbabasa and I hope na sana marinig ko ang mga opinyon nyo???. Thankie po

*****

"**What the fuck!"** Halos mapatid ang litid ko sa ginawa kong pagsigaw sa harap ng boss ni Leigh na si Angela.

"Huwag mong sigawan ang asawa ko Mr. Elmundo kung ayaw mong itapon kitang palabas dito." Mahina pero bakas ang galit na sabi ni Dylan Santiago sa akin na katabi ni Angela.

Tinignan ko lang sya.

Damn! Wala akong pakialam sa kanila.

Si Leigh...si Clarissa...

"It's okay Ylan." Sabi naman ni Angela na humawak sa braso ng asawa.

"Please pakipaliwanag paanong naging hawak sila ng kriminal na iyon?" Pilit na pinapakalma ang sarili na tanong ko.

"Pinasok ng gagong iyon ang bahay nina Clarissa. Dinukot sya." Nakatiim bagang sabi ni Eizen.

"Si Leigh..."

"Si Leigh ang gusto ng smiley man na iyon. Pain lang si Clarissa. Tinawagan nya si Leigh para iligtas nito sya."

Napakuyom ang kamao ko.

"Nagpunta si Leigh."

"Damn!"

Gusto kong magwala. Pumasok sa isip ko iyong mga itsura ng mga naging biktima ng pesteng kriminal na iyon.

Naninikip ang dibdib ko. Isipin ko pa lang na mangyayari iyon kay Leigh, nanginginig na ako.

At si Clarissa... shit! Ano ng nangyayari sa dalawa sa mga oras na ito.

"Nasaan sila?"

"Tina- track na ng tracker namin ang GPS ni Leigh, sa nga ngayon wala tayong magagawa kundi ang maghintay."

Napapikit ako.

Kanina lang ka text ko pa sya, kagabi lang kausap ko sya, inamin namin na mahal namin amg isat-isa, kagabi lang ang saya-saya ko, tapos ngayon...

Fuck!

Fuck!

Fuck!

Ano 'to iyong katulad sa mga pelikula na kapag nagkatapatan na iyong dalawang bida may mangyayari.

Mamatay iyong lalaki? Iyong babae?

Damn hindi ko yata kakayanin kapag nangyari iyon!

"Pogi alam ko na kung nasaan sya." Napatingin ako kay Elizabeth na biglang sumulpot sa kung saan.

Bigla akong napatayo na kinagulat nina Angela, Dylan at Eizen.

"Where!"

Sinabi niya ang lugar.

"Okay ka lang ba Elmundo?" Si Dylan.

"I know where they are."

"Ha?" Sila

"Alam ko na kung nasaan sila."

"Paano mo-?" Naguguluhan na tanong ni Eizen.

"Maniniwala ka bang isang multo ang nagsabi sa akin kung nasaan sila?"

"What!" Tinignan nya ako na para akong nababaliw.

"Are you insane?" Tanong nya pa.

"Isipin mo na kung anong gusto mong isipin, na sayo kung maniniwala ka."

"The fuck-!" Sya

"Yes pare fuck! But hear this kahit demonyo ang nagsabi sa akin kung nasaan si Leigh papaniwalaan ko mailigtas ko lang sya. Lahat papaniwalaan ko para mahanap at mailigtas lang ang babaeng mahal ko. Ayaw kong magsayang ng oras dahil hindi natin alam kung ano nang ginagawa ng gagong iyon sa kanila!" Pagkasabi ko nuon, mabilis akong tumakbo palabas ng DQ papunta ng sasakyan ko.

Pinaharurot ko iyon.

Gabi na wala ng gaanong sasakyan sa labas kaya mabilis ang pagpapatakbo ko.

"Wait for me Babe, please hang on." Dasal ko.

Lumiko ako sa pakurbang daan.

Huli ko nang napansin ang magsasaka at kalabaw na tumatawid.

Kinabig ko ang sasakyan.

Naramdaman ko ang nakakangilong sakit sa aking ulo ng tumama iyon sa manibela nang bumangga ako sa isang puno.

"Leigh..." bago ako tuluyang lamunin ng dilim mukha nya ang nakita ko.

*****

Napakagat-labi ako ng maramdaman ko ang paghiwa ng kutsilyo sa braso ko.

Hindi ko alam kung pang-ilang hiwa na iyon, namanhid na nga ang kaliwang braso ko sa dami.

"Hindi ka talaga sisigaw sa sakit?" Tanong ni Smiley man na hawak-hawak ang kutsilyo at nakatayo sa harap ko.

"Ipakita mo ang mukha mo baka sumigaw pa ako." Sagot ko naman

"Leigh." Narinig kong sabi ni Clarissa na nakalagay sa isang malaking kulungan.

Yes sa isang malaking kulungan habang ako nakatali sa isang bangko sa loob ng marangya at malaking kwarto na iyon.

Sinong mag-aakala na ginagawa ni smiley man ang mga krimen nya sa isang kilalang subdivision dito sa Mulawin. Sa loob ng isang napakalaking bahay.

Sinong mag-aakala na mayaman si smiley man at talagang baliw lang kaya laging pumapatay.

Nang dinala nya ako rito, ang una kong tanong sa kanya ay kung bakit nya ito ginagawa.
Ang sagot ba naman sa akin ng gago eh wala itong malagyan ng pera kaya pumapatay na lang ito.

"But alam mo ba ang isa pang dahilan? Galit ako sa magaganda, galit ako sa mga babaeng may itsura. Sila ang pinapatay ko dahil gustong-gusto kong madinig ang sigaw nila! Ang nasasaktan nilang sigaw. Ang pagmamakaawa nila. Ang kanilang hagulhol. Pero ang pinakapaborito ko sa lahat ay ang pagpapa-panget sa kanila, ang paglagay ng marka sa maganda nilang mukha at ang pambababoy sa pinagmamalaki nilang katawan." Sabi nya pa.

Hindi ko pa man nakikita ang mukha niya sigurado ako na bakla itong hayop na ito.

"Matapang ka talaga alam mo bang iyan ang gusto ko. Maganda na matapang pa, gusto kong mabasa ang takot sa mga mata mo, gusto kong makita kung paano ka masindak kapag binababoy na kita."

"Hoy bakla! Matapang ako oo pero hindi maganda...siguro medyo cute pero hindi ako maganda. Saka puwede ba bago mo ako takutin ipakita mo muna sa akin iyang mukha mo para patas tayo." Inis na sabi ko.

Badtrip na ako. Akala ko makakayakap na ako sa Bossing ko pero ito nandito ako at tino-torture ng buwisit na baklang ito.

Pumaling pakaliwa ang pisngi ko ng sampalin nya ako.

"How dare you! Itatak mo sa isip mo itong babae ka, bababuyin kita, ikaw ang pinakamagiging masterpeace ko sa lahat. At sisiguraduhin ko na pagkatapos ko sayo magiging kilala ako sa buong mundo."

Wala adik 'to.

"Pero bago iyon sige ipapakita ko sayo ang mukha ko. Para naman maalala mo kung sino ako at kung paano ko pinatay ang Mama mo."

Natigilan ako.

Tinanggal nya ang maskara nya. At nang ganap kong mapagmasdan ang mukha nya natulala ako.

Sya... sya si Joey Dalangan o mas kilala sa tawag na madam Joanna, isang doctor and a bisexual.

"I-ikaw."

"Yes dear, naalala mo na ba? Iyong nangyari ng gabing iyon? Nang gabing pinatay ko ang Mama mo?"

Madam Joanna. Sya ang amo ng mama ko dati, katulong ito sa bahay niya. Here in this very house, kaya pala pagpasok ko pa lang dito sa loob pamilyar na.

In this room...here...

...dito nalagutan ng hininga ang Mama ko.

"Ma bakit po tayo nagmamadali?" Takang tanong ko kay Mama habang hinihila ako palabas ng bahay ni Madam Joanna.

Hindi nya ako sinagot, basta patuloy lang nya akong hinihila habang nanginginig at mabilis ang lakad palabas ng malaking bahay.

Ngunit bago pa kami makarating sa pinto isang kamay ang umabot sa buhok ni Mama at pasambunot syang hinila pabalik.

Mga kamay na pagm-may-ari ni Madam Joanna.

Sumigaw ako ng makita ko ang ginawa nya pero tulad ni Mama hinila nya lang din ako sa buhok at dinala sa isa kwarto.

Ikinulong nya ako sa isang malaking kulungan at itinali si Mama sa isang upuan.

"Alam mo Dina hindi ka naman maganda sa paningin ko eh. Safe ka sana kaso hindi ka marunong sumunod sa utos. When I say na huwag sisilip o bubuksan man kang ang kwartong ito sana sinunod mo. Tignan mo tuloy ang nangyari sayo."

Napasigaw ako sa sindak ng hiwaan nya ang braso ni Mama gamit ang isang blade, pauli-ulit.

Sumisigaw ako. Pero mas malakas ang sigaw ni Mama habang kung ano-anong nakakahilakbot ang ginagawa sa kanya ni Madam Joanna.

"Ayan sumigaw ka... sumigaw ka sound proof itong kwartong ito kaya mas lakasan mo pa ang sigaw."

"Ahhh!!! Ahhh!!!" Nakakangilong sigaw ni Mama habang tinatanggal isa-isa ni Madam Joanna ang mga kuko nya.

Sigaw na mas lumakas pa ng sunod naman gawin ni Madam Joanna ay ang pagputol sa mga daliri nito sa paa.

"MAMA! MAMAAA!!!" Halos mapatid ang litid ko sa kakasigaw.

Naririmarim ako, nasusuka ako sa mga nakikita ko. Hindi kinakaya ng mura kong isipan ang nakikita kong ginagawa sa Mama ko.

"P-p-pumikit ka a-a-anak t-t-takpan mo ang t-tenga mo." Hirap na hirap na sabi ni Mama habang magkasalubong ang mga mata namin.

Umiling ako. Ayaw ko. Ayaw kong pumikit ang Mama ko...ang mama ko.

"Ahhhhhh!!!" Mas sumidhi pa ang pagsigaw ni Mama ng pukpokin ng martilyo ni Madam Joanna ang mga tuhod nya.

Tumirik ang mga mata ni Mama sa sobrang sakit mawawalan na sya ng malay pero may tinurok sa kanya para manatiling bukas ang ulirat nya.

Tinanggal ni Madam Joanna sa pagkakatali si Mama.

"H-huwag ka munang mamatay Dina nag-eenjoy pa ako." Baliw na sabi nya sa Mama ko.

At ang sunod nyang ginawa mas nagpagimbal sa akin. Tuluyan ng bumaliktad ang sikmura ko habang paulit-ulit na sinisigaw ang mga salitang Mama ko.

Hanggang sa hindi ko na kinaya at nawalan na ako ng malay.

Nagising akong tahimik na ang paligid at wala na si Madam Joanna sa loob ng kuwarto.

Nakita ko si Mama nakadapa sa sa sahig habang naliligo sa sariling dugo.

"M-mama...mama ko." Kalunos-lunos at kaawa-awa ang itsura nya wala na syang damit putol ang mga daliri. Puro hiwa ang katawan. Pero ang mas kinahilakbot ko ay ang mukha nya puro hiwa iyon paso at ang mga mata nya...wala na... dinukot.

"M-mama ko... mama... Mama."
Ayaw kong maniwala pero alam kong patay na sya... wala na.

Napakislot ako ng biglang gumalaw ang katawan nya.

"M-mama?" Tawag ko sa kanya.

Gumapang sya kahit hirap na hirap gumapang sya patungo sa akin.

Napaatras ako, natakot sa itsura nya habang gumagapang papalapit pero ng makita kong pilit syang lumalapit sa pinagkukulungan ko lumapit ako sa rehas na bakal at lumuhod.

"Mama..." nanghihina ako. Nanghihina ako sa itsura nya.

Umuungol sya... umuungol sya nang makalapit sa akin.

Nadudurog...nadudurog ang puso ko habang nakatingin sa kanya.

May inuluwa syang kung ano kaya nakita ko ang putol nyang dila.

Gusto kong magsisigaw nang magsisigaw.

Takot na takot na ako. Takot na takot.

Itinulak ng kamay nyang putol ang mga daliri ang bagay na iyon sa akin bago umungol ng umungol.

Isang susi.

Susi sa kulungan ko.

Hindi ko alam kung paano nya nakuha iyon. Hindi ko alam kung paano nya nagawa.

Mas tumindi ang pag-ungol nya ng maramdaman nyang hindi ako kumikilos.

Sa nanginginig kong kamay dinampot ko iyon, nabalot ng dugo at laway nya ang palad ko.

Binuksan ko ang kulungan at lumapit sa kanya pero bago ko pa sya mahawakan iwinasiwas nya ang braso nya na parang tinataboy ako habang umuungol ng umuungol.

"H-hindi kita iiwan m-mama." Pilit akong lumalapit sa kanya pero wasiwas lang sya ng wasiwas ng kamay at ungol ng ungol.

Hanggang sa nanghina sya at sa aking harap ay naghingalo.

"M-mama, Ma huwag po. Huwag nyo po akong iwan."

Sa kabila ng paghihingalo nya muling kumilos ang kamay nyang walang mga daliri at gamit ang sariling dugo ay gumuhit ng hugis puso.

Lalong sumargo ang luha ko ng naintindihan ko ang ibig nyang iparating.

"M-m-mahal din kita M-mama. Mahal din po kita." Nagnginhina kong sabi.

Nakita ko syang ngumiti at sa huling hininga nya itinutok nya ang palad sa pinto.

Matagal akong nakatayo ruon habang pinagmamasdan ang katawan nyang wala ng buhay.

Lumuhod ako at hinaplos ang buhok nya bago ko sya hinalikan sa noo.

Saka ako mabilis na tumakbo palabas.

"Patawad po Mama hindi kita natulungan." Iyon ang paulit-ulit na sinasabi ko habang tumatakbo.

Nakalabas ako ng gabing iyon. Hindi ko alam kung paano ako natagpuan...natulungan basta nang muling bumalik ang kamalayan ko sa mga nagaganap nasa hospital na ako at wala ng maalala.

*****

Tumutulo ang luha sa mga mata ko ng hindi ko namamalayan habang nakatingin kay Madam Joanna.

Naalala... naalala ko na ang lahat.
Kung paano at sinong pumatay sa Mama ko.

"Umiiyak ka na." Tumawa ng parang naloloka si Madam Joanna. "Natatakot ka na ba ngayong naalala mo na ang lahat? Alam mo bang hinanap kita. Pero magaling magtago ang ama mo. Kaya naghintay na lang ako na may huhuli sa aking pulis ang plano ko pag nagkita tayo sa korte tatakas ako at dudukitin kita. Pero walang dumating at nangyaring ganon iyon pala wala kang naalala. Ang suwerte ko diba." Saka sya muling tumawa.

Hindi ko pinansin ang sinabi at at pagtawa nyang iyon bagkus tinignan ko iyong lugar sa sahig kung saan iginuhit ni Mama ang hugis puso.

"M-mama ko."

"Ayan umiiyak ka na talaga, matakot ka sa akin! Dahil gagawin ko rin sayo ang mga ginawa ko sa Mama mo." Kinuha nya ang isang blade. "Gandahan mo ng sigaw ha." Nakangisi nyang sabi. Lumapit sya sa akin at inilapat ang blade sa pisngi ko humiwa duon.

Naramdaman ko ang sakit pero tulad ng dati wala akong naramdaman na takot.

Tinignan ko sya mga mata.

"Papatayin kita. Makawala lang ako dito papatayin kita." Deretsong sabi ko imbes na sumigaw. Idiniin nya ang blade sa aking pisngi, kasabay ng pagbulwak ng dugo duon ngumisi ako. Ngising demonyo.

"Papatayin kita. Makawala lang ako dito papatayin kita." Ulit ko.

Sinampal nya ako. Ipinaling ko lang ang mukha ko paharap sa kanya at inulit ang sinabi ko.

"Papatayin kita! Makawala lang ako dito papatayin kita." Hindi rin nawawala ang ngisi ko.

Sinampal nya ulit ako.

Muli ko syang hinarap.

"Papatayin kita. Makawala lang ako dito papatayin kita." Unti-unting nabura ang ngisi sa mga labi ko. "Papatayin kita sa pinakamasakit na paraan. Mas masakit pa sa naramdaman ng Mama ko at sisiguraduhin kong mararamdaman mo iyon."

Napaatras sya.
Nagdiwang ang loob ko ng mabasa ko ang takot sa mga mata nya.

"Hindi ako nambabanta." Malamig ang boses na sabi ko. "Naririnig mo ba ako Joey. Hindi ako nambabanta. Nangangako ako. Nangangako ako na kapag nakawala ako rito. Papatayin kita!"

"P-paano moagagawa iyon nakatali ka." Tumawa sya tawang may kasamang takot. "P-patayin muna kita bago mo magawa iyon." Kinuha nya ang martilyo at itinaas para ipupok sa ulo ko.

Hindi ako pumikit hindi kumilos para umilag. Hinintay ko lumapat sa akin ang hawak nya.

Then out of nowhere may sumulpot sa harap ko.

Kumabig ang isang kamay 'nya' payakap sa akin habang ang isang kamay ay pasalo sa martilyong lalapat sana sa ulo ko.

"T-tyrrone..." sabi ko. Hindi makapaniwala.

Ngumiti sya at hinalikan ako sa noo.

"Mahal kita Babe." He whisphered.

Dumeretso sya ng tayo at hinarap si Joey na takang-taka sa nangyari, napalibot pa ang tingin nito sa paligid.

Naglakad si Tyrrone palalapit sa kanya.

At sa labis na pagkagulat ko nagawa nya itong suntukin ng hindi...hindi...

...nakahawak sa akin.

"A-anong nangyayari? Sino ang sumuntok-." Lumipad si Joey ng sipain ito sa mukha ni Tyrrone.

Si Clarissa natulala at natatakot din habang nakatingin kay Joey na basta na lang tumatalsik.

Naramdaman ko ang pagkalas ng kung sino sa pagkakagapos ko.

"Elizabeth... Damien..." nagtatanong ang mukha ko sa kanila pero hindi sila sumagot at tinignan si Tyrrone na patuloy parin na sinasaktan si Joey.

"You..fucking...hurt...my...Girl!" Galit na galit na sabi ni Tyrrone habang sinisipa ang tyan ng baklang takot na takot at litong-lito sa mga nangyari.

"A-anong nangyayari! Sino- ugh!" Sinakal ni Tyrrone si Joey, itunayo, isinandal sa pader at itinaas.

"Do you hear my voice huh! Naririnig mo ba akong hayop ka!"

"S-sino ka?"

"Ako...ako lang naman ang demonyong hindi ka papatahimik habang nabubuhay ka. Maririnig mo ang boses ko kahit saan ka man maruon. My voice will hunt you sa buong panahon na mabubuhay ka. At ako si kamatayan na maghahatid kita sayo impyerno!"

Binitawan nya si Joey na mabilis na sumiksik sa isang sulok.

Bakas ang takot sa mukha at palinga-linga sa paligid.

"S-s-si k-k-kamatayan. D-d-demonyo!" Paulit-ulit na sabi nito.

Isa pang malakas na sipa sa mukha ang binigay ni Tyrrone rito, na nagpabali sa ilong nito at nagpawala rito ng malay.

Dahan-dahan naman akong tumayo mula sa pagkakatali ko.

Nakatingin sa kanya...hindi parin makapaniwala.

Bumaling ulit sa akin si Tyrrone at lumapit.

Bigla nya akong niyakap mahigpit.

Habang ako tulala lang na nakatingin sa kawalan.

"B-bossing..." sabi ko. Humigpit ang yakap nya.

"M-multo ka ulit?"

*****

H/n

Natapos ko din akala ko di ko matatapos ito. Antok na talaga ako.

Ano masasabi nyo sa chapter na ito?

Helliza Sabida

10132017npo 22:31

30

Para sayo bhe @rhunawaydhevil.

Thanks sa mga like Ryomababy???

*****

Mabilis ang mga sumunod na pangyayari, nagdatingan ang mga kasamahan kong D&A sa pangunguna ni Eizen na dumeretso kay Clarissa.

Ako nakatulala parin kay Tyrrone, magkatagpo ang mga mata namin.

"B-bossing." Mahinang bulong ko.

Hinaplos nya ang pisngi ko bago sya ngumiti.

"Leigh." Naalis ko ang tingin sa kanya ng marinig ko ang pagtawag ni Eizen.

"Eiz..." muling bumalik ang tingin ko kay Tyrrone.
Napalingap ako ng makitang wala na sya sa harap ko.

"Leigh." Tawag ulit sa akin ni Eizen alalay na si Clarissa.

"Ha?"

"*Asan na sya?"*

"Si Tyrrone..." natuon na ang atensyon ko sa kaibigan ko ng banggitin nya ang pangalan ni Bossing.

"...naaksidente sya."

*****

Nang marinig ko iyon simbilis ng kidlat ang ginawa kong pagpunta sa hospital kung nasaan sya.

Ngayon andito na ako sa tabi ng kama nya hawak ng mahigpit ang kamay nya habang sya nakahiga may benda sa ulo at wala paring malay.

"Hoy Bossing gumising ka na." Mahinang sabi ko. "Hindi pa nga tayo kasal ib-byuda mo na ako wala naman ganyanan Tyrrone." Halos mapiga ko na ang kamay nya sa higpit ng pagkakahawak ko duon.

"He need to wake up. Makakasigurado lang na ligtas sya kung magigisingng sya sa loob ng seventy two hours."

Napatingin ako kay Mrs. Elmundo na nakapasok na sa loob ng kwarto ng hindi ko namamalayan.

"Ma'am." Aktong aalis ako sa kinauupuan ko ng itaas nya ang kamay nya bilang pagpigil sa akin.

"You're Leigh right? Ikaw iyong nagbalik sa amin sa anak ko ng mawala sya hindi ba?"

Tumango ako.

Naglakad sya papalapit sa amin at pinagmasdan ang anak nya.

"Alam mo bang nang isugod sya rito, kahit wala syang malay paulit-ulit nyang binabanggit ang pangalan mo."

Natigilan ako. Lalo na sa sunod nyang sinabi.

"You love my son." Hindi iyon tanong kundi statement na tinanguan ko parin.
Itatanggi ko pa ba. Totoo naman na mahal ko si Tyrrone.

Ngumiti sya.

"He loves you too. Alam mo bang bago nangyari ang lahat ng ito sinabi nya sa amin ng ama nya naagpapakasal na sya sa babaeng may pangalan na Leigh Shane Rozul."

Napakagat-labi ako. Pinipigilan na umiyak.

"Kapag nagising sya mahalin mo sana sya ng buong puso. Alagaan mo sana ang anak namin."

Tumulo ang luha ko, na sunod-sunod ang naging pagpatak sa aking pisngi habang tumatango ako.

Lumipas ang isang araw na hindi nagigising si Tyrrone.

Pilit kong hinahanap sa paligid ang multo nya pero hindi ko na iyon makita.

Ang sakit-sakit ng ulo.
Pati ng mga sugat ko na isang beses ko lang pinatignan.

Wala akong pakialam kung magpeklat man ang mga iyon.

I don't give a shit!

Maraming tumatakbo sa utak ko. Sya kung magigising ba sya at ang pagkaalala ko sa mga nangyari noon...sa mama ko.

Paulit-ulit akong binabangungot. Paulit-ulit kong nakikita kung ano ang mga nangyari sa kanya. At paulit-ulit ko ring nakikita na hindi na magigising si Tyrrone na tuluyan ng maglalaho ang binata at kahit ang multo nito hindi ko na makikita.

Hindi ko magawang makatulog sa mga bangungot na iyon, ipipikit ko pa lang ang mga mata ko ayan na nakikita ko na naman ang lahat.

Nangalumata na ako isang araw pa lang ang lumilipas. Mukha na akong zombie.

"*Aba Leigh ano na lang sasabihin ng boyfriend mo kapag nakita ka. Na zombie pala iyong syota nya. Magsuklay ka nga at matulog!"*

Naalala kong sermon sa akin ni Jonalyn ng dumalaw sya, na tanging walang buhay na pagtawa lang ang naging sagot ko.

Ngayon andito ako sa kulungan, sa isang private room para makita si Joey.

The perks of being a D&A, marami kang nakikilala, lumalawak ang koneksyon mo.

Pagpasok pa lang ng pulis sa kanya nagsisigaw na sya ng makita ako.

"Demonyo! Demonyo!"

Sinenyasan ko iyong pulis na iwan kami.

Takot na takot naman si Joey na paupong sumiksik sa pader. Bugbog sarado sya. Halos buong mukha nya na mamaga. Napansin ko rin na paika-ika syang maglakad.

Naglakad ako papalapit sa kanya.

"Alam mo bang gusto kong tuparin ang pangako ko sayo." Malamig na sabi ko. "Kayang-kaya kitang ilabas dito at patayin sa kung saan."

Lalo syang nagsumiksik sa dulo.

"Demonyo... demonyo."

"Pero ayaw na kitang patayin. Parang mas gusto ko ang nakikita kong nangyayari sayo ngayon. Gusto kong nakikita na nabubuhay ka sa takot." humakbang pa ako papalapit sa kanya at inalis ang mga kamay nyang nakatakip sa kanyang mukha.

Tinignan nya ako ng puno ng takot.

"Makinig ka! Hindi lang demonyo ang maririnig mo. Maririnig mo rin lahat ng tinig ng mga naging biktima mo, mga tinig ng mga taong pinatay mo...tinig ng Mama ko. Hindi ka nila papatahimikin kahit nasa kulungan at mental ka pa araw-gabi maririnig mo ang mga boses nila at kung sakaling makakalabas ka pa rito asahan mo, iyong pangako ko sayo... matutupad iyon."

Nang lumabas ako ng kwarto, humabol pa sa akin ang puno ng takot nyang sigaw.

Dere-deretso lang ako.

"Matakot ka! Makonsensya ka sana habang nabubuhay ka."

Bumalik ako ng hospital, wala paring malay si Tyrrone naghintay ako hanggang gumabi pero hindi parin sya nagigising.

Nang iidlip na ako, ilang minuto ko pa lang na naipipikit ang mga mata ko ng dalawin kaagad ako ng bangungot, tungkol sa kanila.

Si Mama...

Si Tyrrone...

Bumagsak ako sa sahig na habol ang aking hininga at gising na gising na.

Hindi ako sumigaw, isinubsob ko ang mukha ko sa aking palad habang nakahiga parin sa sahig at

nakapikit ng mariin. Pilit na binubura sa isip ang imahe ni Mama at ang pamamaalam ni Tyrrone.

Sa ganong ayos tahimik akong lumuluha.

*****

"What's happening to her?" Nag-aalalang tanong ko habang nakatingin kay Leigh na nasa sahig.

"Tingin ko hindi sya makatulog ilang araw nadin nyang sinusubukan pero binabangumgot sya."sagot ni Damien sakin.

Napamura ako.

Hindi ko alam kung anong nangyayari. Bakit hindi na ako nakikita ni Leigh...kami.

Hindi ako umalis sa tabi nya mula ng lumabas kami sa bahay ng kriminal na iyon.

Ilan beses ko syang tinangkang hawakan...yakapin pero tumatagos lang ako.

"Babe shhh please stop crying." Nilapitan ko sya aktong hahawakan para buhatin paalis ng sahig pero tulad ng dati tumagos lang ako.

Napatingin ako sa bracelet na nasa braso ko na.

"Tang'na bakit ngayon ka pa bumalik." Hinaltak ko iyon paalis sa braso ko. "Shit bumalik ka sa kanya! She needed me. Go to her again, fuck! Make her see me again!" Galit na sabi ko habang pilit na inaalis ang bracelet na suot ko.

But tulad noong suot ito ni Leigh hindi man lang ito natinag sa braso ko.

Naramdaman ko ang pagkilos ni Leigh. Nakita ko syang tumayo, pinunasan ang luha at naupo sa sofa.

Hindi na sya natulog. Nakatingin lang sya sa katawan kong nakahiga sa kama habang yakap nya ang tuhod nya.

"Sleep Babe. Please you need to sleep." Bulong ko sa kanyang tenga, umaasa na mariringig nya.

Alam kong pagod na pagod na sya. Hindi pa magaling ang mga sugat nya sa katawan.

Mula ng mangyari 'iyon' wala pa syang pahinga ang laki na ng eye bag nya, bahagya naring bumagsak ang kanyang katawan dulot ng kawalan ng ganang kumain at wala ang siglang lagi kong nakikita sa mga mata nya.

"Tyrrone... come back please." Mahina nyang sabi habang nakatingin sa katawan ko.

Lumipat ako sa harap nya.

Kahit tumatagos, inilapat ko ang palad ko sa pisngi nya.

"I will Babe. I will." Saka ko sya hinalikan sa noo.

Babalik ako.

Babalik ako at sisiguraduhin kong hindi na kami maghihiwalay.

*****

Nagising si Tyrrone bago matapos ang palugit na binigay ng doctor sa kanya.

Nasa chapel ako nuon at nagdadasal at nang marinig kong gising na sya saka naman ako naduwa at nakaramdam ng takot.

Takot na baka nakalimutan na naman nya ako, na baka iyong pagmamahal na inamin nya makalimutan nya rin.

Kaya ng araw ding iyon umalis ako.

Nagtago dito sa resort na ito.

It's been three days.

Sa loob ng tatlong araw na iyon hindi parin ako makatulog hirap na hirap parin akong ipikit ang mga mata ko. Paulit-ulit ko parin na nakikita sa isip ko si Mama habang gumagapang papalapit sa akin. Duguaan, puro sugat walang mga daliri at mga mata.

Hindi ako lumalabas, nasa cabin lang ako. Ayaw ko mang aminin natatakot ako.

Natatakot akong balikan sa pagtulog ang itsura ni Mama.

Shock. Trauma.

Alam kong iyon ang nararanasan ko ngayon.

Gabi.

Nakaupo lang ako sa sofa ng cabin na ito nakatingin sa mga isdang lumalangoy sa loob ng aquarium.

"Kumusta ka na kaya Bossing?" Tanong ko sa kawalan, eksaktong biglang bumukas ang pinto ng cabin at inuluwa ang taong iniisip ko.

Napatayo ako.

"T-tyrrone." Anas ko.

May benda parin sya sa ulo at mukhang pagod na pagod tulad ko.

Sya naman nanlalaki ang mga mata habang tinitignan ang kabuuan ko.

Sigurado akong mukha na akong zombie talaga or bruhang kinulang sa tulog.

"What have you done to yourself!" Galit na sabi nya habang lumalapit sa akin.

"B-bossi-!"

Nang yakapin nya ako ng mahigpit duon ako nagsimulang umiyak. Parang binuksan ang pinto ng mga emosyon na pilit kong nilalabanan

Umiyak ako ng umiyak sa dibdib nya.

Naramdaman ko ang pagbuhat nya sa akin at pagdala sa kama.

"Stop crying. Sleep babe, we will talk tommorow." Sabi nya habang binababa ako.

Umiling ako.

"I c-can't natatakot ako." Umiiyak parin na sabi ko, mahigpit ang pagkakahawak sa manggas ng damit nya na para bang kapag bumitaw ako mawawala sya.

Tumabi sya sa akin.
Pinaunan ako sa dibdib nya.

"Sleep. Andito lang ako."

Nuong una sige parin ako ng iyak ni hindi ko magawang ipikit ang mga mata ko.

"Babe please stop crying na."

Sumisinok na ako sa sobrang pag-iyak.

Huli akong umiyak ng ganito ng nabubuhay pa si Mama...noong pinapatay sya sa harap ko.

Umupo si Tyrrone na dala-dala ako nang hindi parin ako tumahan.

Sumandal sya sa headboard ng kama at pinapuwesto ako sa pagitan ng mga hita nya. Patagilid na akong nakasandal sa katawan nya.

Hinaplos nya ang buhok ko at nagsimulang kumanta.

Yes kumanta sya.

Ang isang Tyrrone Jigs Elmundo ay kinakantahan ako.

? **Tulog Na by Sugar Free ?**

? Tulog na mahal ko
Hayaan na muna natin ang mundong ito
Lika na, tulog na tayo. ?

Bigla ako natigil sa pag-iyak at sumisinok-sinok na tumingala sya.

"B-bossing..."

Hinalikan naman nya ang tungki ng ilong ko.

"Just sleep babe andito lang ako."
Bulong nya sa tenga pagkatapos ay humalik duon.

Napasinghap ako ng gumapang ang halik nya mula ruon papuntang likod ng tenga ko...pababa sa gilid ng leeg paakyat sa aking baba.

Awang ang bibig ko when he placed a soft kiss in my lips, marahan nyang kinagat ang pang-ibabang labi ko bago gumapang patungo sa aking mga mata.

He kissed it closed.

Sa pagpapikit ko muli syang kumanta.

? Tulog na hayaan na muna natin sila Mamaya, hindi ka na nila kaya pang saktan
Kung matulog, matulog ka na ?

Hindi kagandahan ang boses niya. Hindi pang boy band pero sapat na iyon...

...sapat na ang boses at ang presensya nya para kumalma ako. To make the nightmare go away. Para makatulog ako ng mahimbing.

"I love you Tyrrone..." I said in my sleepy voice bago ako tuluyang lamunin ng antok.

? Tulog na mahal ko
Nandito lang akong bahala sa iyo
Sige na, tulog na muna
Tulog na mahal ko
At baka bukas ngingiti ka sa wakas
At sabay natin haharapin ang mundo
Tulog na hayaan na muna natin sila
Mamaya, hindi ka na nila kaya pang saktan
Kung matulog, matulog ka na...?

"I love you too Leigh."

*****

H/n

Wala sa original na plot ko ang chapter na ito. But thanks to my baby nabuo ito.

Tulog na ang lullaby ko sa baby ko at habang pinapatulog ko sya kagabi pumasok si Tyrrone at Leigh sa isip ko. And ito na nga???

Nagustuhan nyo po ba?:)

Helliza Sabida

101416uvft 18:21

31

For @RossannaMarieOracion na tinatadtad ako sa pagr-request ng UD hahaha thanks sa support at mga boto??.

*****

Nagising ako sa amoy ng sinangag at kape. Kahit nakapikit kumalam ng todo ang sikmura ko.

Nagmulat ako ng mga mata.

Masakit iyon dahil sa ginawa kong pag-iyak kagabi.

Speaking of kagabi bigla akong napabalikwas ng bangon ng hindi ko naramdaman si Tyrrone sa tabi ko.

"Uy gising na si Ganda Bossing." Napatingin ako ka Damien na nakaupo sa sofa at nanunuod ng tv.

Ayos multong nanonood ng tv.

"Gising na iyong babae mo pogi." Sabi din ni Elizabeth na nakaupo sa tabi ni Damien. Nakaakbay ang multong lalaki rito.

Tumaas ang isang kilay ko.

"Kayo na?" Tanong ko. Nagkatinginan ang dalawa pagkatapos ay ngumiti ng masuyo sa isat-isa.

Aba ang tamis.

"Yes Babe." Si Tyrrone ang sumagot na inilalapag ang mga pagkain sa mesang naruon.

Boses nya palang ang bilis na kaagad ng tibok ng puso ko.

Pati iyong 'kagigising lang' na look nya, grabe ang lakas ng epekto sa dibdib ko.

Natulala tuloy ako sa kanya.

"Pfftt. Nganga na naman sya sa kaguwapuhan mo pogi." Natatawang sabi ni Elizabeth.

Ngumiti sa akin si Tyrrone. Lumapit at naupo sa tabi ko.

"Morning Babe." Sabay halik sa noo ko. "Okay lang ba ang tulog mo?"

Okay? Hindi okay.

Ang sarap ng tulog ko.

It was dreamless sleep. Walang bangungot, walang mga nakaraan na nagbabalik.

Tulog lang talaga ang ginawa ko.
Nakatulog ako habang nasa ibabaw nya.

Tumango ako bilang sagot sa kanyang tanong.

Pinangko nya ako.

"Whoa. Bakit binubuhat mo ako bossing?" Tanong ko.

"You need to eat." He answered saka naglakad papunta sa mesa.

Daha-dahan nya akong binaba sa upuan.

"Eat babe." Utos nya. Habang hinahalikan ang ulo ko.

"Ang asukal nyo." Sabi ni Elizabeth sa amin.

Tinignan naman sila ni Tyrrone. Hindi parin lumalayo sa akin ang binata na nakaupo sa gilid ng mesa.

"Get lost, you two."

"Now pinapaalis mo na kami, samantalang ng hinahanap mo si Leigh halos hindi ka na humiwalay sa amin sa kakahingi ng tulong. Halis pinakibot na sa akin ang limang bayan para lang makita ang Babe mo." Si Damien na nakangisi.

"Tsss. You said you want to have a quality time with your girl. Do it now while I do mine." He said na sabay naming ikinapula ni Elizabeth.

"Ayos!" Tuwang-tuwa sabi ni Damien.

"Hey anong ayos-." Pinatahimik ni Damien si Elizabeth sa pamamagitan ng halik. Kitang-kita ko pa ang panlalaki ng mga mata ng babaeng multo bago sila naglaho.

"Wow ayos." Sabi ko, ngayon lang ako nakakita ng multong naghahalikan. "Bossing-." Pagharap ko, he too...silenced me with a kiss, at tulad ni Elizabeth nanlaki rin ang mga mata ko.

Mariin ang halik nya, nagmamadali. Para bang lahat ng araw na hindi kami magkasama ibinilubuhos nya duon.

Pilit na pumasok ang kanyang dila sa bigbig na pinatuloy ko naman.

Unti-unting pumikit ang mga mata ko.

Gumalaw ang mga labi ko. Sumabay sa galaw nya. Habang ang mga kamay ko naman ay humawak ng mariin sa manggas ng kanyang damit.

Humawak sa magkabilang pisngi ko ang mga kamay nya. At mas pinalalim pa ang halik na pinagsasaluhan namin.

Ilang segundo pa humihingal na lumayo sya sa akin.

"T-tyrrone." Bulong ko.

Pinagmasdan nya ako.

"Gusto ko pang halikan ka and...more. But I know you are weak."

Ano raw?

"*Anong ibig nyang sabihin sa 'and more'?"*

Nakuha ko lang ang ibig nyang sabihin ng makita ko ang pilyong ngiti sa mga labi nya.

Naramdaman ko ang pag-iinit ng mukha ko.

"Guwapog manyak."

Natawa na sya ng tuluyan at sa pagkagulat ko ay muli nya akong binuhat. Naupo sya sa bangkong kinauupuan ko habang ako naman ay inuupo nya sa kandungan nya.

"B-bossing." Tatayo sana ako pero ang higpit ng hapit nya sa bewang ko.

"Stay put. I'll feed you." He said na ipinatong ang baba sa balikat ko.

"Pero..."

"No buts." Dinampot nya ang kutsara at nilagyan iyon ng pagkain bago inuumang sa bibig ko. "Eat Babe." Nagpalipat-lipat muna ang tingin ko sa kanya at sa pagkain bago ko iyon tinanggap.

Ngumunguya ako habang nakatingin sa kanya. Nang hindi ako makatiis tumaas ang kamay ko at humamplos sa kanyang pisngi.

"Andito ka. Hindi ka multo o panaginip lang di ba?" Sabi ko pagkatapos kong lunukin ang kinakain ko.

Binitawan naman nya ang kutsara at hinawakan ang kamay kong nakahawak sa kanyang pisngi.

"Andito talaga ako. Hindi ako multo o panaginip lang. I'm here. Embracing you...kissing you." At muli nya akong hinalikan na muli ko ring tinugon.

"I'm really here Babe." He whisphered ng bahagyang maglayo ang mga mukha namin.

Nanubig ang mga mata ko.
Pinipigilan kong huwag umiyak pero iyong luha ko ayaw paawat. Sumubsob ako sa leeg nya para itago ang pagluha ko.

"Hey." Kumilos naman sya para tignan ang mukha ko pero mahigpit ang pagkakayakap ko sa batok nya.

"Leigh..."

"Takot na takot ako. Sobra akong natakot ng hindi kita makita, nuong wala kang malay. Hindi ko alam kung saan papaling para makita lang kahit ang multo mo. Natakot ako na baka hindi kana bumalik...iwan mo na talaga ako." Umiling ako kahit nakasubsob ako sa leeg nya.
"Ayoko ng ganon. Ayokong hindi ka nakikita. Hindi ba akin ka na? Mahal mo naman ako diba? Kaya dapat huwag mo akong iiwan." Hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ko at sinabi ko ang mga iyon. Basta ang alam ko lang gusto kong ilabas ang mga nararamdaman ko.

"T-tapos ng magkamalay ka. Natakot ulit ako. Natakot ako na baka hindi mo na naman ako maalala. Kaya umalis ako. Tumakas. Hindi ko na kakayanin kapag tinignan mo ako ng ganon ulit. Iyong tingin na nagtatanong kung sino ako. Ayoko ng makita na tinitignan mo ako sa paraang wala lang ako sayo." Humigpit ang yakap ko sa kanya. Iyong leeg nya basang-basa na ng luha ko."A-ayaw ko na ng ganon. Ayaw ko ng maramdaman ulit iyon Tyrrone ang sakit kasi. Sobrang masakit."

Sige parin ako ng iyak. Hinayaan naman nya ako. Hinaplos nya lang ang aking buhok at niyakap din ng mahigpit.

"I'm sorry Babe... I'm sorry. Hindi na mauulit iyon. Hinding-hindi na mauulit iyon." Paulit-ulit nyang bulong sa akin. Hindi narin nya ako pinayagan na bumitaw sa kanya.

Nanatili kami ng ilang minuto sa ganoong ayos. Nakakandong ako sa kanya habang sya inaalo ako.

Nang humina ang iyak ko saka nya lang ako hiniwalay sa sarili nya.

Tinignan nya ako.

"So si fearless Leigh ay umiiyak at natatakot din." Gamit ang kanyang mga hinlalaki pinunasan nya ang luha sa pisngi ko.

"Here this Babe. Hinding-hindi na kita iiwan. Hindi-hindi na kita kakalimutan. Naalala ko na ang lahat. Kung paano tayo nagkakilala. Kung paanong ikaw at ako ay para talaga sa isat-isa." Hinalikan nya ako sa noo.

"Multo o hindi pag-aari mo na ang puso ko. I first saw you ng hinahabol ako ng mga gustong pumatay sa akin. Noon pa lang pag-aari mo na ako. Mukha mo ang nasa isip ko ng nasa pagitan ako ng pagtawid dito at sa kabila, ikaw ang naging motibasyon ko para labanan ang kamatayan. Ikaw Leigh Shane Rozul ang dahilan kung bakit lumaban ako para hindi tuluyang namatay. Ikaw ang dahilan kung bakit hindi tuluyan na nilisan ng kaluluwa ko ang mundong ito. Ikaw ang dahilan na kahit sa matagal na pagkakatulog patuloy paring tumitibok ang puso ko. Ikaw at ikaw lang ang dahilan kaya buhay ako ngayon."

Kumunot ang noo ko.

"A-anong ibig mong sabihin."

Masuyo syang ngumiti.

"Eat habang kinukuwento ko kung paano kita unang nakita."

Iyon nga ang nangyari.

Habang sinusubuan nya ako kinukuwento nya ang isang pangyayaring kahit ako ay hindi akalain na nangyari pala sa aming dalawa.

*****

Flashback. Bago naging multo si Tyrrone...

Ilang beses akong napakurap-kurap habang nakatingin sa babaeng nakasakay sa motor na ngayon ay kasabay kong umaandar sa kahabaan ng kalsadang iyon.

Wala syang suot na helmet kaya kitang-kita ko ang mukha nya na nakangiti. Ngiting oo nga at totoo ay hindi naman umaabot sa mga mata nya.

Hindi sya kagandahan pero may kung anong meron sa babae na humihila sa akin para titigan ko sya.

Kinunan ko pa ito ng picture.

"Anong nangyayari sayo Tyrrone?" Malakas kong tanong sa sarili ko habang nakatitig parin sa babae. Muntikan pa nga akong makabangga dahil halos ayaw ko na syang lubayan ng tingin.

Hanggang sa panaginip at pagtulog sya ang nakikita at naiisip ko, kaya hindi ako nakatiis. Pinahanap ko sya... ...pinaimbestigahan.

"Leigh Shane Rozul. Beautiful name bagay sayo." Anas ko habang nakatitig sa larawan nya.

Pangalan, address birthday at miyembro ng pamilya nya ang laman ng report. Iyon lang ang tanging impormasyon na naruon at ng tanungin ko ang imbestigador kung bakit, ang sagot nito ay iyon lang ang nasa record at kahit anong gawin pa nitong pagsasaliksik ay wala na itong makita.

Nalaman kong sa iisang eskuwelahan lang sila pumapasok ni Clarissa.

Ginawa kong excuse ang paghatid at pagsundo sa kanya para makita ang dalaga.

Nakikita ko naman sya, malayuan nga lang, iyon ay sa tuwing naglalakad sya papasok ng gate ng unibersidad.

Isang beses ko lang syang nakita ng malapitan at iyon ay ng manalamin siya sa bintana ng kotse ko. Dahil tinted iyon hindi nya nakikita na nasa loob ako habang nanalamin sya at tinitignan ang sugat at pasa sa kanyang pisngi.

Nag-iinit ang ulo ko habang nakatingin sa mga sugat at pasa nya.

"Anong ginagawa ng babaeng ito at nagkaganyan ang itsura?"

Bago ko pa mapigil ang sarili ko, kumilos na ang katawan ko para lumabas ng sasakyan. Kasabay ng pagbukas ko ng pinto ay ang pagtawag naman sa kanyang pangalan ng isang lalaki. Kaya ng nakalabas ako sya naman ay tumatakbo na papunta sa lalaking tumawag sa kanya.

Naiwan akong hinahabol sya ng tingin.

Habol ko ang aking hininga habang nagtatago sa istante ng mga damit sa palengkeng iyon.

Nasa paligid lang ang mga humahabol sa akin marami sila at gusto talaga nila akong patayin.

Hindi sinasadyang nakuhanan ko ng video ang illegal na gawain ng isang pulitiko, kaya heto ako tumatakbo para sa buhay ko.

Nakita ko ang isa sa mga ito kaya pumaling ako pakaliwa, tatakbo sana, nang matigilan ako.

Si Leigh papalapit sa akin habang patingin-tingin sa mga paninda.

Nang mapatapat sya sa akin kumilos ang mga kamay ko at hinaklit sya sa bewang.

Sa pagsubsob ko sa kanyang leeg ay ang pagdaan naman ng mga humahabol sa amin.

"Hoy kuya anong problema mo?" Tanong nya ngunit hindi naman pumapalag sa pagkakayakap ko.

Hindi ako umimik.
Sinilip ko muna kung nakalayo na ang mga humahabol sa akin bago ako tumuwid ng tayo at bahagyang lumayo sa kanya.

"Ano na kuya? Bakit nangyayakap ka?"

Ibang klaseng babae hindi sya natakot, o nagsisigaw man lang dahil may biglang nangyakap sa kanya, bagkus mahinahon ang kanyang boses at pilit pang sinisilip ang mukha ko na makatago sa aking sumbrero.

"Kuya sino ka ba?"

Hinapit ko sya bigla at mabilis na hinalikan sa gilid ng mga labi.

"Ako. Ako ang mapapangasawa mo." After I said that mabilis ko syang binitawan.

Aayusin ko muna itong gulong napasukan ko at pag-okay na ang lahat babalikan ko sya at papakasalan.

"*Babalikan kita Babe... pangako iyan."*

*****

H/n

Gusto ko pang magsulat pero hindi ko maresist si Nikita hahaha. Bukas nalang ulit ang karugtong.

Waaa ang guwapo talaga ni Healer????.

Anyway thanks po sa pagbabasa at pagboto?

Lav yah guys..??

Helliza Sabida

10212017uvft 22:33

32

Para po sayo @BitchGurls24. Salamat sa support.

******

"Love Moves In Mysterious Ways by Nina

Who'd have thought this is how the pieces fit
You and I shouldn't even try making sense of it
I forgot how we ever came this far
I believe we had reasons but I don't know what they are
Don't blame it on my heart, oh

[Chorus:]
Love moves in mysterious ways
It's always so surprising
When love appears over the horizon
I'll love you for the rest of my days
But still it's a mystery
How you ever came to me
Which only proves
Love moves in mysterious ways
Heaven knows love is just a chance we take
We make plans but then love demands a leap of faith
So hold me close and never never let me go
'Cos even though we think we know which way the river flows
That's not the way love goes, no

Like the ticking of a clock two hearts beat as one
But I'll never understand the way it's done, oh

*****

Nanlaki ang mga mata ko ng marinig ko ang kwento nya.

"Ikaw yon!" Hindi makapaniwalang sabi ko. "Seryoso ikaw iyong manyakis na baliw na iyon Bossing-Aray!" Pinitik nya ako sa noo.

"Pervert maniac talaga. Hindi ka man lang kinilig?"

"Aray naman , sinong kikiligin sa ganon Bossing? Buti nga hindi kita binalibag eh." Sabi ko.

Totoo naman kung normal na babae ako at normal ang mga reaksyon ko. Baka nasapak ko na sya o nagsisigaw na ako. Bigla ka ba namang yakapin at halikan.

"Really." Sya madilim ang mukha.

"Oo. But may isa pa akong dahilan kung bakit hindi kita tinulak noon."

"What?"

Yumuko ako.

"May naramdaman akong kakaiba." Pinaglaruan ko iyong tela ng puting t-shirt nya duon sa may tapat ng dibdib. "Nang hawakan mo ako bumilis iyong tibok ng puso ko. Nang halikan mo ako libo-libong kuryente ang naramdaman ko. Pilit ko ngang sinisilip mukha mo pero dahil hindi ko nakita. Iyong laman ng panaginip at pagpapantasya ko ay isang lalaking walang mukha at nakasuot ng sumbrero."

Hinalikan nya ako sa tungki ng ilong.

"Nang maging multo ako nakalimutan kita. Nang bumalik ako hindi parin kita maalala at iyong mga pinagsamahan natin ng kaluluwa pa ako nawala din sa aking memorya. Naalala ko lang ang lahat-lahat ng pansamantalang naging multo ulit ako."

"Pero bakit biglang hindi na kita nakita?" Tanong ko.

Itinaas nya ang kaliwang kamay.

Nanlaki ang mga mata ko.

Bakit hindi ko napansin na hindi ko na suot-suot iyon?

"Hindi ko alam. Wala rin akong paliwanag kung bakit napunta ito sayo." Tinanggal nya bracelet at sinuot sa akin. "All I know is our love was mysterious. Maraming nangyaring kababalaghan sa atin na mahirap ipaliwanag, but I don't give a damn! Ang mahalaga sa akin ka. Akin na!" Saka nya ako sininasib ng halik.

Yeah. Wala narin akong pakialam kung paanong nangyari ang lahat ng kababalaghang iyon. Pinagpapasalamat ko pa ang mga nangyari.

Natagpuan ko sya. Natagpuan nya ako. Pinagtagpo kami ng tadhana... iyon ang mahalaga.

*****

Mahigpit ang hawak ni Tyrrone sa kamay ko habang nakaupo kami sa bahay ng aming sala at hinihintay na lumabas si Tita at Papa sa kwarto nila.

"Kinakabahan ka Bossing? Don't worry hindi naman sila nangangain." Pabirong bulong ko.

"Shut up." Ganting bulong nya. Nagpapawis ang kanyang noo.

Kinakabahan talaga sya?

Lumabas mula sa kwarto nila sina Claudette at Clyde.

Iyong kapatid kong lalaki ang lumapit kay Tyrrone. Tinignan sya mula ulo hanggang paa.

"Ikaw ba ang boyfriend ng ate ko?"

"Yes y-young man." Tinignan kong mabuti si Tyrrone.

Hindi ako makapaniwala, kinakabahan talaga sya sa bata kong kapatid.

"Mahal mo ba talaga ang ate ko. Baka saktan mo sya."

Ang cute, cute ni Clyde.

"No Sir mamahalin at aalagaan ko ang kapatid mo." Seryosong sagot ni Tyrrone with matching Sir pa.

"Pfftt." Ako.

"Clyde ano ba iyan bakit ginugulo mo ang bisita natin." Si Tita Aurelia na palabas ng kwarto tulak-tulak ang wheelchair ni papa.

Napatayo naman si Tyrrone at dahil hawak nya ang kamay ko napatayo narin ako.

"Magandang araw po."

Ang galang ni Bossing parang ang bait-bait.

"Hello Ta, Pa." Bati ko naman.

"Magandang araw maupo kayo, sige na." Si Tita.

Naupo kami.

Si Papa tulad padin ng dati walang imik, nakatingin sya kay Tyrrone.

Naramdaman ko naman ang paghigpit ng hawak ni Tyrrone sa kamay ko.

"Ikaw ba ang nobyo ng dalaga namin?" Tanong ni Tita Aurelia.

"O-opo. At narito po ako para hingin ang kamay nya." Bahagya naman akong nagulat. Ang usapan kasi ipapakilala ko pa lang siya.

"Namamanhikan ka ng hindi kasama ang mga magulang mo?" Si Papa.

Tumikhim naman si Tyrrone.

"Actually Sir narito kami para maipakilala ako ni Leigh bilang boyfriend nya."

"Sigurado ka ba sa anak ko?"

Napatingin ako kay Papa, kay Tyrrone parin sya nakatingin.

"Siguradong-sigurado ho ako."

"Iyang anak ko matulungin sa pamilya yan. Pero kahit ganon matigas ang ulo nya. Basta maisipan, ginagawa. Kahit mapanganib, itataya nya ang buhay nya. Kapag may sakit yan nagtitiis lang, hindi nagsasabi. Hindi mo sya mapapansin kung hindi mo sya pagtutuunan ng pansin. Mapapangako mo ba na ibubuhos mo ang sapat mong atensyon sa kanya?"

Awang ang mga bibig ko sa sinabi ni Papa.

All these years akala ko wala lang ako sa kanya. Akala ko hindi nya ako napapansin...pero sa mga narinig ko...

"Opo Sir. Iyong oras at atensyon ibibigay ko sa kanya. Mamahalin ko po sya ng higit pa sa buhay ko."

"Madaling mainip iyan. Handa ka na ba sa ganoong ugali nya?"

"Isa pa po iyang dahilan kung bakit nandito ako Sir. Mamadaliin ko po ang kasal namin pero mauuna namin gawin ang honeymoon."

Nasamid at napaubo ako sa sinabi nya.

Ano daw!

Hindi makapaniwala na tinignan ko sya.

"Hoy Bossing anong pinagsasabi mo dyan!" Angil ko sa kanya pabulong.

Letsugas may mga bata kaya.

Hindi naman nya ako pinansin nakatuon lang ang buo nyang atensyon sa nabigla kong ama.

"Madali po syang mainip. At kapag naiinip sya nagsasawa din sya. Gusto ko pong makasigurado na hindi nya ako iiwan. Kaya uunahin ko na po ang paggawa ng apo ninyo. Iyon lang ang naiisip kong paraan para hindi sya mainip sa piling ko, sigurado po ako na kapag may anak na kami buong oras nya ay nasa amin at mawawalan na sya ng panahon para mainip."

"Letsugas ka Bossing nakakahiya!"

Tumikhim si Papa.

"Sa tingin mo papayag ako sa gusto mong mangyari? Paano kung lokohin mo lang ang anak ko. Aanakan lang."

"No Sir. Mamatay po ako kapag muli kaming nagkahiwalay ng anak nyo. Pasensya na ho kayo. Pero kahit hindi po kayo pumayag tuloy parin po iyon. Gagawin ko po ang lahat, huwag nya lang po akong iwan. Pumayag man kayo o hindi dederetso kami sa Mama at Papa ko para ipakilala sya."

Nag-isip si Papa. At sa kauna-unahang pagkakataon tinignan nya ako. Pero ang mas nakakabigla ay ang sunod na ginawa nya. Kinausap nya ako.

"Mag-usap muna tayo sa loob ng kwarto ko, Leigh."

Napatango ako at tumayo.

"Babalik ako." Sabi ko kay Tyrrone na ngumiti. Hinalikan ang kamay kong hawak nya bago binitawan.

"Mag miryenda ka muna hijo." Narinig kong alok ni Tita Aurelia habang tinutulak ko papasok sa loob ng kwarto nila si Papa.

Nang makapasok kami sa loob ng kwarto at nakaupo ako sa upuan na naandon hinarap kaagad nya ako.

"Payag ka ba sa gusto nya?"

Naninibago ako. Sa loob ng ilang taon ngayon lang kami nagkausap ulit ng ganito.

"Mahal ko po sya Pa." Sagot ko.

"Magiging masaya ka ba sa kanya?"

Tumango ako.

Nabigla ako ng lumapit sya sa akin at hinaplos ang buhok ko.

"Dalaga na ang anak ko."

"P-papa."

"Alam kong masama ang loob mo sa akin. Napabayaan kita...matagal na panahon na hindi kinausap. Patawarin mo sana ako anak."

Pinagulong nya ang wheelchair nya paharap sa may bintana.

"Ginawa ko iyon dahil sa tuwing kinakausap kita naalala ko ang mama mo. Sa tuwing naririnig ko ang boses mo. Naalala korin ang mga pag-iyak at pagsigaw mo ng gabing matagpuan ka namin. Hindi kita makausap dahil nahihiya ako na harapin ka, na ako na sarili mong ama ay hindi man lang kayo nailigtas ng Mama mo. Kung andon lang siguro ako. Hindi...hindi mangyayari ang ganon sa iyong ina." Narinig ko ang pagkabasag ng boses nya kaya mabilis ko syang nilapitan, lumuhod ako sa harap nya at hinawakan ang mga kamay nya.

"Papa...okay lang po. Naiintindihan ko ho." Ngumiti ako.

Kaya hindi ako nakadama ng pagtatampo sa kanya. Dahil alam ko... sa sulok na bahagi ng isip ko...alam kong sinisisi nya ang sarili nya.

"H-hindi ka galit kay papa?"

Nakangiting umiling ako.

"Alam ko at naiintindihan ko ang lahat papa. Kaya sana po huwag nyo nang sisihin ang sarili nyo sa mga nangyari. Wala pong may kasalanan sa atin. Ang may kasalanan ay nandon na sa kulungan, pinagbabayaran at pnagdudusahan ang ginawa nya kay Mama at sa iba nya pang biktima."

Niyakap at hinalikan ako sa noo ni Papa.

"Salamat anak...salamat."

Tumulo ang luha ko pero mabilis kong pinunasan iyon.

"Mahal po kita Pa."

"Mahal din kita anak."

*****

Ang laki at luwang ng ngiti ni Tyrrone habang naglalakad kami papunta sa condo nya.

"*Masaya sya kasi pumayag si papa. Eh hindi pa nga ako pumapayag sa gusto nya. Ako kaya ang may-ari ng katawan."*

"Bossing ang luwang ng ngiti natin ah."

Tinagnan nya ako, mas lalong lumuwang ang ngiti nya.

Binuksan nya ang pinto ng condo at hinila ako papasok.

"Teka Bossing-." Halik kaagad ang ibinigay nya sa akin.

Walang nangyari sa amin sa resort dahil nanghihina ako noon.

"You are weak Babe, saka na ang advanced honeymoon kapag nakabawi ka na ng lakas."

Akala ko nagloloko lang sya.

Pero ayun nga nagpaalam sya sa papa ko at dinala ako rito.

"Wait lang Bossing." Tinulak ko sya sa dibdib. Lumayo naman ang mukha nya pero hindi ako binitawan.

"What?"

"Hindi pa kaya ako pumapayag. Si papa pa lang kaya."

"Hindi ko naman hinihingi ang permiso mo babe. Akin ka naman diba? Saka umamin ka na rin naman na pinagpapatasyahan mo ako diba Babe."

Kumawala ako sa kanya.
"Teka wala naman akong sinabing ganon ah." Pagkakaila ko.

Humakbang ako paatras, sumunod sya.

"Meron babe. Gusto mong ipaalala ko?"

Ipaalala. Hindi na kailangan ang linaw-linaw pa kaya sa isip ko kung kelan ko sinabi iyon.

"Time out muna." Tumakbo ako sa likod ng sofa.

"Hindi tayo naglalaro Leigh." Lumapit sya kaya umikot ako.

"Bossing naman eh." Napadpadyak ako.

Virgin kaya ako. Putek! Dapat hindi binibigla. Letsugas nakakabigla sya eh!

"Ahhh." Napatili ako ng bigla syang tumakbo papunta sa akin. Tatakbo narin sana ako palayo kaso nahagip nya ako sa bewang at mabilis na hiniga sa sofa.

Bago pa ako makaalis kinubabawan nya na ako.

"T-tyrrone." Singhap ko ng maramdaman ko ang init at bigat ng katawan nya.

Hinalikan naman nya ako sa noo...sa ilong...at sa labi. Magaan na halik lang.

"Can I make love to you...huh Babe?" Bulong nya habang magkalapat ang mga labi namin. "Will you be mine?" Isa pang magaan na halik na may kasamang pagkagat sa ibabang labi ko. "Puwede ko bang angkinin na ng tuluyan si Fearless Leigh ko?" He asked habang masuyong nakatingin sa mga mata ko.

Tinignan ko sya. Ilang segundo.

Pagkatapos ay bigla akong ngumiti...

...ngiting...

...nang-aakit.

"Sure Babe." Saka ako kumilos para muling maglapat ang mga labi namin.

Yumakap ang mga kamay ko sa batok nya at hinalikan sya sa paraan na sa kanya ko rin naman natutunan.

Magpapakipot pa ba ako eh gusto ko rin naman na...

...ganap na...

...maging AKIN sya.

*****

H/n

Cut!

Time out muna mag-iipon muna ako para sa sunod na mangyayari.

Marami pong salamat sa pagbabasa.
?

Helliza Sabida

10222017xfe 20:26

33.

Para sayo **fungirl4u** nakakatouch iyong sinabi nya sa mga story ko. At kahit napagkakamalan na baliw ng kanyang lola dahil sa pagtawa mag-isa sige parin ng basa hahaha. Thank you very much.?

*****

Match Made in Heaven by: Mohombi

? You became mine on the first night
We became lovers at first sight
Funny how a blink of an eye can turn your life around
Wanna spend every tomorrow
With you baby nothing is impossible
Fly you to the moon at the front row
There's no limit, let's go
Sometimes we simply fall out
But that don't change the fact
I'm tied to your love like heaven's chains
Always...?

He kissed me. I kissed him.

I touched him. He touched me.

Nagusot ang bed cover sa bawat paggalaw naming dalawa.

Nasa ibabaw ko parin sya. Raining a butterfly kisses in my neck.

"T-tyrrone." Daing ko ng bumaba ang halik nya sa collarbone ko.

Letsugas ang init! Ang init-init.

Napasinghap ako ng mabilis nyang nahubad ang damit ko.

? If you go, I go
If you stay, I'll stay
When you cry I'll try to put a smile on your face
If you fall, we fall
I will hear you call
Always know that baby I am yours and you're
Mine, mine, mine
We're a match made in heaven
Mine, mine, mine
We're a match made in heaven ?

Nasambunutan ko sya ng maglakbay ang mga labi nya papunta sa impis kong tyan.

Muli akong kinabahan.

Syete! Hindi ko pa yata kaya!

"T-teka Bossing time out ulit." Sabi ko na biglang umupo.

Napatukod sya sa kama pero hindi umalis sa ibabaw ko.

"What?"

Taragis! Ang lamlam ng mga mata nya.

Dahil nakaupo ako at sya ay nasa ibabaw ko parin halos magkadikit parin ang mga mukhang namin. Iisang hangin ang hinihinga at nilalanghap naming dalawa.

"Ah..."tumikhim ako. Bahagyang lumayo sa kanya. "K-kinakabahan ako." Mahina kong sabi pero umabot sa pandinig nya.

Ilang sandali nya akong tinignan.

"You're not ready." Sabi nya pagkatapos nya akong titigan.

Hindi ako makasagot at nagyuko lang ng ulo.

Iniangat nya ang baba ko para muling magtama ang mga mata namin.

Saka nya ako hinalikan sa noo.

Umalis sya sa ibabaw ko at tumayo sa gilid ng kama.

"It's okay. Hindi kita pipilitin."

Nag-angat ako ng tingin.

Tulad ko wala na syang pang-itaas, kaya naman nakabilad ang yummy nyang katawan sa aking mga mata.

"S-sorry." Yumuko ako ulit. Ang arte-arte ko parang pinasabik ko sya tapos binitin pa.

Nakakahiya. I'am supposed to be FEARLESS pero sa 'ganitong bagay' lang kinakabahan ako.

Anong magagawa ko? Wala pa talaga akong karanasan sa mga ganito.

"Hey." Lumapit sya ulit sa akin. Naupo sa kama at niyakap ako.

"Don't feel sorry. Okay lang naman. Hindi lang naman ito ang gusto ko. I love you Leigh. I'm doing this para magkaroon ng assurance na hindi mo talaga ako iiwan. But if you are not ready okay lang. Basta andito ka lang sa tabi ko. Basta akin ka lang."

? People turn around when we walk by
You is so fly from a bird's eye
We got the whole universe on our side
From the very first night
Every day we do is a love scene
We were born february the 14th
Baby you're the reason why I'm falling

Never felt so right
Sometimes we simply fall out
But that don't change the fact
I'm tied to your love like heaven's chains
Always...?

"Sayo lang naman talaga ako." Sabi ko na gumanti ng yakap. "Bossing puwedeng magready muna ako. Hindi talaga ako handa eh."

Tumawa sya saka ako hinila pahiga.

Napahiga ako sa ibabaw habang niyayakap nya ako ng mahigpit.

"Of course babe. I'll wait for you. Basta wala akong makikita na ibang lalaki na didikit sayo, maghihintay ako na maging ready ka."

Nginitian ko sya.

"Salamat Bossing."

He smiled then placed a kiss on my head.

"No thank you. Thank you dahil dumating ka sa buhay ko."

Lalo nya akong niyakap ng mahigpit.

Naka bra lang ako habang sya hubad baro.

Lapat na lapat iyong mga katawan namin at ramdam na ramdam ko iyong init nya pati narin iyong 'bagay' na iyon na hanggag ngayon ay 'buhay' parin.

Nakaka-touch.

Nakaka-touch na handa syang magtiis,magpigil at maghintay para sa akin.

Hindi ako makapaniwala na mangyayari ito.

Hindi ako makapaniwala na sya ay para sa akin talaga.

"Bossing..." tawag ko sa kanya habang hinahaplos nya ang buhok ko.

"Hmmm..."

"Bakit... bakit ako ang minahal mo? Bakit hindi si Clarissa? Bakit ako iyong napili mong dalhin sa harap ng altar at hindi sya?"

Muli nya akong hinalikan sa ulo.

"Si Clarissa? Kung hindi kita nakilala malamang sya ang yakap ko ngayon. Malamang sya ang papakasalan ko."

Iniisip ko pa lang na nakaganito silang ayos ni Clarissa. Nyemas! Ang sakit-sakit na sa dibdib.

"Sya ang ideal girl ko. Nakatatak na sa isip ko na sya ang magiging asawa ko balang-araw. But then you came. Nagpakita ka sa akin sa panahon na kuntento at nasa ayos na ang mga plano ng buhay ko. Ginulo mo ako, ang isip ko,ang puso ko."

Bumalikwas sya kaya napailalim ako at napaibabaw sya.

He looked into my eyes.

"Nawala ang mga plano. Nagulo ang mundo ko. Bakit ikaw ang napili ko? Hindi ko rin alam, hindi ka kagandahan. Hindi ka mahinhin. Mahilig ka sa gulo. Mahilig kang ilagay sa panganib ang buhay mo. Wala akong dahilan kung bakit ikaw ang minahal ko. Basta ang alam ko mahal kita sa lahat ng katangian mo. You're not my ideal girl. But you'are my match that heaven made just for me. Only for me."

? When it's written in the stars
There's nothing that can take our love apart
You were sent from up above
That's the reason you beat in my heart
Oh baby?

Speechless ako sa mga sinabi.

Hindi ko alam kung paanong magr-react.

Naramdaman ko ang pagtulo ng luha ko.

Habang sya naman ay ngumiti.

"You're crying again. Don't tell me na nawawala na si Fearless Leigh at nagiging iyakin ka na." Pinunasan nya ang mga luha ko.

Hindi ko pinatulan ang panunukso nya, bagkus niyakap ko sya ng mahigpit na mahigpit sumubsob sa leeg nya at paulit-ulit na sinabi ang mga katagang...

'I love you.' at 'Mahal kita.'

"I love you too babe...forever okay lang na walang honeymoon ngayon basta huwag na huwag..."

Hinalikan nya ako sa gilid ng leeg ko.

Madiin...sumisipsip...nag-iiwan ng marka.

"Huwag na huwag na may yayakap at didikit sayong iba. Dahil kapag nakita kong may gumawa ng ganon sayo. Pasensyahan na lang dahil dadalhin kita rito sa kama ko at aangkinin ng...paulit-ulit." Banta nya na ikinangiti ko.

That night muli kaming natulog ng magkatabi.

Yakap nya ako, habang yakap ko rin sya.

? Mine, mine, mine
We're a match made in heaven

Mine, mine, mine
We're a match made in heaven?

****

He said na ayaw nyang may didikit o yayakap sa akin na iba.

Tatlong araw na simula ng manggaling kami sa bahay ko, at nang muntik ng may mangyari sa amin.

Masaya akong maging girlfriend nya.

Maaalaga at mapagmahal syang nobyo. Iyon nga lang seloso.

Ayaw nyang may didikit o lalapit na iba sa akin.

Kung meron man dapat alam nya.

Napakaseloso nya na tinatawanan ko na lang, at kapag ginagawa ko iyon halik na mariin ang lagi kong natatanggap na parusa sa kanya.

Kahit ganon, sinusunod ko sya.

Ayaw ko syang magselos kaya umiiwas din ako.

But may isang pangyayari ng araw na iyon ang hindi ko inaasahan...

...pangyayaring hindi ko inaasahan na masasaksihan.

Papunta ako sa opisina nya, kagagaling ko lang sa school at dito na dumeretso.

Dahil kilala na ako ng lahat dere-deretso na ako ng pasok sa building at opisina nya, para lang mapahinto sa nadatnan kong eksena sa loob.

Si Tyrrone may kahalikan na iba!

Nakatayo sila sa gilid ng mesa ng binata.

Nakayakap sa kanya ang isang mestisahing babae na animo tuko kung kumapit.

Sa mga mata ko alam kong hindi gusto ni Tyrrone ang nagaganap kitang-kita ko ang pilit na pagtulak nya sa babaeng haliparot na kinulang yata ng tela ang suot na pulang dress.

Alam kong ayaw nya. Pero kapag pala nagseselos ka lalo kapag may ugnayan na kayong dalawa madali kang mabubulagan.

"So ito ang ginagawa mo kapag wala ako Bossing." May lason ang boses na sabi ko.

Sa sobrang gulat ni Tyrrone na itulak nya ang babae ng malakas sa sobrang lakas plakda iyong malandi sa mesa at naglaglagan ang mga papeles at gamit ng binata na naroon.

"L-leigh. Shit! Let me explain. It's not what you think." Natataranta nyang sabi. Lalapit sana sya sa akin ngunit napahinto sya sa talim ng tingin ko.

"At anong dapat kong isipin ha Bossing, na nir-rape ka ng babaeng iyan!" Inis na sabi ko. Inis na inis ako. Parang gusto kong ilampaso ang pagmumukha ng babaeng haliparot na ito sa sahig.

"Who is she? Sya ba ang girlfriend mo?" Lumapit sa akin iyong babae at tinignan ako mula ulo hanggang paa.

"My Goodness anon klaseng taste meron ka sa pananamit? Yuck ripped jeans, polo shirt and sando? Pumapatol ka sa tomboy Tyrrone?" Tinignan ni Haliparot si Tyrrone bago lumipat ulit sa akin. "Hindi yata marunong magsuot ng sexy dress ang babae mo." Lumapit sya kay Tyrrone at hinaplos ang pisngi nito. "Bakit hindi mo na lang iwan ang babaeng iyan at ako na lang ang gawin mong girlfriend ulit. I promise you, you will taste heaven in my arms baby. Higit pa sa ipinatikim ko sayo noon."

Nagdidilim na talaga ang paningin ko.

Anong mukhang tomboy! Gaga pala'to. Konti na lang manghihiram ka na talaga ng mukha sa aso! At anong pinagsasabi nito? Ano ba ni Tyrrone ang malanding babae na ito.

"Marina." Tinabig ni Tyrrone ang kamay ni babaeng haliparot. "Stop it!"

"Why? Mas gusto mo iyang babaeng iyan?" Muli akong tinignan ni Marina. "Tyrrone hindi sya bagay sayo. Matatanggap ko pa kung si Clarissa, but that girl. Mukha syang basahan."

"Marina!" Sigaw ni Tyrrone. Nag-aalalang tumingin sya sa akin.

Ako naman badtrip na badtrip na ang mukha.

"Sagutin mo nga, who the fuck are you!" Inis na sabi ko habang humahakbang papasok ng opisina.

"Ako? Ako lang naman ang ex ni Tyrrone." Nagcrossed arms pa si Marina at taas kilay na tinignan ako.

"Oh, an ex. Just an ex."

Nyemas napapa english ako sa bwisit na babaeng ito.

"At anong ibig mong sabihin dyan?"

"Wala naman. Pero kung hindi ka lalayo sa boyfriend ko ng higit kalahating metro iyang pinagmamalaki mong katawan magkukulay ube yan." -ako.

"What! Look Tyrrone iyan ba ang papakasalan mo mukha nang tomboy, basagulera at palengkera pa." Humawak na naman sya sa braso ni Tyrrone. "Ano na lang sasabihin nila tito at tita. My goodness ikakahiya nila na maging manugang ang babaeng iyan." Umawang ang mga labi ko sa sinabi nya. "The eligible bachelor Tyrrone Jigs Elmundo sa isang mahirap at mukhang basahan lang napunta Isang malaking sampal iyan sa pangalan nyo. Think again Tyrrone."

Para rin akong sinampal sa mga sinabi nya.

Ngayon lang pumasok sa isip ko ang mga bagay na iyon.

Ngayon ko lang naisip na hindi bagay ang isang Rozul sa isang Elmundo. Ngayon ko lang naisip na langit ang isang Tyrrone para sa isang tulad ko.

Ngayon ko lang naisip na hindi lang ganon kasimple ang lahat.

Parang gusto kong umiyak at maglupasay.

Tama itong haliparot na ito.

Hindi ako bagay kay Tyrrone!

"Stop it Leigh." Napatingin ako kay Tyrrone.

"Itigil mo iyang iniisip mo. We belong to-."

"Ituloy mo kung ano man iyang iniisip mo girl." Putol ni Marina sa pagsasalita ni Tyrrone. "At itatak mo sa isip mo na hindi isang babaeng nakasuot lang ng sirang pantalon ang bagay kay Tyrrone."

Kumuyom ang mga kamao ko.

"Tama ka hindi kami bagay ni Tyrrone."

"Fuck! Leigh-."

"Hindi bagay kay Tyrrone ang isang babaeng sira ang pantalong suot, na kagaya ko. Siguro nga mas bagay sya sayo na nakadress ng sexy at mamahalin...pero may nakalimutan ka...girl."

Lumapit ako kay Marina.

"Damit itong pinag-uusapan natin. Ibig sabihin pwedeng tanggalin, pwedeng palitan puwedeng alisin." Ngumisi ako. "Hindi lang ikaw ang may kayang magsuot ng ganyan." Sumeryoso ako."Pagbibigyan kita sa paghawak-hawak mo ngayon sa kanya. Pero kapag nakita pa kita na lumapit sa kanya. Pasensyahan na lang tayo dahil kahit sino kapa... humanda ka talaga." Saka ako tumalikod at naglakad papuntang pinto.

"Leigh." Mabilis naman na pinigilan ako ni Tyrrone, humawak sya sa braso ko na mabilis kong ipiniksi.

"Not now Bossing!" Tinignan ko sya.

Natigilan sya ng makita nyang nangingilid ang luha sa mga mata ko at mabasa ang sakit na nakalarawan duon.

"Not now...ayaw muna kitang makita." Napakagat labi ako para pigilan ang pagtulo ng luha sa mga mata ko. "Huwag muna habang sariwa pa sa isip ko ang halikan nyong dalawa." Pagkasabi ko nuon dali-dali akong lumabas.

May tumulong dalawang butil ng luha sa mga mata ko na kaagad kong pinalis.

Hindi nya ako sinundan.
Hindi ko tuloy alam kung matutuwa ako o maiiyak lalo dahil duon.

Dinukot ko ang cellphone ko sa aking bulsa.

Nagdial.

"Hello, iyong tulong na hinihingi mo, gagawin ko." Nakinig ako sa kabilang linya. "Tonight. I wanna do it tonight."

Sexy dress lang ba? Shit ipapakita ko sa babaeng iyon kung paano magdala ng dress ang isang Leigh Shane Rozul!

*****

H/n

Okayyyy hanggang dito muna hahha mamaya na lang ulit kapag may time pa ako.

Asul ayan nagdagdag pa akong ilang chapter hahaha pero matatapos na talaga ito.

Anyway salamat po sa read at vote nyo?.

Thanks

Helliza Sabida.

10292017uivst

34.

Para sayo cookie223. Thanks bhe sa support???

*****

Maingay, maharot, mausok at matao.

Pangkaraniwang eksena na iyan dito sa club XYz.

Halos andito ang lahat tuwing ganitong araw ng biyernes. Nagkakasiyahan at naglalasing.

Mas maingay at mas magulo dito kapag sumapit ang alas-dose. Mas mahaharot ang mga tao at mas mapupusok.

Sa ganitong oras din lumalabas ang mga masasama ang loob.

Sinasamantala ang mga kabataan na lasing para mabentahan ng mga pinagbabawal na gamot.

Drugs,cocaine,heroin at ectasy.

Ang misyon ko rito. Akitin hanggang sa mapainon ng pampatulog ang leader ng grupong tinatawag na FIX na si Randall Danero.

Kaedad ko sya at tulad ko rin ay estudyante pa. Sya ang nagbebenta ng mga illegal drug sa mga kabataan hindi lang dito sa bar na ito kundi sa ibat-ibang bar sa magkakalapit na bayan.

Lumabas ako ng C.r.

Nanlaki ang mga mata ni Gelo ng makita ako.

"L-leigh?"

"O anyare sayo?" Takang tanong ko.

"Leigh...you're...you're so...hot." sabi niya na pinasadahan ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

Napatingin ako sa kanya pagkatapos ay sa sarili ko.

Isang sexy party gauze dress ang suot ko all white iyon na long sleeves ngunit see through. Backless ang likod at kita ang pusod at mga hita at hanggang ilalim ng tuhod ang haba.
Naka three inches heels sandals din ako. Nakalugay ang aking buhok.

(Credit to the owner)

"Nagdress lang hot na tigilan mo ako Angelo."

"Shit!" Bigla nyang mura.

"O bakit?"

"Papatayin ako ni Elmundo kapag nakita ka nyang naggagala dito ng ganyan ang suot." Sabi nya.

Nagkibit balikat ako.

"Where is the subject?" Tanong ko.

"Nasa VIP floor sya." May ibinigay sya sa akin isang card. "Iyan ang pass mo. Fifteen minutes lang Leigh."

Tumango ako. Inabot ang susi.

Napansin kong nasa mga hita ko ang mga mata nya.

"Eyes up here Gelo." Sabi ko.

Namula sya.

"S-sorry n-naninibago lang ako. Ngayon ko lang n-nakita... I mean n-ngayon lang kita nakitang nakaganyan na ayos."

Ngumisi ako.

Lumapit sa kanya.

"Do I look bad Gel?" Nang-aakit ang boses na tanong ko.

Tumikhim sya.

"N-no like I said y-you looked hot Leigh." Tapos bigla syang lumayo nanlalaki ang mga mata.

"Goodness! Huwag mo nang gagawin ulit iyan Leigh. Shit! Baka andito si Elmundo talagang lagot ako dun, napakaseloso pa naman ng boyfriend mo."

Tumawa naman ako.

Tsss. Baka kasama non ang haliparot na Marina na iyon.

"Nagp-practice lang ako Gel para sa performance ko mamaya." I said.

Kumindat ako sa kanya.

Habang naglalakad ako papuntang VIP which is nasa second floor.

Hindi iilang lalaki ang napapalingon sa akin.

Naiilang ako sa damit ko oo. Pero ayon sa source mahilig sa sexy si Danero at alam kong maraming sexy sa bar na ito. That's why I need to stand out. Saka ito iyong ibinigay sa akin ni ng loka-lokang si Xienne.

"Para kapag nakita ka ni Danero titigas agad sya."

Iyon ang mahalay nyang sabi sa akin. Napapailing na lang ako sa mga kaberdehan na lumalabas sa

bibig ng babaeng iyon.

"Hi Miss."

"Hi Babe wanna dance?"

"Hey sexy what's your name?"

Mga linyang iyan ang pauli-ulit kong naririnig sa mga lalaking nakakasalubong at nababangga ko.

Deadma lang ako.

I'm here on a mission kaya dapat buong konsentrasyon ko nasa misyon lang.

Nakarating ako sa VIP floor nakita ko agad ang subject sa isang mesa, nakikipag-inuman at may mga babaeng kaakbayan.

Sinadya kong dumaan sa harap ng mesa nila bago ako nagpunta ng bar counter.

Sa gilid ng mga mata ko nakita ko ang pagsunod ng tingin nya.

Naupo ako sa stool at umorder ng alak.

Bago pa man sya magsalita naramdaman ko na ang presensya nya.

"Hi Miss Sexy."

Gotcha.

Tinignan ko sya habang iniinom ang alak na inorder ko.

"Hi yourself." I said pagkababa ko ng baso.

Ngumisi si Randall at naupo sa tabi ko.

Gwapo sya. Malaki ang katawan para sa edad . Namumungay ang mga mata na obvious na langgo sa alak.

"I'm Randall, and you are?"

"Shane." Maikli kong sagot na muling umorder ng alak.

"Lonely huh?"

"Just bored." Malamya kong sagot.

"Do you mind kung saluhan kita?"

Nagkibit-balikat ako. Iyon naman ang gusto ko.

Ilang minuto ang lumipas na nag-usap kami.

Nawala ang pagka-aloof ko at ngayon ay nakikipagtawanan na ako sa kanya.

"Mas maganda ka kapag nakangiti." Sabi nya na ang mukha ay malapit na sa pisngi ko at ang braso ay nakaangkla na sa aking bewang.

Tumaas din ang kamay ko pasampay sa mga batok nya habang ang isa kong kamay ay inaabot ang inumin nya.

May nakaipit na namaliit na tabletang pampatulog sa pagitan ng middle finger at point finger ko na pasimple kong binitawan.

Itinaas ko ang baso ng alak habang iniikot-ikot.

"Last shot then lets go to the dance floor." Mapanghibo ang boses na sabi ko.

Lalong namungay ang mga mata nya tinanggap ang baso. Kinuha ko naman ang baso ko at binunggo sa baso nya.

Habang umiinom bigla akong napaunat ng upo.

May naramdaman akong nakatingin sa akin. No. May nakatitig sa akin.

At base sa pananayo ng balahibo at kakaibang pakiramdam na iyon parang kilala ko na ang may-ari ng mga matang iyon.

Syete! Anong ginagawa nya rito?

Hindi na ako nagtangka na hanapin sya mad-distract ako.

Bagkus nagpadala ako sa paghila ni Randall na pumunta sa gitna ng dance floor.

Sumaliw kami sa tugtog ng maharot na musika hinahayaan ko na hawakan nya ako sa bewang, braso at likod.
Kahit na nga tumutusok ang isang matatalim na titig sa akin.

I only have ten minutes para umupekto ang pampatulog kailangan kong madala si Randall sa isang pribadong silid para hindi matunugan ng mga alipores nya ang plano ko.

Naramdaman ko ang paglapat ng labi ni Randall sa tenga ko at bumulong duon.

"Let's gets some privacy Babe."

Kung si Tyrrone ang gumawa at tumawag sa akin ng ganon baka nagreact na kaagad ang katawan ko. Baka tumugon kaagad ako.
Ngunit dahil si Randall Danero ito. Pagkailang at pandidiri ang nararamdaman ko.

"Sure lover boy." Nang-aakit ang boses na sabi ko. Hahalikan nya sana ako ngunit mabilis akong umiwas. Ngumiti sa kanya ng nakakaakit. Tumalikod ako at sinadya kong artehan ang lakad ko para mas lalo syang maakit at mabilis na sumunod.

Kaso iyong nang-aakit na lakad ko, muntik ng mauwi sa pagkatapilok ng magkasalubong ang mga mata namin ni Tyrrone.

Madilim ang mga mata nya. And he have a dark expression in his face habang pinapasadahan ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

Umigting ang panga nya pero hindi sya nag-attempt na lapitan ako. Bagkus tinignan nya ng matalim ang mga lalaking nakatingin sa akin.

Naglakad ako. Naglakad ako kahit na nga madadaanan ko sya dahil duon sa pader sa may pasilyo kung nasaan ang mga pribadong silid sya nakasandal.

Deretso lang ang tingin ko habang papalapit sa kanya.

Huwag ka sanang magr-react dahil kung hindi sira ang plano namin.

Nakahinga ako ng maluwag ng wala syang ginawa hanggang makalampas ako sa kanya.

"Wait for me Babe." Narinig kong sabi ni Randall. Napakagat labi ako. Huwag sana syang suntukin ni Tyrrone.

Maayos naman kaming nakarating sa kwarto.

Pagpasok pa lang sisibasib sana si Randall ng halik ngunit pinigilan ko.

"Wait... let me undress you."

"Oh. You're wild ha." Sabi nya.

Three minutes.

Dahan-dahan kong hinubad ang damit nya at tinulak ko sya sa kama.

Umeepekto na ang gamot dahil napapapikit na sya.

"You are aggresive too." Sabi nya habang nakahiga.

Ngumisi ako at hinawakan ang sinturon ng pantalon nya.

Sa isip ko nagbibilang ako.

Ten...nine...eight... tinanggal ko sa unang butas ang sinturon nya at dahan-dahan na hinila.

Five...four...three..two...one.

Kasabay ng tuluyan na pagtulog ni Randall ay ang pagbukas naman ngpinto.

Nagulat na lang ako ng pumasok ang galit na si Tyrrone duon. Isinara nya ang pinto at hinila ako palayo kay Randall.

Sa labis na gulat ko, sinuntok nya sa mukha ang natutulog na binata.

"That's for touching her!" Another punch." That's for calling her babe!" And another one. "And that's for taking My woman here! In this fucking room!" pagkatapos niyon. Bigla syang bumaling sa akin, lumapit

Hindi na ako nakapagreact ng bigla nya akong buhatin na parang sako ng bigas at dinala sa bintana.

Ang bintanang iyon ay nakatapat sa hagdan ng fire exit. At sa dulo ng hagdang iyon ay naghihintay sina Gelo at Landon sa isang van kung saan namin isasakay ang natutulog na si Randall.

"Ano ba! Ibaba mo ko." Pilit akong kumakawala sa pagkakabuhat nya habang pababa kami.

Pero ang sira ulo pinalo lang ang puwet ko.

"Stay put and shut up kung ayaw mong mahulog o mabuking tayo." Galit nyang sabi.

Ibinaba nya lang ako ng nasa tapat na kami ng Van.

"Ano ba bakit ka ba nanggugulo?" Galit na tanong ko na hindi nya pinansin.

Binalingan nya ang nabiglang si Gelo at Landon.

"Don't look at her!" Madiin na sabi nya. "Bakit hindi nyo nalang kunin ang buwisit na lalaking nasa taas bago ko balikan at pulbusin ang mukha."

Natauhan ang dalawa at mabilis na sumunod.
Bihasang kumilos ang mga ito paakyat.

Muli akong tinignan ni Tyrrone.

"Umuwi na tayo." Hahawakan nya sana ang braso ko pero umiwas ako.

"Hindi pa tapos ang misyon ko." Sabi ko na humalikipkip.

Nakakailang ang mga tingin nya. Ilang ulit kasi na naglalakbay ang mga mata nya sa kabuuan ko.

Takte! Umiinit na naman.

"Uuwi na tayo Leigh." Giit nya.

"Uuwi ako sa bahay namin kung kelan ko gusto." Badtrip na sagot ko.

"No!"

"Ayaw ko pa ngang umuwi!"

Nang humakbang sya. Bigla akong tumakbo sa labis na gulat nya.

"Sinabi ko na. Ayaw kong makita ka hanggat sariwa pa sa isipan ko ang pakikipaghalikan mo sa iba!" Sabi ko habang tumatakbo.

"Damn it! I said it's not what what-" napahabol sya sa akin ng pumara ako ng taxi. "Leigh!"

"Dyan ka muna bossing mag-enjoy pa ako." saka ako mabilis na sumakay.

Wala syang nagawa kundi habulin ako ng tingin ng mabilis na humarurot palayo ang taxi na sinasakyan ko at kahit hindi ko naririnig alam kong sunod-sunod na mura ang pinakawalan nya.

*****

Ang talagang balak ko ay umuwi sa bahay. Pero nagbago ang isip ko. Tiyak na malalaglag ang panga ni papa at makukurot ako ni Tita pag nakita nila ang suot ko.

Kaya dito sa kalapit na bar ako napadpad.

Tulad sa XYz pagpasok ko pa lang iyong mga lalaki sa akin na nakatingin. Samantalang iyong mga babae ang tatalim kung makatingin.

Wala akong pinansin sa kanila.

Ano ngayon lang sila nakakita ng ganitong ka-daring na damit.

Dumeretso ako ulit sa bar. Nag-order ulit ng alak.

Para akong bulaklak na mabilis na nilapitan at pinaikutan ng mga lalaki, nag-agawan pa sila sa stool na nasa tabi ko.

"Hi Miss."

"Hi Sexy."

"Hi Gorgeous."

Mga lalaki nga naman.

Deadma silang lahat sige lang ako sa pag-inom.

Ngunit napaunat ako ng upo ng may mapangahas na humawak sa likod ko.

Handa ko na sanang pilipitin ang ang kamay ng kung sinong pangahas na iyon nang may mauna ng gumawa niyon.

"Take of your hand in my woman asshole!" Galit na galit na sabi ni Tyrrone.

Ang bilis ah. Twenty minutes nakasunod kaagad.

Itunulak nya ang humawak sa akin.
At tinignan ng masama ang lahat ng lalaking nakapalibot sa paligid ko.

"Pare nauna kami rito ku-." Napahinto at napaatras ang lalaking nagsasalita ng maslalong tumalim ang mga mata niya.

"Alis! Kung mahal nyo pa ang mga sarili nyo lumayo kayo sa kanya!" Nabasa ko ang matinding galit sa mga mata nya.
"Fuck off!" na nabasa rin ng mga lalaking ito dahil pagkatapos sabihin ni Tyrrone ang huling dalawang salitang iyon nagsialisan sila.

Kunyaring hindi ko pinansin ang ginawa nya, muli kong ibinalik ang atensyon ko sa pag-inom.

"Talagang sinasagad mo akong babae ka!" Sabi nya kasabay ng pagbalot ng isang kulay dark brown na

jacket sa likod ko. "What the hell are you thinking, parading yourself wearing that sinful thing!" Galit na wika nya. Umupo na sya sa tabi ko.

Sumisigaw sya ngunit dahil maingay sa loob ng bar kami lang ang nagkakarinigan na dalawa.

"Nasa bar ako. Bakit ko papatungan ng jacket ang suot ko?" Malamig ang tinig ko. Ibinalik ko sa kanya ang jacket na hinubad ko.

"Wear this!" Ipinatong nya ulit sa likod ko ang jacket na muli kong inalis.

"Sasayaw ako." Pagkasabi ko non ay iniwan ko sya at pumunta sa dance floor.

"Damn it Leigh!"

Hindi ko sya pinansin.

Dahil narin siguro sa alak na nainom ko.Nawala na ang pagkailang ko. Sumayaw ako sa gitna ng dance floor na walang pakialam sa paligid ko.

Hindi na ako mag-aalala na may mambastos sa akin dito dahil alam kong hindi naman nya papayagan iyon.

And then naramdaman ko ang pagpalibot ng mga braso nya mula sa likod ko.

"Fuck it Leigh! Gusto mo talagang mapatay ko lahat ng lalaki rito. Damn this fucking dress!"

Hindi ko sya pinansin sumayaw lang ako.

Bigla nya akong inikot paharap sa kanya kasabay ng pagpalit ng kanta.

Closer by Chainsmoker

https://www.youtube.com/watch?v=agFMqNB9BYM

Mas umingay ang mga tao mas naging wild. Ako lalayo sana kay Tyrrone pero mahigpit nyang hinapit ang bewang ko. Lapat na lapat ang kamay nya sa hubad kong likod.

"You want to dance wearing that dress fine! But i want you closer. Dito lang sa tabi ko para makita ng mga lalaking naandito na pag-aari ko ang pinakasexy at pinamagandang babae dito sa bar na ito."

? So, baby, pull me closer
In the back seat of your Rover
That I know you can't afford
Bite that tattoo on your shoulder
Pull the sheets right off the corner
Of that mattress that you stole
From your roommate back in Boulder
We ain't ever getting older ?

Magaslaw ang kanta. Pero kaming dalawa. Mabagal at medyo maharot ang galaw ng katawan.

Iyong init na nararamdaman ko parang mas lalong tumaas nang bumaba ang labi nya sa leeg ko.

Napapikit ako. Suminghap.

Naglakbay ang kamay nya sa mga katawan kong nakalabasa.

"Damn it Leigh bakit binibilad mo ang katawan mo. Its for my eyes only. Akin lang!" Naglakbay ang mga labi nya papuntang labi ko.

Pero bago pa man na lumalim ang ginagawa naming dalawa.

May kung sinong humila sa kanya palayo sa akin.

"Tyrrone!" Ang masaya at maarteng tawag ng haliparot na si Marina.

At sa labis na gulat ko.

Muli...

...muli nyang hinalikan si Tyrrone.

At ang nabiglang binata nanlaki na lang ang mga mata.

Tangna talaga!

Pigilan nyo ko dahil manghihiram talaga ng mukha sa aso ang haliparot na ito!

*****

H/n

Bibitin ko kayo ulit hahaha pasensya na in na q eh...

Thanks po sa boto pagbasa at pagc-comment.

Have a nice day?

1122017tbu 8:58

35.

Beware ***SPG ahead*

For emia14260 nag naglike sa bawat chap ng His Jinxs Butterfy. Thanks po?

****

Fuckshit! Nagdidilim talaga ang tingin ko sa bwisit na haliparot na ito.

Nakakapanginig talaga sa galit.

"Shit! Stop it Marina!" Palag naman ni Tyrrone na pilit na tinutulak ang babae.

Si Marina naman ayaw bumitaw ang higpit-higpit pa ng hawak sa batok ni Tyrrone.

Balian ko kaya ng buto para masaya!

"Why? Hindi ba kaya andito ka kasi sinundan mo ako, narealize mo na ako ang mahal mo at hindi iyong cheap na Leigh na iyon." Maarteng sabi ni Marina na nang-aakit pa ang boses.

Eh gaga pala talaga 'to. Ano! hindi nya ako nakikitang kasama ngayon ni Tyrrone.

*"*Fuck off Marina kasama ko si Lei--."

Tangna! At umisa ka pa talaga ulit.

Inis na hinablot ko ang braso si Marina, na muling hinalikan si Tyrrone.

Pinilipit ko ang kamay nya.

"Ouch! Ano ba! Bitawan mo ako!"
Binitawan ko naman sya at pumuwesto sa pagitan nila ni Tyrrone. Mahirap na baka masunggaban na naman ng haliparot na ito ang babe ko.

"Who are you!" Galit na sabi ni Marina. Tinignan ako mula ulo hanggang paa.

May kung anong kumislap sa mata ng babae na kung hindi ako nagkakamali ay inggit.

"I told you kapag hinalikan mo pa si Tyrrone manghihiram ka talaga ng mukha sa aso, last warning Miss isang halik pa, talagang emergency room ang bagsak mo."

Kumunot ang noo ni Marina. Muli akong tinignan mula ulo hanggang paa.

"Leigh..." tawag ni Tyrrone sakin pumalibot ang kamay sa bewang ko. Naramadaman siguro nya kung gaano ako kaseryoso sa banta ko.

"Leigh?" Ulit ni Marina. "Ikaw si Leigh iyong babaeng cheap na girlfriend ni Tyrrone." ni head to foot nya ulit ako. Pagkatapos ngumisi sya. "Desperada ka na, ba't nagsusuot ka ng ganyan? Mukha kang

pokpok." Pang-aasar nya.

Imbes na mainis ngumisi rin ako.

"Kung pokpok ako ano ka pa? Saka huwag tayong sinungaling sa sarili natin nakakabaliw iyan. May nabasa akong inggit dyan sa mga mata mo. Obvious na obvious na inggit ka sa katawan ko."

Pasensya na ayaw kong isampal sa mukha nya iyon pero pinipikon talaga ako ng bwisit na haliparot na ito.

"Huh ang kapal ng mukha mo! Me! Maiinggit sayo? Sayo na wala man lang sa kalingkingan ko! Dream on girl. Sa atin dalawa ikaw ang naiinggit sa akin. Alam mo kung bakit? Dahil alam nating pareho na ako ang bagay kay Tyrrone at hindi ikaw na walang kwenta!" She said with a matching point finger pa.

Sinusubukan talaga ako ng babaeng ito.

Humakbang ako papalapit.

"Don't Leigh." Pigil ulit ni Tyrrone sa akin. Humigpit ang hapit sa bewang ko.

Huminto naman ako sa paghakbang. Matiim na tinignan si Marina.

Saka ako muling ngumisi sa kanya.

"Really? Kayo ang bagay? Pero bakit kapag hinahalikan mo sya parang may bad breath ka kung itulak nya."

Maingay at magulo parin ang paligid namin. Nasa gitna parin kami ng dance floor. Good thing masyadong busy ang mga tao rito para pansinin ang drama naming tatlo.

"Girl... bulag ka ba? Gusto ni Tyrrone ang mga halik ko. Itinutulak nya ako kasi nagtitimpi sya." Ayaw paring patalo na sabi Marina.

Humigpit pang lalo ang pagkakahapit sakin ni Tyrrone, para bang sinasabi nya na hindi totoo ang sinabi ng haliparot na ito.

"Talaga? Bulag ako? Sige nga. Kapag hinahalikan mo ba si Tyrrone ganito ang reaksyon nya?" Pagkasabi ko niyon, hinarap ko ang binata, tumingkayad ako at hinalikan ito sa mga labi.

Lahat ng natutunan ko kay Tyrrone ibinuhos ko sa halik na iyon. Malikot kaagad ang galaw ng labi ko sa labi nya.

Sa umpisa natigilan siya. But when I bit his lower lip tulad ng ginagawa nya sa akin kapag hinahalikan nya ako, nuon sya
nagsimulang tumugon.

Hinapit nya akong lalo.

Nakipaglaro at sinabayan ng dila nya ang galaw ng dila ko, naramdaman ko pa nga ang pag-angat ko ng bahagya ng buhatin nya ako. Lumipat ang isang kamay nya sa aking batok para mas dumiin ang pagkakahalik nya sa akin. Nawalan na ako ng pakialam sa paligid. Pati ang haliparot na si Marina ay nakalimutan ko na sa paraan ng paghalik nya.

Iisa lang ang nasa isip ko...at iyon ay ang halik ni Tyrrone.

Humihingal na naghiwalay ang mga labi namin. Idinikit nya ang noo sa noo ko.

"Damn Leigh!" Mahina nyang sabi habang nakapikit parin.

Namula ang aking mukha nang may naramdaman akong nabuhay sa katawan nya. Lalong nag-init ang pakiramdam ko.

Ibinaba nya ako, as he do that he's looking at my eyes.

I love you.

Ang mensaheng ipinaparating ng mga mata nya.

Hindi ako sumagot, bagkus nilingon ko si Marina na nakatulala sa amin.

"See girl, ikaw na ang magcompared." Pagkatapos lumapit ako sa kanya. Hindi na ako nagawang pigilan ni Tyrrone, lutang pa sa halikan naming dalawa. "Pero bawal na ang repeat performance, dahil isang-isa ka na lang." Napaatras si Marina ng makita ang kakaibang kislap ng mga mata ko. "Hindi mo ako gugustuhing kaaway...girl. Hindi ako patas maglaro, lalo na kapag si Tyrrone ang nakataya." Lumapit pa ako sa kanya. "Isang hawak at halik pa hindi na sa emergency room ang bagsak mo...sa impyerno na." Nabasa siguro nya kung gaano ako kaseryoso, bumakas kasi ang takot sa mukha nya at napaatras sya ulit.

Isang malditang ngiti ang iniwan ko sa kaniya bago ako nagmartsa palabas ng bar.

*****

Hindi ko alam kung ilang minuto na kaming nakatayo at nagtitigan ni Tyrrone sa loob ng condo nya, basta walang umiimik sa amin.

Manigas ka dyan, akala mo kakausapin kita pagkatapos mong makipaghalikan sa iba. Tsss bahala ka.

After kong lumabas ng bar, nakasunod kaagad sa akin si Tyrrone. Hinila nya ako papuntang sasakyan nya at dinala rito sa condo.

Ramdam ko parin ang galit nya pero pasensya sya galit din ako.

"Wala ka bang sasabihin?" Madilim ang mukha na tanong nya pagkuwan.

Tinaasan ko lang sya ng kilay at humalikipkip. Suot ko parin iyong dress at nakasandal ako sa pader, habang sya nakatayo sa tapat ng pinto na para bang ano mang oras ay tatakbo ako palabas duon.

"You fucking wore that dress! Ipinarada ang katawan mo sa lahat, nakipagsayaw at pumasok sa loob ng kwarto kasama ang isang lalaki! Tapos ang gagawin mo lang ngayon ay tataasan ako ng kilay. Napipikon na ako sayo babae!"

"Aba ikaw pa talaga ang may ganang mapikon ngayon bossing!" Nameywang ako. Putek! Hindi ako nakatiis. "Atleast ako hindi ako nanghahalik. Dapat pala hinalikan ko na lang sya para quits--ano ba!" Hindi ko natapos ang ang sinasabi ko ng mabilis syang nakalapit sa akin at sinaklit ako sa bewang. Iglap lang naihiga nya na ako sa sofa.

"Ano ba Bossing alis nga!" Tulak ko sa kanya ng pumaibabaw sya, aktong sisipain ko sya para mapaalis nang pigilan nya ng kanyang kamay ang hita ko.

Sabay kaming natigilan dalawa.

Bakit?

Kasi sa kakasipa ko umangat iyong dress na suot ko, kaya ang kamay nya, naglanding sa mismong balat ko.

His hand in my bare thigh.
Skin to skin. Heat by heat.

Hindi niya inalis ang kamay nya ruon.

No One Else Come Close by :Joe

https://www.youtube.com/watch?v=4wZrhS1eNac

?? Hmm..hmmm.hhmm..?

"Alam mo bang galit na galit ako sa ginawa mo. Sinabi ko nang akin ka at tanging ako lang ang puwedeng humawak at makakita sa katawan mo." Galit parin ang boses nya pero pabulong na ang pagkakasabi niyon.

? When we turn out the lights
The two of us alone together
Something's just not right
But girl you know that
I would never ever let another's touch Come between the two of us 'Cause no one else will ever take your place ??

Suminghap ako.

Iyong mga kamay nya nag-umpisang maglumikot at humimas sa ibabaw ng hita ko.

Pero kahit namumungay ang mga mata ko. Kahit bumibigat ang paghinga ko, sinagot ko rin sya ng pagalit at pabulong.

"Ako hindi puwede pero pag ikaw okay lang. Okay lang na hawakan ka, yakapin at halikan! Sabagay mukhang nag-eenjoy ka rin naman kasi Bos-."

Hinalikan nya ako.

"Hmmmp." Itinutulak ko sya pero ayaw, patinag. Itinaas pa ng isang kamay nya ang dalawang kamay ko habang ang isa patuloy sa paghaplos sa hita ko.

Nyemas ang daya mo Bossing!

Unti-unti akong nadadala sa halik nya na kanina ay mariin na naging mapaghanap at ngayon ay naging masuyo.

Suminghap ako ng mas ililis nya pa ang dress na suot ko at ipasok ang kamay hanggang sa makarating tagiliran ko.

Sa pagsinghap kong iyon, nagawang makapasok ng dila nya sa loob ng bibig ko.

He grazed my lips, played with my tongue. Natagpuan ko nalang ang sarili kong tinutugon ang halik nya, at ang braso ko ay yumayakap na sa kanya.

Nag-angat sya ng tingin at buong init akong tinignan.

"Wala akong gustong hawakan, yakapin at halikan kundi ikaw. Tanging ikaw na lang ang nakakagawa nito sakin." Umawang at mas pumungay ang mga mata ko ng idiin nya ang pang-ibabang katawan nya sa katawan ko.

? No one else comes close to you
No one makes me feel the way you do You're so special girl to me And you'll always be eternally Every time I hold you near
You always say the words I love to hear Girl with just a touch, you can do so much No one else comes close ?

Hindi ko alam pero may init akong naramdaman mula sa katawan ko pababa 'duon'.

"See ikaw lang Leigh. The moment I submit myself to you, sayo at sa katawan mo na lang sya tumutugon. Wala na..." bumaba ang mga labi nya at hinalikan ang punong tenga ko.
Napapikit at napaliyad ako ng maramdaman ko ang paglalaro ng dila nya ruon.

"T-tyr--."

"...akong ibang gusto kundi ikaw. Wala akong ibang katawan na aakinin kundi sayo lang at..." he bit my earlobe before his lips traveled down to my neck, down to my skin na nakikita sa seethrough kong damit. Lahat ng balat na kita sa damit na iyon ay dinaanan ng labi at dila nya bago umakyat pabalik sa mga labi ko.

Half closed na ang mga mata ko ng muling magtama ang mga mata namin.

"...wala na akong ibang mamahalin kundi ikaw lang, ikaw lang Leigh Shane Rozul." Saka nya muling sinakop ang mga labi ko.

? And when I wake up to
The touch of your head on my shoulder You're a dream come true, yeah Oh girl you know I'll always treasure Every kiss and every day I love you girl in every way And I always will 'cause in my eyes...?

Mas mapusok, mas malikot at mas malalim.

Kusang sumunod ang mga labi ko sa galaw nya. Nagugusot ang damit nya sa likod sa higpit ng kapit ko duon. Kada diin nya ng katawan nya sakin mas lalong tumitindi ang nararamdaman ko.

"You have a body to die for Babe." Itinukod nya ang isa nyang kamay sa sandalan ng sofa at tinitigan ang buong katawan ko. "Lahat ng lalaking tumingin sayo kanina gusto kong patayin. Lalo na iyong buwisit na lalaking iyon." Nanlaki ang mga mata ko ng walang kahirap-hirap na napunit nya ang dress na suot ko. At dahil built in ang bra niyon bumungad kaagad sa kanya ang dibdib ko.

"T-tyrrone..." tatakpan ko sana ang dibdib ko pero pinigilan nya ako.

"Kahit gaano ka pa kaganda at kasexy sa damit na ito, sorry babe pero hinding-hinding ka na ulit makakapagsuot nito."

? No one else comes close to you
No one makes me feel the way you do You're so special girl to me And you'll always be eternally baby...?

His eyes became more darker. Desire became more evident and clear in it. Lalo na ng pagmasdan nya ang dibdib ko.

"Akin ka lang. Aking lang ang lahat ng ito."

Kumawala ang ungol sa aking mga labi ng bumaba ang ulo nya sa isa sa dibdib ko.

He marked me their habang ang isa nyang kamay humahaplos at pumisil sa kabila.

"Ohhh... B-bossing." Daing ko.

Para akong lalagnatin na hindi ko maintindihan, lalo na ng maglaro ang dila nya sa nipple ko.

Kumagat, humalik, sumipsip.

Pabaling-baling ang ulo ko sa sofa. Tuluyan na nyang tinanggal ang suot ko sa akin. Tuluyan ng nabilad ang buo kong katawan sa mga mata nya ng hubadin nya ang nag-iisang saplot ko.

"So beautiful and soft." Bulong nya habang humahaplos at gumagala ang kanyang mga kamay.

Napaangkla ang mga hita ko sa bewang nya nang bigla syang tumayo na dala ako.

"Fuck...shit." bulong na mura nya ng dumiin ang pagkababae ko sa 'kanya'.

Ang bilis ng kilos na dinala nya ako sa kwarto papuntang kama.

Ibinaba nya ako ruon, saka nagmamadaling hinubad ang mga damit nya.

Napakurap-kurap ako ng tuluyang tumambad sa akin ang kahubdan nya. Napaupo ako ng makita ko ang sa 'kanya'. So ready and erect.

Napalunok ako.

Syete! Kasya ba sa akin iyan?

Siguro nabasa nya ang pangamba sa mga mata ko, naupo sya sa kama at hinawakan ako sa magkabilang balikat.

"Don't be afraid Leigh, dadahan-dahanin ko." Pilyo nyang sabi.

"Bossing!"

Nyemas talagang niloko pa ako eh windang na windang na nga ako rito.

Lalong lumuwang ang pagkakangiti nya bago nya ako hinila at muling hinalikan.

Mas lalong tumaas ang temperatura ko ng maglapat ang hubad naming katawan.

Habang humahalik iginiya nya ako pahiga.
Muling naglakbay ang kamay nya sa katawan ko.

Napaigtad ako ng ng maramdaman ko ang kamay nya duon sa pagkababae ko.

Nakagat ko ang balikat nya ng humagod ang hinlalaki nya 'duon'. Hindi ko malaman kung isasara ko o mas ibubuka ko pa ang mga hita ko.

"Tyrrone..." napakagat labi ako ng pumasok ang isa nyang daliri, may kirot akong naramdaman bagamat may kasabay ding kiliti iyon.

Lumiyad ang katawan ko ng magsimula iyong gumalaw.

"T-tyrrone... T-tyrrone..." paulit-ulit na tawag ko sa pangalan nya. Busy naman ang mga labi nya sa pagbibigay ng marka sa leeg at dibdib ko.

Ngunit ng muli nyang pagtuonan ng pansin ang nipple ko kasabay ng pagbilis ng paggalaw ng daliri nya. Parang may kung anong sasabog at gustong kumawala mula sa loob ko.

"T-tyrrone..." napapikit ako ng mariin at napasunod ang katawan ko sa galaw ng daliri nya. "T-ty...hmmm..."

"Let it go Leigh." Bulong nya habang patuloy parin sa paghalik sa dibdib ko.

Mas binilisan nya pa ang pag lalabas-masok ng daliri nya.

Hanggang sa may kung anong kumawala sakin.

Isang mahabang ungol ang kumawala sa mga labi ko ng may tila ako naabot na kung ano...

"Ohhh..."

But then napamulat ako ng mga mata ng mapalitan ang daliri nya.

I can feel the pain kasabay ng kiliti.

Kusang tumulo ang luha sa mga mata ko.

"Shhh... I'm sorry, I need to do that para hindi mo gaanong maramdaman ang sakit..." bulong nya

habang pinapaliguan ako ng halik sa mukha.

Tumango naman ako at yumakap sa kanya.

Ilang segundo syang hindi gumalaw, sinasanay ang katawan ko sa 'kanya'.

And when he finally move naroon parin ang sakit... sakit na unti-unting nawawala...at tuluyang nawala ng itaas nya sa magkabilang nyang bewang ang hita ko.

"Damn Leigh, you're so fucking tight...so fucking feel good." Bulong nya. "Babe...hold on please. " as he said that nagbago ang tempo ng paggalaw nya.. mula sa mabagal na pagtaas baba bumilis iyon.

Napayakap ako ng mahigpit sa kanya. Tuluyan ko ng hindi naramdaman ang sakit, kiliti at sarap na lang.

Gumalaw at gumagad narin ang katawan ko sa galaw nya...sumasalubong, lumalayo.

May aircon pero parehas kaming pawis na pawis.

"L-leigh... mahal kita.. mahal na mahal kita. " bulong nya sa pagitan ng pagkuyumos ng halik sa akin.

"Maha...mahal din kita..." sagot ko na tinutugon ang paghalik nya.

Puros ungol namin at ingay ng kama ang maririnig sa kuwarto nya.

And then I feel it again iyong parang may inaabot na kung ano, sa pagkakataong iyon mas malakas ang intensidad mas malakas ang kiliting nararamdaman.

"T-tyrrone..." tawag ko sa kanya.

Hanggang sabay namin naabot ang nais namin marating.

"Leigh..."

I can see star... pakiramdam ko umangat ako sa lupa at itinaas ng nataas na mataas. Nadagdagan pa iyon ng isiksik ni Tyrrone ang mukha nya sa leeg ko at mariin na hinalikan ako duon.

Ganito pala...

...ganito pala ang pakiramdam...

...ang pakiramdam na marating ang langit sa piling ng iyong minamahal.

? Everytime I hold you near
You always say the words I love to hear
Girl with just a touch, you can do so much
No one else comes close
No one else comes close...

...damn I love you ?

****

H/n

Iyong sinusulat mo iyong scene na ito tapos biglang may sisigaw sa likod na nasusunog iyong likod ng bus! Eh di wow!

#Latepost

???? ?

Thanks po sa pagbabasa at pagboto. Sana malaman ko iyong iniisip nyo sa chap na ito???.

Helliza sabida

111417uivst 7:37

36. Wakas

Para **SAYO** na minsan na naging crush ko pero ni friend zone ako.
Sayo na isa sa pinaghugutan ko nito.

Salamat kahit alam kong hindi mo mamabasa 'to.????.

******

Nakapikit akong umunat.

Hindi ko namalayan na nasa gilid na pala ako ng kama. Umikot ako at malalaglag sana kung hindi lang sa mga brasong pumulupot sa aking bewang at hinila ako bago tuluyang mahulog.

"Babae, kahit kailan napakalikot mong matulog."

"Hmmm?" inaantok pa na ungol ko.

Naramdaman ko ang paglipat ko mula sa kama hanggang sa pamilyar na mainit at matigas na katawang iyon.

"Buong madaling-araw mo na akong ginawang kama, at ilang segundo pa lang kitang ibinababa malalaglag ka na...tsss dapat na masanay kang may katabi Babe." Bulong ni Tyrrone na nakatapat ang mga labi sa pisngi ko.

Umangat naman ang mukha ko para tignan sya.

Ang gwapo ni Bossing kahit sa panaginip.

Ngumiti ako sa kanya, pagkuway bigla akong natigilan.

Bumalik sa isip ko iyong mga nangyari kagabi.

Nuon ko din napagtanto na nasa ibabaw ako ng hubad nyang katawan.

Syete hubad din ako!

Wala man lang kahit na kumot na nakatakip sa aming dalawa.

Nanlaki ang mga matang napatingin ako sa katawan ko pagkatapos at sa katawan nya.

Lumunok ako. Syete! Naakit ako sa abs nya!

Bago ko pa napigilan ang sarili ko tumaas ang kamay ko at hinaplos ang abs nya.

Grabe ang tigas.

"Continue doing that Babe at sinasabi ko sayo buong araw tayong hindi lalabas sa condo ko." He said. His voice was hoarsed.

Namula ako, lalo na ng tumama ang paningin ko 'duon' na alive na alive at tila nagpapaakit pa na hawakan ko.

Awang ang mga labi na tinignan ko sya.

"Damn it Leigh!" Mura nya sabay halik sa akin.

Umikot sya kaya napailalim ako at nagkapalit kami ng puwesto

Pumikit ako at dinama ang halik nya...saka ako tumugon.

Napaungol sya sa ginawa kong pagsagot at mas lalo nya akong kinuyumos ng halik.

Walang pang-ilang sandali ready na ako ulit na tanggapin sya.

"Tyrrone..." daing ko ng maramdaman ko ang dila nya sa 'akin'.

Kumiwal ang katawan ko.
Lumiyad at sumunod sa galaw ng bibig nya.

Goodness! Kung kagabi akala ko natikman ko na ang langit sa piling nya, mas masarap at bago sa pakiramdam ko itong ginagawa nya.

Sa kislot at galaw ng eksperto nyang mga labi at dila, nadala nya akong muli sa lugar na tanging sya lang ang may kakayahan na gawin.

Ohhh...shit! Shit!

Humihingal na napapikit ako, habang umaakyat ang labi nya papunta sa mga labi ko.

"B-bossing, bakit mo ginawa iyon?" nahihiyang tanong ko sa kanya. Tumaas ang kamay ko at pinunasan ang labi nya.

Ngumiti sya at hinalikan ang aking kamay.

"To show how much I cherish and love you Babe." mapungay ang mga mata na sabi nya.

Napapikit at napaungol akong muli ng maramdaman ang pagpasok 'nya'.

Yumakap ang braso ko at hita sa katawan nya, habang sya ay lumuhod at nagsimulang gumalaw.

Sa umpisa mabagal, hanggang sa pabilis ng pabilis.

Ako bilang bago lang sa larangang ito, sumusunod sa bawat galaw ng nya. Humahalik sa mga labi at hinahaplos ang katawan nyang tanging ako lang ang nagmamay-ari.

Nang araw ngang iyon hindi nya nya ako pinalabas ng condo nya at nang sumunod na araw pa.

Dahil si Bossing ko, hindi ako tinigilan, itinuro nya sa akin kung paano ipakita ang pagmamahal sa pisikal na paraan. At sino ba ako para tumanggi?

Eh si Tyrrone Jigs Elmundo na ito. Ang lalaking mahal na mahal ko.

****

Humihikab ako habang nakatayo sa labas ng gate ng university.

Hinihintay ko si Tyrrone na susunduin ako ngayon.

Ang tagal naman ni Bossing, inaantok na ako.

"Leigh." Napatingin ako sa likod ko.

"Clarissa."

Ngumiti sya, iyong ngiting hindi umabot sa kanyang mga mata, at alam ko kung bakit ganon sya.

Dahil sa magaling kong kaibigan.

"Hindi pa ba sya nagpaparamdam sayo?" Deretsong tanong ko.

Tumingin sya sa kalsada at umiling.

"Let him be. Kung ayaw nya akong makita, igagalang ko ang pasya nya." Malungkot pati ang boses nya.

Naku Eizen sasapakin kita!

"Kilala ko si Eizen. Naguguluhan lang iyon pero sigurado ako, kapag nakapag-isip-isip na sya I'm sure na babalik sya... babalikan ka nya."

Tinignan ako ni Clarissa.

Gusto ko talagang pulbusin ang pagmumukha ng magaling kong kaibigan sa ginawa nya.

Bakit ba kapag nagmamahal ka, ginagawa mong kumplikado ang lahat. Hindi ba puwedeng kapag mahal mo at mahal ka maging masaya na lang kayong dalawa?

"Kung sakaling bumalik sya, papahirapan ko sya Leigh. Hahayaan ko syang maghabol sa akin para maranasan naman nya kung ano ang pinagdaanan ko ngayon. Paghahabulin ko sya... iyon ay kung babalikan nya nga ako."

Nginitian ko sya.

Ayaw ko syang paasahin kaya hindi ko na isinatinig ang gusto kong sabihin.

Alam ko. Sigurado ako, na babalikan ni Eizen si Clarissa.

"Huwag ka ng malungkot Clarissa tara yayain natin--."

"Leigh!" Gulat na sigaw ni Clarissa sa pangalan ko ng bumuway ang aking tayo bago tuluyan akong matumba.

Matinding hilo ang aking naramdaman bago ako tuluyang lamunin ng dilim.

Tyrrone...

****

"Fuck Babe, open your eyes please!" kasunod ng tinig ni Tyrrone ay ang paghaplos naman niya sa pisngi ko.

Gumalaw ako, bago nagmulat ng mga mata.

Ang nag-aalalang mukha ni Tyrrone ang namulatan ko.

"Leigh...Babe..." tila nakahinga sya ng maluwang ng makita nya ang mga mata ko.

"B-bossing?" Napalibot ako ng tingin, nasa hospital ba ako?

Gumalaw ako at umaktong uupo.

"Don't move muna Leigh. Hindi natin alam kung ano ang nangyari sayo. Sabi ni doktora humiga ka daw muna." Pigil sa akin ni Clarissa.

"What happenned babe, bakit hinimatay ka? Good thing nasa malapit na ako at nadala kita agad dito."

Pumikit ako ng muling makaramdam ng pagkahilo.

"Hindi... hindi ko alam,nahilo na lang ako bigla." Sagot ko saka muling nagmulat ng mga mata.

Hinalikan naman ni Tyrrone ang kamay kong hawak nya ng mahigpit.

"May masakit ba sayo? May nakalaban ka ba habang wala ako? Shit Leigh! You're scaring me!" Muli syang napamura ng pumikit ulit ako.

Napangiti ako kahit nakapikit.
Nakikita ko kasi sa isip ko ang galit ngunit gwapong mukha nya.

"Huwag mo ako ngitian babae! Tinatanong ko kung ano pa ang nararamdaman mo!"

"Hey Tyrrone kumalma ka." Clarissa said.

"Bossing..." tawag ko sa kanya nakapikit parin. "Gusto ko ng cake. Kahit anong flavor basta hugis gitara."

"What?"--sya

"Leigh?" --si Clarissa.

Kasabay niyon bumukas ang pinto at pumasok ang doktora.

Napatuwid ng tayo si Tyrrone.

"How is she doc?" Tanong kaagad nya.

Nagmulat narin ako ng nga mata.

Nyemas nahihilo talaga ako! At gusto kong kumain ng cake!

"Wala kang dapat ipag-alala Mr. Elmundo, natural sa isang buntis ang mahilo." Sagot ng doctora.

Nanlaki ang mga mata ko.

Ano raw? Buntis? Ako?

"Buntis ho sya doc?" Tanong ni Clarissa. Ito na ang nagtanong dahil si Tyrrone natulala na lang.

"Oh. Hindi nyo ba alam. She's four weeks pregnant."

Napahawak ako sa tyan ko.

Kumabog at bumilis ang tibok ng puso ko.

May buhay...may buhay akong dinadala ngayon.

Napatingin ako kay Tyrrone na tulala parin.

Wala syang imik kahit na sinasabi ni doktora ang mga dapat at hindi ko gawin.
May mga nireseta rin na gamot ang mabait na doktor, hanggang sa nagpaalam ito, wala parin akong narinig na salita mula sa binata.

"Ahhh... ako na ang bibili ng vitamins mo Leigh." Prisinta ni Clarissa. Napansin siguro nya ang hindi pag-imik ni Tyrrone.

Tumango naman ako.

"Salamat."

Naiwan kaming dalawa ni Tyrrone.

Hindi parin sya umiimik at gumagalaw sa pagkakatayo nya.

Nakatingin lang sya sa pintuan.

"B-bossing... galit kaba?" Tanong ko na umuupo kahit na nahihilo pa.

Galit ba sya? Ayaw nya ba sa baby namin.

Kinabahan at natakot tuloy ako.

Iiwan nya na ba ako?

Nuon sya kumilos, payuko sa akin.

Nanlaki ang mga mata ko ng siilin nya ako ng halik.

Sa umpisa nagulat ako hindi kaagad nakakilos, pero ng makabawi ay mabilis din akong tumugon.

Naupo sya sa gilid, ng kama habang patuloy parin akong hinahalikan. Inilipat nya ako sa kandungan nya ng buong ingat. Ginawa nya iyon ng hindi pinuputol ang paghalik sa akin.

Habol ang hiningang naghiwalay kami.

"T-tyrrone..."

"Ako galit? Damn it Leigh! Kabaligtaran non ang nararamdaman ko. You..." hinalikan nya ako sa noo. "You made me the happiest man. Fuck! Hindi mo lang alam kung gaano mo ako pinasaya ngayon. I love you! I love you! I love you Babe." Pinupog nya ako ng halik sa mukha. "I love you babe." Then he kissed me again.

Gusto ko sanang sabihin sa kanya na mahal ko din sya, kaso hindi nya pinakawalan ang mga labi ko.

Kaya nagkasya na lang ako sa pagtugon sa halik nya.

Sa halik kong iyon ipinaramdam ko rin kung gaano ako kasaya.

We made an angel at ngayon pa lang excited na ako na makita sya!

*****

"Babe, are you sure na gusto mo ng cake na hugis gitara?"

Tumango ako.

"Oo nga Bossing, cake nga, hugis gitara, saka kalamansi juice." Sagot ko habang nakakandong sa kanya.

Four months na ang tyan ko at medyo maselan ako magbuntis.

Madali akong mahilo at masuka. Mapili din ako sa pagkain.

Two months ago nagpakasal kami ni Tyrrone, sa huwes lang muna dahil hindi ko pa kaya ang isang real wedding.

Sa condo na niya ako nakatira.

Dahil sa selan ng paglilihi at pagbubuntis ko sobrang pag-aalaga ang ginagawa nya sa akin. halos hindi na nya ako pinapagalaw, inilipat nya nga pansamantala ang opisina nya dito sa condo, huwag lang

akong mahiwalay sa paningin nya.

Mas pabor sa akin iyon, hindi ko alam pero mukhang pinaglilihian ko sya.

Gusto kong laging nakadikit sa kanya. Lagi syang naaamoy. Hindi ko rin alam kung nag-iinarte ang anak namin, kapag kasi hindi namin kadikit ang daddy nya mas malala ang sickness na nararamdaman ko.

Kaya naman heto ako, laging nakayakap o di kaya ay nakakandong sa kanya.

"Leigh puro cake na lang at calamansi juice ang kinakain at iniinom mo." sabi nya habang hinahawi ang buhok na tumabing sa noo ko.

"Eh iyon an gusto naming kainin eh." Sagot ko naman."Sige na bossing." Nagpuppy-eyed ako.
Natuklasan ko kasi na hindi nya ako ma-resist kapag ginagawa ko iyon. Sayang nga kung noon ko pa nalaman ito, baka hindi na nya ako nasungitan.

Lihim akong napatawa.

Bumuntung-hininga sya.

"Okay, kung gusto ng babe at baby ko ng cake and calamansi juice sige ipaghahanda kayo ni Daddy." Hinalikan nya ako sa labi bago binuhat at sinama papunta sa kusina.

Dahil cake ang pinaglilihian ko. Nag-aral pa si Tyrrone ng baking.
Sya mismo ang nagb-bake ng mga cake na kinakain ko. Sya rin ang nagluluto ng pagkain.

Blamed it to Dylan. Pinayuhan kasi ng magaling kong boss ang aking asawa na dapat sya ang nagluluto ng pagkain ko, na sinapuso naman ni Tyrrone kaya heto sya feel na feel na maging aking baker at chef.

"Bossing,.." tawag ko sa kanya.

Mula sa pagmamasa ng harina tinignan nya ako.

"Yes babe?"

"Mahal kita." Sabi ko.

Ngumiti sya, iyong ngiting dating hindi ko nakikita ngunit ngayon ay halos nakapaskil na sa mga labi nya.

Malayong-malayo na sya sa masungit at bossy na multo na una kong nakilala.

Marami kaming pinagdaanan, napakaraming nangyari.
Kung bibigyan ako ng pagkakataon na ipaulit sa akin ang lahat ng iyon, wala akong babaguhin.

Lahat ng pinagdaanan, saya at lungkot na naranasan, hindi ko babaguhin ang mga iyon, pipiliin ko pa ng paulit-ulit.

Dahil sa bawat saya, tawa, luha at sakit na naranasan ko, kung ang kapalit ay sya naman, ang aking Bossing, my babe and my husband, game!

Willing akong pagdaanan ulit ang lahat ng iyon, basta sya ang kapalit.

Kahit may harina sa mga kamay lumapit sya sa kinauupuan ko.

Yumuko hanggang sa magbanggaan ang ilong namin.

"Mahal din kita babae." Hinalikan nya ako ng magaan sa mga labi. "Mahal kita Babe... I'll will always love you, till eternity and beyond." Napangiti ako sa panggagaya nya sa isang pamosong linya.

"Mahal din kita Tyrrone, my babe, my ghost. I'll always love you, and yeah till eternity and beyond too."

Lalong lumuwang ang pagkakangiti nya, muli nyang inangkin ang mga labi ko na buong puso kong tinugon.

Alam ko marami pa kaming pagdadaanan, mga pagsubok na talagang susubok sa aming pagsasama.

Kahit ano pa iyan, kahit gaano pa karami ang pagsubok na iyan, buong tapang at walang takot na haharapin ko. Para saan pa't binansagan akong Fearless Leigh kung maduduwag akong ipaglaban ang pagmamahalang ito. Hawak ko na ang kasiyahan ko at wala na akong planong bitawan iyon. Wala sa plano ko na bitawan si Tyrrone. Si Tyrrone na bossing ng buhay ko at mahal na mahal ako.

I'm his fearless Leigh, and I'll always be forever...his.

But for now, this is Fearless Leigh signing off, maraming salamat sa pagbabasa ng kuwento namin ng asawa kong dating multo, na naging amo ko.
Till next time guys malay nyo, may special chapters pa ito.

~~~WAKAS

****

H/N

Done *punasluha*  natapos ko sya habang kumakain dito sa jollibee ???.

Mami-miss kong isulat ang couple na ito?.

Pero sabi nga ni Leigh baka magkaroon pa ng special chapter  ito. At iyon ay depende kung gaano kayo kakulit???. Ipressure nyo ako hahahhha.

And pa vote po... ending na hahaha baka puwedeng manghingi na ako ng boto? especially sa mga silent reader, paramdam po kayo para makapagpasalamat ako sa inyo? maidedicate sa inyo ang isang chapter ng mga story ko. Okay lang po ba? ???

Salamat sa tumangkilik, nagbasa, nagkomento at bumoto. Thanks po talaga.?????.
~~~

See you sa special chap.

Helliza Sabida

11162017ibu 8:08